# TINIG

## Tinipong mga Pahayag
## Patnubay de Guia

Tagapagsalita

National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST)



Hunyo 2022

# PAMBUNGAD

Inilalathala ng KARED-TK ang tinipong piling pahayag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDFP-ST).

Nilalaman nito ang mga pahayag ni Patnubay de Guia sa panahon ng rehimeng US-Duterte mula huling hati ng 2016 hanggang 2022. Layunin nito na maging dagdag na sanggunian ng lahat ng rebolusyunaryo para sa mga paninindigan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon hinggil sa iba't ibang isyung panlipunan, paglalantad ng pasismo at pagpupunyagi ng mga nakikibakang mamamayang Pilipino sa gitna ng mabagsik na rehimeng US-Duterte.

KARED-TK
Abril 2023

# NILALAMAN

## IKALAWANG AKLAT: Hinggil sa pasismo ng rehimeng US-Duterte

**1-Mga kaso ng EJK ........................................................... 2**

Kundenahin ang pagpaslang kina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari! .......................................... 2

Papanagutin ang 85th IB at rehimeng US-Duterte sa pagpaslang kay Fe delos Santos .......................................... 4

Pananagutan ni Duterte sa EJK, pilit pinagta-takpan ng ulat ng GRP sa UNHRC .......................................... 6

Kondenahin at papanagutin ang rehimeng Duterte sa ginawa nitong mga pagpaslang at pagdakip sa mga lider ng mga progresibong grupo sa Timog Katagalugan .................... 9

Pagbayarin ang mga pumaslang kay Dandy Miguel! Katarungan para sa lahat ng mga biktima ng pamamaslang ng pasistang rehimeng US-Duterte sa mga mamamayanng Timog-Katagalugan! .......................................... 14

Papanagutin si Duterte sa kanyang mga krimen sa bayan at sangkatauhan! .......................................... 19

Rebyu ng DOJ, pakitang tao't pakanang pag-abswelto sa krimen ni Duterte sa madugong pera kontra-droga! .................... 25

Imbestigasyon ng ICC, idinidiin ang pagiging mamamatay-tao ni Duterte . . . 32

**2-Mga iligal na pag-aresto . . . 36**

Itigil ang militarisasyon at karahasan laban sa mga Dumagat! . . 36

Palayain ang 6 na mga inosenteng magsasaka ng Barangay Coral ni Lopez, Calaca, Batangas . . . 39

Palayain ang walong (8) aktibista na iligal na inaresto ng mga tropa ng Cabuyao PNP at ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army! . . . 44

Reyd at hindi "rescue operation" ang ginawa ng PNP-Region 7 sa mga mag-aaral na Lumad na nasa kampus ng University of San Carlos . . . 49

Labanan ang panibagong banta ng *crackdown* sa Cavite! . . . 54

**3-Mga kaso ng *red-tagging* . . . 57**

Labanan ang panunupil at pagkitil ng pasistang rehimeng US-Duterte sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag! Labanan at tutulan ang pagpapasara sa ABS-CBN! . . . 57

Huwag tayong matakot. Huwag tayong pasisiil. Paigtingin ang pagtutol at paglaban sa Anti-Terrorism Act of 2020. Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . 62

Tutulan at labanan ang malawakang *red-tagging* ng rehimeng Duterte! . . . 67

Bayan  Magkaisa! Ipagtanggol ang mga Community Pantry! . . . 70

"Barangayanihan" ng Philippine National Police, huwad at malinaw na panloloko sa bayan! . . . 77

Itigil ang *terrorist-tagging* sa mga *peace consultant* ng NDFP! Ibasura ang ATL! . . . 83

Kondenahin ang mga talamak na *red-taggers* na sina Senador Panfilo Lacson at Congressman Jesus Crispin "Boying" Remulla! . . . 88

Kondenahin at kasuhan si Lorraine Badoy! NTF-ELCAC, buwagin! . . . 92

Wakasan ang iwinawasiwas na impyunidad ni Usec. Lorraine Badoy at ng NTF-ELCAC! . . . 95

**4- Mga anti-mamamayang patakaran . . . 99**

Pagbayarin nang mahal ang Rehimeng US-Duterte sa mga Paglabag sa Karapatang Pantao ng Mamamayan! . . . 99

Pagkaisahin ang mamamayan upang labanan ang Martial Law *extension* sa Mindanao ng pasistang rehimeng US-Duterte! . . . 103

Pabuyang P25,000, para sa bawat NPA na mapapatay, isang desperadong hakbang ng pasistang rehimeng US-Duterte . . . 106

Anti-Kaliwang pagdinig ni Bato dela Rosa sa *senado:* Panunugis at pagsikil sa boses ng oposisyon sa rehimeng Duterte . . . 109

Retooled Community Support Program (RCSP) : Isang inasukalang bala ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa mamamayang Pilipino . . . 113

Hinggil sa Senate Bill 1083 o ang Anti-Terrorism Act of 2020 . . . 117

Agarang tulong sa nagugutom na mamamayan ang kailangan at hindi ang pagbabanta ng pagpatay . . . 122

Ilantad at labanan ang lantad na paghaharing militar sa bansa! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! . . . 126

Hinggil sa napipintong maging ganap na batas ang Anti-Terrorism Act of 2020 . . . 132

Tutulan at labanan ang pakulong Charter Change (Cha-cha) ni Duterte at kanyang mga alipures! . . . 138

Labanan ang panunupil sa kalayaang akademiko at iba pang demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino! Tutulan ang makaisang panig na terminasyon ng 1989 UP-DND Accord! . . . 143

Panibagong ECQ, panibagong pahirap sa bayan! . . . . . . . . . . . . . 149

Tutulan ang panukalang 'no vax, no ayuda'! Ipaglaban ang karapatan sa subsidyo at serbisyong medikal! . . . . . . . . . . . . . . . 156

**5-*Fake news* at *black propaganda* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 159**

Si Duterte mismo at mga alipures ang may tuwirang pakana sa pagdideklara sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata* at hindi kusang-loob ng mga lokal na pamahalaan . . . . . . . . . . . . . . . . . 159

Paghahasik ng kasinungalingan ng pasistang rehimeng US-Duterte: Mabibigo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 163

Mabibigo ang kontra-rebolusyonaryong gera ng SOLCOM laban sa CPP-NPA-NDFP . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 167

Komentaryo sa pahayag ni Secretary Panelo na walang nagawang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng administrasyong Duterte . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 170

Taliwas sa lason at kasinungalingang inihahasik ng Southern Luzon Command-Armed Forces of the Philippines (SOLCOM-AFP), ang rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan ay nanatiling matatag at mahigpit ang pagkakaisa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 175

Hinggil sa mga pinakahuling kasinungalingan ng SolCom . . . . 179

Hinggil sa kasinungalingan ni General Burgos ng AFP . . . . . . . . 182

NTF-ELCAC ng rehimeng US-Duterte: Pabrika ng pekeng balita, kasinungalingan at disimpormasyon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 186

Huwad ang 75 na diumano'y sumukong mga NPA sa Region IV-A CALABARZON . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 191

**6-Mga atrosidad ng AFP-PNP . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 197**

Brig. General Teofilo ng 203rd Brigade, bagong Palparan ng Mindoro . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 197

Panagutin ang mersenaryong 201st Brigade sa pambobomba't istraping sa Quezon! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 201

Katarungan para sa mga bagong martir ng rebolusyon sa Mindoro at sa lahat ng mga biktima ng Oplan Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 204

Mga paglabag sa karapatang tao sa TK ngayong *lockdown*, kinokondena ng NDF-ST . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .207

Hinggil sa dumaraming paglabag ng AFP-PNP sa *ceasefire* . . . .209

Kondenahin ang karumal-dumal na pagpaslang ng berdugong 1st IBPA, 2nd IDPA at PNP Laguna kay Kasamang Mario Caraig, isang *hors de combat* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .213

Kondenahin ang di-makatao, barbaro at makahayop na pagtrato ng 202nd Brigade-Philippine Army at Philipine National Police-Region IV-A sa mga labi nina Mario “Ka Jethro” Caraig, Dioscorro “Ka Termo” Cello, Alex “Ka Omar” Perdeguerra at Rey “Ka Danny” Macinas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .215

NTF-ELCAC Buwagin! Papanagutin at pagbayarin sina Lorenzana, Esperon, Parlade at iba pang mga opisyal nito sa mga krimen sa bayan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .223

Singilin ang GRP sa paglapastangan sa karapatan ng batang si MJ at ng mga kabataan! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .227

Pekeng pagpapasuko sa mga magniniyog sa Quezon, palabigasan ng 201st Brigade . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .232

Mahigit 10 katutubo mula sa Occidental Mindoro, iligal na dinetine ng militar . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .234

Suportahan ang pag-uusig ng internasyunal na komunidad sa mga pasistang heneral ng NTF-ELCAC at rehimeng Duterte . . . . . . .237

Itigil ang walang patumanggang pambobomba at panganganyon ng 203rd Bde sa mga komunidad ng Mangyan sa Mindoro! . . . . .238

Kundenahin ang panggigipit at atake sa kabuhayan ng mamamayan ng Occidental Mindoro . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .243

Ipaglaban ang karapatang magprotesta! Makibaka, huwag matakot! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .246

**7-Hungkag at pasistang gabinete ni Duterte . . . . . . . . . 249**

Mr. Salvador Panelo, bagong talagang Chief Propagandist at Legal Officer ng Chinese Embassy sa Pilipinas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .249

General Antonio Parlade, Jr.: itatapon sa basurahan ng kasaysayan ng mamamayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .253

Hinggil sa pagpapanatili ni Duterte kay Sinas sa pwesto . . . . . . 256

Kundenahin ang paghirang ni Duterte kay General Debold "Mañanita" Sinas bilang bagong pinuno ng Philippine National Police (PNP) . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 261

Sa kulungan dapat dalhin si General Felipe Natividad at hindi sa NCRPO . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 266

Insulto sa mga biktima ng Bloody Sunday ang promosyon at pagtatalaga kay Judge dela Rosa bilang *associate justice* ng Court of Appeals . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 270

Paghirang sa dating abogado ni BBM sa COMELEC, pagtitiyak sa pagkapanalo ng mga kandidato ng alyansang MAD . . . . . . . . . . 273

**8-Panawagan para sa mga bilanggong pulitikal . . . . . . 276**

Bilanggong pulitikal, palayain! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 276

Palayain sina Lino Baez at Willy Capareño! . . . . . . . . . . . . . . . . . . 278

# Hinggil sa pasismo ng rehimeng US-Duterte



# 1
# MGA KASO NG EJK

## Kundenahin ang pagpaslang kina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari!

*October 20, 2016*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang karumal- dumal na pagpaslang kina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari, mga lider ng Trece Martires City Market Annex Association, Inc. Walang awa silang binaril sa kanilang itinayong *protest center* sa TMC Annex Market.

Habang abala sa paghahanda sa pagharap sa nakaambang *lockdown* ng TMC Annex Market, nilapitan ng lalaking naka-*helmet* ang mga manininda at bigla na lamang nagpaputok ng baril noong Oktubre 19, 2016, ganap na alas-10 ng gabi.

Ipinakikita ng walang awang pagpaslang kina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari na sa kabila ng pagkakaluklok sa bagong gubyernong Duterte, nagpapatuloy pa rin ang mga pampulitikang pamamaslang na pangunahing tumatarget sa mga lider ng mga progresibong organisasyon na nagsusulong ng karapatan ng mamamayan. Layunin nitong pugutan ng ulo ang mga organisasyon at takutin ang mamamayan para pigilan ang pagsulong ng kanilang mga pakikibakang masa.

Makatwiran ang pakikibakang isinusulong ng mga manininda ng TMC Market Annex Association, Inc. laban sa pangangamkam ng lupa, demolisyon, dislokasyon at pribatisasyon ng palengke. At magsisilbing inspirasyon sa kanila ang naging matapang na paglilingkod nina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari para higit pang igiit ang kanilang karapatan sa kabuhayan. Hindi kailanman masasayang ang kanilang buhay na inialay para sa paglilingkod sa mamamayan.

Nakikiramay ang NDF-ST sa mga kapamilya at kaibigan na naulila nina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari. Sa kabila ng ating nararamdamang kalungkutan ay itransporma natin ang pighati at ibaling ito sa ibayong rebolusyonaryong determinasyon para ipagpatuloy ang kanilang naiwang laban.

Nananawagan ang NDF-ST sa mga manininda ng TMC Annex Market at kanilang mga tagasuporta na patuloy na paigtingin ang kanilang pakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan. Patuloy na paigtingin ang panawagan para makamtan ang hustisya para kina Pangulong Merly Valguna at Rodora Mallari.

## Papanagutin ang 85th IB at rehimeng US-Duterte sa pagpaslang kay Fe delos Santos

*Marso 11, 2018*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang walang-awang pagpaslang ng mga elemento ng 85th IBPA kay Fe delos Santos noong Marso 7, bandang alas-8 ng gabi. Pinagbabaril si Nanay delos Santos sa kanyang tahanan sa Lopez, Quezon. Nagtamo ito ng anim na tama ng bala sa tiyan, nadala pa sa ospital ngunit binawian din ng buhay kinabukasan, Marso 8.

Si Nanay Fe na 64-taong gulang ay isang sibilyan at walang kalaban-laban. Ina sya ng inaakusahang Pulang kumander ng Apolonio Mendoza Command-New Peoples Army-Quezon na si Joseph delos Santos. Kabilang ang kanyang anak sa mga 48 na indibidwal na sinampahan ng gawa-gawang kaso ng rehimeng US-Duterte. Ang pangalan din ni Joseph delos Santos ang matunog na pangalang ipinakakalat ng 85th IB na namuno sa magkakasunod na taktikal na opensibang inilunsad ng NPA Quezon nitong huling linggo ng Pebrero.

Isa lamang si Nanay Fe sa mga biktima ng pampulitikang pamamaslang sa Timog Katagalugan at sa buong bansa na ginagawa ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan. Isang desperadong aksyon ang ginawa ng rehimeng US-Duterte at 85th IBPA kay Nanay Fe dahil sa patuloy na pagbigo ng rebolusyonaryong kilusan sa hangarin ni Duterte na wasakin ito sa saklaw ng kanyang paghahari. Ginagawang

lehitimong target ng rehimen ang mga inosenteng sibilyan, kapamilya at kaanak ng mga pinaghihinalaan nitong mga kasapi ng Communist Party of the Philippines at mga Pulang mandirigma ng New Peoples Army. Kay Duterte na mismo nanggaling na idadamay nya sa marumi nyang balakin laban sa rebolusyonaryong hanay ang kapamilya ng mga kasapi ng CPP-NPA.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na kagyat na kumilos upang ipanawagan ang hustisya sa nangyari kay Nanay Fe. Dapat na hindi magpadala sa takot ang mamamayan at buong tapang na labanan ang pasismo ni Duterte at ang kanyang mersenaryong armadong pwersa.

Dapat na singilin at papanagutin ang rehimeng US-Duterte at 85th IBPA sa pagpaslang kay Nanay Fe. Tiyak na hindi titigil ang rehimen sa pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan at habang nagpapatuloy ang pasistang atake nito laban sa mamamayan, marami pang mga katulad ni Nanay Fe na mga inosenteng sibilyan at walang kalaban-laban ang walang awa nitong papaslangin.

Sa huli, tanging sa pagpapaigting ng pakikibaka ng mamamayan mapapanagot si Duterte sa kanyang mga krimen at atrosidad laban sa mamamayan. Hawak ng mamamayan ang lakas at kapangyarihan upang ganap na ibagsak ang rehimen US-Duterte at kamtin ang hustisya para sa lahat ng biktima ng pampulitikang panunupil at pamamaslang. T

## Pananagutan ni Duterte sa EJK, pilit pinagtatakpan ng ulat ng GRP sa UNHRC

*Marso 2, 2021*

Mariing itinatakwil ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST) ang isinumiteng ulat ng GRP sa United Nations Human Rights Council (UNHRC) hinggil sa mga *extrajudicial killings* (EJK) na naganap sa madugong gera kontra iligal na droga ng rehimeng Duterte. Malaking kalokohan ang ulat na ito dahil ang mismong gumawa ng "imbestigasyon" ay ang mamamatay-taong rehimen.

Naghuhugas-kamay ang gubyernong Duterte sa isinagawa nitong sariling "imbestigasyon". Hungkag ang pag-ulat nito sa UNHRC na mayroon itong *functioning accountability mechanism*. Sa ulat ni Guevarra, nakasaad na hindi naglunsad ng imbestigasyon ang PNP sa mga anomalya sa Oplan Tokhang at Double Barrel Reloaded. Nakontento na ang PNP sa palusot ng mga operatiba na "nanlaban" ang mga biktima.

Hindi naglunsad ang PNP ng kumpletong imbestigasyon sa mga sumusunod: (a) ang baril na ginamit; (b) beripikasyon hinggil sa may-ari ng sandata; (c) *ballistic examination* o pag-aaral ng lipad ng bala sa lugar na pinangyarihan ng krimen; at (d) *paraffin test* o pagsusulit na isinasagawa para malaman kung may ebidensya ng pulbura ang mga salarin. Sa ulat, isinangkalan ng rehimen ang mga karaniwan at

mababababang ranggong pulis at siyang isasakdal at uusigin sa ilalim ng reaksyunaryong batas. Pinagdusa ng rehimen ang mga karaniwang pulis habang pinagtatakpan ang mga utak ng EJK — ang matataas na opisyal ng PNP at si Duterte.

Pinatunayan ng rebelasyon ni Guevarra ang kawalang hustisya sa bansa dahil nagbubulag-bulagan ang hudikatura sa mga prosesong isinagawa ng PNP sa buong apat na taon ng gera kontra iligal na droga. Nalantad lalo ang kainutilan ng sistemang hudisyal ng reaksyunaryong gubyerno para panagutin ang mga tunay na salarin ng EJK sa bansa. Hungkag na idinidiin ng Department of Justice (DOJ) ang mga karaniwang kasapi ng PNP para magsilbing pruweba na may gumaganang sistemang hudisyal sa bansa at pinapanagot ng estado ang mga salarin ng EJK.

Pinagmumukha ng Malacañang na ang imbestigasyon ng DOJ ay pagbibigay ng katarungan at panagutan sa bayan. Ang totoo, nais lamang ni Duterte na isalba ang kanyang pangalan at ang PNP sa internasyunal na komunidad. Pinalilitaw ng Malacañang **na** gumagana ang sistema ng hustisya sa Pilipinas upang sagkaan ang proseso ng isinasagawang imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) kaugnay sa nakasampang kaso kay Duterte na krimen laban sa sangkatauhan.

Hindi nito nilulutas ang krisis sa karapatang tao sa bansa. Isa rin itong pakana para ilihis ang mamamayan sa tunay na usapin na laganap ang impyunidad at gawing karaniwan ang mga EJK sa bansa.

Samantala, lalong iniinsulto ni Duterte ang mga kaanak ng mga biktima na patuloy na nananawagan para sa hustisya. Higit na ginagatungan

lang ni Duterte ang galit ng mga pamilya ng mga biktima, mga simpatisador at kritiko ng rehimen sa kanyang madugong gera kontra iligal na droga. Hindi nila kinakagat ang palabas ng rehimen na pagpapanagot sa mga salarin ng EJK. Patuloy silang nananawagan ng hustisya sa pagkamatay ng kanilang mga mahal sa buhay. Katunayan, dumaraming kaso ang isinasampa sa internasyunal na korte para usigin si Duterte.

Si Duterte ang pangunahing may pananagutan sa malawakang pamamaslang sa ngalan ng gera kontra iligal na droga. Makailang beses siyang nanulsol, nanghikayat at nagpatupad ng malawakang pamamaslang sa mamamayang Pilipino. Higit na dapat na magpursige ang sambayanan para ilantad at papanagutin si Duterte sa malulupit na gera nito sa bayan. Dapat isakdal si Duterte at ang kanyang mga kasabwat sa PNP kagaya ng dating hepe nitong si Ronald "Bato" dela Rosa at pagbayarin sa mga krimen nito sa mamamayan.

Sinusuportahan ng NDF-ST ang pakikibaka ng mga kapamilya ng mga biktima ng Oplan Tokhang at Oplan Double Barrel Reloaded para sa hustisya. Hinihikayat rin ng NDF-ST ang UNHRC na maglunsad ng hiwalay at nagsasariling imbestigasyon sa krisis sa karapatang tao sa bansa. Hindi bibitawan ng mamamayan ang kanilang pakikibaka para sa katarungan at tiyak na mananaig ang katotohanan. **T**

## Kundenahin at papanagutin ang rehimeng Duterte sa ginawa nitong mga pagpaslang at pagdakip sa mga lider ng mga progresibong grupo sa Timog Katagalugan

*Marso 7, 2021*

Kasama ng sambayanang Pilipino at ng mga mamamayan ng rehiyon, mariing kinukondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang isa na namang karumal-dumal at madugong kabanata sa buhay ng mga aktibista at tagapagtanggol sa karapatang pantao sa bansa na ginawa ng mga mersenaryo at pasistang tropa ni Duterte na AFP at PNP. Sa partikular, tahasang kinukondena ng NDFP-ST ang madugong insidente ng mga pamamaslang at pag-aresto sa mga kilalang progresibong lider, organisador, at tagapagtaguyod at tagapagtanggol sa karapatang pantao sa Timog Katagalugan na isinagawa ng mga tropa ng nga AFP at PNP IV-A (PNP-CALABARZON) kaninang madaling araw ng Marso 7, 2021. Ang isinagawang sabayang reyd sa mga bahay at opisina at ang pamamaslang sa mga progresibong lider at karaniwang sibilyan sa rehiyon ay kahalintuad sa madugong Sychronized Enhanced Military and Police Operations (SEMPO) sa ilalaim ng Oplan Sauron na naunang pinatupad ng PNP at AFP sa Isla ng Negros noong 2018 at 2019 at nitong magtatapos ang 2020 sa Capiz, Panay kung saan 9 na mga katutubong Tumandok ang pinaslang at marami ang hinuli sa pamamagitan ng mga gawa-gawang kaso at pagtatanim ng ebidensya.

Ayon sa aming nakalap na balita, pinaslang nang pinangsanib na tropa ng PNP IV-A at AFP sina Manny Asuncion, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan ng Cavite (BAYAN-Cavite), ang magkapatid na sina Greg at Michael Dasigao na mga lider ng Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kalayaan (SIKKAD-K3 na isang lokal na balangay ng KADAMAY sa Kasiglahan Village, Montalban, Rizal. Pinaslang din ang mag-asawang sina Ariel Evangelista at Chai Lemita Evangelista ng Barangay Calayo, Nasugbu, Batangas. Ang mag-asawa ay istap ng Ugnayan ng mga Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA) sa Nasugbu, Batangas. Bukod sa limang nabanggit, mayroon pang apat na pinaslang sa Rizal na hindi pa napapangalanan.

Lumilitaw na 9 ang kabuuang napaslang ng PNP Region IV-A at AFP sa madugo nitong operasyon laban sa mga lider ng progresibong kilusang demokratiko sa rehiyon.

Samantala, pinagdadakip naman sa kanilang mga bahay at opisina sina Esteban Mendoza, Vice President ng Organized Labor in Line Industries and Agriculture (OLALIA), Nimfa Lazanas ng KAPATID-ST at Mags Camoral na tagapagsalita ng BAYAN-Laguna. Mayroon pang tatlong dinakip sa probinsya ng Rizal na hindi pa napapangalanan.

Ayon din sa balita, bukod sa anim na hinuli sa probnsya ng Laguna at Rizal, may siyam (9) na bahay din ng mga lider, isa sa Batangas at walo sa Rizal, ang nireyd at tinaniman ng mga armas at pasabog ng mga operatiba ng PNP at AFP. Mabuti na lamang at wala sa kani-kanilang tahanan ang mga nabanggit na siyam na lider at nakaligtas

sa pagtatangkang panghuhuli sa kanila ng mga pasistang tropa ni Duterte na talamak at bihasa sa pagtatanim-ebidensya.

Isinagawa ng AFP at PNP ang mga pamamaslang at pagdarakip sa mga kilalang progresibong lider dalawang araw matapos ipahayag ni Duterte ang panibago na naman niyang kautusan sa AFP at PNP na "pagpapatayin" ang mga NPA at balewalain ang anumang usapin ng karapatang pantao. Ginawa ni Duterte ang kautusan sa kanyang talumpati sa Cagayan de Oro City noong Marso 5, 2021 kaugnay sa pagsisimula ng implementasyon ng 16.1 bilyong pondo para sa Barangay Development Program (BDP) ng NTF-ELCAC o katumbas ng 20 milyong pondo ng BDP sa kada isa sa diumanong "822 NPA Free Barangays".

Ang pangyayaring ito na naganap sa loob lamang ng isang araw ay maituturing na pinakamadugo at pinakamalawak na *crackdown* na sinapit ng mga progresibong organisasyon at ng ligal na kilusang demokratiko sa rehiyon sa kamay ni Duterte matapos bumagsak ang kapangyarihan ni Marcos at ang madugong pangyayari sa Mendiola Massacre noong Enero 1987 sa panahon ni Corazon C. Aquino.

Lalo lamang inilantad ni Duterte ang kanyang pagiging desperado dahil sa kabiguan nitong papanghinain ang mga protestang bayan at armadong paglaban ng sambayanan sa kanyang naaagnas na rehimen. Ibinubunton ngayon ni Duterte ang kanyang bangis at terorismo sa mga ligal at di-armadong organisasyon na naghahangad lamang ng tunay na panlipunang reporma, mabuting paggugubyerno at kasaganaan para sa lahat ng Pilipino Inilalantad lamang ni Duterte ang kanyang karuwagan at labis na pagkatakot sa tumbayan sa pamamagitan ng

madugong kautusan para paslangin ang mga kilala at prominenteng lider ng mga progresibong organisasyon at malupit na supilin ang lehtimong pagkilos ng sambayanan para sa kanilang kagalingan, kabuhayan at makataong karapatan.

Hanggat nanatili sa kapangyarihan si Dutere marami pang buhay ng mga dukha at inaapi ang mawawaldas. Maraming mga batang mauulila at inosenteng makukulong dahil sa kawalan ng budhi at kaluluwa ni Duterte at ng kanyang mga pribadong *goons* na PNP at AFP. Masasawata lamang ang kalupitan at kultura ng impyunidad ng pasistang rehimeng US-Duterte sa pamamagitan ng puspusan at determinadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino upang likhain ang panibagong daluyong ng kilusang masa na magpapatalsik sa kapangyarihan ng korap, traydor, kriminal at mamamatay taong si Duterte.

Nagkakamali si Duterte na masisindak niya ang taumbayan sa pamamagitan ng karahasan at terorismo ng estado. Papalitan ng matinding galit, pagkamuhi at maigting na paglaban ng taumbayan ang kanyang kahaharapin. Sa bawat patak ng dugo na magmumula sa katawan ng isang api at pinagsasamantalahang Pilipino, libong sugat naman ang lalatay sa katawan ng rehimeng Duterte. Sa patuloy at walang patumanggang karahasan at terorismo ni Duterte laban sa kanyang mga mamamayan, lalo lamang pinabibilis at pinalalalim ang hukay na paglilibingan ng kanyang tiwali, brutal at teroristang gubyerno at ibayong pinabibilis ang pagkakaagnas ng nabubulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Lalong itinutulak at hinihikayat ni Duterte ang taumbayan na pumaloob sa malawak na kilusang lihim at sumapi sa New Peoples Army para isulong ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan. Sa bawat paglawak at paglakas ng armadong rebolusyon ng mamamayang Pilipino ay siya namang unti-unting paghina ng kapangyarihan ng reaksyonaryong estado hanggang sa tuluyan na itong magapi at madurog at halinhan ng kapangyarihan ng uring anakpawis at iba pang demokratikong uri't saray na pinagsasamantalan sa lipunang Pilipino. Tinatawagan namin ang lahat na sumapi sa NPA at sa mga alyadong organisasyon ng NDFP at bigyan ng katarungan ang kanilang kaapihan sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at lahat ng anyo ng rebolusyonaryong paglaban sa kanayunan at kalunsuran. T

## Pagbayarin ang mga pumaslang kay Dandy Miguel! Katarungan para sa lahat ng mga biktima ng pamamaslang ng pasistang rehimeng US-Duterte sa mga mamamayanng Timog-Katagalugan!

*Marso 29, 2021*

Mariing kinukondena ng NDF-ST ang karumal-dumal na pagpatay kay Dandy Miguel, Vice Chairman ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katalugan - Kilusang Mayo Uno (PAMANTIK-KMU) at pangulo ng Lakas ng Nagkakaisang Manggagawa ng Fuji Electric-OLALIA-KMU.Si Dandy Miguel ay tinambangan at pinagbabaril hanggang sa mapatay ng mga operatiba sa paniktik ng AFP noong gabi ng Marso 28, 2021 sa may ASIA 1, Canlubang, Calamba, Laguna habang sakay ng kanyang motorsiklo papauwi sa kanilang bahay mula sa pinagtatrabahuhang pabrika.

Si Duterte at ang kanyang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang walang ibang nasa likod ng pagpaslang kay Dandy Miguel tulad sa mga nakaraang mga pagpatay sa hanay ng mga aktibista, organisador at unyonista, mga tagapagtanggol sa karapatang pantao, dyornalista, abugado at iba pang mga indibidwal na pinararatangan ng rehimeng Duterte na banta sa pambansang seguridad at kaaway ng estado. Si Dandy Miguel, tulad ng ibang biktima ng *summary execution* ng mga pulis at militar ay dumanas muna ng paninira at *red-tagging* bago pinaslang.

Bago pa nangyari ang mga pag-aresto, Bloody Sunday at pagpatay kay Dandy Miguel, napaulat na ang pagtindi ng *red-tagging*, paninira, *harassment* at pananakot sa mga lider at unyonista na kabilang sa Organized Labor in Line Industry and Agriculture- Kilusang Mayo Uno (OLALIA-KMU) at ilang mga *independent unions.* Halimbawa nito ang ginawa sa mga manggagawa ng Coca Cola na isa-isang tinakot at pwersahang pinasuko bilang mga "myembro" daw ng New Peoples Army. Labas sa nangyari sa Coke, aktibo ring nagsagawa ang mga ahente ni Duterte ng pagbabahay-bahay upang manakot at magbanta na kakasuhan nila ang mga lider at unyonista kapag hindi sila kumalas sa kinabibilangang unyon at pederasyong OLALIA. Noong Marso 4, 2021, una nang dinakip at ikinulong batay sa mga gawa-gawang kaso at modus na tanim-ebidensya sina Arnedo Lagunias ng Alyansa ng mga Manggagawa sa Enklabo (AMEN) at Ramir Corcolon ng Water System Employees Response (WATER).

Walong bala ang tumama sa iba't bahagi ng katawan ni Dandy na naging sanhi ng kanyang agarang pagkamatay. Pinatay si Dandy Miguel tatlong linggo pa lamang ang nagdaan matapos mangyari ang tinaguriang Bloody Sunday noong Marso 7, 2021 kung saan siyam (9) na mga lider-aktibista at tagapagtanggol sa karapatang pantao ang pinaslang ng mga berdugong militar at pulis ni Duterte. Ayon sa balita, si Dandy ay isa sa mga nakasama sa ginanap na *presscon* noong Marso 9, 2021 sa opisina ng Commission on Human Rights (CHR) para kondenahin ang naganap na Bloody Sunday.  Sa naturang *presscon* at sa nangyaring panayam ng midya kay Dandy, ipinahayag niya ang kanyang labis na pangamba sa kanyang buhay dahil sa ginagawang *red-tagging* sa kanya ng mga ahente sa paniktik ng gubyernong Duterte.

Ayon sa ulat ng KARAPATAN-ST, si Dandy ang ika-31 na sa mga aktibistang pinaslang sa rehiyon mula Hulyo 1, 2016 hanggang Marso 2021. Si Dandy ang isa sa dalawang kilalang lider manggagawa sa rehiyon na pinaslang sa panahon ni Duterte sunod kay Rey Malaborbor. Pansampu (10) si Dandy na pinaslang ng mga *death squads* ni Duterte sa loob lamang ng buwan ng Marso.

Sadyang itinaon ang pagpatay kay Dandy ng mga armadong ahente ni Duterte bilang regalo at para paligayahin ang kanilang amo sa kaarawan nito. Habang nagluluksa ang mga manggagawa at mamamayan ng rehiyon sa pagkamatay ni Dandy, nagdiriwang naman ang mga pasista, berdugo, at mamamatay-taong AFP at PNP sa kaarawan ng kanilang among kriminal na si Duterte.

Marapat lamang na kondenahin at kasuklaman ng taumbayan si Duterte dahil sa lisensya at impyunidad na pinagkakaloob nito sa AFP at PNP na pumaslang ng mga inaakusahan nitong mga "kalaban ng estado". Sa kabila ng katotohan na patuloy ang pagsirit ng bilang ng mga nagkakasakit at namamatay na Pilipino sa Covid-19, imbes na seryosong pagtuuunan ang paglaban sa Covid-19, mas abala at nakatuon ang pansin ng pasistang Duterte sa pagpapatahimik at nyutralisasyon ng mga aktibista at kritiko ng kanyang tiwali, palpak at inutil na gubyerno. Sa kabiguan ni Duterte na papanghinain ang rebolusyonaryong kilusan at armadong paglaban ng mamamayan sa bansa at rehiyon, pinagbabalingan ni Duterte ang mga walang kalaban-labang sibilyan at kasapi ng ligal na kilusang demokratiko't progresibong organisasyon na naghahapag ng mga lehitimong kahilingan at agenda para sa interes at kapakanan ng sambayanang Pilipino.

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mamamayan ng rehiyon lalo na sa mga manggagawa na higit na palakasin ang hanay, magpakatatag at huwag matakot. Nasa panig ninyo ang katotohanan at katwiran. Makatarungan lamang na kayo'y kumilos para labanan ang mga pasistang atake ni Duterte sa kilusang paggawa. Dapat patuloy ninyong igiit ang inyong mga demokratikong karapatan para sa pagtatayo ng unyon, sa regularisasyon at kaseguruhan sa trabaho, para sa nakabubuhay na sahod at ng ligtas at maayos na kundisyon sa paggawa.

Ngayong panahon ng pandemya, patuloy na igiit sa gubyernong Duterte ang kahilingan para sa libre at malawakang *testing,* agresibong *contact tracing,* epektibong *isolation and treatment* at sapat na ayuda sa lahat ng mga mahihirap lalo ngayong sumasailalim na naman sa militaristang *lockdown* na Enhanced Community Quarantine (ECQ) ang rehiyon. Kailangan din ang malakas na tinig at panawagan para mariing igiit ang pagbubuwag sa inutil at walang silbing Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) at magbuo ng bagong *task force* na binubuo at kinabibilangan pangunahin ng mga manggagawang pangkalusugan na dalubhasa sa syensya, medisina at sa nakahahawang sakit (infectious diseases). Patuloy na igiit ang panawagan ng lahat para sa libre at ligtas na bakuna para sa lahat ng mamamayang Pilipino.

Ang NDF-ST ay hindi maglulubay sa pagsusulong at pagtatanggol sa interes at kapakanan ng uring anakpawis. Hahabulin nito at papapanagutin ang mga may kinalaman at sangkot sa mga pagpaslang at mga malalalang paglabag sa karapatang pantao ng mga mamamayan sa rehiyon mula sa hanay ng AFP at PNP. Hindi pahihintulutan ng

rebolusyonaryong kilusan na makakawala sa pananagutan ang mga may utang na dugo sa bayan mula sa mahabang kamay ng hustisya nito. Sa tamang panahon, ipapailalim at pananagutin sa sariling batas at hustisya ng rebolusyonaryong kilusan ang mga opisyal ng AFP at PNP dahil sa nagawa nilang karumal-dumal na krimen, paglabag sa karapatang pantao at pagsasalaula sa internasyunal makataong batas sa digma.

Katarungan para kay Dandy Miguel!

Katarungan para sa lahat ng biktima ng Bloody Sunday at pamamaslang sa rehiyon!

Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! T

## Papanagutin si Duterte sa kanyang mga krimen sa bayan at sangkatauhan!

*Hunyo 15, 2021*

Malugod na pinupuri ng NDF-ST, kaisa ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang kahilingan ni Prosecutor Fatou Bensouda ng International Criminal Court (ICC) sa Pre Trial Chamber (PTC) na pagkalooban ng otoridad ang kanyang opisina na imbestigahan ang gubyernong Duterte sa mga krimen laban sa sangkatauhan (crimes against humanity) sa proseso ng pagpapatupad sa Pilipinas ng gyera laban sa iligal na droga.

Sa panig ng NDF-ST, positibo ang naturang hakbang ni Prosecutor Bensouda na usigin at papanagutin si Duterte at mga kasapakat sa kanilang mga nagawang krimen laban sa sangkatauhan. Tinitingnan ito ng NDFP bilang mahalagang pag-unlad sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino, sa loob at labas ng bansa upang magkaroon ng hustisya ang libo-libong biktima ng walang habas na pamamaslang ng pwersang panseguridad ng estado na personal na binabasbasan ni Duterte at mga pasistang kasapakat. Hatid nito ang kagalakan sa sambayanang Pilipino, lalo sa pamilya ng mga naging biktima ng madugong kampanyang kontra-droga ni Duterte. Dahil sa makasaysayang desisyon na ito ni Prosecutor Bensouda, pinagkalooban niya ng pag-asa ang libu-libong pamilya na makakamit din nila ang matagal na nilang inaasam na hustisya para sa kanilang mga kaanak na biktima ng madugo at pekeng kampanya ni Duterte laban sa iligal na droga.

Pinatunayan din ng desisyong ito ni Prosecutor Bensouda na saklaw at nasa hurisdiksyon ng ICC ang kaso laban sa mamamatay-taong rehimen ni Duterte sa kabila ng pagbaluktot ng Malacañang na nawalan na ng hurisdiksyon ang ICC matapos kumalas ang Pilipinas noong Marso 2018 sa Rome Statute ng 2002 na lumikha sa ICC subalit nagkabisa lamang makalipas ang isang taon.

Hindi maaaring tumungo sa kasunod na yugto ng imbestigasyon ang opisina ng Prosecutor kung walang pahintulot ng Pre Trial Chamber. Kung babalikan, noong Disyembre 2020, resulta ng kanilang isinagawang paunang pagsusuri (prelimanary examinations), ipinahayag ni Prosecutor Bensouda na may rasonableng batayan para paniwalaan na nakagawa ang gubyernong Duterte ng krimen laban sa sangkatauhan sa daloy ng gyera kontra-droga na ipinatutupad nito sa bansa. Sa bahagi ni Prosecutor Bensouda, sa kanyang naging ulat sa ICC, kailangang imbestigahan si Duterte sa mga nagawa nitong krimen laban sa sangkatauhan noong mga panahon na siya ay alkalde at bise alkalde ng Davao City mula 2011 hanggang 2016 at noong maging Pangulo siya ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) mula Hulyo 2016 hanggang sa maging epektibo o may bisa ang pagkalas ng bansa sa ICC noong Marso 17, 2019.

Batay sa resulta ng isininagawang preliminaryong eksaminasyon, sa 57 pahinang ulat na isinumite niya sa Pre Trial Chamber, narating ni Prosecutor Bensouda ang kongklusyon na ang mga pagpatay o *extra judicial killings* (EJKs) sa bansa kaugnay sa *war on drugs* ng rehimeng Duterte ay lumilitaw na isinagawa alinsunod sa opisyal na patakaran ng estado. Bukod kay Duterte, kabilang sa pinangalanan sa ulat

ni Bensouda sina Gen (ret) Bato dela Rosa, ang arkitekto ng Oplan Tokhang at Double Barrel, at dating DOJ Secretary Vitaliano Aguirre II.

Ang mga pulis at iba pang opisyal ng gubyerno ang nagplano, nag-utos at minsan direktang nagsagawa ng EJKs. Pinagkakalooban ng pabuya ang mga opisyal ng pulis at mga vigilantes na nagsasagawa ng EJKs. Ayon din kay Bb. Bensouda, ang mga pampublikong pahayag ng pinakamatataas na opisyal ng bansa na sumusuporta at nag-eenganyo ng *extra judicial killings* ay lumikha ng kultura ng impyunidad sa hanay ng mga ahente at pwersang panseguridad ng estado.

Nais din ni Prosecutor Bensouda na imbestigahan ang serye ng mga patayan sa Davao City noong 2011 hanggang 2016 na isinagawa ng Davao Death Squad (DDS) sa utos ng nuo'y si Mayor Rodrigo Roa Duterte. May nakikitang padron at pagkakahalintulad si Bb. Bensouda sa mga nangyaring patayan sa Kalakhang Maynila mula sa mga operasyon ng PNP kontra-droga sa mga nangyari din sa Davao City at Davao Region sa nakaraan. Ang mga kontrobersyal na mga opisyal mula sa PNP na mula sa Davao City at Davao Region ang siya ring mga nanguna sa kampanya kontra-droga sa Kalakhang Maynila kung saan sumirit at naging malaganap ang mga pagpatay sa mga hinihinalang adik at tulak ng droga na kahalintulad sa nangyari sa Davao City at Davao Region noong 1988 hanggang 2016, ayon sa ulat ni Prosecutor Bensouda.

Kung babalikan, ang mga serye ng misteryosong pagkamatay ng mga pinaghihinalaang tulak, adik at mga komon na kriminal sa Davao City ay minsan nang pinaimbestigahan ni Senador Leila de Lima na noon ay *chairperson* ng Commission on Human Rights (CHR) bago

pa siya italaga ni President Benigno Noynoy Aquino III bilang Kalihim ng DOJ. Ang pag-iimbestiga ni Senador de Lima sa mga paglabag sa karapatang pantao at mga kaso ng EJKs na pinaniniwalaang ginawa ng Davao Death Squad ni Duterte ang siyang pangunahing dahilan kung bakit nakakulong ngayon si Senador de Lima. Sinampahan siya ng mga gawa-gawang kasong may kaugnayan sa iligal na droga ng gubyernong Duterte matapos itong manalo sa pagkapangulo noong Mayo 2016.

Nagtatapos ang termino ni Bb. Prosecutor Fatou Bensouda ngayong Hunyo 15, 2021 at nakatakda siyang palitan ni Atty. Karim Khan ng United Kingdom. Umaasang ipatutupad ni Atty Karim Khan ang pag-uusig kay Duterte at iba pang matataas na opisyal ng kanyang gubyerno sakaling aprubahan ng Pre Trial Chamber ang kahilingan ni Bb. Bensouda na ipailalim sa *full-blown investigation* ng ICC si Duterte. Kung matatandaan, matapos ipahayag ni Prosecutor Bensouda noong Pebrero 2018 na magsasagawa sila ng "preliminary examination" sa posibleng krimen laban sa sangkatauhan (crimes against humanity) na nagawa ni Duterte sa pinatutupad na madugong kampanya kontra iligal na droga, agarang ipinahayag ni Duterte noong Marso 2018 ang pagkalas ng Pilipinas sa Rome Statute ng 2002 na lumikha sa ICC. Inakala ni Duterte na sa pagkalas ay ICC ng Pilipinas, mawawalan na ng hurisdiksyon ang ICC na siya'y ipailalim sa imbestigasyon dahil hindi na kabilang ang bansa sa kasunduan sa Rome Statute. Subalit iginigit pa rin ni prosecutor Bensouda na nananatiling may huridiksyon ang ICC kay Duterte dahil ang paratang na krimen at isinampang kaso laban sa kanya ay nangyari sa panahon na kabilang pa ang Pilipinas sa Rome Statute of 2002 bilang isa sa mga bansang lumagda nito. Dagdag pa ni Bb. Bensouda na magiging epektibo lamang ang pagkalas ng isang

bansa bilang kasapi ng ICC makalipas ang isang taon mula sa araw na pormal itong nagpahayag ng pagkalas. Samakatuwid, nagkabisa lamang ang pagkalas ng Pilipinas sa Rome Statute noong Marso 17, 2019.

Sa layuning makapaglinlang sa publiko at maisalba ang kriminal na si Duterte sa kanyang mga pananagutan, pinalilitaw ng mga alipuris ni Duterte na hindi balido ang pagsapi ng Pilipinas sa Rome Statute na lumikha sa ICC noong 2002 dahil hindi ito nailathala sa Official Gazette at mga pahayagan na rekisito para maging opisyal na tratado ang pagsali ng Pilipinas sa ICC. Itinatatwa din ng Malacañang na hindi ito isang tratado kundi isang *executive agreement* sa kabila na may ginawang pagsang-ayon ang Senado noong 2002 sa pagpasok ng Pilipinas sa kasunduan sa Rome Statute. Nagpahayag din ang Malacañang na kailanman ay hindi makakapasok sa bansa ang mga kinatawan at prosecutor ng ICC sakaling maaprubahan ang kahilingan ni Prosecutor Bensouda na isailalim sa imbestigasyon si Duterte at iba pang matataas na opisyal na sangkot sa krimen laban sa sangkatauhan. Mayabang pang sinabi ng Malacañang na hindi makikipagtulungan si Duterte hanggat siya'y nanatiling pangulo ng bansa.

Aprubahan man o hindi ng Pre-Trial Chamber ang kahilingan ni Prosecutor Bensouda na isagawa ang malalim at komprehensibong imbestigasyon sa paratang kay Duterte sa nagawang krimen laban sa sangkatauhan kaugnay ng madugong gyera kontra-droga, magpapatuloy at hindi maglulubay ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng rehiyon sa paghahananap ng paraan para makamit ang katarungan ng mga naging biktima ng karahasan at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte. Patuloy itong maghahanap ng

paraan at pagkakataaon para singilin at pagbayarin nang mahal ang mga mersenaryong AFP at PNP na pangunahing instrumento ng karahasan at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa mamamayang Pilipino.

Ang NDF-ST ay mahigpit na kaisa at sinusuportahan ang mga pakikibaka ng sambayanang Pilipino sa paghahabol at pagpapanagot kay Duterte at mga alipuris sa mga nagawa nitong karumal-dumal na krimen sa bayan, hindi lamang sa gyera kontra-droga kundi higit sa lahat sa pinapatupad nitong kontra-rebolusyonaryong digma sa CPP-NPA-NDFP at nakikibakang mamamayang Pilipino.

Dumadagundong ang panawagawan ng sambayanang Pilipino para sa katarungan sa lahat ng mga biktima ng karumal-dumal na krimen ni Duterte at ng mersenaryo at teroristang tropa nitong AFP at PNP. T

## Rebyu ng DOJ, pakitang tao't pakanang pag-abswelto sa krimen ni Duterte sa madugong pera kontra-droga!

*Oktubre 22, 2021*

Mariing kinukondena ng NDF-ST ang lantarang pag-abswelto ng Department of Justice (DOJ) kay Duterte at sa iba pang matataas na opisyal ng Philippine National Police (PNP), Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa anumang pagkakasala at pananagutan sa nagaganap na walang humpay, madugo at huwad na kampanya kontra-droga na ipinatutupad ng rehimen noong Hulyo 2016 hanggang kasalukuyan.

Kinakasangkapan ngayon ng DOJ ang ginawa nitong rebyu sa 52 kasong isinumite sa kanila ng Internal Affair Services ng PNP (IAS-PNP) para ilayo at palitawing walang anumang pananagutan sa batas si Duterte at mga matataas na opisyal ng PNP, AFP at PDEA kaugnay sa madugong kampanya kontra iligal na droga. Nililinlang ang taumbayan at pinalilitaw ng DOJ, sa kanilang isinagawang rebyu, na sariling kilos ng mga nakabababang opisyal ng PNP ang mga pagpatay at sila na rin ang nag-imbento ng kwentong "nanlaban" para bigyan ng katuwiran ang kanilang pagpatay sa mga suspetsadong adik at tulak ng iligal na droga.

Napakabihirang mangyari para sa isang opisyal ng gubyerno na katulad ni Secretary Guevarra ng DOJ na ididiin ang kanyang among si Duterte

sa mga nangyaring krimen at kabi-kabilang pagpatay sa konteksto ng patakarang “kill, kill, kill” ng rehimeng Duterte na gera kontra-droga. Dapat magbitiw si Secretary Guevarra dahil sa kabiguang isiwalat ang katotohanan at ipagkaloob sa mga biktima ang mailap na hustisya.

Tulad ng inaasahan, nangako lamang ang DOJ na kanilang sasampahan ng kasong kriminal ang 154 na mga kagawad ng PNP na sangkot sa 52 piniling kaso (na nauna nang nadesisyunan ng Internal Affairs Service ng PNP) na kanilang isinailalim sa rebyu. Itinatago pa ng DOJ ang mga pangalan ng 154 mga kagawad ng PNP na imbwelto sa kaso dahil sa pagsunod diumano sa ‘tamang proseso ng batas’. Masyado na ngang huli ang imbestigasyon, napakaliit pa ang 52 na kasong ipinailalim ng DOJ sa rebyu kumpara sa mismong opisyal na datos ng gubyerno na pinaslang dahil diumanong nanlaban o katumbas lamang ng 0.8% ng mahigit sa 6,000 na pinatay sa gera kontra-droga. Lalong napakaliit na porsyento nito kung ihahambing sa datos na naisadokumento ng mga organisasyon sa karapatang pantao na nasa 27,000-30,000 ang napapatay ng mga pulis at militar at mga grupong *vigilante* na pinatatakbo din ng PNP at AFP.

Labis ang pagkagalit ng pamilya ng mga biktima nang malaman nilang pawang mga kasong administratibo at walang kasong kriminal ang kinaharap ng 154 na mga kagawad ng PNP sa kabila na ang mga kasong kanilang kinasangkutan ay mga pagpatay. Sa isinumiteng ulat ng IAS-PNP sa DOJ, sa 52 kaso, 8 ang tinanggal sa serbisyo, 35 ang nasuspinde sa pagitan ng 30 araw at 180 araw samantalang ang natitira ay nakatanggap lamang ng demosyon. May isang kaso na ang parusa na iginawad ng IAS-PNP ay mahigpit na pangaral.

Malinaw na isa lamang palabas at gimik ng pasistang rehimeng US-Duterte ang ginawang rebyu ng DOJ. Wala itong intensyon na halungkatin ang puno't dulo ng mga pagpatay ni papanagutin ang matataas na upisyal ng PNP at gubyerno sa mga karumal-dumal na pagpatay bilang patakaran ng estado. Pawang mga karaniwan at mabababang opisyal ng PNP lamang ang pabalat-bungang isinailalim sa imbestigasyon at pag-uusig kaugnay sa mga nagawang paglabag at krimen habang ipinapatupad ang gera kontra-droga ng gubyerno. Subalit, imbes na agarang sampahan ng DOJ ng kasong kriminal ang 154 na pulis, inatasan pa nito ang National Bureau of Investigation (NBI) na magsagawa panibagong imbestigasyon para patibayin ang kaso samantalang walong buwan na lang ang nalalabi sa termino ni Duterte.

Sinasamantala ngayon ng pasistang rehimen Duterte ang ginawang rebyu ng DOJ, kahit malinaw na kulang sa lawak, lalim at pagiging komrehensibo ng imbestigasyon, upang itambol at palabasin na "gumagana ang sistema ng batas ng Pilipinas" at seryosong pinapanagot nito ang mga nagkakasala. Nagpapakitang gilas ang DOJ na tinutupad ng gubyerno ang resolusyon ng United Nation Human Rights Council (UNHRC) kaugnay sa gera kontra-droga ng gubyernong Duterte.

Kung matatandaan, nauna nang pinuna ng UNHRC ang malawakang paglabag ng gubyernong Duterte sa karapatang pantao at mga pagpatay sa pinatutupad nitong gera kontra-droga sa bansa. Ganumpaman, ang mga resolusyon ng UNHRC ay kapos, walang pwersa at taliwas sa ninanais ng pamilya ng mga biktima at mga

grupo sa karapatang pantao na magsagawa ang UNHRC ng hiwalay at independenteng imbestigasyon kaugnay sa pinatutupad na kampanya kontra-droga ng rehimeng Duterte.

Ginagamit ngayong bala ng rehimeng Duterte ang ginawang rebyu ng DOJ para ipangalandakan sa publiko na walang dahilan at hurisdiksyon ang International Criminal Court (ICC) na siya'y ipailalim sa imbestigasyon kaugnay sa kanyang kasong krimen laban sa sangkatauhan na nakasampa sa ICC dahil sa gumagana naman ang sistema ng batas at hustisya sa bansa. Kung matatandaan, noong Setyembre 2021, nagpasya ang Pre-Trial Chamber ng International Criminal Court (PTC-ICC) na magsagawa ng kumprehensibong imbestigasyon sa gubyernong Duterte. Kinatigan ng PTC-ICC ang rekomendasyon ng opisina ng dating Prosecutor na si Atty. Fatou Bensouda na pagkalooban sila otoridad para isagawa ang kasunod na yugto na komprehensibong imbestigasyon matapos ang kanilang isinagawang paunang imbestigasyon kung saan narating nila ang kongklusyon na may "rasonableng batayan para paniwalaan na nakagawa ng krimen laban sa sangkatauhan na maramihang pagpatay" sina Duterte at iba pang matataas na opisyal ng kanyang gubyerno sa konteksto ng pinapatupad nitong kampanya kontra-droga.

Hindi dapat magpalinlang sa hayagang maniobra ni Duterte na ilayo at ihiwalay ang sarili sa anumang pananagutan niya sa madugong gera kontra-droga. Si Duterte at wala ng iba ang utak at nasa likod ng malawakan at sistematikong pagpatay sa mga pinaparatangan nilang mga adik at tulak ng iligal na droga mula sa hanay ng mga mahihirap nating kababayan. Si Duterte din ang pangunahing utak ng mga

pagpatay o *extra judicial killings* (EJKs) laban sa mga aktibista, mga lider at kasapi ng progresibong organisasyon, mga tagapagtanggol sa karapatang pantao, mga abugado, taong simbahan, dyornalista at iba pang kritiko ng gubyerno. Ang kanyang mga pahayag, retoriko at mga atas na *kill kill kill* sa harap ng publiko ay patunay na binibigyan niya ng pahintulot at lisensya ang mga pulis at sundalo na walang pananagutang pumatay sa mga suspek na adik at tulak ng iligal na droga at mga pinararatangan nilang kaaway ng estado mula sa nakikibakang mamamayang PIlipino.

Walang takot at lalong lumakas ang loob ng mga kagawad ng PNP at AFP na gumawa ng mga paglabag sa karapatang pantao, mga karumal-dumal na krimen at pagpatay sa mga inosente at walang laban nating kababayan dahil na rin at pang-uupat, tinatamong suporta at pagkagahaman ng PNP at AFP sa kinang ng pabuyang salapi at promosyon mula kay Duterte.

Matapang na ipinahayag ni Duterte sa publiko na kanyang ipagtatanggol ang sinumang makakasuhan na mga kagawad ng PNP at AFP na tumutupad sa kanyang mga kautusan na *kill kill kill*. Nangako din si Duterte na agaran niyang pagkakalooban ng *presidential pardon* ang mga kagawad ng PNP at AFP na mapapatunayan ng Korte na nagkasala kaugnay sa pagtupad nila ng kanyang kriminal na mga kautusan. Dahil dito lalong naging malawak at malaganap, sa panahon ni Duterte, ang impyunidad at kultura ng karahasan at pagpatay mula sa hanay ng mersenaryong PNP at AFP laban sa mamamayang Pilipino. Ang inabot na tindi at lawak ng karahasan at impyunidad ng PNP at

AFP ay maihahalintulad sa nangyari noong panahon ng Batas Militar ng namayapang diktador na si Ferdinand E. Marcos.

Kailangang mapanagot at maparusahan si Duterte at mga kasapakat sa kanyang nagawang krimen laban sa sangkatauhan ng mga pagpatay. Dapat nating hadlangan at biguin ang pagnanais niyang makapanatili sa kapangyarihan o mailuklok sa poder alinman sa kanyang anak na si Sara Duterte at Bongbong Marcos para makaiwas sa pag-uusig ng ICC at taumbayan kapag wala na siya sa kapangyarihan. Kasado na ang mga makinarya at salaping nadambong ni Duterte para gamitin sa dayaan at manipulasyon ng eleskyong presidensyal sa Mayo 2022. Lima sa pitong komisyoner ng COMELEC ay mga itinalaga ni Duterte kung saan apat sa mga ito ay mula sa Davao City. May balitang itatalaga ni Duterte si Atty Melvin Matibag, na bahagi ng kanyang paksyon sa PDP-Laban, bilang Chairman ng COMELEC pagsapit ng buwan ng Pebrero 2022 kung saan 2 komisyoner nito ang magtatapos ng kanilang termino. Malinaw na magiging kasangkapan ni Duterte ang COMELEC sa pandaraya para manalo ang kanyang mamanukin sa pagkapangulo.

Ang lakas at pagkakaisa ng sambayanang Pilipino ang makadadaig sa anumang lakas o rekurso na mayroon ang pasistang rehimeng US-Duterte para makapanatili sa kapangyarihan o mailuklok sa Malacañang ang taong magbibigay sa kanya ng proteksyon mula sa pag-uusig ng taumbayan at ICC. Dapat patuloy na magpunyagi ang sambayanang Pilipino sa pakikibaka at paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte para siya'y mapatalsik sa kapangyarihan. Higit sa

lahat dapat maramihang sumapi sa NPA at lumahok sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ang tagumpay ng DRB ang magbibigay ng katuparan sa malaon nang hangarin ng sambayanan para sa tunay na kalayaan at demokrasya, sa matagalang kapayapaan at sa maunlad at masaganang buhay ng bawat mamamayang PIlipino. T

## Imbestigasyon ng ICC, idinidiin ang pagiging mamamatay-tao ni Duterte

*Nobyembre 20, 2021*

Ngayong nakasalang ang imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) sa mga krimen ni Rodrigo Duterte laban sa sangkatauhan, nauungkat ang mga ebidensya ng talamak na ekstrahudisyal na pamamaslang (EJK) sa kumpas ng tirano hindi lamang bilang pangulo ng GRP kundi maging noong siya'y alkalde pa ng lungsod ng Davao. Lalong idinidiin ng mga nabubunyag na impormasyon ang pananagutan at utang na dugo ni Duterte. Pinatitibay nito ang mga batayan para tutulan ang pagpapatuloy ng madugong paghahari ng kanyang dinastiya.

Kasama sa mga sinusuring ebidensya ng ICC ang isinumiteng affidavit ng dating tauhan ng Davao Death Squad (DDS) na si Arturo Lascañas. Dito, inilahad niya kung paanong ginamit ang anim na ektaryang Laud Quarry sa Barangay Ma-a, Davao City bilang mass grave ng mga biktima ng EJK ni Duterte. Pagmamay-ari ng isang pulis na nagngangalang Bienvenido Laud ang quarry. Tinukoy rin sa affidavit si Police Major Ernesto Macasaet na kasabwat sa mga EJK.

Daan-daan ang tinatayang bilang ng mga inilibing sa mass grave. Kahindik-hindik ang salaysay ni Lascañas lalo sa kanilang pagpaslang sa mga Patasaja kabilang ang paslit na miyembro ng pamilya at isang buntis. Aniya, inatasan silang patayin pati ang bata para mawalan ng testigo at maiwasan na maghabol pa ito o maghiganti. Binigyan pa

umano sila ni Macasaet ng pabuyang P200,000 na nanggaling pa kay dating Mayor Duterte.

Tumutugma ang salaysay ni Lascañas sa dati nang ipinahayag ni Edgar Matobato, isa pang dating tauhan ng DDS, hinggil sa Laud quarry sa pagdinig sa senado noong 2016. Ayon pa kay Matobato, pumupunta mismo si Duterte sa quarry sa tuwing may papataying "high-profile" o bigatin na target.

Patunay ng malalang kawalan ng hustisya at kultura ng impyunidad sa bansa ang pananatili sa kapangyarihan ng mamamatay-taong si Duterte. Kung may tunay na hustisya, matagal na dapat siyang nabubulok sa bilangguan. Ngunit dahil sa hawak niyang kapangyarihan at pagsuporta sa kanya ng naghaharing-uri, at mga alagang pulis at militar, nagawa niya pang maging pangulo ng bansa. Pilit tinabunan ang ebidensya at pinatahimik ang mga pwedeng tumestigo. Inilipat ang mga labi at buto ng tao na naiwan sa mass grave. Ipinakulong at ginipit ang mga nag-iimbestiga. Sa tala ni dating CHR Chairperson Leila de Lima na nagsimulang mag-imbestiga sa quarry noong 2009, pinatay ang tatlong tao na imbwelto sa imbestigasyon ng CHR. Gagawin ng kampo ni Duterte ang lahat para burahin ang mga bakas ng kanyang kahayupan.

Kaya nagpupumilit si Duterte na dito lang siya sa Pilipinas magpapalitis hinggil sa mga kaso ng EJK, na kanyang isinagot sa mga kritikong naghahamon na pumailalim siya sa hurisdiksyon ng ICC. Sa katunayan, kumpyansa si Duterte na hindi siya maiimbestigahan ng anumang ahensya o mahahatulan sa mga reaksyunaryong korte dahil hawak niya sa leeg ang mga ito— ang Korte Suprema, matataas na opisyal

ng AFP-PNP at mayorya ng Kongreso. Alkalde pa lamang ng Davao ay astang pasistang diktador na si Duterte, kaya ngayon, umaapaw ang kahambugan niya bilang pangulo.

Sa huli, nabigo pa rin si Duterte na ilibing ang katotohanan sa brutal niyang paghahari. Nanaig ang konsensya ng dati niyang mga kinasangkapan kaya't naglakas loob silang tumestigo. Hindi siya tinantanan ng mamamayang naghahanap ng hustisya at mga tagapagtanggol ng karapatang tao. Ang mga bagay na ito ang nagtulak sa ICC para buksan at busisiin ang mga kriminal na kaso ni Duterte, kabilang na ang madugong gera kontra-droga at gera kontra-mamamayan nang maluklok bilang pangulo.

Salik sa paglitaw ng mga datos na ito ang pag-usad ng kaso laban kay Duterte sa ICC. Kung hindi sumulong ang imbestigasyon sa internasyunal na korte, maaaring matagalan pa bago malantad ang mga ito o tuluyan nang panghinaan ng loob ang mga nais magsiwalat ng kanilang nalalaman. Ito ang dahilan kaya takot na takot si Duterte na matuloy ang kaso sa ICC at kaya hibang niyang iginiit na kumalas na sa Rome Statute. Binigyan ng pag-asa ng pag-uusig ng ICC ang laban ng mga biktima para sa katarungan.

Marapat na tuluy-tuloy na ilantad ang mahabang kriminal na rekord ni Duterte bilang pusakal na mamamatay-tao. Hinihimok ng NDF-ST ang lahat ng may nalalaman sa mga krimen ni Duterte na mangahas magsalita upang mapatibay ang mga kaso laban sa nag-aambisyong diktador. Dapat malinawan ang mamamayang Pilipino na isa siyang halang ang bitukang kriminal at ganid sa kapangyarihang pulitiko na nagnanais lamang na iluklok ang kanyang dinastiya. Kailangan siyang

panagutin upang bigyang katarungan ang mga biktima at kanilang pamilya. Dapat magkaisa ang bayan at malakas na manawagan ng katarungan para sa mga pinatay na biktima ng DDS at rehimen sa gera laban sa iligal na droga at kriminalidad, sa mamamayang sinalanta ng huwad na gera kontra-terorismo at sa mga progresibo't rebolusyonaryong walang awang pinaslang ng estado.

Lalong mahalaga ang paglalantad at paniningil kay Duterte sa gitna ng pagnanais niyang manatili sa kapangyarihan kasabwat ng mga Marcos at Arroyo. Nitong linggo lang, naghain ng kandidatura sa pagka-senador si Duterte sa harap ng nabuong elektoral na alyansa nina Bongbong Marcos at Sara Duterte Carpio. Nagsanib na ang pampulitikang tagapagmana ng dalawang pamilyang tigmak sa dugo ang rekord at labis na sugapa sa kapangyarihan. Malaking paglapastangan sa alaala ng mga taong kanilang pinatay ang walang-kahihiyang pagbabandera sa ambisyong magtatag ng diktadura. Hindi na dapat pahintulutan na mamayagpag sa bansa ang mga pamilyang itong notoryus sa kasamaan, mapang-abuso sa kapangyarihan at lansakang lumalapastangan sa karapatang pantao ng mamamayan.

Hindi dapat maglubay ang bayan sa pagpupunyagi sa digmang bayan. Tanging sa pagsusulong lamang ng radikal na pagbabago ng lipunan sa pamamagitan ng pambansa demokratikong rebolusyon, makakamit ang tunay na hustisya't katarungan ng mamamayang biktima ni Duterte at ng karahasan ng estado.

# 2

# MGA ILIGAL NA PAG-ARESTO

## Itigil ang militarisasyon at karahasan laban sa mga Dumagat!

*Hunyo 1, 2018*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang iligal na pag-aresto, detensyon at tortyur ng pasistang pwersa ng $80^{th}$ Infantry Battalion at $2^{nd}$ Infantry Division ng Philippine Army sa dalawang Dumagat na sina Rockey Torres at Dandoy Avillaneda gayundin ang walang patlang na militarisasyon sa Brgy. Umiray, Gen. Nakar, Quezon.

Pinaputukan ng *warning shots* ng mga pwersa ng AFP sina Torres at Avillaneda kasabay ng naganap na engkwentro sa pagitan nito at ng NPA sa hangganan ng Sityo Dadiangao at Sityo Libutan noong Mayo

14 ganap na alas-3 hanggang alas-4 ng hapon. Iligal silang inaresto at idinetine sa Dadiangao Elementary School. Walang awa silang tinortyur ng mga pasistang pwersa ng militar at pilit na iginigiit na kasapi sila ng NPA gayong sila'y mga inosente at simpleng residente lamang ng nasabing barangay. Hindi pa nasapatan ang berdugong AFP, iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng pagpatay sina Torres at Avillaneda at paglabag sa *gun ban* kabilang ang labindalawa pang sibilyang Dumagat.

Mula nang mangyari ang labanan, tumindi ang militarisasyon at nagsilbing pokus ng mga operasyon ng berdugong AFP ang barangay. Dulot nito, sapilitang lumikas ang aabot na sa 200 Dumagat at nalayo mula sa kanilang kabuhayan. Nagtitiis silang manirahan sa tabing-ilog habang inookupa ng mga militar ang kanilang *barangay hall*.

Ginagawang dahilan ngayon ng AFP ang naganap na mga labanan sa Brgy. Umiray upang isakatuparan ang proyektong *diversion tunnel* na magdurugtong sa ilog ng Umiray at Angat Reservoir na pagmamay-ari ng isang pribadong kumpanya kapalit ng sapilitang pagpapalayas sa lahat ng Dumagat sa kanilang lupang ninuno.

Hindi lamang mga Dumagat kundi ang ibang mga minorya sa Timog Katagalugan tulad ng Palaw'an at Mangyan ang dumaranas ng ganitong sitwasyon. Sa halip na bigyang kalutasan ang pag-abot ng serbisyong panlipunan sa kanayunan para sa pambansang minorya, pilit na isinasadlak ang mga ito sa busabos na kalagayan sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng karahasan at panggagantso ng mga programang inihahandog ng mga ahensya ng estado tulad ng National

Council for Indigenous People at Department of Environment and Natural Resources.

Lumang estilo na ng rehimeng US-Duterte ang paggamit sa kanyang pasistang pwersang AFP-PNP-CAFGU sa desperasyon nitong supilin ang buong rebolusyonaryong kilusan kapalit ng kaliwa't kanang paglabag sa karapatang-tao at pagdamay sa mga sibilyang komunidad. Lalo lamang nitong inilalantad ang kanyang sarili bilang anti-mamamayan upang bigyang-daan ang mga imbing pakana nito para sa kanyang ganansya, gayundin para sa mga kasapakat nitong lokal at dayuhang naghaharing-uri.

Kasabay ng panawagan para sa pagtutuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP, lalong lumalakas ang hinaing ng aping mamamayan ng kanayunan na pagtibayin ang nilalaman ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER).

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Dumagat na patuloy na tumindig at labanan ang tumitinding panggigipit at pang-aapi ng estado at armadong pwersa nito. Kasabay nito, hinihikayat ang buong mamamayan ng Timog Katagalugan na suportahan ang laban ng mga pambansang minorya na ipagtanggol ang sarili at ang kanilang lupang ninuno. Sa gitna ng tumitinding pasismo ng rehimeng US-Duterte, mataas ang pangangailangang higit na isulong ang armadong paglaban ng mamamayan bilang tanging sandata laban sa kontra-rebolusyonaryong dahas ng estado. T

## Palayain ang 6 na mga inosenteng magsasaka ng Barangay Coral ni Lopez, Calaca, Batangas na iligal na inaresto ng AFP at PNP! Tutulan at labanan ang patuloy at tumitinding karahasang militar sa Timog Katagalugan! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Mayo 11, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang panibago na namang karahasan at terorismo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa pag-aresto sa anim (6) na inosenteng magsasaka ng Barangay Coral ni Lopez, Calaca, Batangas nuong madaling araw ng Mayo 10, 2020. Hindi bababa sa 45 sasakyan ang ginamit sa pag-atake ng pinagsanib na pwersa ng Special Weapons and Tactics Team (SWAT), Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ng PNP at yunit ng 202nd Brigade ng AFP na tipikal na halimbawa ng kanilang notoryus na Synchronized Enhanced Military and Police Operation (SEMPO). Ang pag-atake ay ginawa sa dis-oras ng gabi habang mahimbing na natutulog ang mga mamamayan ng barangay. Sabayan at sapilitang pinasok ng mga operatiba ng AFP at PNP ang mga bahay ng mga di umano'y target ng *search warrant*. Tinutukan ng baril ang mga taong dinatnan sa bahay, agad silang pinalabas ng bahay upang malayang makapagtanim ng mga ebidensya ang mga operatiba ng PNP at AFP laban sa mga magsasaka.

Mariing pinabubulaanan ng NDF-ST ang malisyosong paratang ng AFP at PNP na mga magsasaka sa umaga at NPA sa gabi ang kanilang mga dinakip sa barangay Coral ni Lopez. Kailanman hindi naging mga NPA ang 6 na iligal na inaresto ng PNP at AFP. Sila ay mga lehitimong kasapi ng Samahang Magsasaka ng Coral ni Lopez (SAMACOLO) na aktibong nagtatanggol sa kanilang mga karapatan lalo na sa pagtatanggol sa lupang kanilang sinasaka mula sa pagtatangka ng panginoong maylupa na si Luis Lopez na mabawi ang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na hawak ng mga magsasaka batay sa mga butas na laman ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) ng dating rehimeng Cory Aquino.

Kabilang sa mga 6 na hinuli at ngayon kasalukuyang nakakulong sa Camp Vicente Lim sa Canlubang, Calamba, Laguna ay sina Leovino Julongbayan, lider-magsasaka at kagawad ng barangay at Virgilio Vidal, *barangay secretary* at lider ng SAMACOLO. Ang iba ay sina Marcelo Vidal, Doroteo Bautista, July Julongbayan at Roilan Tenorio pawang mga aktibong kasapi ng SAMACOLO.

Labis ang pinapakitang desperasyon ng pasistang rehimeng US-Duterte. Sa kabiguan nitong durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa probinsya, mga inosente at kawawang magsasaka ang kanilang pinagbabalingan. Hindi ito naiba sa nangyaring iligal na pag-aresto sa magsasakang si Lamberto Asinas ng Bundukin, Nasugbu, Batangas nuong Abril 16, 2020. Tulad ng ginawa nila kay Asinas, pinalalabas nilang mga NPA ang 6 na magsasaka ng Coral ni Lopez na kanilang hinuli dahil sa diumanong mga armas at eksplosibo na kanilang natagpuan sa mga bahay ng mga ito. Pero ang katotohanan ay mga

armas at eksplosibo na sadyang itinanim ng AFP at PNP bilang ebidensya laban sa mga kawawa at inosenteng magsasaka.

Walang matinong indibidwal ang basta na lamang maniniwala sa akusasyong ito ng AFP at PNP dahil batid ng taumbayan na mga pangkaraniwang magsasaka at kailanman hindi naging mga kasapi ng NPA ang 6 na magsasakang hinuli ng AFP at PNP sa barangay Coral ni Lopez. Batid din ng taumbayan ang talamak na modus na pagtatanim ebidensya ng AFP at PNP para bigyan katwiran ang kanilang mga iligal na pag-aresto at pagpapakulong sa mga pinaghihinalaan at inaakusahan nilang kaaway ng estado.

Dapat mariing kondenahin ng taumbayan ang mga katulad na pag-atakeng ito ng AFP at PNP sa mga magsasaka na ginawa sa panahon na ang buong bayan ay nakatuon sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Malinaw na sinasamantala ng AFP at PNP ang kamay-na-bakal na pagpapatupad ng lockdown para isagawa nila ang kanilang maiitim na balak na supilin at atakehin ang mga mamamayang kritikal sa mga katiwalian ng administrasyong Duterte.

Patuloy na dumaranas ang mga magsasaka at mga katutubo ng rehiyong Timog Katagalugan ng walang kapantay na kalupitan at terorismo mula sa AFP at PNP lalo nang maluklok sa Southern Luzon Command (SOLCOM) ang berdugong si General Antonio G. Parlade Jr. Mula nang pumutok ang isyu ng Covid-19 sa bansa, nagpatuloy at walang patlang **ang mga pag-atake ng AFP at PNP** sa mga magsasaka at katutubo sa rehiyon kahit sa panahon na mayroon silang "pinapatupad" na *unilateral ceasefire* sa NPA. Walang lubay ito ang paghahasik ng karahasang militar at pag-atake ng AFP at PNP

sa batayang karapatan ng mamamayan sa hibang na layunin nitong durugin sa loob ng natitirang panahon ng pasistang rehimeng US-Duterte ang rebolusyonaryong kilusan.

Ang kabiguang ganap na pinsalain ang rebolusyonaryong kilusan ay patuloy nitong ibinabaling sa pag-atake sa mga sibilyang komunidad at inosenteng mamamayan, upang bigyan ng hugis ang kanilang delusyon na nagtatagumpay ang kanilang anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong kampanya.

Nakatutok sa kontra rebolusyonaryong digma ang malaking pwersa ng AFP at PNP sa rehiyong Timog Katagalugan. Ginagamit nilang kober ang di umanong paglaban sa Covid-19 para atakehin ang mga pwersang rebolusyonaryo at hindi upang maghatid ng anumang ayuda o tulong sa mga magsasakang labis na naapektuhan ng lockdown sa rehiyon. Ang mga mamamayang Pilipino ang kinakalaban ng pasistang rehimeng US-Duterte at hindi ang komon na banta sa pampublikong kalusugang hatid ng pandemikong Covid-19.

Dapat nating ilantad at labanan ang imbing pakanang ito ng pasistang rehimeng US-Duterte. Covid-19 ang kalaban at hindi ang mga inosenteng sibilyan. Dapat nating igiit ang sapat at mabilis at napapanahong pagdating ng ayuda mula sa gubyerno at labanan ang anumang uri ng karahasang militar lalo na ngayong humaharap ang taumbayan sa krisis na dulot ng pandemikong Covid-19 at kainutilan ng rehimeng Duterte.

Patuloy na ipanawagan ang pagsasagawa ng mass testing para mabilis na matukoy ang mga mayroong Covid-19 at agad na maisagawa

ang pagkwarantina at *contact tracing* sa mga nakaugnayan ng mga nagpositibo sa Covid-19. Igiit na ipatupad ang mga kaparaanang medikal bilang mabisang hakbang sa paglaban sa Covid-19. Tutulan ang mga anti-demokratiko, anti-mamayan at militaristang paraan sa pagpapatupad ng *lockdown*.

Palayain ang 6 na mga inosenteng magsasaka ng Barangay Coral ni Lopez, Calaca, Batangas na iligal na inaresto ng AFP at PNP!

Tutulan at labanan ang patuloy at tumitinding karahasang militar sa Timog Katagalugan!

Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! **T**

## Palayain ang walong (8) aktibista na iligal na inaresto ng mga tropa ng Cabuyao PNP at ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army!

*Hulyo 5, 2020*

Mariing kinukondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang ginawang iligal na pag-aresto ng pinagsanib na tropa ng Cabuyao Philippine National Police at 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd ID-PA) sa walong (8) tagapagtaguyod at tagapagtanggol sa karapatang pantao habang mapayapa silang nagpoprotesta, kasama ang iba pang mga kasamahan, laban sa Anti-Terrorism Act of 2020 matapos itong pirmahan ng pasistang rehimeng US-Duterte at maging isa nang ganap na batas bilang Republic Act 11479. Iligal na inaresto ang tinaguriang Cabuyao 8, ng mga pasistang tropa ng AFP at PNP, kahit malinaw na lehitimo at hindi labag sa batas ang kanilang ginawang pagkilos. Sa lumalaganap na *video* sa *social media,* kitang-kita ang mahigpit na pagtupad ng mga raliyista sa kaukulang mga *health protocols* tulad ng pagsusuot ng *face mask* at pagpapairal ng *physical distancing* bilang pagpapakita na sila'y mga responsableng mga mamamayan na mulat na tumutupad sa sariling mga alintunin ng kanilang kinabibilangang mga lehitimong organisasyon sa pag-iingat, paglaban at pagsugpo sa pandemic na Covid-19. Kung tutuusin ang AFP at PNP ang dapat kasuhan at ikulong dahil sa ginawa nilang iligal at marahas na pag-aresto sa mga raliyista at ganundin sa paglabag nila sa *health protocols* na pinatutupad ng sarili nilang gubyerno kaugnay sa paglaban at pagsugpo sa Covid-19.

Ang pagkilos na ginanap sa Cabuyao, Laguna nuong Hulyo 4, 2020 ay isa lamang sa maraming mga lehitimong pagkilos na isinagawa ng taumbayan sa iba't ibang panig ng bansa bilang anyo ng kanilang mariing pagtutol at protesta sa bagong mapanupil at malupit na batas na RA11479. Sa rehiyon, ayon sa aming nakalap na mga balita, may mga kasabay ding pagkilos sa Sta. Rosa, Laguna, sa mga bayan ng Bacoor at Dasmarinas sa probinsya ng Cavite.

Sa nangyaring iligal na pag-aresto sa mga aktibista at tagapagtanggol sa karapatang pantao, na tinaguriang Cabuyao 8, minsan pang pinatunayan na sadyang sensitibo sa puna, kritisismo at pambabatikos ang gubyernong Duterte. Itinuturing ni Duterte na mga kaaway ng estado ang sinumang mamamayang Pilipino na nagpapahayag ng kanilang disgusto at tumututol sa mga katiwalian, kainutilan at kapalpakan sa pamamalakad niya sa gubyerno. Ang serye ng mga iligal na pag-aresto sa mga nagpoprotestang mamamayan sa nakaraan at sa pag-aresto sa "Cabuyao 8" kahapon ay patunay na wala nang anumang natitirang pagkilala at pagrespeto si Duterte sa karapatang sibil at demokratiko ng mamamayang Pilipino lalo na ang kalayaan sa pagsasalita, pamamahayag at sa mapayapang pagtitipon upang iparating ng taumbayan sa reaksyunaryong gubyerno ang kanilang mga hinaing, pagpuna at pagtutol sa mga anti-mamamayan at anti-demokratikong mga batas at polisiyang pinatutupad nito sa bansa. Sinasamantala din ni Duterte ang isyu ng Covid-19 para tabingan at iwasiwas ang kanyang mapanupil at kamay-na-bakal na paghahari para lumikha ng takot sa publiko at pigilan ang mga lehitimo at makatarungang mga pagkilos ng taumbayan laban sa kanyang tiwaling paghahari. Buong akala ni Duterte na sa pamamamagitan ng

kanyang mga matatapang na pagbabanta ng pag-aresto at aktwal na pag-aresto sa mga nagpoprotesta ay mapipigilan niya ang paghugos ng taumbayan sa mga lansangan, sa paggamit ng *social media* iba pang at kaparaanan para ipahayag ang kanilang pagtutol at paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Ang ginanap na pagkilos sa Cabuyao at sa iba pang panig ng bansa nuong Hulyo 4, 2020 ay patunay na hindi takot ang sambayanang Pilipino na lumabas sa mga bahay at pumunta sa mga lansangan para ipahayag ang kanilang mariing pagtutol sa RA 11479 kasabay ng mga panawagan para sa makabuluhang pagbabago sa lipunang Pilipino at sa paggigiit sa kanilang mga batayang karapatang demokratiko at pantao. Sa mga susunod na araw maaaring asahan ang mga panibagong pagkilos ng taumbayan para ipanawagan ang pagbabasura sa RA 11479.

Sa pagpirma ni Duterte sa RA 11479 sukdulan na niyang inilantad ang kanyang pasistang mukha na dati ay pilit pa niyang itinatago at itinatanggi subalit nabigo siyang mapaniwala ang taumbayan. Dahil sa RA 11479 natupad na ni Duterte ang kanyang pinakahahangad na makapaghari nang mas masahol pa sa batas militar ng kanyang idolong diktador na si Ferdinand E. Marcos. Ito rin ay panibagong deklarasyon ng gyera laban sa sambayanang Pilipino tulad ng kanyang madugo pero huwad na gyera kontra iligal na droga at ng labis na kinamumuhiang "kontra-insurensyang" digma ngkanyang pasistang rehimen na tigmak sa dugo ng mga inosenteng mamamayan, lalo na ng magsasaka at katutubo, na pangunahing biktima ng mga karahasan at terorismo ng pasistang AFP at PNP.

Ang patuloy na pambubusabos at garapalang pagyurak sa mga demokratiko at karapatang pantao ng pasistang rehimeng US-Duterte

ay lalong magtutulak sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino na patindihin at paigtingin ang kanilang mga paglaban sa rehimen sa paraang ligal, iligal, armado at di-armado na maaaring humantong sa pagpapatalsik kay Duterte sa kapangyarihan.

Huwag tayong matakot, huwag tayong padadaig. Patuloy tayong lumaban at igiiit ang ating mga lehitimong kahilingan para sa makabuluhang pagbabago sa lipunang Pilipino. Patuloy nating igiit at ipaglaban ang mga pundamental na karapatan ng mamamayang Pilipino na ginagarantiyahan ng saligang batas ng Pilipinas. Sa panahong hibang na hibang sa pasistang kapangyarihan si Duterte dapat higit nating pahigpitin ang ating pagkakaisa at lalong pagtibayin ang pagbubuklod-buklod para labanan at biguin si Duterte na lubusang makapaghari gamit ang kanyang pinakabagong mapamuksang sandata ng panunupil na RA11479. Huwag natin bigyan ng pagkakataon na makapagpahinga at makatulog ang diktador na si Duterte at mga pasistang galamay niya mula sa mga lilikhain nating ingay sa lansangan at usap-usapan sa social media na nanawagan sa pagbabasura sa RA 11479 at sa pagtutulak sa kanyang gubyerno na seryosong pagtuunan nang higit na pansin ang paglaban at pagsugpo sa Covid-19 sa paraang medikal at hindi militar. Lalo nating palakasin at palawakin ang panawagan na ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte.

Samantala, patuloy na pag-iibayuhin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan para biguin ang kontra- rebolusyonaryong digma ng pasistang rehimeng US-Duterte alinsunod sa estratehiyang *whole-of-nation approach to end communist armed conflict* at Joint Campaign Plan Kapanatagan

(JCP-Kapanatagan). Buo ang tibay at lakas ng loob at tiwala sa kasalukuyang lakas na kaya nitong biguin ang ambisyosong plano ng rehimeng Duterte na durugin sa pagsapit ng Hunyo 30, 2022 ang rebolusyonaryong armadong kilusang na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP. Napakapaborable ng kasalukuyang sitwasyon sa bansa at daigdig para umani ng mas maraming tagumpay ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at sumulong sa isang bago at mas mataas na antas sa mga susunod na mga taon.

Ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ay mahigpit na kaisa at sumusuporta sa malawakang paglaban ng sambayanang Pilipino sa pasistang rehimeng US-Duterte. Patuloy itong gagawa ng kanyang sariling mga paraan para tumulong at mag-ambag sa panawagan ng sambayanang Pilipino na ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. T

## Reyd at hindi "rescue operation" ang ginawa ng PNP-Region 7 sa mga mag-aaral na Lumad na nasa kampus ng University of San Carlos

*Pebrero 16, 2021*

Mahigpit na kaisa ng sambayanang Pilipino ang NDF-ST sa pagtuligsa at pagkundena sa ginawang pagsalakay at pang-aaresto ng Philippine National Police-Region 7 (PNP-Region7) sa mga mag-aaral na Lumad, kabilang ang kanilang mga guro at Datu (elders) sa isang *retreat house* na pag-aari ng Societas Verbas Divini (SVD) na nasa loob ng Talamban campus ng University of San Carlos (USC) sa Cebu City noong Pebrero 15, 2021. Pinalilitaw ng PNP na isa itong "*rescue operation*" para diumano iligtas ang mga *menor de edad,* na ayon sa hepe ng PNP na si General Debold "Mañanita" Sinas, mula sa kamay ng mga "rebeldeng komunista". Inaakusahan ng PNP, kahit walang matibay na ebidensya, na ang "bakwit *school*" ng mga Lumad sa USC ay ginagawang rekrutment ng NPA ng mga menor de edad para sanaying "child warriors".

Lubos na nakagagalit ang marahas na pag-atake ng PNP-Region 7 at ang ginawang pag-aresto sa mga inosenteng mag-aaral na mga Manobong Lumad na karamihan ay mga menor de edad dahil lamang sa mga walang batayang paratang at *red-tagging*. Sa inilabas na video, makikita at madidinig ang mga sigaw ng mga batang labis ang pagkatakot sa mga iwinawasiwas na mga baril at sa marahas na panghuhuli sa kanila ng mga operatiba ng PNP-Region 7. Iligal

na pinaghuhuli ng mga pulis ang 16 na estudyante na pawang mga menor de edad, 6 na mag-aaral na higit sa 18 ang edad, 2 Datu at 2 mga boluntir na guro kabilang si Chad Booc na guro ng ALCADEV at kasama sa mga nagsampa ng petisyon sa Korte Suprema laban sa Anti-Terrorism Act of 2020. Si Chad Booc ay biktima rin ng *red-tagging* ng AFP at PNP.

Malinaw na iligal ang ginawang pang-aaresto ng PNP-Region 7 at ang walang pasintabing pag-atake at paglusob sa *campus* ng USC. Bukod sa kawalan ng mga *mandamiento*, walang ginawang koordinasyon o paunang paghingi man lamang ng pahintulot ang PNP- Region 7 sa mga pinuno ng USC at mga pari ng SVD. Animo mga nakaaangat sa batas ang mga pulis na maaaring basta na lamang lumusob sa *campus* ng USC, magsagawa ng panghahalughog at pagdadamputin ang mga mag-aaral, guro at datu nang walang lang pinapakitang mga dokumento o papel. Sa ganitong pangyayari, ipinamalas muli ng PNP ang kalupitan at impyunidad na kulturang namamayani sa kanilang hanay na walang sinusunod na mga batas at proseso ng mga batas taliwas sa kanilang tungkulin bilang mga diumanong tagapagpatupad ng batas. Malinaw na tahasang nilabag ng PNP ang umiiral na batas ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) na RA 7610 ng 1992 na isang batas na nagbibigay ng ispesyal na proteksyon sa mga bata (below 18 years old) laban sa pang-aabuso, pagsasamantala at diskriminasyon. Ang batas na ito ay muling diniinan sa ilalim ng RA 9262 o The Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004.

Sa magkasamang pahayag ng Diocese of Cebu, SVD Southern Philippines at USC, sinabi nila na walang dahilan at hindi

kinakailangang iligtas ng mga kapulisan ang mga Lumad dahil ang presensya ng mga ito sa *retreat house* ay para sa kanilang kagalingan at kabutihan. Ayon pa sa pahayag, sa buong panahon na nasa *retreat house* ang mga Lumad, mahusay nilang inasikaso at inaruga ang mga ito batay sa kanilang mga pangangailangan at interes. Nabanggit din sa kanilang pahayag na ang mga dinampot ng PNP na 26 ay kabilang sa 42 mag-aaral, limang mga guro at tatlong *community leaders* na lumahok sa *modular schooling activity* noong March 2020 sa ilalim ng Bakwit School Program ng Save Our Schools (SOS) Network. Ang proyektong Bakwit School Program ng SOS na kanilang tinaguyod ay mula sa inisyatiba ng Archdiocese of Cebu-Commission on Social Advocacies. Nagtapos ang *modular schooling* noong April 3, 2020 at pabalik na sana sa kani-kanilang mga komunidad ang mga estudyante, dangan nga lamang at inabutan na ng *lockdown* dahil sa Covid-19, dagdag pa nila. Sa buong panahon ng *lockdown*, ayon sa kanilang pahayag, ang SVD ang sumagot sa pang araw-araw na mga pangangailangan ng mga Lumad at hinayaan silang gamitin ang ilang pasilidad ng *retreat house* para sa kanilang libangan. Anila, matapos magkaroon ng pagluwag sa umiiral na *lockdown*, may 4 na mag-aaral na ang nakauwi sa kanilang tirahan at ang iba pa ay nasa proseso na ng pag-aayos para sa pagbalik sa Mindanao nang biglaang salakayin ng PNP-Region 7 ang kampus ng USC na kinaroroonan ng mga Lumad.

Minsan pang pinatunayan ang kawalang habag at kalupitan ng PNP na pati ang mga menor na edad na tinaguriang “bakwit” na mag-aaral ay kanilang gagambalain at pagmamalupitan matapos na paratangang nagsasanay bilang mga susunod na mga mandirigma ng NPA.

Kabaligtaran ito ng ginagawang pag-aaruga sa mga kabataang Lumad ng Bakwit School Program ng Diocese of Cebu at ang pagkakanlong sa kanila ng USC. Lalong tumindi ang kalupitang ito ng PNP simula nang maluklok sa kapangyarihan ang uhaw sa dugo at berdugong si General Debold "Mañanita" Sinas na malakas ang loob na gumawa ng mga karumal-dumal na krimen laban sa mamamayan dahil alam niyang siya'y suportado at protektado ng basbas ng pasistang si Duterte.

Samantala, mariing pinabulaan ng DSWD Cebu ang paratang ng PNP na ang mga batang Lumad ay nagsasanay bilang mga *child warriors* ng NPA. Sa isinagawang interbyu ng DSWD sa mga batang nasa kanilang kustodiya (matapos ang mga ito ay pag-aarestuhin), pagsusulat, pagbabasa at pakukuwenta ang kanila lamang pinag-aaralan sa loob ng bakwit *school program* at hindi sila sinasanay bilang mga batang mandirigma.

Ang mga estudyanteng Lumad kasama ang kanilang mga guro, magulang at lider ng kanilang pamayanan ay nagtungo sa Cebu upang maipagpatuloy ang naunsyaming pag-aaral ng mga bata matapos wasakin ng AFP at sapilitang ipasara ng Department of Education (DepEd) ang kanilang mga paaralan sa Mindanao. Maling pinaratangan ng pasistang rehimeng US-Duterte na ginagamit ang mga nasabing paaralan ng Lumad bilang *recruitment ground* ng NPA. Kung matatandaan, nagbanta pa nuon si Duterte na kanyang bobombahin ang mga paaralan ng Lumad sa Mindanao dahil sa paratang na ito.

Magpapatuloy at lalo pang titindi ang ganitong mga kalupitan, terorismo at paglabag ng AFP at PNP sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino. Kailangan ng taumbayan na buong giting na makibaka para

ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte at hakbang-hakbang na likhain ang malakas na kilusang masa na nagtataguyod at nagsusulong ng mga demokratikong interes at kahilingan ng sambayanang Pilipino. Kasabay nito ang maramihang pagsapi sa rebolusyonaryong kilusang lihim at NPA para lumahok sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan (MDB). Ito ang tanging solusyon para makamtan ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalayaan, demokrasya at kasaganaan. Layon ng DRB na ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino na pinaghaharian ng mga malalaking burgesya komprador, panginoong maylupa, mga burukrta kapitalista at ng amo nilang imperyalistang US. **T**

## Labanan ang panibagong banta ng *crackdown* sa Cavite!

*Marso 11, 2022*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang tila banta ng panibagong *crackdown* sa rehiyon kahapon, Marso 10. Ayon sa nakalap naming balita, labing-isang miyembro ng *partylist* na Anakpawis ang inaresto ng mga pulis sa inilunsad nitong magkahiwalay na operasyon sa tabing ng Tokhang sa Bacoor City at Silang, Cavite. Kabilang sa mga inaresto ang regional coordinator ng Anakpawis *partylist* na si Jonathan Mercado at ilang oras na hindi inilantad sa publiko, maging sa kanyang pamilya bago pinakawalan. Pinagbantaan naman ng mga pulis ang *provincial coordinator* ng Anakpawis-Cavite na si Joel Salabanya na babalik sila sa kanilang komunidad para kunin siya. Bukod rito, sinuntok, binantaan at pinaputukan din ng mga abusadong pulis ang asawa ni Salabanya. Hindi pa nga nabibigyan ng hustisya ang mga biktima ng naganap na Bloody Sunday noong isang taon ay tila ba ibinabalik ng PNP-CALABARZON ang bangungot na hatid nito sa mamamayan.

Sinasakyan ng PNP-Cavite at PNP-CALABARZON ang magkakasunod na pahayag, malisyosong akusasyon at *red-tagging* nina Rep. Boying Remulla, senador at presidential aspirant Panfilo Lacson, maging ang testimonya ng peke at mapagpanggap na si Eric Celiz na pinasok ng mga "komunista" ang *sortie* ni vice president at *presidential aspirant* Leni Robredo, kasama ang kanyang buong *ticket* noong Marso 4.

Ito'y sa kabila ng paulit-ulit itong pinasinungalingan ng kampo ni Robredo at mga tagasuporta niya bilang malisyosong paratang sa kanila. Malinaw ring inilahad NDF-ST ang paninindigan ng buong rebolusyonaryong kilusan kaugnay ng reaksyunaryong eleksyon na hindi ito lumalahok, ni pumapasok sa pakikipag-alyansa sa sinumang kandidato. Tila hindi matanggap ni Remulla at ni Lacson, mga tubong Caviteño na hindi sila ang sinusuportahan ng marami sa kanilang mga kababayan kaya ibinabaling nila ang kanilang galit sa mga ito.

Sistematikong pinagsisilbi ng rehimen, at mga ahente nito sa pangunguna ng NTF-ELCAC ang mga kahalintulad na pangyayari sa kanilang madugong gera kontra-mamamayan sa ilalim ng JCP-Kapanatagan. Kaya naman mabilis na nagpahayag ang sinungaling at peke nilang ahente sa propagandang si Eric Celiz para suhayan ang pahayag nina Lacson at Remulla. Nagiging mga mulat na kasabwat sina Lacson at Remulla sa paparaming krimen ng NTF-ELCAC, ng AFP at PNP laban sa mamamayan sa ginagawa nilang *red-tagging* nang walang ipinipresintang batayan, at nagmimistulang pahayag lamang ng mga talunan. Hindi nila alintana na sa kanilang ginagawa, lalo lamang nilang itinutulak ang mga Caviteño at iba pang mamamayan sa rehiyon at buong bansa na bumoto nang di pabor sa kanila sa nalalapit na eleksyon sa Mayo.

Dapat na patuloy na ilantad at labanan ng mamamayang Caviteño at ng rehiyon ang panibagong banta ng *crackdown* laban sa kanila. Dapat suportahan ng mamamayan ng rehiyon at buong bansa ang laban ng mamamayan ng Cavite laban sa panibagong karahasang inihahasik ng PNP-CALABARZON at hindi na hayaang maulit ang Bloody Sunday noong Marso 7 ng nakaraang taon. Dapat usigin ang

PNP-Cavite, PNP-CALABARZON, sina Remulla at Lacson sa pagiging kasangkapan sa madugong gera kontra-mamamayan ng rehimeng Duterte. Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng tunay na makabayan at maka-mamamayang mga pulitiko sa rehiyon at buong bansa na ibigay ang nararapat na suporta sa mamamayang inaapi at dinarahas ng rehimen, hindi lamang sa Cavite kundi sa iba't ibang bahagi ng rehiyon at buong bansa. T

# 3

# MGA KASO NG *RED-TAGGING*

## Labanan ang panunupil at pagkitil ng pasistang rehimeng US-Duterte sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag! Labanan at tutulan ang pagpapasara sa ABS-CBN!

*Mayo 5, 2020*

Kasama ng sambayanang Pilipino, mariing kinukondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang naging desisyon ng National Telecommunication Commision (NTC) sa pagpapatigil sa operasyon ng ABS-CBN Network, ang pinakamalaking *media and entertainment company* sa bansa. Mahigpit ding nakikiisa ang NDF-ST sa sambayanang Pilipino sa paglaban at pagtutol sa tumitinding pag-atake at panunupil

ng pasistang rehimen US-Duterte sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag sa bansa at sa desisyon nitong pagpapasara sa ABS-CBN Network. Ito'y laban ng lahat ng Pilipinong nagmamahal sa kalayaan at demokrasya na gustong wasakin ng pasistang si Duterte.

Nais sundan ni Duterte ang yapak ng iniidolong diktador na si Ferdinand E. Marcos na naunang nagpasara sa ABS-CBN nuong September 1972 matapos ipataw ang batas militar sa bansa.  Ang pag-atake ng rehimeng Duterte sa ABS-CBN ay tulad sa ginawa nitong panggigipit sa Philippine Daily Inquirer, sa Rappler at CEO nitong si Maria A. Ressa, iba pang personalidad sa propesyon, sa mga mamamahayag mula sa *alternative media* at mga *campus journalist*.

Walang kaduda-dudang si Duterte, na abot langit ang galit sa ABS-CBN, ang nasa likod ng desisyon ng NTC na ipatigil ang operasyon ng ABS-CBN. Kung matatandaan, hindi lamang ilang beses na nagbanta si Duterte na kanyang haharangin ang pagbibigay ng panibagong prangkisa sa network. Sa pangyayaring ito, natupad ang matagal nang hangarin ni Duterte na magantihan ang network dahil sa inaakalang pagiging bias nito sa kanya at sa madalas na pagbatikos ng network sa kanyang madugong kampanya kontra droga at mga paglabag sa karapatang pantao.

Napilitang ilabas ng NTC ang kanyang kautusan makaraang magtapos ngayong Mayo 4, 2020 ang bisa ng 25 taong prangkisa na pinagkaloob sa ABS-CBN Network ng ika-9 na Kongreso nuong Marso 1995 dahil na rin sa matinding presyur na natatanggap nito mula sa Malacañang. Labis ang naging pangamba ng NTC sa babala ni Solicitor General

Calida na sila'y kakasuhan sakaling pagkalooban nila ng probisyunal na otoridad ang ABS-CBN na patuloy na mag opereyt.

Ang babala ni Calida ay nagsilbing hudyat sa NTC na tutol si Duterte na palawigin pa ang operasyon ng ABS-CBN. Dahil dito, isinantabi ng NTC ang pangako nitong ipatutupad ang resolusyon ng dalawang kapulungan ng Kongreso na pagkalooban muna ng probisyunal na otoridad ang ABS-CBN para makapag opereyt habang ang petisyon nito para sa panibagong prangkisa ay dinidinig ng Kongreso.

Binalewala din ng NTC ang opinyon ng Department of Justice na maaari silang magkaloob ng probisyunal na otoridad sa ilalim ng prinsipyong *equity* tulad din sa mga ginawa nila sa nakaraan. Pero ang lalong masaklap at nagdulot ng malaking insulto sa taumbayan at mga mamamahayag sa radyo, telebisyon at *journalist* sa bansa ay ang itaon ang pagpapalabas ng kautusan ng NTC dalawang araw matapos gunitain sa bansa ang World Press Freedom Day.

Dapat lamang kondenahin ng mamamayan ang ginawang pagpapasara ni Duterte sa ABS-CBN. Milyong mamamayan ang mapagkakaitan ng mga balita at kaganapan sa gubyerno at bansa mula sa ABS-CBN na isang respetadong institusyong na aktibong nagsasagawa, hindi lamang sa paghahatid ng mga balita at impormasyon kundi maging sa pagkakaloob ng kinakailangang serbisyo at ayuda sa bayan lalo na ngayong nahaharap ang bansa sa krisis dulot ng pandemikong Covid-19. Paano naman ang pamilyang umaasa sa labing isang libong manggagawa, *janitors, security guards,* empleyado, istap, *talents* at mga artista na mamamawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng ABS-

CBN? Anong aasahang tulong nila sa taong sagad-sa-buto ang galit sa institusyong kanilang pinagtatrabahuhan?

Sa pagsasara ng ABS-CBN, binabalewala ni Duterte ang mga naipagkaloob at maipagkakaloob pang tulong ng network sa mga kapus-palad nating mga kababayan at mga nangangailangan ng tulong ngayong panahon na humaharap ang bansa sa krisis dulot ng Covid-19 sa pamamagitan ng ABS-CBN Lingkod Kapamilya Foundation at mga bantog nitong programa na Bantay Bata 163 at Sagip-Kapamilya.

Tulad ng mga nasa frontliners sa paglaban sa Covid-19, malaki ang ginagampanan papel ng ABS-CBN at iba pang *media network* sa paghahatid ng mga mahahalaga, sapat at napapanahong impormasyon sa mamamayan kaugnay sa Covid-19. Ginagawa din ng *media* ang kanilang papel bilang tulay para maiparating sa kinaukulang ahensya ng gubyerno ang mga kahilingan at hinaing ng taumbayan lalo na sa mabagal at kakapiranggot na tulong na kanilang natatanggap mula sa gubyerno sa panahon ng *lockdown.* Nagsisilbi ang *media* bilang tagakalampag sa gubyerno para maiparating ang mga hinaing, puna at batikos ng taumbayan sa usad-kuhol at kawalang aksyon ng gubyerno na matugunan ang kanilang pangangailangan.

Kinatatakutan ng mga pasista at diktador tulad ni Duterte ang paghahatid ng katotohanan sa mamamayan. Ang pagsisiwalat ng katotohanan ay banta sa paghaharing pasista kaya ganun na lamang kung supilin ng rehimen ang kalayaan sa pamamahayag at gipitin ang kritikal na opinyong publiko. Palatandaan ito kung gaano kinatatakutan ni Duterte ang lakas ng mamamayan at kung gaano siya kahiwalay na sa taumbayan.

Dapat lamang labanan at tutulan ng sambayanang Pilipino ang ginawang mga panggigipit at pagsikil sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag ng pasistang rehimeng US-Duterte. Dapat kondenahin ang serye ng mga iligal na pang-aaresto at pagpapakulong sa mga indibidwal na mamamahayag tulad ng nangyaring pagdakip ng PNP sa apat (4) na mamamahayag sa Iloilo City na nagkober sa isinagawang *indignation rally* dahil sa pagpatay sa isang *coordinator* ng Bayan Muna sa probinsya.

Malinaw na ang katulad na mga insidenteng nabanggit ay tahasang panggigipit at pagpapatahimik sa mga tagapaghatid ng balita na kritikal sa tiwaling pamamalakad ng gubyernong Duterte at sa kapalpakan at kawalang kakayahan nitong pangunahan ang paglaban ng bansa sa Covid-19. Ito'y malinaw at tahasang pag-atake ni Duterte sa *freedom of the press and expression* at sa demokrasya. Itinuring na rin ni Duterte ang mga mamamahayag, manunulat, artista, broadkaster, mga institusyon sa pagbabalita na kritikal sa kanyang administrasyon bilang kaaway ng estado na dapat parusahan at gipitin.

Labanan ang panunupil at pagkitil ng pasistang rehimeng US-Duterte sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag! Labanan at tutulan ang pagpapasara sa ABS-CBN! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! T

## Huwag tayong matakot. Huwag tayong pasisiil. Paigtingin ang pagtutol at paglaban sa Anti-Terrorism Act of 2020. Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Hunyo 15, 2020*

Mahigpit na kaisa ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang sambayanang Pilipino sa pagkondena kina Panfilo Lacson at Bato de la Rosa sa kanilang talamak na paggamit ng *red scare and red-tagging* laban sa lahat ng mga bumabatikos at tumututol sa anti-mamamayan at anti-demokratikong panukalang batas na Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA 2020). Ang dalawang pasistang senador naman ngayon ang nag-iingay at nagkukumahog sa pagtatanggol sa anti-mamamayan at anti-demokratikong panukalang batas sa pag-aakalang makukumbinsi at makukuha nila ang simpatiya at suporta dito ng taumbayan. Nagsalita at tumindig na ang sambayanang Pilipino. Tutol at laban sila sa panukalang Anti-Terrorism Act of 2020 na mag-iinstitusyunalisa ng paghahari ng sibilyan-militar na *junta* sa bansa nang di pormal na nagdideklara ng Martial Law. Sa bibig na mismo ni Senate President Tito Sotto nanggaling na di na kailangan pang magdeklara ng batas militar kapag napagtibay ang ATA 2020.

Matapos salubungin at makatikim ng kaliwa't kanang pagbatikos mula sa taumbayan at magkabuhol-buhol ang dila ni Senador Lacson sa paghahanap ng sagot para ipagtatanggol ang kanyang

pangunahing akdang Anti-Terrorism Act of 2020 sa Senado, bumaling naman ngayon ang pasistang senador sa pagpapakalat ng mga kasinungalingan, pekeng mga balita at pag *red-tag* sa mga kilala at respetadong indibidwal, mga grupo, organisasyon at asosasyong sibiko na hayagang tumututol sa Anti-Terrorism Bill na pirma na lang ni Duterte ang kulang para ganap na itong maging batas. Ginagamit ngayon ng pasistang si Senador Lacson at ng isa pang masugid na anti-komunista sa Senado na si Bato de la Rosa ang *red scare and red-tagging* para ibintang sa CPP-NPA-NDFP at paratangan itong nasa likod ng malawakang pagtutol ng sambayanang Pilipino sa ATA 2020.

Sa pamamagitan ng paggamit at pagpapakawala ng *red scare* at *red tagging,* nililinlang ng dalawang pasistang Senador ang taumbayan, nililihis at pinagtatakpan ang tunay na isyu sa likod ng kinamumuhiang ATA 2020 at isinasantabi ang katumpakan, pagiging lehitimo at makatarungan ng mga nangyayaring malawakang pagtutol at paglaban ng sambayanang Pilipino sa Anti-Terrorism Bill.

Lalo pang dapat paigtingin ng sambayanang Pilipino ang pagtutol at paglaban sa Anti-Terrorism Act of 2020 dahil mismong sa bibig na ni Senador Pamfilo Lacson nagmula kung paano gagamitin ang kanyang panukalang batas sa paghahabol, pag-aresto at pagpapakulong sa mga indibidwal, grupo at organisasyon na pumapalag at lumalaban para ipagtatanggol ang kanilang mga pundamental na demokratikong karapatan na tinatadhana mismo ng reaksyunaryong Saligang Batas ng Pilipinas.

Malinaw na inilantad ni Senador Lacson na isang realidad ang pinangangambahang panganib ng taumbayan na maabuso ang anti-

terrorism bill, hindi lamang sa paglaban sa terorismo at ekstremismo, kundi pangunahin gamitin ang batas para takutin, patahimikin at mariing supilin ang kalayaan sa pamamahayag at pananalita at kalayaan sa pagtitipon para iparating ng taumbayan ang kanilang mga karaingan at kahilingan sa gubyerno. Tulad ng amo niyang pasista at mamamatay taong si Rodrigo Roa Duterte, gusto ni Senador Lacson na makapaghari nang may impyunidad at matupad ang kaniyang pagnanais na makapanatili sa puwesto lagpas sa kanyang termino na magtatapos sa Hunyo 30, 2022. Sa pamamagitan din ng Anti-Terrorism Act of 2020, mayroon siyang masasandigan at matutungtungang kontra rebolusyonaryo batas sakaling manalo siya sa pagkapangulo ng bansa na matagal na niyang inaambisyon.

Hindi pa nasapatan sa *red scare* at *red-tagging,* bumaling naman si Senador Panfilo Lacson sa pagpapakalat ng mga kasinungalingan at pekeng mga balita para ilihis ang atensyon ng publiko laban sa kinamumuhiang ATA 2020. Kasama ng mga nasa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), walang kahihiyan at paulit ulit nilang ipinamamalita sa publiko ang mga gawa-gawa at niresiklong di umanong sumukong mga kasapi ng NPA, partikular sa rehiyong Timog Katagalugan, kahit makailang beses na itong napatunayang mga peke at gawa-gawa ng mga tiwaling opisyal ng AFP at PNP para maging gatasan at pagkakitaan ang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

Tulad ni Duterte at NTF-ELCAC, nag-iilusyon at punong puno ng imahinasyon sina Senador Lacson at Bato de la Rosa sa di umanong “magandang” idudulot ng kanilang pinagmamalaking mapanupil na batas na ATA 2020 sa kampanyang “kontra insurehensya” ng pasistang

rehimeng US-Duterte sa ilalim ng EO 70 at Joint Campaign Plan-Kapanatagan (JCP-Kapanatagan). Niloloko lang nila ang kanilang sarili sa pag-uugnay at pagpapalitaw bilang tagumpay ng Anti-Terrorism Bill ang mga hokus pokus at *bogus* na sumukong mga NPA sa Timog Katagalugan.

Ang paulit-ulit nilang pinalilitaw na mga "sumukong NPA" ay mga inosenteng sibilyan na dinahas, tinakot at binantaang kakasuhan at ikukulong kapag hindi umaming mga NPA o mga taga-suporta ng NPA tulad ng ginawa nilang panliinlang, pananakot at pagpapasuko sa mga unyonista ng Coke-Philippines sa Sta. Rosa, Laguna, sa mga katutubong Dumagat ng Quezon at ilang mga inosenteng magsasaka sa Laguna, Rizal, Quezon, isla ng Mindoro at Palawan. Lalo lamang nilapit at itinulak ni Duterte ang mamamayan ng rehiyon na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka para ibagsak ang kanyang pasistang paghahari dahil sa kanyang walang kaparis na kalupitan at terorismong inihahasik sa mamamayang Pilipino.

Samantala, dapat higit pang pag-ibayuhin ng mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan ang kanilang pagtutol at paglaban sa anti-terrorism bill at isanib ang kanilang lakas at tinig sa iba pang mamamayan ng bansa na tumututol at lumalaban sa panukalang batas para makalikha ng malakas na presyur na i-*veto* ito ni Duterte. Lalong kailangan ang mahigpit na pagkakaisa, katatagan, katapangan at kahandaang paigtingin at isustine ng mamamayan ng rehiyon ang paglaban sakaling pirmahan ni Duterte at maging isang ganap nang batas ang Anti-Terrorism Act of 2020.

Gamitin ang iba't ibang anyo ng paglaban—ligal, iligal, armado at di-armado. Huwag nating hayaang makapagpahinga ang pasistang rehimeng US-Duterte sa kasasalag sa mga pagtutol at paglaban ng taumbayan sa bagong batas. Huwag tayong palilimita sa pinaiiral nilang *lockdown* at pananakot na huhulihin at ikukulong ang sinumang magtatangkang kumilos para magpahayag ng kanilang pagtutol sa pasistang gubyernong ito. Kapangyarihan ng sambayanang Pilipino ang dapat manaig at hindi ang kapangyarihan ng isang diktador at sandakot na mga pasistang kapural.

Sa kabilang panig, sisingilin at pananagutin ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng rehiyon ang mga kongresista ng rehiyon na pikit-matang sumuporta at nag-endorso sa mapanupil at kakila-kilabot na batas. Mas pinili nilang pakinggan at panigan ang kahilingan ng Malacañang kaysa ang pakinggan at panigan ang kanilang mga nasasakupan na nagluklok sa kanila sa kapangyarihan at mariing tumututol at lumalaban sa anti-terror bill. Lalong inilalagay ng mga mambabatas na ito sa kapahamakan ang buhay at kapakanan ng mga mamamayan ng rehiyon at buong bansa sa pasistang atake at karahasan ng pasistang rehimeng US-Duterte. Dapat lang silang singilin at papanagutin sa bawat dugong papatak mula sa mamamayan ng rehiyon resulta ng implementasyon ng Anti-Terrorism Act of 2020.

**T**

## Tutulan at labanan ang malawakang *red-tagging* ng rehimeng Duterte!

*Abril 20, 2021*

Mariing kinokondena ng NDF-ST ang tumitinding *red-tagging* at sunud-sunod na mga atake ng rehimeng Duterte sa mamamayan. Mula sa mga aktibista, oposisyon, kritiko ng rehimen at maging mga artista, humantong na rin ang gubyernong Duterte sa pang-re-*red-tag* ng mga guro, abugado, manggagawang pangkalusugan at mga kawani ng gubyerno.

Dapat i-kriminalisa ang *red-tagging* at parusahan ang mga *red-taggers* ng rehimen tulad nina Parlade, Badoy, Montecillo at iba pa. Sa kanilang walang habas na *red-tagging*, inilalagay nila sa panganib ang buhay ng mamamayan. Nagkakailan na ang naging biktima ng pamamaslang o *extra judicial killings* (EJKs) mula sa hanay ng mga aktibista, unyonista, organisador, tagapatanggol sa karapatang tao at iba pang itinuturing ng pasistang rehimeng US-Duterte bilang "kaaway ng estado." Sila'y pinaslang matapos makaranas ng paulit-ulit na *red-tagging* mula sa AFP-PNP at ng NTF-ELCAC ng gubyernong Duterte. Kabilang dito si Dandy Miguel, unyonista at lider manggagawa at siyam (9) pang mga biktima ng Bloody Sunday, na kasapi ng mga ni-*red-tag* na organisasyon.

Sa pinakahuling *red-tagging spree* ng rehimen, nagpakalat ito ng intriga na "nakakapanghimasok" ang CPP-NPA-NDFP sa loob ng Senado dahil

sa unyon ng mga empleyado rito na SENADO. Dahil sa kalokohang ito, umani ng pambabatikos ang NICA habang pinasubalian mismo ng mga Senador ang kasinungalingan ng mga nauulol na sundalo. Samantala, hindi rin nakaligtas sa *red-tagging spree* ng NTF-ELCAC ang unyon ng mga empleyado ng Korte Suprema at Hudikadura dahil lamang sa pagiging *affiliate member* nila sa grupong COURAGE na matagal nang ni-*red-tag* ng rehimeng Duterte.

Katawa-tawa ang NICA dahil gumagawa sila ng sarili nilang multo. Nagsasagawa ito ng *anti-communist witch-hunting* sa loob mismo ng kanilang gubyerno. Ang totoo, nahihintakutan na ang gubyernong Duterte sa lumalawak at lumalakas na paglaban ng mamamayang Pilipino. Gumagawa na lamang ito ng kwento para atakehin ang mga oposisyon at sinumang nagsasalita tungkol sa kanyang pamamalakad mula sa palyadong tugon sa pandemyang COVID-19 hanggang sa terorismong inihahasik ng kanyang gobyerno. Pilit niyang iniuugnay ang mga nagpapaabot ng karaingan sa armadong rebolusyon upang bigyang katwiran ang pandarahas sa kanila.

Subalit lalo lamang nitong ginagatungan ang galit ng sambayanan. Imbes na matakot, lalupang umiigting ang kanilang pakikibaka. Umaani ito ng simpatiya at suporta sa malawak na hanay ng Pilipino. May mga Pilipinong makabayan at mapagmahal sa demokrasya at lingkod-bayang nais isulong at ipagtanggol ang karapatan ng kanilang kababayan. Sa ganitong diwa, kinikilala at pinasasalamatan ng NDF-ST ang paghahain ng grupong minorya o oposisyon sa loob ng Senado ng panukalanang batas noong Marso 25 na SB 2121 o "Act Defining

and Penalizing Red-Tagging". Inililinaw sa naturang panukalang batas ang kahulugan ng *red-tagging* at nagpapanukala itong gawing kriminal na kaso ang pang-re-*red-tag* ng mga ahente ng estado. Sa ilalim ng panukalang batas, magagawang usigin at isakdal ang mga ahente ng estado na nang-re-*red-tag*, at kapag napatunayang maysala ay maikulong hanggang 10 taon at ipagbabawal na maging opisyal ng gubyerno. Pinakamainam ang agarang pagpapasa nito upang mapangalagaan ang kaligtasan ng mamamayan. Ganunpaman, magiging napakahirap na maging ganap na batas ang SB 2121 dahil sa kontrolado ng mga alyado ni Duterte ang Kamara at Senado. Mahihirapan ding makakalusot ang batas kay Duterte na siyang hari ng *red-taggers* sa gubyerno.

Kailangang suportahan ng mamamayang Pilipino ang iba't ibang mga pagsisikap sa loob at labas ng lehislatibo na ipagtanggol ang karapatang tao at papanagutin sina Parlade, Badoy, Montecillo, Capuyan at iba pang mga matataas na opisyal ng DND at DILG, kabilang ang AFP at PNP, hindi lang sa pagiging mga *red-taggers* nila, kundi lalong higit sa kanilang mga nagawang krimen at kasalanan sa bayan. Magsagawa ng mga kampanyang propaganda at edukasyon para ipaunawa sa malawak na masa ang panganib na idudulot sa buhay nila mula sa walang patumanggang *red-tagging* ng pasistang rehimeng Duterte. Isagawa ang mga kilos protesta habang mulat na pinatutupad ang mga kaukulang *health protocols*. Mariing kondenahin ang nagpapatuloy na *red-tagging* ng NTF-ELCAC, NICA, DND, DILG, AFP at PNP. Sampahan ng kaso sina Parlade, Badoy, Montecillo at iba opisyal ng gubyernong Duterte dahil sa kanilang talamak na paglabag sa karapatang pantao.

Kasabay nito, palakasin ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para ibasura ang Anti-Terror Law. Patatagin ang malawak at malapad na alyansa upang lalong mahiwalay si Duterte. Buong giting na makibaka hanggang sa ibagsak ang teroristang rehimeng US-Duterte.

## Bayan Magkaisa! Ipagtanggol ang mga Community Pantry!

*Abril 20, 2021*

Kailangang magkaisa ang mamamayan at ipagtanggol ang mga *community pantry* laban sa malisyosong paninira, panggigipit at *red-tagging* ng NTF-ELCAC, AFP, PNP at ng mga bayarang *troll armies* ni Duterte. Labis ang pagkatakot ng rehimen at mga alagad nito sa NTF-ELCAC, PNP at AFP sa ipinamamalas na pagkakaisa, pagsasama-sama at pagdadamayan ng mamamayan na kahit ang mga simpleng inisyatiba para sa mutwal na pagtutulungan at pagkakawang-gawa sa harap ng labis na kahirapan ay may nakikitang komunista ang rehimen at mga pasista.

Pumukaw ng inspirasyon sa marami nating kababayan ang inisyatiba ng maliit na negosyanteng si Ms. Anna Patricia Non at mga kaibigan niyang boluntir ang itinayo nilang Maginhawa Community Pantry (MCP) sa Maginhawa Street, Diliman, Quezon City. Nagsimula ito sa malinis na intensyong pangkawang-gawa, makalikom ng mga pagkain at materyal para ipamahaging tulong sa higit na nangangailangan nating mga kababayan alinsunod sa prinsipyong "magbigay ayon sa inyong kakayanan at kumuha ayon sa inyong pangangailangan".

Ang malawakang paglitaw ng mga *community pantry* o "paminggalan sa komunidad" sa iba't ibang panig ng bansa ay umantig sa marami na buhayin ang diwa ng pagtutulungan, malasakit sa kapwa at

pagdadamayan sa panahong nakataya ang pambansang kaligtasan ng sambayanang Pilipino mula sa seryosong banta ng pandemya. Ang kabiguan ng rehimeng Duterte na ihatid ang mabilis at sapat na tulong at sagipin ang higit na nakararaming mamamayan mula sa masahol na kahirapan ang nagbunsod sa ganitong mga inisyatiba at ng pagkamulat na walang ibang maaaring tumulong at umahon sa masang naghihirap kundi ang sarili nilang pagbubuklod, pagtutulungan at pagdadamayan.

Ipinamumukha nito ang mapait na katotohanan na inutil, manhid at walang malasakit ang gubyernong Duterte sa kapakanan ng mamamayan. Nais pagtakpan ng rehimen at mga anti-komunistang panatiko sa NTF-ELCAC, AFP at PNP ang kabiguan at kriminal na kapabayaan ng naghaharing sistema na iligtas ang bayan sa napakalaking kalamidad ng Covid-19. Sa halip, naging opurtunidad sa naghaharing rehimen na palawigin ang pandemya para sa ibayong panunupil, walang kaparis na korapsyon at pag-abuso sa kapangyarihan.

Mula't sapul, walang interes ang rehimen na mapagpasyang lutasin ang pandemya—walang ipinatupad na libreng *mass testing*, agresibong *contact tracing*, epektibong pagmobilisa ng buong sistema ng pampublikong kalusugan at pagkumpuni sa nabubulok na mga pasilidad at imprastrukturang medikal para sawatain ang paglaganap ng Covid-19. Trinato nito ang problema sa pandemya bilang problema sa *peace and order*—at ipinatupad ang solusyong militar na malupit na *locdown* sa halip na solusyong medikal na nakabatay sa syensya.

Matagumpay ang unang larga ng MCP sa pagkakaloob ng tulong sa mga kapos-palad nating mga kababayan na iniwan at pinabayaan ng gubyerno sa harap ng pandemyang Covid-19. Dumagsa ang pagdating ng mga pagkain at tulong mula sa iba't ibang indibidwal na may mabuting-loob, sektor at lugar kaya marami agad na mga kababayan nating mahihirap ang natulungan. Umani ito ng suporta at pagkilala mula sa iba't ibang sektor, mga kilalang personalidad sa lipunan, lokal na pulitiko at maging sa ilang mambabatas sa Kamara at Senado.

Pag-asa sa sarili, pagtitiwala at pagsalig sa kakayanan ng masang umukit ng sariling landas at kasaysayan ang mensaheng nais iparating ng Maginhawa Community Pantry. Dahil dito, nagsilbi itong inspirasyon sa karamihan nating mga kababayan at nagtulak sa kanila na magtayo rin ng *community pantry* sa kani-kanilang mga kinaroroonang komunidad sa iba't ibang panig ng bansa. Ang *community pantry* na nagsimula sa Maginhawa Street ay naulit sa maraming lugar sa Kamaynilaan at mga karatig at malalayong probinsya tulad ng sa Rizal, Laguna, Cavite, Bulacan, Nueva Ecija, Bicol, Kabisayaan at Mindanao.

Upang makaeksena at makaagaw pansin sa tinatamasang popularidad at malawak na suporta ng publiko sa mga nagsulputang *community pantry*, matapos batikusin, naobliga ang Malacañang na kilalaning lehitimo ito. Samantala, sumakay na rin sa popularidad ng *community pantry* ang PNP at mga LGU na nagtayo na rin ng kani-kanilang *community pantry* sa layuning magpabango ng pangalan habang pinararatangan ang ibang nag-inisyatiba na sumasakay lamang sa inumpisahan ng MCP. Subalit pilit na nilalabusaw at pinalalabnaw ng Malacañang ang dahilan kung bakit nagsusulputan ang mga

*community pantry* sa bansa na pinaniniwalaan ng karamihan na isang anyo ng protesta ng taumbayan na punong-puno na sa kainutilan at kriminal na kapabayaan ng gubyernong Duterte. Sa pag-aakalang makapanlilinlang sila, paliwanag naman ng Malacañang na ang mga *community pantry* ay resulta ng mataas na diwa ng "bayanihan" na taglay ng mga Pilipino. Hindi nila matanggap ang katotohanang isang matunog na sampal sa mukha ng gubyernong Duterte ang pagsusulputan ng mga *community pantry* sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang malawakang pagtayo ng mga *community pantry* sa iba't ibang panig ng bansa ay salaminan ng desperasyon, na wala na talagang maaasahan ang sambayanang Pilipino sa gubyernong Duterte na matutugunan pa nito ang kanilang mga pangangailangan at kahilingan. Itinuturing nila si Duterte na inutil, traydor, walang kakayahang mamuno at sunod-sunuran sa dikta ng dayuhang kapangyarihan lalo na ng bansang China. Isinuko na ni Duterte sa bansang China ang teritoryo at pambansang soberenya at patrimonya ng bansa sa West Philippines Sea. Dahil dito, patuloy na lumalakas ang panawagan ng taumbayan para sa pagbibitiw ni Duterte.

Samantala, pansamantala munang itinigil ang operasyon ng Maginhawa Community Pantry dahil sa nangangamba sa seguridad at buhay nina Ms. Patricia Non at mga kaibigan niyang boluntir matapos silang i-*red-tag* ng NTF-ELCAC at QCPD ng PNP. Katawa-tawa na ang bukal-sa-pusong pagtulong at pagmamalasakit sa kapakanan ng kapwa Pilipino ay minamasama ng mga pasista sa gubyerno ni Duterte. Sa ngayon, hindi lamang ang MCP ang ni-*red-tagged* kundi

maging ang iba pang nagsulputang *community pantry* sa Metro-Manila at sa iba pang lugar sa bansa na nabuo mula sa inisyatiba ng mga pribadong grupo at indibidwal. Sa ibang panig ng Kamaynilaan at bansa, ginigipit at nagsasagawa ng *profiling* ang PNP at NTF-ELCAC sa mga nag-oorganisa ng mga *community pantry* at hinihingan naman ang mga ito ng permit ng LGU. Ito na ang kasukdulan ng pagkapraning ng rehimen at mga buktot na tagasunod nito na nasa NTF-ELCAC, AFP, PNP at burukrasyang sibil.

Lubos na nakagagalit at dapat kondenahin ng publiko ang pagiging sagadsaring anti-mahihirap at kawalang budhi ng NTF-ELCAC na pati ang mga pagkakawang-gawa, pagtutulungan at pagdadamayan ng taumbayan ay tinatakan nilang mga gawaing propaganda at nagsisilbi para sa rekrutment ng CPP-NPA-NDFP. Ipinapakita lamang nito na nasa kasukdulan na ang paranoya at pagkatakot ng pasistang rehimeng US-Duterte sa mamamayang Pilipino kung kaya't kahit mga aktibidad ng pagdadamayan at patutulungan sa pagitan ng mahihirap nating kababayan ay itinuturing nilang mga gawaing kontra-gubyerno na kailangang ipatigil at imbestigahan.

Para kay Duterte at NTF-ELCAC, masama na ngayon ang pagdamay at pagtulong sa mga nangangailangan. Masama na ngayon ang mga gawaing kawang-gawa at pagdadamayan ng mga mahihirap. Pananakot at *red-tagging* ang tugon ng NTF-ELCAC para hadlangan ang anumang pagsisikap ng mga ordinaryong mamamayan na tumindig sa sarili at gumawa ng sariling paraan para kahit paano maibsan ng bahagya ang kanilang paghihirap na kung saan ang gubyernong Duterte ang pangunahing salarin. Sa ginagawang ito ng NTF-ELCAC, AFP at

PNP, lalo lamang nilalantad ng gubyernong Duterte ang sarili bilang kaaway ng sambayanang Pilipino. Lalo lamang nitong pinalalalim ang hukay na paglilibingan ng kanyang tiwali at brutal na rehimen.

Sobra na at dapat nang kumilos ang taumbayan para ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Tanging sa pagpapatalsik kay Duterte sa kapangyarihan magaganap ang pagbubuwag sa NTF-ELCAC at sa gayon matitigil na ang *red-tagging and anti-communist witch-hunting* sa bansa. Hindi na dapat pang antayin ang halalan sa Mayo 2022. Habang nanatili sa kapangyarihan si Duterte patuloy pang dadami ang mga mamamatay nating mga kababayan sa hirap at gutom dahil sa kriminal na kapabayaan ni Duterte sa paglaban sa pandemyang Covid-19, sa kanyang madugo ngunit pekeng kampanyang kontra-droga at sa pinatutupad niyang kontra-rebolusyonaryong gyera laban sa CPP-NPA-NDFP at sambayanang Pilipino.

Ang NDF-ST ay laging kaisa at sinusuportahan ang anumang inisyatiba at pagkilos ng sambayanang Pilipino para patalsikin sa kapanyarihan ang inutil, korap, taksil, kriminal at mamamatay taong si Rodrigo Roa Duterte. **T**

## “Barangayanihan” ng Philippine National Police, huwad at malinaw na panloloko sa bayan!

*Abril 29, 2021*

Matapos umani ng katakot-takot at matinding batikos ang NTF-ELCAC at PNP mula sa taumbayan dahil sa pag-*red-tag*, panghaharas, propayling at tahasang pagbansag na demonyo ang taong pangunahing nasa likod ng Maginhawa Community Pantry at inakusahan ang iba pang nagsulputang community pantries sa bansa na nakikisakay lamang sa naging popularidad ng Maginhawa Community Pantry, nag-imbento naman ang PNP ng isang pampublikong palabas o pakitang-tao sa pamamagitan ng panggagaya sa Maginhawa Community Pantry na pinasimulan ni Ms. Patricia Non. Tatlong linggo mula nang itatag ang unang *community pantry*, patuloy na lumaganap at lumalaganap pa ang pagtatayo ng mga kahalintulad na *community pantries* sa iba't ibang panig ng bansa.

Binansagan ng PNP na “Barangayanihan” ang kanilang sariling bersyon ng community pantry. Isang pagtatangka na makapanlinlang sa publiko at makabangon mula sa pagkakalugmok dahil sa tinamo nitong matinding batikos at pagtuligsa ng taumbayan sa ginawang demonisasyon sa mga organisador ng mga community pantries. Ngayon naman ay biglang pumihit ng mga pahayag si Parlade nang bumwelta pabalik sa PNP at NTF-ELCAC ang mga binitawan nitong mga paninira sa Maginhawa Community Pantry. Mula sa akusasyon nitong satanas ang mga organisador nito, ngayon naman ay pinalilitaw

ng PNP na naging inspirasyon nila ang Maginhawa Community Pantry sa pagtatayo nito ng "barangayanihan" sa pag-aakalang makukuha ang simpatiya at suporta ng publiko matapos sira-siraan, harasin at i-*red-tag* si Ms Patricia Non at iba pang mga nagtayo ng *community pantries* sa bansa.

Ang "barangayanihan" ay isang desperado at bigong hakbang ng PNP na bumangon, isalba at pabanguhin ang bulok at naaagnas nitong imahe sa publiko dahil sa mga di mapapasubaliang mga krimen, pagmamalabis sa kapangyarihan at pang-aabuso sa bayan.

Isa itong panibagong gimik ng PNP para maghabol, tapatan at palabasing may ginagawa din ang gubyernong Duterte sa "pagtugon" sa pangangailangan ng taumbayan. Subalit ito'y malinaw na pagtatangka ng PNP at gubyernong Duterte na agawin sa mga *community pantries* ang tinatamasa nitong popularidad at suporta mula sa malawak na sektor ng lipunang Pilipino.

Lalong napatunayan ang pagiging peke, pakitang-tao at tahasang panloloko ang mga isinasagawang "barangayanihan" ng PNP matapos mabunyag sa publiko ang *internal memo* nito na may petsang Abril 21, 2021. Sa nasabing *memo*, magpapatupad ng sariling bersyon ang PNP na kahalintulad sa *community pantry* bilang aktibidad sa ilalim ng Police Community Relation pero sa balangkas ng "whole-of-nation approach" alinsunod sa Executive Order 70 na nagtatag sa NTF-ELCAC. Ilan sa mga proyektong ipatutupad sa naturang memo ay ang pagtatayo ng mga kusina na mamamahagi ng pang-almusal na lugaw sa mga baranggay. Nakasaad din sa *memo* na kailangan "magtanim ng mga benepisyaryo" na kukuha ng mga larawan ng aktibidad na ilalabas

sa *social media* para palitawing malawak na tinatangkilik ng publiko ang kanilang "barangayanihan." Hindi lamang bihasa sa pagtatanim ng ebidensya ang PNP sa kanilang mga dinadakip at ipinakukulong na mga aktibista, organisador at tagapagtanggol sa karapatang pantao, bihasa din sila sa "pagtatanim ng mga benepisaryo" maging sa kanilang mga aktibidad para sa pakikipag-ugnayan sa mga komunidad.

Dahil sa *memo*, nabunyag na mga huwad, dinoktor at mga pakitang tao lamang pala ang mga isinagawang aktibidad ng PNP sa mga komunidad sa nakaraan dahil ang mga iyon ay iskripted at di mga tunay na benepisyaryo ang nakikinabang. Ang pekeng "barangayanihan" ng PNP ay katulad din ng mga pekeng surrenderee na ipinaparada sa midya ng PNP sa rehiyong Timog Katagalugan at iba pang panig ng bansa.

Malinaw na huwad ang "barangayanihan ng PNP" dahil ang ginagamit nito ay pera din ng taumbayan. Nagbibigay ng gamumong tulong para lang ipakitang may ginagawa din ang gubyerno at makipagsabayan sa popularidad ng mga *community pantries* na ibang iba ang katangian sapagkat ang mga ito ay inisyatiba ng mga karaniwang mamamayan tulad ng sa Maginhawa Community Pantry at iba pang pantries sa mga komunidad ng mahihirap. Sinakyan ng PNP ang popularidad ng sama-samang pagkilos at pagtutulungan ng mga naghihikahos nating kababayan mula sa kanilang kayang i-ambag na materyal at lakas paggawa para sa kapakanan nang higit na nangangailangan.

Hindi mapapantayan ng anumang gimik at palabas ng gubyernong Duterte, NTF-ELCAC, AFP at PNP ang bukal sa loob, kadakilaan at kabayanihan ng mga ordinaryong mamamayan na sama-samang

kumikilos para sa kanilang interes at kapakinabangan. Labis na kinakatakutan ng gubyernong Duterte ang mga inisyatiba at sama-samang pagkilos na nagsisimula mula sa mga ordinaryong mamamayan. Nangangamba sila sa panibagong daluyong ng kilusang masa na magpapatalsik sa kanya sa kapangyarihan.

Sagad sa buto ang galit at pagkamuhi ng taumbayan kay Duterte, sa NTF-ELCAC, AFP at PNP—dahil sa kanilang mga pang-aabuso, matinding panunupil, pasismo at krimen sa bayan. Magsagawa man sila ng sangkaterbang "bayanihan" at iba pang proyekto sa mga baryo at komunidad tulad ng Barangay Development Program ng NTF-ELCAC ay hindi na nila kaya pang makapanlinlang at makuha ang isip at damdamin ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino. Para sa malawak na masa ng sambayanan ang NTF-ELCAC, AFP at PNP ay instrumento ng panunupil, karahasan at terorismo ng estado laban sa taumbayan. Marami na silang utang na dugo sa bayan na kailangan nilang panagutan sa tamang panahon.

Malinaw sa taumbayan na ang pasistang rehimeng US-Duterte ay pangunahing naglilingkod sa interes ng mga dayuhan at mga kasabwat nitong lokal na naghahari't nagsasamantalang uri sa lipunang Pilipino. Kaya naman patuloy ang ginagawang pagsisikap ng taumbayan na palakasin ang hanay para mapatalsik sa kapangyarihan ang kanilang labis na kinasusuklaman at kinamumuhiang teroristang si Rodrigo Roa Duterte.

Lalong lumalakas ang panawagan ng taumbayan para patalsikin sa kapangyarihan si Duterte dahil sa ginagawa nitong malawakang paninira sa mga nagsusulputang *community pantries* sa bansa habang

bahag ang buntot, tiklop ang tuhod at bantulot gumawa ng mga mapagpasyang aksyon ang gubyernong Duterte para komprontahin ang lantarang agresyon at pandarambong ng bansang China sa likas na yaman ng Pilipinas sa loob ng *exclusive economic zone* nito sa West Philippine Sea. Mahigpit na sinusuportahan ng NDF-ST ang lahat ng pagsisikap na mapatalsik sa kapangyarihan si Duterte.

Samantala, nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mga kababayan natin, lalo na ang mga nakaaangat sa buhay, na suportahan ang mga inisyatibang katulad ng *community pantries.* Walang mali na tumulong at magbigay ng malasakit sa ating mga kababayang nangangailangan ng ating pagkalinga. Lalo natin ngayon kailangan ang damayan at pagtutulungan dahil wala na tayong maaasahan pa sa inutil, pabaya at walang malasakit na gubyernong Duterte.

Dapat ding ipagtanggol ang mga *community pantries* sa mga pagtatangka ng gubyernong Duterte na ito'y siraan, gipitin, pahirapan at sa kalaunan ay ipagbawal dahil sa mga isyu na pinupukol sa mga *community pantries* bilang mga "tagapagpakalat" ng Covid-19 at pinagsisimulan ng mga paglabag sa *health protocols.* Kailangang maging mapagmatyag sa mga maniobrang gagawin lalo na ng nasa NTF-ELCAC na ipagbawal sa kalaunan ang mga paglulunsad ng *community pantries.*

Hinihikayat ng NDF-ST ang mamamayan na ibayong payabungin ang kanilang inisyatiba para suportahan ang mga *community pantries* at ang pagdadamayan at pagtutulungan para sama-samang iligtas ang sarili sa kagutuman. Sa harap ng panibagong pagsalasa ng Covid-19, malawakang pagkawala ng trabaho at pagkasira ng kabuhayan, walang

ibang maaasahan kundi ang ating pagsasama-sama at pagtutulong-tulong upang mabuhay at iligtas ang sarili sa kagutuman sa halip na umasa sa inutil na gubyerno.

Sa kabilang banda, labas sa inisyatiba ng mga *community pantries,* may sariling paraan ang rebolusyonaryong kilusan ng paghahatid ng tulong sa masang naghihirap sa kanayunan at kalunsuran. Nasa likod nito ang prinsipyo ng paglilingkod sa sambayanan at pagsusulong ng makauring interes ng mga api't pinagsasamantalahan. Kabilang dito ang pagpapatupad ng rebolusyong agraryo para ibaba ang upa-sa-lupa, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, pawiin ang usura, pataasin ang presyo ng mga produktong bukid, paunlarin ang produksyon hanggang sa kumpiskasyon ng lupain ng mga malalaki at despotikong panginoong maylupa at malalaking negosyong dayuhan at lokal para sa libreng pamamahagi sa mga wala at kulang sa lupang mabubungkal. Sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa sa rebolusyon, itinatatag ng Partido at armadong kilusan ang mga lokal na organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa kanayunan, tinutulungan ang mamamayan na tumindig sa dalawang paa, umasa-sa-sarili at sumalig at magtiwala sa kanilang kakayanan bilang mga bayani at tagapaglikha ng kasaysayan. T

## Itigil ang *terrorist-tagging* sa mga *peace consultant* ng NDFP! Ibasura ang ATL!

*Hunyo 2, 2021*

Mariing kinokondena ng NDF-ST ang *terrorist listing* ng Anti-Terrorism Council (ATC) sa 19 na diumano'y kasapi ng CPP, kabilang ang mga *peace consultant* ng NDFP. Hindi ito makatarungan at dapat itakwil ng mamamayan dahil humahadlang ito sa panunumbalik ng usapang pangkapayapaan sa bansa. Isinasapanganib din nito ang buhay ng mga *peace consultant* at iba pang personahe ng NDFP.

Garapalan ang pagiging kontra-kapayapaan ni Duterte. Imbing pakana ang *terrorist-tagging* sa mga *peace consultant* ng NDFP upang sagkaan ang mga pagsisikap ng mamamayan na lutasin sa pamamaraang pulitikal ang ugat ng limang dekadang armadong tunggalian sa bansa. Bago ito, arbitraryong iniutos ni Duterte sa GRP *peace panel* na itigil na ang usapang pangkapayapaan. Itinalaga niya pa ang militaristang heneral na si Carlito Galvez sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP). Hinayaan din niyang isabotahe ito ng mga kontra-kapayapaang sina Lorenzana, Esperon at Año at ipinagpatuloy ang mga operasyong militar at pulis ng AFP-PNP sa gitna ng umiiral na tigil-putukan sa pagitan ng GRP at CPP-NPA-NDFP. Nagpapatuloy pa ang pagpaslang at pang-aaresto sa mga *consultant* ng NDFP sa kabila ng proteksyong iginagawad sa kanila ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantee (JASIG).

Ang *terrorist listing* sa mga *peace consultant* ng NDFP ay umaayon sa kumpas ng imperyalismong US. Hindi nanaisin ng imperyalismong US, kasabwat ang mga lokal na naghaharing uri na matuloy ang usapang pangkapayapaan at humantong sa pagpulitikang pagkakasundo na papabor sa pambansa at demokratikong interes ng mamamayan. Ilang beses na nitong sinabotahe ang usapan sa katauhan ng tatlong ahente nito na sina Lorenzana, Esperon at Año. Nais nilang panatilihin ang paghahari ng US sa bansa at mga lokal na oligarko, pangalagaan ang kanilang makauring interes at ipagpatuloy ang kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Walang batayan ang teroristang paratang ng ATC. Nilalayon lamang nitong pasamain ang imahe ng rebolusyonaryong kilusan sa mamamayan. Ang CPP-NPA-NDFP ay isang lehitimong pwersang *belligerent*, isang rebolusyonaryong organisasyong nagsusulong ng dakila at makatarungang pakikibaka para sa panlipunang pagbabago. Mahigpit din nitong itinataguyod ang mga umiiral na International Humanitarian Law (IHL) at iba pang internasyunal na makataong batas sa digma. Kinikilala at mahigpit na tumatalima ang CPP-NPA-NDFP sa 1977 Protocol I at II ng 1949 Geneva Convention at iba pang internasyunal na tuntuning nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at hindi kalahok sa digmaan at ang makataong pagtrato sa mga nakikidigmang pwersa ng estado na nabibihag at nasusugatan sa labanan.

**T**aliwas sa paratang ng rehimen, ang mga NDFP *consultant* ay mga *peace advocate* o nagsusulong ng kapayapaan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga substantibong adyenda at programa na komprehensibong tumutugon sa sosyo-ekonomiko at pulitikal

na adhikain ng sambayanang Pilipino upang wakasan ang ugat ng armadong labanan sa bansa. Sa usapang pangkapayapaan, naipagtagumpay ng NDFP ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHIHL) para pangalagaan ang karapatang tao ng mga kalahok at apektado ng digmaang sibil sa Pilipinas. Kinilala at pinagtibay ito ng dalawang panig. Bago mahinto ang usapang pangkapayapaan, iginigiit ng NDFP ang pagpirma sa Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER) na tutugon sa mga pang-ekonomiko at panlipunang pangangailangan ng mamamayan. Sa ganoon, dalisay ang hangarin ng CPP-NPA-NDFP na kamtin ang tunay, makatarungan at pangmatagalang kapayapaan para sa mamamayan.

Ang totoong terorista ay yaong gumagawa ng malawakan, sistematiko at karumal-dumal na mga krimen sa sangkatauhan tulad ng rehimeng US-Duterte. Katunayan, isinabatas nito Anti-Terror Law (ATL) upang balutan ng ligalidad ang terorismo ng estado at takasan ang pananagutan sa mga brutalidad at krimen nito laban sa mamamayan. Instrumento din ang ATL laban sa mga itinuturing ng rehimen na "kalaban ng estado" kagaya ng mga NDFP *peace consultant*, mga aktibista't progresibo, kritiko at ligal na oposisyon.

Sa kasalukuyan, kinakaharap ng mamamayan ang laganap na impyunidad at kawalan ng respeto sa proseso, panuntunan at alituntunin alinsunod sa prinsipyo ng *rule of law* na ginagarantiyahan ng Konstitusyon ng GRP at internasyunal na makataong batas. Inaatasan at iniengganyo pa ni Duterte na pumatay ang AFP-PNP, ang pribadong *death squad* nito. Mahigit sa 30,000 ang biktima ng

*extrajudicial killings* (EJKs) kabilang ang mga pinaghihinalaang adik at tulak ng droga, mga lider-masa, aktibista at mga kritiko ng rehimen. Hindi rin mabilang ang iba pang mga paglabag ng rehimen sa karapatang tao gaya ng iligal na pang-aaresto, pagdukot, pagpapahirap, pananakot, panghaharas at intimidasyon, panggagahasa, sapilitang pagbabakwet, *economic and food blockade* at iba pa. Marami ring kaso ng pagpaslang sa mga *hors de combat* sa hanay ng rebolusyonaryo at nakikidigmang pwersa, malinaw na paglabag sa IHL at iba pang mga batas at tuntunin sa pakikidigma.
Hindi mapipigilan ng *terrorist-tagging* at iba pang mga panggigipit ng rehimen ang NDFP na tupdin ang tungkulin nitong buklurin ang sambayanan laban sa teroristang estado. Patuloy na lalaban ang mamamayan para sa kanilang mga demokratikong karapatan. Suklam na suklam na ang mamamayan sa hibang na anti-komunistang panunugis ng rehimen. Kinokondena nila ang malawakang *red-tagging* at *terrorist-tagging* sa kanilang hanay. Lumalakas ang panawagang ibasura ang ATL at tanggalan ng pondo ang NTF-ELCAC.

Nananawagan ang NDF-ST sa mga mapagmahal sa kapayapaan na labanan at kondenahin ang *terrorist-listing* sa mga *peace consultants* at iba pang kasapi ng CPP-NPA-NDFP. Iginigiit din ng NDF-ST na dapat tanggalin ng US, New Zealand, Australia, UK at European Union ang CPP-NPA-NDFP sa listahan nito ng mga teroristang organisasyon.

Lalong lumilinaw ang pagiging makatarungan ng paglulunsad ng rebolusyon ng mamamayan. Ang tunay na kapayapaan ay makakamit lamang sa pagtatagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon. Kailangang paigtingin ng mamamayan ang kanilang pakikibaka para

ipagwagi ang digmang bayan. Sa pagbagsak ng teroristang rehimen, itatayo ang tunay na gubyerno ng mamamayan na magtatanggol sa interes ng bayan at magtataguyod sa kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan.

## Kundenahin ang mga talamak na *red-taggers* na sina Senador Panfilo Lacson at Congressman Jesus Crispin "Boying" Remulla!

*Marso 6, 2022*

Mariing pinabubulaanan ng NDF-ST ang malisyosong paratang, una ni Congressman Jesus Crispin "Boying" Remulla, kinatawan ng ika-7 Distrito ng Cavite, at ni Senador Panfilo Lacson na tubong Cavite at tumatakbo bilang presidente, na may mga kasapi ng NDFP ang lumahok sa isinagawang malaking rali nina bise presidente Leni Robredo at Senador Kiko Pangilinan sa bayan ng General Trias, Cavite noong Marso 4, 2022.

Ipinahayag ni Congressman Boying Remulla ang paratang na ito sa panayam sa kanya ng istasyon ng radyo na DZRH noong araw ng sabado Marso 5, 2022. Sinabi ni Congressman Remulla na ang mga dumalo sa malaking rali sa General Trias, Cavite, bukod sa mga "hakot mula sa ibang lugar at binayaran ng P500", ay dinaluhan din daw ng maraming mga estudyanteng aktibista na mga "sinanay ng NDFP". Agad naman itong sinuportahan ni Senador Lacson nang maglabas siya ng pahayag sa kanyang *twitter account* na pinaparatangan niyang may umiiral na koalisyon sa CPP-NPA-NDFP ang kampo ni bise presidente Leni Robredo. Ayon pa kay Lacson, kabiguan ito para sa gubyerno sa mga naging pagsisikap nitong wakasan ang dekadang problema ng insurhensya sa bansa.

Mariing kinukondena ng NDF-ST ang malisyosong paratang ng dalawang mambabatas na ito mula Cavite. Malinaw na halimbawa ito ng *red-tagging* sa mga lehitimong mamamayang Caviteño na naghahangad lamang na dumalo sa rali para ipakita ang kanilang suporta sa napipisil nilang mga kandidato. Sa partikular, inilalagay ni Congressman Remulla sa delikadong kalagayan ang maraming mga estudyanteng lumahok sa rali na pinaratangan niyang mga "aktibista na sinanay ng NDFP". Marami nang mga aktibista at kasapi ng mga progresibong organisasyon ang pinaslang, kinasuhan at ikinulong matapos silang maging biktima ng *red-tagging* at *communist-labelling* ng pasistang rehimeng US-Duterte sa pamamagitan ng NTF-ELCAC.

Dapat lamang tuligsain ng taumbayan, lalo na ng mamamayang Caviteño, sina Congressman Remulla at Senador Lacson sa mga walang basehan nitong paratang at *red-tagging* sa kanilang mga kababayan na ang tanging layunin lamang ay i-ehersisyo ang kanilang demokratikong karapatan na lumahok sa mga pagtitipon tulad ng mga rali upang ipadama ang kanilang suporta sa tambalang Leni at Kiko. Wala itong pinagkaiba sa mga Caviteño na dumadalo din sa mga rali at pagtitipon ng iba pang kandidato sa pagka-presidente at bise presidente.

Nagkakamali sina Remulla at Lacson kung iniisip nilang sa pamamagitan ng *red-tagging* at paninira sa *tandem* nina Robredo-Pangilinan ay maloloko nila ang mga mamamayan at maipapanalo ang kanilang kandidato. Lulunurin ito ng katotohanang suklam na suklam na ang mamamayan at hindi na paloloko sa mga kandidatong nagpahirap sa mamamayan, korap at pasista.

Malinaw ang pagsusuri at paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan kaugnay sa burges na mga halalan. Anumang halalang isinasagawa sa balangkas ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, sa saligan, ay burges at reaksyunaryo. Ito'y bulok, hungkag, marahas at namamayani lamang ang mga may salapi at kapangyarihan. Paligsahan lamang ito ng mga nagtutunggaling paksyon ng mga naghaharing uri gamit ang iba't ibang tipo ng pandaraya at manipulasyon makapwesto lamang sa kapangyarihan. Sinuman sa kanila ang maluklok sa kapangyarihan pawang interes ng mga malalaking panginoong maylupa, burgesya komprador, burukrata kapitalista at amo nilang imperyalista ang kanilang paglilingkuran. Walang magaganap na malinis, malaya at tunay na demokratikong halalan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Ang NDFP at ang buong rebolusyonaryong kilusan ay hindi lumalahok sa burges na halalan dahil naniniwala kaming hindi ito ang daan na makakapagpabago sa miserableng buhay ng mga inaapi at pinagsasamantalang uri at sektor ng lipunang Pilipino. Kulang-kulang sa isang daang taon na ang lumipas simula ng magkaroon ng halalan sa Pilipinas, subalit ni katiting na kaunlaran at kaginhawahan sa buhay ay di nakamtan ng sambayanang Pilipino. Bagkus, lalo lamang nabaon sa kumunoy ng kahirapan ang malawak na masa ng sambayanang PIlipino. Tanging sa pamamagitan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) at hindi eleksyon mawawakasan ang mga pundamental na problema ng sambayanang Pilipino - ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan at ang kagyat na kasunod na sosyalistang rebolusyon maisasakatuparan ang malaon

nang pangarap ng mamamayang Pilipino para sa isang malaya, demokratiko, masagana at maunlad na bansang Pilipinas.

Sa kabilang banda, iginagalang ng rebolusyonaryong kilusan ang kalayaan at karapatan ng mamamayan na lumahok sa eleksyon at ihalal ang kanilang napupusuang kandidato. Patuloy na ipagtatanggol nito ang kapakanan at interes ng taumbayan laban sa karahasan, pananakot at intimidasyon na tatak ng bulok at maruming uri ng halalan na ipinapataw ng mga naghaharing uri sa bansa. T

## Kundenahin at kasuhan si Lorraine Badoy! NTF-ELCAC, buwagin!

*Marso 27, 2022*

Marapat lamang na kundenahin at kasuhan ng taumbayan ang numeno-uno at talamak na red-tagger na si Lorraine Badoy, isa sa mga tagapagsalita ng NTC-ELCAC, sa bagong pahayag nito na nag-uugnay sa mga progresibong partylist at kampo ni bise presidente Leni Robredo (tumatakbo bilang presidente ngayong eleksyon), sa CPP-NPA-NDFP. Ang panibagong pahayag na ito ni Badoy ay malinaw na pagtatangka ng administrasyong Duterte na siraan at isabotahe ang bumibilis na momentum ng kampanya ni VP Leni at ng mga progresibong *partylist* sa ilalim ng Makabayan Bloc dahil sa kabi-kabilaang suportang natatanggap nila mula sa taumbayan. Ang paninira at *red-tagging* ni Badoy sa lumalawak na hanay ng oposisyon ay bahagi ng maitim na balak ng pasistang rehimeng US-Duterte na mailuklok sa kapangyarihan ang talamak na magnanakaw at sinungaling na si Ferdinand “Bongbong’ Marcos Jr.

Isang malaking kahungkagan din para sabihin ni Lorraine Badoy sa kanyang pahayag kahapon na “walang red-tagging” sa Pilipinas gayong malinaw na laganap ito at lumalala pa sa ilalim ng rehimeng Duterte. Nais lamang ni Badoy pagtakpan ang madugong *witch-hunting* at bigyang katwiran ang terorismong inihahasik ng estado laban sa mamamayan, sa pangunguna ng NTF-ELCAC.

Ang baluktot na pahayag ni Badoy ay tugon sa isinampang kaso laban sa kanya kaugnay sa paglabag sa Anti-Graft and Corrupt Practices Act at Ethical Standards of Public Officials and Employees sa opisina ng Ombudsman dulot ng pangre*red-tag* niya kay Leni Robredo at mga sumusuporta sa kanyang pagtakbo kabilang na ang grupong MAKABAYAN. Tatlong reklamo ang inihain ng may 26 personaheng ni-*red-tag* din ni Badoy sa nakaraan para suspendihin siya sa paggiging *undersecretary* ng Presidential Communications Operations Office. Ginagamit ni Badoy ang kanyang posisyon bilang isa sa mga tagapagsalita ng NTF-ELCAC at mga pribilehiyo nito para mangampanya laban sa tambalang Leni-Kiko na umaani ngayon ng malawak na suporta mula sa mamamayang isinusuka na ang kasalukuyang rehimen at ang instrumento ng terorismo nitong NTF-ELCAC.

Si Badoy na lamang at ang mga kasapakat niya sa NTF-ELCAC at iba pang panatikong tagasunod ng militaristang paghahari ni Duterte ang naniniwalang walang *red-tagging* sa Pilipinas. Lipas at lumang tugtugin na ang katwiran niyang "kasangkapan lang ang *red-tagging* ng mga prente ng CPP-NPA-NDFP". Katunayan, sa pamamagitan nito, tinatanggal ng estado ang malinaw na pagkakaiba sa mga armado at di-armado, ang lahat ng tumutuligsa sa palpak, korap at pasistang pamumuno nito ay ibinubuslo nila sa isang basket bilang mga "komunista". Sa gayo'y nagiging lehitimong target ng kanilang gera kontra-komunismo kahit ang mga ligal na organisasyon at mga aktibista, unyonista, progresibo, makabayan, lahat ng kritiko at iba pang indibidwal na tinitingnan ng estadong balakid sa pasista at tiranikong paghahari nito.

Pinasahol ng rehimeng Duterte ang *red-tagging* sa pamamagitan ng NTF-ELCAC at pagsasabatas ng Anti-Terror Law na nagresulta sa pagdami ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao. Matatandaang ni-*red-tag* muna ang mga aktibista at progresibo sa bansa bago pinaslang o dinakip ng estado. Sa tala ng grupong Karapatan, mula nang manungkulan si Duterte noong  Hulyo 2016, nasa 427 na mga aktibista ang pinaslang ng mga armadong ahente ng estado matapos silang dumanas ng *red-tagging*. Patunay rito ang mga kaganapan sa Timog Katagalugan kagaya ng Bloody Sunday kung saan siyam na aktibista ang pinaslang at anim na iba pa ang dinakip noong Marso 7, 2021, pagpatay sa lider-unyonistang si Dandy Miguel noong Marso 28, 2021, at sa taong ito, ang pagdakip sa 10 boluntir ng Makabayan for Leni-Kiko at tatlong aktibista ng Teatro Kabataan mula sa Nayon sa Cavite noong Marso 10.

Nararapat na tuligsain ang mga kasinungalingan at *red-tagging* ni Badoy, ng NTF-ELCAC at rehimeng Duterte sa mamamayan. Ang bawat salita at *red-tagging* na lumalabas sa bibig ni Badoy ay nagsisilbing *death warrant* sa mga progresibo, aktibista at kritiko ng rehimeng Duterte. Dapat na patuloy na ilantad si Badoy bilang bayarang tagapagpakalat ng kasinungalingan at mga pekeng balita ng estado para bigyang-katwiran ang mga pag-atake nito laban sa mamamayan. Ang mga katulad ni Badoy ay dapat na ihanay sa kriminal na gang at mga opisyal ng NTF-ELCAC na dapat singilin at papanagutin sa patuloy na pagdami ng kaso ng paglabag nito sa karapatang pantao.

Dapat pupusang labanan ng malawak na sambayanan ang puting lagim at terorismo ng rehimeng Duterte at NTF-ELCAC. Ipagpatuloy ang panawagan para buwagin ang NTF-ELCAC. Singilin at papanagutin ang NTF-ELCAC at rehimeng Duterte sa kanilang krimen sa mamamayan.

## Wakasan ang iwinawasiwas na impyunidad ni Usec. Lorraine Badoy at ng NTF-ELCAC!

*Abril 1, 2022*

Mahigpit na nakikiisa ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino sa pagkondena kay Usec Lorraine Badoy at NTF-ELCAC sa panibago na namang serye ng paghahasik nito ng mga kasinungalingan at *red-tagging* laban sa mga progresibong organisasyon at lumalawak na hanay ng mamamayang Pilipino na lumalaban sa tiwali, palpak at tiranikong rehimeng Duterte.

Desperado na talaga ang talamakat sagad-sa-butong anti-komunista at reaksyunaryong si Lorraine Badoy at NTF-ELCAC na kahit ang mga katulad na berdugo, uhaw sa dugo at nakakulong na kriminal na si dating Major General Jovito Palaran ay garapalan nilang ginamit para lamang makapaghasik ng mga kasinungalingan, *red-tagging* at *communist labelling* sa mga progresibo, mga ligal na organisasyong masa at kritiko ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Kasabwat ang Sunshine Media Network International (SMNI), na pag-aari ng lider ng Kingdom of Jesus Christ na si Pastor Apollo Quiboloy at ispiritwal na tagapayo ng tiranikong Presidente Duterte, dalawang oras nitong kinober sa ere noong Marso 30, 2022 ang panayam ni Badoy kay General Palparan sa nakakulong sa Muntinlupa Bilibid Prison. Layunin nitong patingkarin ang rekord at tagumpay diumano ni Palparan sa pagpapatupad ng

programa sa "kontra-insurhensya" noong panahon ni presidente Gloria Macapagal Arroyo, pagmukhaing inosente ang berdugong si Palparan at palabasin na biktima lamang ito ng mga gawa-gawang kasong isinampa ng pamilya ng mga nawawalang sina Sherlyn Cadapan at Karen Empeño katuwang ang mga progresibong organisasyon na madalas akusahan ng talamak na *red-tagger* na si Badoy bilang mga "ligal na prente" ng CPP-NPA-NDFP.

Kung matatandaan, ang berdugong si Major General Palparan ay nahatulan ng Malolos Regional Trial Court Branch 15 ng habambuhay na pagkakabilanggo sa salang *kidnapping and serious illegal detention* noong 2018 dahil sa pagkawala ng mga dating estudyante ng University of the Philippines Diliman na sina Cadapan at Empeño noong 2006. Matagal na nagtago sa batas si Gen. Palparan hanggang sa masakote ito at dumaan sa paglilitis.

Garapalan din ang pakikipagsabwatan ng mga matataas na opisyal ng Bureau of Corrections (BuCor) kina Badoy at NTF-ELCAC upang pahintulutan nitong kapanayamin si Palparan at malayang ikober ang panayam ng *media network* na SMNI. Ayon sa balita, walang pahintulot sa nangyaring panayam kay Palparan ang Department of Justice (DOJ) na may saklaw sa BuCor at mga korte kung saan may nakabinbin pang mga kaso ang berdugong General. Ayon naman sa National Union of People's Lawyer (NUPL) na tumayong mga abugado ng mga pamilyang Cadapan at Empeño, patuloy na nagtatamasa si Palparan ng mga ispesyal na pribilehiyo sa bilangguan sa kabila ng paulit-ulit na pagpuna dito ng NUPL..

Ang SMNI ay bantog sa paghahasik ng mga kasinungalingan at mga pekeng pagbabalita. Kasabwat sila ng NTF-ELCAC sa *red-tagging*

at pagkakalat ng isteryang anti-komunista. Si Pastor Quiboloy ang nagmamay-ari ng SMNI na *wanted* at nahaharap sa patung-patong na mga kasong kriminal sa Estados Unidos tulad ng *conspiracy to engage in sex trafficking by force, fraud and coercion, sex trafficking of children, conspiracy and bulk cash smuggling*. Madalas batikusin ang SMNI ng kapwa nila na nasa midya dahil sa hindi pagsunod nito sa wastong mga etika at pamantayan bilang institusyon sa pamamahayag.

Dahil ang SMNI ay pag-aari ng ispiritwal na tagapayo ni Duterte, nagtatamasa din ito ng impyunidad sa pagkakalat ng mga kasinungalingan at pekeng balita at nagsisilbing pangunahing *media outlet* ng NTF-ELCAC sa paghahasik ng lason sa kaisipan ng masa. Ang SMNI ay para sa kandidatura ng tambalang BBM-Sara dahil sa hayagang pag-eendorso sa dalawa ni Pastor Quiboloy. Ginagamit itong *platform* sa paninira at pag-atake sa mga karibal ni BBM sa pagkapresidente partikular kay Robredo.

Malinaw ang tinatamasang impyunidad ni Badoy at NTF-ELCAC dahil malaya nilang nagagawa ang gusto nila nang walang kinakatakutang mga umiiral na batas. Malalakas ang loob ni Badoy at ng NTF-ELCAC dahil sa tinatamasa nitong suporta mula sa numero unong red-tagger na si Duterte. Sa katunayan, ang walang patumanggang pag-atake ni Badoy at NTF-ELCAC sa mga progresibong organisasyon, mga *partylist* sa ilalim ng Makabayan bloc at konserbatibong oposisyon na pinamumunuan ni Leni Robredo ay may tahasang basbas ni Duterte at bahagi ng kanilang pakana na idiskaril ang lumalakas na momentum ng kampanya at paglawak ng suporta na natatanggap ni VP Robredo mula sa taumbayan sa kanyang kandidatura bilang Presidente ng bansa. Ang pag-atake ni Badoy at NTF-ELCAC pangunahin sa mga

progresibong grupo at *partylist* ay upang pahinain ang malawak na nagkakaisang hanay ng mamamayan laban sa panunumbalik sa kapangyarihan ng mga pamilyang mandarambong, ayaw magbayad ng buwis at talamak na lumalabag sa karapatang pantao na kinakatawan ni Bongbong Marcos. Malinaw na nagsisilbi sa kandidatura ni BBM-Sara ang mga pag-atake ni Badoy sa oposisyon. Ginagamit nito ang pera ng bayan para paboran ang isang kandidato na ipinagbabawal sa lahat ng mga opisyal at kawani ng gubyerno sa ilaliim mismo ng reaksyunaryong Election Code. Maaari silang makasuhan ng "electioneering".

Sa kabilang banda, halatang nakakiling ang Ombudsman sa pasistang rehimeng US-Duterte dahil sa patuloy na pagsasawalang-kibo nito sa kabila ng patung-patong na kasong isinampa sa nakaraang mga taon ng mga indibidwal, grupo at organisasyon kay Badoy, kay Retired General Parlade at sa iba pang kasapi ng NTF-ELCAC dahil sa mga walang batayan nitong paratang at *red-tagging* sa mga nabanggit sa unahan na mga kritiko ni Duterte.

Dapat patuloy na ilantad at labanan ng taumbayan ang umiiral na impyunidad sa bansa ng mga pagpatay sa mga inosenteng mamamayan kapwa sa madugong gera laban sa iligal na droga at kontra-rebolusyonaryonaryong gera ng pasistang rehimeng US-Duterte. Patuloy na nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa mamamayan na sumapi sa NPA at lumahok sa demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ang tagumpay ng DRB ang magbibigay ng katuparan sa malaon nang hangarin ng sambayanang Pilipino sa pagkakamit ng tunay na kalayaan, demokrasya, matagalang kapayapaan at masaganang buhay ng bawat Pilipino.

# 4

# MGA ANTI-MAMAMAYANG PATAKARAN

## Pagbayarin nang mahal ang rehimeng US-Duterte sa mga paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan!

*Disyembre 10, 2017*

Kasabay ng paggunita sa Pandaigdigang Araw para sa Karapatang Pantao, mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang rehimeng US-Duterte sa paglagda ng Presidential Proclamation 360 (PP 360) na nagkakansela sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP. Nangangahulugan lamang ito na tuluyan nang tinalikuran ni Duterte ang kahilingan ng mamamayan para sa katarungan at kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan at ginagawa silang lehitimong target ng walang pakundangang pamamaslang at iba pang tipo ng paglabag sa karapatang pantao.

Arbitraryong pinawalambisa ng PP 360 ni Duterte ang mga nauna nang tagumpay na nakamit sa usapang pangkapayapaan, ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights & International Humanitarian Law (CARHRIHL), Joint Agreement on Safety & Immunity Guarantes (JASIG) at mga panimulang pagkakaisa para sa pagbubuo ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Sa pamamagitan din nito, sinusuhayan ni Duterte ang panggigigil ng mga opisyal ng pasistang AFP at PNP na muling dakpin at ikulong ang mga pansamantalang pinalayang NDFP *consultants.*

Kaugnay nito ang nilagdaan din ni Duterte ang PP 374 na nagdedeklara sa Communist Party of the Philippines-New Peoples Army (CPP-NPA) bilang mga teroristang grupo gayong ang mga ito ay lehitimong pwersang nakikidigma. Masahol pa, idinawit pa ni Duterte ang iba pang legal na organisasyong naglalantad at kumukundena sa mga anti-mamamayang patakaran ni Duterte.

Sa pagsasantabi ng rehimeng US-Duterte sa nilalaman ng CARHRIHL, pinakakawalan niyang parang mga asong ulol ang pasistang AFP na uhaw na uhaw sa dugo ng mamamayan. Nagkaroon ng lisensya ang AFP-PNP-CAFGU na labagin ang karapatan ng mamamayan maging ang mga pwersang lumalaban sa makatarungang batayan. Pinakamasahol ang isinagawang paglapastangan ng mga elemento ng 730th Combat Group ng Philippine Air Force sa mga bangkay ng mga kasapi ng NPA na napaslang sa isang ambus noong Nobyembre 28 sa Nasugbu, Batangas. Malinaw na paglabag ito sa mga pandaigdigang panuntunan sa digma.

Sa kasalukuyan ay sinusuyod ng mga pwersa ng AFP sa ilalim ng 2nd ID ang mga komunidad ng magsasaka, maralitang setler at pambansang minorya sa mga lalawigan ng Batangas, Palawan, Quezon maging sa isla ng Mindoro. Sa mga komunidad na ito, walang-habas na tinatakot at dinadahas ng mga yunit ng AFP ang mamamayan para gamitin laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Bago pa man ang mga proklamasyong ito, laganap na sa rehiyon ang mga kaso ng paglabag ng mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU sa karapatang pantao na mamamayan. Nariyan ang 16 na kaso ng pampulitikang pamamaslang, 12,263 kaso ng pananakot, pandarahas at intimidasyon, 232 kaso ng pisikal na pananakit, 84 kaso ng iligal na pag-aresto, 29 kaso ng iligal na detensyon at 6 na kaso ng tortyur. Dapat ding singilin ang rehimeng US-Duterte at AFP sa mga isinagawa nitong *aerial bombings* at *strafing* sa pamamagitan ng 730th Combat Group ng PAF at 202nd Bde sa Batangas at ng Bravo Coy ng 4th IBPA at 203rd Bde sa Mindoro.

Naninindigan ang NDF-ST at ang mamamayan ng TK sa makatarungang batayan ng paglulunsad ng armadong pakikibakang pinamumunuan ng CPP-NPA upang ganap na palayain ang sambayanang Pilipino sa pambansang pang-aapi ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing-uri. Kasabay nito, itinataguyod ng CPP-NPA-NDF ang pangangalaga sa karapatang pantao ng mamamayan, laluna ng mga sibilyan.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na paigtingin ang kanilang pakikibaka para sa pagtataguyod ng karapatang pantao. Dapat na magkaisa ang mamamayan upang ilantad at labanan ang lumalalang

paglabag sa karapatang pantao ng mga mersenaryong tropa ng reaksyunaryong gubyerno at papanagutin si Duterte at ang AFP sa mga krimen nito sa mamamayan. T

## Pagkaisahin ang mamamayan upang labanan ang Martial Law *extension* sa Mindanao ng pasistang rehimeng US-Duterte!

*Disyembre 14, 2017*

Nagmamadaling ipinasa ng rehimeng US-Duterte ang isang taong Martial Law *extension* at *suspension* ng *writ of habeas corpus* hanggang Disyembre 2018 sa Mindanao. Nagkukumahog na kumilos ang lahat ng mga kaalyado at alipures ni Duterte sa pangunguna ng AFP at lahat ng sangay ng gubyerno upang itulak ang Martial Law *extension* at palawigin ang pasistang paghahari ng rehimen sa Mindanao. Pilit na ipinatatanggap ni Duterte sa mamamayan na makatwiran ang pagpapapataw at pagpapalawig ng Martial Law sa isla upang bigyang-daan ang pagpapatindi ng militarisasyon laban sa Communist Party of the Philippines-New Peoples Army-National Democratic Front of the Philippines, mga progresibong organisasyon at nakikibakang mamamayan kabilang ang mga katutubong mamamayang Moro at Lumad.

Katambal ang deklarasyon sa CPP-NPA-NDF bilang mga terorista, ang pagkansela sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP at ang pagkaunsyami ng kanyang "rebolusyonaryong gubyerno", walang ibang tutunguhin ang Martial Law *extension* kundi ang pagtatayo ni Duterte ng isang papet at pasistang diktadura. At tulad ng kanyang idolong si Marcos, susupilin ni Duterte ang lahat ng kanyang mga katunggali sa pamamagitan ng pasismo at militarismo.

Matapos wasakin ang buong Marawi City, pinalawig ni Duterte ang Martial Law sa Mindanao upang wakasan ang rebolusyonaryong kilusan sa isla at sagkaan ang di-mapigil na paglakas ng pakikibaka ng mamamayan.

Sa pamamagitan ng Martial Law *extension,* gagamitin ni Duterte at ng AFP ang terorismo ng estado upang maghasik ng takot at teror hindi lamang sa Mindanao kundi sa buong bansa. Gagawing parang Marawi City ng rehimeng US-Duterte ang mga komunidad sa Mindanao kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan at ang armadong paglaban ng Bangsamoro. Sa ilalim ng Martial Law *extension,* dadagdagan ng AFP ang mga panagupang tropa sa mga larangang gerilya ng NPA sa Eastern Mindanao. Muling idineploy dito ang 15th IBPA at 2nd Scout Ranger Battalion mula sa Marawi. Idinagdag din sa EastMinCom ang bagong tayong 88th at 89th IBPA.

Lalong titindi ang mga operasyong militar at paglabag sa mga karapatang pantao ng mga pasistang tagasunod ni Duterte sa militar, pulisiya at paramilitar laban sa mga magsasaka at katutubong mamamayan. Lalong madadagdagan ang kaso ng pagpaslang, iligal na pag-aresto, pananakot, intimidasyon, panggagahasa, *sexual abuse, forced evacuation* at marami pang iba. Katambal ng mga operasyong ito ang order ni Duterte na "patagin ng mga kabundukan" at "bombahin ang mga eskwelahan ng mga Lumad" ng isla sa pamamagitan ng mga *aerial* at mortar bombing at *strafing,* paggamit ng *drone* para sa surbeylans at *strike operations.* Ganito ang Martial Law ni Duterte, at tiyak na mas masahol pa sa sinasamba nitong diktador na Ferdinand Marcos.

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang Martial Law *extension* sa Mindanao ng rehimeng US-Duterte. Walang ibang makikinabang dito kundi ang imperyalismong US, mga dayuhang korporasyon, mga panginoong maylupa at mga negosyo ng mga malalaking burgesya kumprador sa ating bansa. Wala itong ibang idudulot kundi pagsupil sa mga karapatan, pagwasak sa kabuhayan ng mamamayan at pandarambong sa likas na yaman sa Mindanao sa kapakinabangan ng mga dayuhan at mga lokal na naghaharing uri. Gagamitin lamang itong tuntungan ng rehimeng US-Duterte para ipataw ang Martial Law sa buong bansa.

Kailangang magbuklod ngayon ang mamamayan upang kagyat na tutulan at ipabasura ang Martial Law sa Mindanao at tutulan ang malupit at brutal na pasistang gyera ni Duterte. Hindi na dapat pang hintayin na ipataw ang Martial Law sa buong bayan. Ilantad at labanan ang lansakang pagyurak ng rehimeng Duterte sa mga karapatan ng mamamayan. Ilantad, labanan hanggang sa ibagsak ang papet at diktadurang rehimeng US-Duterte.

Kailanman, hindi magtatagumpay ang pinapangarap ng rehimeng US-Duterte na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao at sa buong bansa. Tulad ng nangyari sa Martial Law ng diktadurang US-Marcos, magbubuklod at lalabanan ng mamamayan ang Martial Law ni Duterte na siyang nagpapahinog sa lumalalang krisis panlipunan sa Pilipinas. Itutulak ng Martial Law ni Duterte ang mamamayan para paigtingin ang kanilang pakikibaka upang ibagsak ang rehimeng US-Duterte. T

## Pabuyang P25,000, para sa bawat NPA na mapapatay, isang desperadong hakbang ng pasistang rehimeng US-Duterte

*Pebrero 17, 2018*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog pinakahuli sa mga desperadong hakbang ng rehimeng US-Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan na pagbibigay ng P 25,000 pabuya sa bawat mapapatay na New Peoples Army. Habang patuloy na binibigo ng mga yunit ng NPA ang todo-largang gyera ng AFP laban sa mamamayan, ginagamit ni Duterte ang pera ng bayan upang lasunin ang isipan ng mamamayan at piliting makipagsabwatan ang mga ito sa reaksyunaryong gubyerno.

Gamit ang sistemang pabuya, ini-engganyo ng rehimen ang mamamayan na isantabi ang kanilang prinsipyo kapalit ang kakarampot na halaga. Nais ni Duterte na bitagin ang mamamayang nakikibaka sa kapitulasyon sa reaksyunaryong gubyerno upang isuko ang kanilang makatarungang pakikipaglaban para sa hustisyang panlipunan at tunay na pambansang kaunlaran.

Hindi na bago sa mamamayan ang kabulukan ng sistemang pabuyang ginagawa ng reaksyunaryong gubyerno. Bahagi lamang ito ng dati nang iskema sa pagpapasukong ginamit na rin ng nagdaang rehimen sa pamamagitan ng Comprehensive Local Integration Program (CLIP), Balik Baril Program, at iba pa sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

Sa rehiyon, naging isang paulit-ulit na sarswela ang kampanyang saywar at pagpapasuko ng AFP sa nakaraan--tanging mga dati nang sumuko, mga sibilyan at mga bayarang elemento ang ipinaparada ng 2nd ID at Southern Luzon Command sa midya. At sa bawat sumusuko, pinaghahati-hatian ng mga opisyales ng AFP, at ng gubyerno ang nakalaan pondo para dito. Kathang-isip din lamang ang pantastikong pahayag ng mga bayarang tagapagsalita ng AFP at ni Duterte na isang NPA ang sumusuko bawat oras sa reaksyunaryong gubyerno.

Tinutuligsa din ang mas nauna pang baliw na utos ni Duterte sa mga sundalo at paramilitar na barilin ang mga kababaihang NPA sa kanilang ari upang di na mapakinabangan. Nagkakamali si Duterte kung inaakala niyang magagawa ito nang walang anumang paglaban mula sa magigiting na mga kababaihang pulang mandirigma.

Bilang *commander-in-chief* ng AFP at PNP, itinutulak nito ang kanyang kasundaluhan na gumawa ng mga *war crimes* at paglabag sa mga batas ng digmaan at karapatang pantao. Tulad ng gyera kontra droga ni Duterte, tiyak na bibiktima ulit ng ilanpung libong mga inosenteng mga sibilyan ang gyera ni Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Hindi dapat mahulog sa patibong ni Duterte ang mamamayan upang ipagkanulo ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka. Bagkus, dapat nila itong ilantad at labanan. Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayan na biguin ang anumang mga pakana ng rehimeng US-Duterte na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan. Kasabay nito, hamunin ang rehimeng US-Duterte na gamitin ang pondo at rekurso ng reaksyunaryong gubyerno sa paghahatid ng batayang serbisyong panlipunan sa mamamayan.

Hangga't hindi nalulutas ang mga batayang suliranin ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, patuloy na magagamit ng mga naghaharing-uri ang abang kalagayan ng mamamayan upang bulagin sila sa mga pansamantalang ginhawang ipinamamarali ng reaksyunaryong gubyerno. Kailangang higit silang magbigkis upang ipagpalaban ang kanilang mga batayang mga karapatan at karaingan sa pamamagitan ng pagsusulong at pagtatagumpay ng digmang bayan.

## *Anti-Kaliwang pagdinig ni Bato dela Rosa sa senado:*
## Panunugis at pagsikil sa boses ng oposisyon sa rehimeng Duterte

*Agosto 15, 2019*

Mariin naming kinokondena ang patuloy, papatindi at orkestradong mga pag atake  ng mga galamay at alipures ng pasistang Duterte sa loob at labas ng reakyunaryong Kongreso laban sa mga lehitimong organisasyon at oposisyon na kritikal at bumabatikos sa mga anti-mamamayan at anti-demokratikong mga patakaran ng administrasyong Duterte.

Mariin din naming kinokendena ang pagsasampa ng CIDG-PNP ng *kidnapping* at iba pang mga gawa gawang kaso laban sa mga lider kabataan at estudyante na kabilang sa mga progresibong organisasyon.

Ganundin, mariin naming tinutulan ang panukala ni Secretary Año ng DILG sa muling pagbuhay sa matagal nang nakalibing na RA 1700 o Anti Subversion Law. Ito ay malupit at mapanupil na panukala na nais ibalik ang tipikal na mga taon ng batas militar ni Ferdinand Marcos kung saan ginamit niya ang RA 1700 para maramihang ipakulong ang kanyang mga kritiko.

Tinututulan din namin ang planong pag-aamyenda sa Human Security Act of 2007 upang magamit nilang batas hindi lamang laban sa mga

terorista kundi maging sa mga kritiko at lehitimong oposisyon na bumabatikos sa kasalukuyang gubyerno.

Walang ibang nasa likod ng ganitong mga orkestradong pag-atake sa mga demokratiko, sibil at pampulitikang karapatan ng mamamamayan kundi ang taksil, tiraniko at uhaw sa dugong si Rodrigo Roa Duterte na laging naghahangad na makapanatili sa kapangyarihan lagpas sa kanyang termino at magpataw ng batas militar sa buong kapuluan.

**General Bato de la Rosa: pasistang galamay at alipures ni Duterte sa Senado**

Tulad ng inaasahan, hindi pa man nagtatagal sa pag-upo bilang senador ang dating Heneral Bato de la Rosa (matapos diumano'y manalo sa halalang balot ng pandaraya at manipulasyon), umarangkada na muli ang kanyang tunay na katauhan at karakter bilang isa sa mga nangungunang pasistang galamay at alipures ni Duterte sa imbing pakana nito na magpatupad nang higit na malulupit at mapaniil na mga batas laban sa taumbayan.

Sa pamamagitan ng pagpapatawag ng mga pagdinig sa Senado, ginagamit ni `General Tokhang/Double-Barrel' Bato dela Rosa ang kanyang pusisyon bilang tagapangulo ng makapangyarihang Committee on Public Order and Dangerous Drug para sa *witch hunting* na sa kalaunan ay hahantong sa pagbalangkas ng mga panibagong malulupit at mapaniil na mga batas alinsunod sa kagustuhan ng rehimeng Duterte na ipagbawal nang lubusan ang pag-iral ng mga organisasyon ng mga kabataan at estudyante kabilang ang iba pang mga organisasyon ng mamamayan na kritikal sa kanyang administrasyon at aktibong nakikisangkot sa takbo ng pulitika sa bansa.

Sa ngayon, pinupuntirya at pinupuruhan muna ng pag-atake ni Gen. 'Tokhang/Double-Barrel' Bato dela Rosa ang mga lehitimo at progresibong organisasyon ng mga kabataan at estudyante na kritikal at aktibong lumalaban sa anti-kabataan at anti-mamamayang mga patakaran ng rehimeng US-Duterte. Maging ang pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip at aktibismo ng mga kabataan at estudyante, na kinikilala bilang bahagi ng isang malusog na demokrasya at ginagarantiyahan ng Saligang Batas ng GRP bilang pundamental na karapatan sa pamamahayag at asembliya ay hindi pinalagpas sa pagbusisi at pagbatikos ni Gen 'Tokhang/Double-Barrel' Bato. Itinuturing niya na ang pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip at aktibismo ng mga kabataan ay dahil sa *brainwashing* at impluwensya ng mga maka-kaliwang grupo at mga Komunista. Ang gusto sigurong mangyari ni Gen. Bato de la Rosa sa mga kabataan at estudyante ay maging katulad niya na mangmang at bulag na tagasunod ng pasistang rehimeng Duterte. Tulad ng ginawa niyang bulag na pagsunod sa kampanya kontra sa ilegal na droga ni Duterte nang siya pa ang hepe ng pambansang pulisya na kung saan umabot na sa mahigit sa 20,000 ang napapatay.

**Militarisasyon ng mga paaralan at unibersidad ang nais mangyari ni Gen. Bato de la Rosa**

Upang mapigilan ang diumano'y panlalason sa kaisipan at rekrutment ng mga maka-kaliwang grupo at komunista sa mga kabataan at estudyante, pinalutang ni Gen. 'Tokhang/Double-Barrel' Bato ang kagustuhan niyang magkaroon ng permanenteng presensya ng mga pulis at sundalo sa mga paaralan at unibersidad sa bansa. Hinihikayat niya ang mga pamunuan ng mga pampubliko at pribadong paaralan

at unibersidad na pahintulutang makapasok ang mga pulis at sundalo para mabantayan ang kanilang mga estudyante mula sa impluwensya at rekrutment ng mga di umano'y mga makakaliwang grupo. Nais din niyang lubusang ipagbawal ng pamunuan ng mga kolehiyo at unibersidad ang pagtatayo at pag-iral ng mga progresibong organisasyon sa loob ng mga kampus.

(Ang pagbabawal sa mga pulis at sundalo na makapasok sa paaralan at unibersidad nang walang pahintulot ng mga pamunuan ng unibersidad at paaralan ay laman ng DND-STUDENT Accord of 1982 sa pagitan nina Enrile na nuo'y kalihim ng DND at ni Sonya Sotto.)

Nananawagan ang NDF-ST sa lahat ng mga kabataan at estudyante sa rehiyon na kumilos at makibaka para biguin ang mga orkestradong hakbang ng rehimeng Duterte at ng kanyang mga alipures na magpataw ng mga mabibigat at mapaniil na mga bagong batas na lalong kikitil sa mga natitira pang sibil at demokratikong karapatan ng mamamayan.

Huwag nating pahintulututan na makapanaig ang pasistang rehimeng Duterte sa pagbusal sa bibig, pagpiring sa mata at pagtakip sa teynga ng mga kabataan at estudyante sa rehiyong Timog Katagalugan at bansa.

Magsagawa tayo ng iba't ibang tipo ng pagkilos na tatatak at magsisilbing simbolo ng malakas na protesta at pagtutol sa mapanupil na patakaran ng taksill, pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte. T

## Retooled Community Support Program (RCSP) : Isang inasukalang bala ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa mamamayang Pilipino

*Nobyembre 11, 2019*

Matamis kung pakinggan subalit marahas at madugo sa kaibuturan.

Ganito maisasalarawan ang katangian ng RCSP na binalangkas ng DILG bilang bahagi ng ahensya sa pagtupad sa Executive Order 70 na inilabas ni Duterte noong Disyembre 2018. Umaalinsunod ang RCSP sa niresiklong *whole-of-nation approach* (WNA) at pagbubuo ng National Task Force (NTF) ng rehimeng US-Duterte bilang kakumplementaryo ng Focused Military Operation (FMO) para wakasan ang armadong rebolusyon sa bansa na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines (CPP).

Binuo ang RCSP para diumano'y palakasin ang komponenteng sibilyan ng kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng US-Duterte at maging kasangkapan sa paghahatid ng serbisyo publiko sa mga liblib na bahagi ng bansa. Inaakala ni Duterte na sa pamamagitan ng pagbibigay ng malaking papel sa DILG kabilang ang mga lokal na gubyerno sa kontra-rebolusyonaryong digma nito, mawawakasan ang rebolusyonaryong kilusan na hindi nagawa sa nakaraan sa pamamagitan ng lantay militar na paraan. Kunwari'y nagsasagawa ng mga papulong at diyalogo sa mga tao sa baryo upang mag-alam sa kalagayan at marinig ang

kanilang hinaing sa gubyerno. Nagpapakitang-gilas sa pag-iimbwelto sa tao na bahagi sila sa pagbubuo ng mga programa at proyekto. Gumagamit ng mga mabulaklak na lenggwahe upang makapanlinlang at para tabingan ang tunay na intensyon nitong kontra-mamamayan.

Maramihan ding isinasangkot sa pagpapatupad ng programa ng RCSP ang diumano'y mga kabilang sa *national government agencies* (NGAs), *non-government organizations* (NGOs), *people's organizations* (POs), *civic organizations, media,* taong simbahan at iba pa para palitawing sinusuportahan at iniindorso nila ang RCSP.

Ang tanging hangad nito ay wasakin ang mga pangunahing base ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan, na sa iba't ibang kalagayan at sirkumstansya ay nagtatamasa ng mga benepisyo at pakinabang resulta ng kanilang mga tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at iba pang mga antipyudal na pakikibaka. Nakaayon at nakadisenyo ang RCSP sa kabuang balangkas ng JCP-Kapanatagan na isang madugong kontra-rebolusyonaryong digma na naglalayong tapusin ang armadong tunggalian sa bansa sa pagtatapos ng termino ni Duterte sa Hunyo 30, 2022.

Ipapatupad ang RCSP hindi sa lahat ng barangay sa Pilipinas at hindi rin nakabatay sa kalagayang pang-ekonomiya at sosyo-kultural ng mga barangay. Ang pagtukoy at pagpili sa mga barangay na lulunsaran ng RCSP ay pangunahing nakasandig sa *intelligence estimate* o sa naipong paniktik ng AFP at PNP sa kung aling mga barangay sa bansa ang nasa kategorya nila bilang impluwensyado, di gaanong impluwensyado at may banta ng rebolusyonaryong kilusan. Halimbawa, sa Timog Katagalugan, klinasipika ng AFP at PNP na 11

barangay ang impluwensyado, 21 ang di gaanong impluwensyado at 315 ang may banta ng rebolusyonaryong kilusan. May kabuuang bilang ito na 347 barangay o katumbas na 6.3% lamang ng 5,469 na barangay sa saklaw ng rehiyon (4,019 ang nasa CALABARZON o Region IV-A at 1,450 ang nasa MIMAROPA o Region IV-B batay sa *census* ng March 2019 ) ang balak lunsaran ng RCSP.

Sa ganitong kategorisasyon at pokus ng paglulunsaran ng RCSP, malinaw at walang duda na isa itong marahas na kampanyang pulitiko-militar ng AFP at PNP na nagkukunwaring nakapailalim sa pamamatnugot ng mga lokal na ehekutibo pero sa saligan ay mga palamuti lamang ang ginagampang papel ng mga ito sa pagpapatupad ng RCSP. Sa buong proseso ng pagpapatupad ng RCSP ang AFP at PNP, sa pamamagitan ng  Peace, Law Enforcement & Development Support (PLEDS) Team nito, ang makapangyarihan, mapagpasya at nakakapanaig sa pagpapatupad sa buong proseso at kondukta ng RCSP ng DILG.

Ang PLEDS Team na binubuo ng 9-kataong CSP Team ng AFP, dalawang tauhan ng PNP/BFP/BJMP at mga ex-NPA ang armadong komponente ng RCSP na lulubog sa mga barangay na target na 'linisin' sa impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Ito ang maglulunsad ng operasyong saywar na walang pinagkaiba sa napatunayang bangkarote at mga bigong operasyong sibil-militar (CMO's) ng AFP sa nakaraan tulad ng PAMANA, Kapit Bisig Laban sa Kahirapan (KALAHI), Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (CIDSS), Balik-Loob Program, at 4Ps.

Ang lubusang pagtalikod ng rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ay pagtalunton niya sa landas ng kontra-mamamayang digma at pag-abandona sa nilalayon ng usapang pangkapayapaan na kamtin ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Tulad sa mga kontra rebolusyonaryong digma na ipinatupad ng mga nakaraang rehimen, tiyak na mauuwi lamang din sa kabiguan ang RCSP at ang buong JCP-Kapanatagan ng pasistang rehimeng US-Duterte dahil hindi ito nakatuntong at umaayon sa pagresolba sa sanhi at dahilan ng nagpapatuloy na armadong paglaban ng sambayanang Pilipino para ibagsak ang imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo.

Huwag magpalinlang. Labanan at biguin ang kontra mamamayan at mapalinlang na Retooled Community Support Program ng pasistang rehimeng US-Duterte. Ibayong isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan at magkamit ng mga tagumpay. T

## Hinggil sa Senate Bill 1083 o ang Anti-Terrorism Act of 2020

*Marso 2, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front—Southern Tagalog (NDFP-ST) at ng rebolusyonaryong mamamayan ng rehiyon ang Senate Bill 1083 (SB 1083) o ang Anti-terrorism Act of 2020 na inaprubahan sa ikatlong pagbasa sa Senado. Ang SB 1083, na pangunahing panukala ng militaristang si Senator Panfilo Lacson ay naglalayong amyendahan ang Human Security Act of 2007 (HSA 2007) o ang RA 9372 para higit na palakasin ang kapasidad ng reaksyunaryong estado sa pagsupil sa pinaniniwalaan nitong mga kaaway ng estado. Ang SB 1083 ay panibagong desperadong hakbang ng pasistang rehimeng US-Duterte at ng kanyang mga masugid na kaalyado sa Senado na higit pang lagyan ng pangil ang mapanupil na batas ng rehimen upang gamiting sandata sa pagsupil sa anumang uri ng paglaban ng mamamayan, ligal man o iligal, hayag o lihim, armado at di armado.

Nagawa nang makontrol ni Duterte ang Senado matapos mailuklok ang mga militarista at mga masusugid niyang aso sa pamamagitan ng pandaraya at manipulasyon sa resulta ng halalang 2019. Madali na nilang magagawa ang kanilang mga imbing pakana na magbalangkas ng higit na mapanupil na mga batas na lalong magpapatatag sa reaksyunaryong paghahari ng mga malalaking burgesya-komprador, panginoong maylupa at mga burukrata-kapitalista laban sa

mamamayan na tinututulan ang mga anti-demokratikong patakaran at polisiya ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Sa pamamagitan ng SB1083, inilalagay ang bansa sa ilalim ng batas militar kahit walang pormal na deklarasyon nito.

Dapat puspusang labanan at hadlangan ng taumbayan na maging ganap na batas ang Senate Bill 1083 at katulad na panukalang batas na pinag-uusapan sa mababang kapulungan ng Konggreso. Higit itong mabangis at mapanlinlang na panukalang batas kaysa mga umiiral na mapanupil na batas ng pasistang estado na ang iba ay panahon pa ng diktadurang Marcos naisabatas.

Ang Senate Bill 1083 ay nagpapanggap na nakatutok sa paglaban sa "terorismo" subalit ang katotohanan ay batas ito pangunahin para gamiting sandata sa pagsupil at pagyurak sa mga karapatang sibil at demokratiko ng sambayanang Pilipino.

Gagamitin ang mabubuong batas upang nyutralisahin at patahimikin ang sinumang mga indibidwal, lehitimong mga organisasyon, grupo at institusyon, mga kritiko at oposisyon na tutol sa mali, marahas at tiwaling pamamalakad ng pasistang rehimeng US-Duterte. Layunin ng SB 1083 na gawing lehitimo at maging pangkaraniwan o normal na pangyayari ang mga panunupil at paglabag sa mga karapatang pantao ng taumbayan dahil ang mismong SB 1083 ang nagbibigay ng garantiya at proteksyon sa mga armadong pwersa ng estado mula sa asunto ng mga magiging biktima ng karahasan ng estado.

Inalis ng SB 1083 sa Human Security Act of 2007 (HSA 2007) ang proteksyon laban sa pag-abuso tulad ng probisyon na magbabayad

ang estado ng P 500,000 kada araw na pagkakakulong sa sinumang taong nagkamaling kasuhan at ipakulong ng estado dahil sa paglabag sa HSA 2007. Dahil inalis na ang naturang panunugatan, lalo lamang magbibigay ng laya at impyunidad sa mga armadong pwersa ng estado na lansakang labagin sa papalawak na saklaw ang mga karapatang pantao ng taumbayan.

Sa SB 1083, binibigyan ng kapangyarihan ang mga ahente ng reaksyunaryong estado na ilagay sa masusing surbelayns ang mga indibidwal at organisasyon na pinaghihinalaan nilang mga "terorista" o may balak gumawa ng terorismo. Inoobliga ang mga kumpanya ng telepono na ilabas ang mga impormasyon hinggil sa naging palitan ng tawag at mensahe ng kanilang mga pinaghihinalaang mga terorista. Gayundin ang kapangyarihang binbinin ang kanilang mga ari-arian at yaman, magpatupad ng *warantless arrest,* at pansamantalang idetine ng 14 na araw (mula sa dating 3 araw) ang mga suspek kahit wala pang kasong naisasampa sa kanila sa hukuman.

Samakatuwid, pinapahintulutan ng SB 1083 ang mga naturang aksyon ng estado kahit hindi dumaan sa tamang proseso ang akusado na ipagtanggol ang sarili sa mga ibinibintang sa kanya at mabigyan ng karapatan para magkaroon ng sariling abugado.

Pinalabo at pinalawak din ng SB 1083 ang saklaw ng kahulugan ng "terorismo". Lahat ng mga aktibidad na gumagambala, nag-aantala at nagdudulot diumano ng masamang epekto sa normal na takbo ng buhay ng lipunan ay kinukunsiderang akto ng "terorismo" ng SB 1083.

Dahil dito, ang mga kilos protesta, rali, demonstrasyon at iba pang sama-samang pagkilos ng taumbayan para ipahayag ang kanilang mga hinaing at kahilingan sa gubyerno ay maaaring ikunsidera bilang mga akto ng terorismo. Anumang sama-samang pagkilos na magdudulot ng pagsikip ng trapiko, makakagambala ng katahimikan, makakaantala sa daloy ng negosyo at komersyo, makakasira ng pag-aari ng estado, makakasakit ng ibang tao ay maaring ituring bilang mga gawa ng mga terorista at maaaring makulong ng habambuhay na pagkakabilanggo ang mga makakasuhan.

Sa partikular, ang mga welga at iba pang sama-samang pagkilos ng mga manggagawa laban sa kontraktwalisasyon at para sa regular na trabaho, nakabubuhay na sahod at mahusay na kundisyon sa paggawa ay pwedeng agarang ituring ng estado bilang pananabotahe sa ekonomiya at saklaw ng anti-terorismong batas sa ilalim ng SB 1083.

Ang lahat ng mga nakakagambala o nakakaantalang mga aktibidad (disruptive activities) tulad ng *walk-outs* at boykot ng mga estudyante laban sa pagtataas ng mga matrikula at iba pang bayarin sa mga paaralan at unibersidad ay maaring ituring ng estado na gawain ng mga terorista. Ang mga pagkilos ng mga guro, *nurses* at iba pang kawani ng gubyerno para sa mataas na sahod ay mahigpit na ipagbabawal at maaaring makasuhan ang kanilang mga lider at kasapi na nag-iinstiga ng paglaban sa gubyerno at kung gayon saklaw ng anti-terorismong batas.

Isinasara na lahat ni Duterte ang pintuan para sa malayang pamamahayag, asembliya, pag-oorganisa at pagkilos—mga

pundamental na karapatan ng mamamayan sa ilalim ng saligang batas ng Republika ng Pilipinas sa pag-aakalang mapapatahimik at mapipigilan nito ang naghuhulagpos na galit ng taumbayan laban sa kanyang pasistang paghahari. Lalo lamang ginagatungan ni Duterte ang dati nang naglalagablab na paglaban ng mamamayan sa kanyang kalupitan at mga katiwalian sa pamamalakad sa gubyerno.

Ipinagkakait at pinakikitid na ni Duterte ang opsyon ng taumbayan para sa ligal at hayag na anyo ng mga pagkilos para magparating ng mga hinaing sa reaksyunaryong gubyerno. Kaalinsabay, lalong itinutulak ni Duterte ang taumbayan na tahakin ang tamang landas ng armadong pakikibaka sa paglaban sa kanyang pasistang rehimen.

Nagkakamali din ang pasistang rehimeng US-Duterte, sampu ng kanyang mga alipures sa senado at mababang konggreso, na mahahadlangan ng panukalang "anti-teroristang" batas ang pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan at ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa rehimeng Duterte. Ang labis na kahirapan at pambubusabos sa sambayanang Pilipino ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo at ang pagiging korap, traydor, diktador, pasista at mamamatay taong si Duterte, ang pangunahing magtutulak at hihikayat sa malawak na masa ng sambayanan na itaas ang antas ng kanilang paglaban at lumahok sa armadong pakikibaka para ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na kalagayan ng bansa at kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya. T

## Agarang tulong sa nagugutom na mamamayan ang kailangan at hindi ang pagbabanta ng pagpatay

*Abril 1, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang garapalan at matinding pagbabanta ni Duterte na kanyang ipapabaril sa pulisya at militar ang sinuman na mag-iinstiga ng pagkilos na hahantong sa "kaguluhan" at "maglalagay sa panganib" sa mga kapulisan at kasundaluhan. Ito ang agarang naging tugon ni Duterte sa nangyaring insidente kung saan hinuli at ikinulong ng mga pulis ng Quezon City ang 20 residente ng Sityo San Roque, Barangay Bagong Pag-asa, Quezon City na nagsagawa ng rali sa EDSA nuong Abril 1, 2020.

Kung tutuusin makatarungan at lehitimo ang ginawang pagkilos ng ilang residente ng Sityo San Roque at hindi kailangan na sila'y hulihin at kasuhan. Ang tanging hangad lamang nila ay maiparating sa kinauukulan ang kanilang karaingan sa pagkain na hindi nakararating sa kanila simula nang ipatupad ang *lockdown* tatlong linggo na ang nakararaan. Ginawa nila ang pagtungo at pagtitipon sa EDSA para kalampagin ang gubyerno nang sa gayon ay mabilis na makarating sa kanila ang tulong na pagkain. Labis ang kanilang dinaranas na matinding kagutuman laluna ng mga bata at matatandang miyembro ng kanilang pamilya.

Subalit, imbes na alamin ni Duterte ang sitwasyon sa ibaba, kastiguhin at utusan ang mga ahensya ng gubyerno na bilis-bilisan

ang paghahatid ng tulong sa mga nagugutom nating kababayan epekto ng *lockdown*, masasakit na salita at matinding pagbabanta pa ang ipinukol ni Duterte sa mga kapos-palad nating mga kababayan. Palibhasa'y hindi nakaramdam si Duterte sa tanang buhay niya na kumalam ang sikmura, magutom at makitang nag-iiyakan ang mga anak dahil sa gutom, walang maramdamang anumang bahid ng pag-aalala at kakagyatan ang panig ni Duterte. Garapalan pa niyang pinagsabihan ang taumbayan na mag-antay at magtiis-tiis muna sa gutom at wala namang namamatay sa gutom.

Minsan pang pinatunayan kung gaano kapusakal at kawalang puso ng gubyernong Duterte sa harap ng mga hinaing ng taumbayan para sa agarang tulong ng gubyerno sa pang-araw araw nilang pangangailangan lalo na sa pagkain. Dahil sa pagpapatupad ng kamay-na-bakal na lockdown, obligasyon ng gubyernong hatiran ng mga batayang pangangailangan ang taumbayan sa pagkain, sapat na proteksyon laban sa Covid-19 at iba pang serbisyong medikal. Dapat kondenahin ng sambayanang Pilipino ang wala sa lugar na pagbabanta ni Duterte na ipababaril niya sa pulis at militar ang sinumang kikilos kahit ito man ay lehitimo at makatarungan. Sa panahon ng malawakang kagutuman, mangyayari at mangyayari ang ispontanyong pagkilos ng mamamayan para humanap ng makakain. Makikipagsapalaran ito at kakapit kahit sa patalim para lamang mapakain ang nagugutom nilang pamilya. Sa pinakadulo, hindi malayong humantong ito sa mga *food riots* at malawakang nakawan (looting).

Sa ganito wala sa lugar ang pagbibigay babala ni Duterte sa mga "makakaliwang grupo" na huwag samantalahin ang sitwasyon at mag-instiga ng "kaguluhan". Dapat malaman ni Duterte na anumang oras,

may mga "kaliwa" man o wala, may mga progresibong organisasyon at kritiko man o wala ay magaganap ang ispontanyong pagkilos ng mamamayan para humanap ng pagkukunan nila ng makakain. Hindi nila kasalanan ang magutom at humanap ng paraan para maibsan ang kagutumang ito. Ang gubyerno ang higit na nasa pusisyon na alisin ang mga kundisyon upang hindi maganap ang mga *food riots* at malawakang nakawan (looting) sa Luzon at sa iba pang lugar ng bansa. Ang tanging paraan upang maiwasan itong mangyari ay pangunahan ng gubyerno ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kapos-palad at labis nating naghihirap na mga kababayan sa pamamagitan ng isang maagap at supisyenteng tulong mula sa gubyerno. Sa kawalan nito, ang mga pribadong indibidwal na pilantropo at mga NGOs ang pumupuno at bumabalikat sa mga kakulangan at pagiging inutil ng gubyerno.

Hindi palalagpasin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan ang marahas at madugong pagharap ng gubyernong Duterte sa mga lehitimong karaingan ng taumbayan sa gubyerno upang kalampagin at kunin ang atensyon nito. Sisingilin at papapanagutin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang gubyernong Duterte sa bawat patak ng dugo mula sa masa ng sambayanan dahil sa kanyang labis na kalupitan bilang diktador at pasistang pinuno.

Higit kailanman, ngayon kailangan ang mahigpit na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino upang patalsikin sa pwesto ang walang kakayahan, inutil, korap at pabayang pasistang rehimeng US-Duterte. Ang alam lang ng gubyernong ito ay magmura, mambastos ng mga kababaihan, pumatay sa walang kalaban-laban, magpayaman sa

pamamagitan ng pangungurakot sa kaban ng bayan, magpatupad ng mga anti-mamamayan at anti-demokratikong mga patakaran at polisiya at sumunod at manikluhod sa mga dikta ng imperyalistang US at China.

Sa mahigit ding apat (4) na taon nitong panunungkulan, saksi ang sambayanang Pilipino sa kapabayaan at mabagal na pagtugon ng gubyernong Duterte sa mga naging biktima ng mga sakuna at kalamidad na dumarating sa bansa tulad sa nangyaring pagputok ng bulkang Taal nuong Enero 2020. Dapat nang tapusin ang kanyang paghahari. Habang siya'y nasa kapangyarihan, mahihirapan ang taumbayan na mabuhay, hindi lamang sa pagharap at paglaban sa Covid-19 kundi sa kanyang abusadong pamamalakad sa gubyerno na pawang kagutuman, kahirapan at pang-aapi ang hatid sa taumbayan.

Mapanlikhang gumawa tayo ng iba't ibang porma at anyo ng pagkilos, kahit nasa panahon ng lockdown upang malakas na maiparating ang ating kimkim na galit at mariing kagustuhang patalsikin sa pwesto si Duterte.

Tama na! Sobra na! Sambayanang Pilipino Magkaisa! Patalsikin ang pasistang rehimeng US-Duterte! T

## Ilantad at labanan ang lantad na paghaharing militar sa bansa! Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte!

*Abril 24, 2020*

Sa *recorded* na pahayag ng Abril 24, 2020, muling nagbanta si Duterte na ipapataw ang batas militar para sapilitang ipatupad ang *enhanced community quarantine* o *lockdown* kaugnay diumano sa pagsugpo sa Covid-19.

Ang totoo, hindi pagsugpo sa Covid-19 ang nasa likod ng kanyang pagbabanta kundi udyok ito ng labis na pagkasindak na pigilan ang namumuong galit at disgusto ng mamamayan na maaaring sumiklab anumang oras bunga ng kanyang inutil na pagtugon sa krisis ng Covid-19.

Kanyang inatasan ang AFP at PNP na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang estratehiya para maging mabisa ang kanilang kampanya ng pagdurog sa CPP-NPA-NDFP. Tinatakot pa niya ang sambayanang Pilipino sa pagsasabing walang bubuhayin sa NPA kahit pa ito ay sumuko at magtaas ng kamay.

Nais ni Duterte na likhain ang klima ng takot at teror sa kaisipan ng tao para sila'y payukurin at pasunurin sa kanyang lantarang pasistang paghahari sukdulang bigyan ng walang-hanggang kapangyarihan ang AFP at PNP na lapastanganin ang umiiral na internasyunal na

makataong batas (IHL) at ng Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinagkasunduan ng NDFP at GRP. Kanyang tinutugis ang mga kritiko at progresibong grupo na kinakaratulahang mga "legal front" ng CPP-NPA-NDFP.

Nakahanda ang National Democratic Front-Southern Tagalog at mamamayan ng rehiyon sa bagong pagbabanta ng pasistang diktador na si Rodrigo Roa Duterte na ipapataw ang batas militar at dudurugin ang rebolusyonaryong kilusan sa panahon ng kanyang termino. Buong giting na haharapin, lalabanan at bibiguin ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng rehiyon ang lantay na pasistang panunupil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan sa ilalim ng batas militar at sa marahas at madugong kampanyang militar ng pasistang rehimeng US-Duterte nang hindi binibitawan ang pangunahing tungkulin at prayoridad nito sa kasalukuyan—ang paglaban at pagsugpo sa Covid-19.

Makakaasa ang taumbayan na nakatuon ang pansin ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa pagpapakilos sa mamamayan upang labanan at sugpuin ang Covid-19. Patuloy na bibigyan nito ng mataas na prayoridad ang mga gawaing tumutugon sa kapakanan ng kalusugan, kaligtasan at kagalingan ng lahat upang iligtas ang bayan.

Sa lahat ng sandali, laging handa at karapatan ng rebolusyonaryong kilusan na ipagtanggol ang sarili at kapakanan ng mga mamamayan, lalo na sa mga rebolusyonaryong base nito mula sa mga patraydor na pag-atake ng pasistang tropa ng AFP at PNP.

**Kinukundisyon na ni Duterte ang isipan ng sambayanang Pilipino sa pagpapataw ng lantad na teror ng Batas Militar sa bansa o sa ilang bahagi ng bansa tulad ng ginawa niya sa Mindanao**

Hindi pa nasapatan si Duterte na isisi sa "katigasan ng ulo" at pagiging pasaway ng taumbayan sa mabilis na pagkalat ng sakit na Covid-19. Isinisi din ni Duterte sa mga manggagawang pangkalusugan ang kasalanan kung bakit marami sa kanila ang nagkaroon ng sakit na Covid-19. Pinalalabas nina Duterte at Duque na nakuha ng mga manggagawang pangkalusugan ang Covid-19 sa pamilya at komunidad na kanilang inuuwian.

Sa pagpasa ng sisi sa iba, nais pagtakpan ni Duterte ang malaking pagkukulang, kapabayaan at kabiguan ng gubyerno na protektahan ang mga manggagawang pangkalusugan bilang mga nasa unahan sa paglaban sa Covid-19. Buong akala ng gubyernong Duterte na magogoyo niya ang taumbayan sa pagsisi sa iba. Batid ng taumbayan ang mga kahirapan at sakripisyong pinagdadaanan ng mga manggagawang pangkalusugan sa pagsugpo sa pagkalat ng Covid-19. Batid din ng taumbayan na inutil ang gubyernong Duterte sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga manggagawang pangkalusugan tulad ng sapat na bilang at de-kalidad na *personal protective equipment* (PPE), serbisyo sa transportasyon, libreng pabahay na malapit sa kanilang pinagtatrabahuhan, nararapat na pahinga at masustansyang pagkain para mapalakas ang kanilang pangangatawan at resistensya.

Kabilang ang Pilipinas sa mga awtoritaryan na rehimen sa daigdig na ibinabala ni UN Secretary General Antonio Gutteres na ginagamit ang

krisis sa pandemikong Covid-19 upang isulong ang kanilang pasistang adyenda.

Kailangang maging mapagmatyag at kritikal ang taumbayan sa ginagawa ngayong mulat at orkestradong kampanya sa propaganda ng mga makinaryang pambalitaan ng gubyerno, kasabwat ang ilang mga bayaran sa "mainstream media" para linlangin ang tao sa tunay na miserableng kalagayan ng bansa sa paglaban sa Covid-19. Nais nilang pabanguhin si Duterte sa mata ng publiko at ilagay siya sa tugatog ng pedestal bilang mahusay na pinuno, henyo at may malalim na malasakit sa bayan upang lumikha ng "ilusyon at artispisyal" na suporta mula sa taumbayan.

Pinatatampok nila sa kasalukuyan ang malaking tagumpay ng mala-batas militar sa pinatutupad na Luzon *lockdown* bilang mabisang paraan sa pagsansala sa pagkalat ng Covid-19 habang ikinukubli at minamaliit ang malawakang paglabag sa karapatang pantao, mga pagdakip, mga pananakit at pagpatay sa mga di umano'y lumalabag sa Luzon *lockdown*.

Nilalayon ng opensiba sa propaganda ng mga bayarang makinarya ng rehimen ang ilayo at iiwas si Duterte at ang kanyang gubyerno sa anumang malaking pananagutan, kasalanan at krimen dahil sa kapalpakan nito, sa simula pa lamang, sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Kung mayroon mang pagkukulang ang gubyerno, hindi kasalanan ni Duterte at ng mga pambansang ahensya kundi kasalanan ito ng mga pinunong lokal ng gubyerno, ng mga manggagawang pangkalusugan, ng mga kritiko at "maka-kaliwang" grupo at ng di umano'y mga "matitigas na ulo" at "pasaway" na taumbayan.

Kinukundisyon nila ang isipan ng taumbayan sa idudulot na "kabutihan" ng batas militar sakali mang ipataw ito ng rehimeng Duterte.

Lalong nalantad ang tunay at matagal nang intensyon ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan nang lampas sa kanyang termino. Ginagamit ngayon ni Duterte na sangkalan ang di-umanong mga "pag-atake ng NPA" sa AFP at PNP para ilusot ang matagal na niyang obsesyon na magpataw ng Batas Militar sa bansa para magawa niyang lahat nang walang sagabal at makapaghari nang lampas sa kanyang termino. Sa katunayan, sinasamantala ng diktador ang paglaban sa Covid-19 bilang tabing para sa kanyang ambisyong durugin ang rebolusyonaryong kilusan bago ang pagtatapos ng kanyang termino sa Hunyo 30, 2022.

Malaking kasinungalingan para sabihin ni Duterte na ang walang humpay na *focused military operation* ng AFP at PNP ay para sa paglaban sa Covid-19. Nakapokus ang mga operasyon ng AFP at PNP sa mga liblib na lugar at kabundukan na ang tanging layunin ay tugisin ang NPA at ligaligin ang rebolusyonaryong mamamayan. Kung sa paglaban sa Covid-19 ang kanilang layunin ay dapat naruon sila sa mga poblasyon at sentro ng populasyon at wala sa kabundukan at mga liblib na lugar. Patuloy na nililinlang ni Duterte ang taumbayan na nilalabag ng NPA ang kanyang sariling tigil putukan dahil sa diumano'y mga pag-atake nito sa AFP at PNP. Subalit ang katotohanan, ang mga pinsala na tinamo ng AFP at PNP ay resulta ng aktibong pagtatanggol ng NPA sa sarili mula sa mga patraydor na pag-atake ng AFP at PNP habang may tigil-putukan.

Gumagawa ngayon ng ingay si Duterte para siraan sa publiko ang mga indibidwal, personahe, mga nasa oposisyon, kritiko at progresibong grupo na pumupuna sa mga kapalpakan ng kanyang gubyerno lalo na ang mabagal at kakarampot na tulong na ipinagkakaloob nito sa mga lubhang naapektuhan ng lockdown sa Luzon at sa iba pang lugar sa bansa. Pinaparatangan niya ang mga ito bilang sagabal sa kanyang paglaban sa Covid-19. Pati ang kanilang inaprubahang National ID System na nabalam ang pag-implementa dahil sa kakulangan ng pondo ay sa mga progresibong grupo niya ibinibintang.

Ang pagbubunton ng sisi ni Duterte sa lahat ng mga bumabatikos sa kanyang pamamahala, kabilang ang rebolusyonaryong kilusan, bilang mga "nanggugulo", sagabal at wala namang naibibigay na solusyon ay bahagi ng kanyang pagkukundisyon sa kaisipan ng publiko para sa kanyang imbing pakana na magpataw ng batas militar.

Higit kailangan ngayon ang mahigpit na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino para tutulan at labanan ang binabalak ni Duterte na lantarang pagpapatupad ng batas militar sa bansa. Hindi batas militar ang solusyon sa patuloy na lumalaking bilang ng namamatay at nagkakaroon ng sakit sa Covid-19. Magdudulot lalo ito ng malawakang paglabag sa karapatang pantao, sa pagtindi ng panunupil sa mga kalayaang demokratiko at karapatang pampulitika ng mamamayang Pilipino at ibayong magpapalala ng kahirapan at kagutuman sa bansa. Gawin natin ang lahat ng ating makakaya, sa pamamagitan ng iba't ibang paraan na angkop sa kasalukuyang sitwasyon para iparating ang malakas na panawagan ng sambayanang Pilipino na tutulan at labanan ang batas militar at ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte.

## Hinggil sa napipintong maging ganap na batas ang Anti-Terrorism Act of 2020

*Hunyo 10, 2020*

Ang National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ay mahigpit na kaisa ng sambayanang Pilipino sa mariing pagtutol at paglaban upang ibasura ang Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA 2020) na ngayon ay naghihintay na lamang ng pirma ng pasista at kriminal na si Duterte para maging isang ganap na batas matapos pirmahan ito at isumite sa Malacañang ng kapwa mga pasistang lider ng Kongreso at Senado na sina Alan Peter Cayetano at Vicente "Tito" Sotto.

Kapag ganap na naisabatas, ilalagay ng batas na ito ang Pilipinas sa permanenteng kundisyon ng paghaharing militar nang di na kailangan ng pormal na deklarasyon ng batas militar.

Nananawagan ang NDF-ST, lalo na sa mga mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan, na patuloy at huwag maglubay sa paglaban na maging ganap na batas ang isang higit na mapanupil, kakila-kilabot at marahas na Anti-Terrorism Act of 2020. Gumawa tayo ng iba't ibang paraan na angkop at pinapahintulot ng sitwasyon para i-rehistro ang ating mariing pagtutol sa batas. Nasa poder na ng Malacañang ang panukalang batas kaya dapat lang kay Duterte nakatutok ang ating laban para hamunin siyang i-*veto* ang panukalang Anti-Terrorism Act of 2020 bagama't sineperkahan niya itong "urgent bill" na ang nais

pakahulugan ay kanya itong iniendorsong panukalang batas. Huwag nating pahintulutan si Duterte na lalong salaulain at labagin ang ating mga batayang karapatan at makapaghari siya ng mas masahol pa sa ipinataw na batas militar sa bansa ng dating diktador na si Ferdinand E. Marcos.

Sa pagsusumite ng panukalang batas sa opisina ng Presidente ng Pilipinas, tahasang isinantabi nina Cayetano at Sotto ang malakas at malawakang pagtutol ng taumbayan laban sa Anti-Terrorism Act of 2020 upang tuparin ang matagal nang hangarin ni Duterte na mabigyan ng ligal na bihis ang kanyang kamay na bakal na paghahari sa bansa kahit walang pormal na deklarasyon ng batas militar. Binalewala din ni Cayetano ang pagbawi ng mga bumotong "yes" tungong "no" at "abstention" sa panukalang batas ng marami-raming bilang ng mga kongresista resulta ng tinamo nilang batikos at presyur mula sa kani-kanilang mga nasasakupan.

Ang hakbang na ito nina Cayetano at Sotto ay patunay na isang *rubber stamp* at sunod-sunuran ang dalawang kapulungan ng Kongreso sa kapritso ng Malacañang. Inilantad din nila ang Kongreso bilang kasabwat at instrumento ng pasismo at terorismo ng burukratiko-militar na estado ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista.

Makatuwiran at may batayan ang mga kaliwa't kanang pagtutol ng sambayanang Pilipino sa Anti-Terrorism Act of 2020 dahil sa mga anti-mamamayan at anti-demokratikong mga probisyon nito na magdudulot ng malawakang paglabag sa karapatang pantao at yuyurak sa mga

pundamental na karapatan ng mamamayang Pilipino na nakatadhana sa burges na Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987.

Ang ATA 2020 ay magsisilbing panibagong dagdag na sandata na magagamit ng pasistang rehimeng Duterte para takutin, supilin at pigilan ang anumang mga pagtutol ng sambayanang Pilipino sa mga katiwalian at kainutilan ng kanyang administrasyon lalo na sa palyadong pagharap at pagsugpo sa pandemic na Covid-19.

Sa Anti-Terrorism Act of 2020, inangkin at kinamkam na ng ehukatibo ang kapangyarihang hudisyal sa pagtitiyak ng *probable cause* hanggang sa paglalabas ng *warrant of arrest* (WOA) laban sa mga pinaghihinalaan nilang terorista at maging sa mga nagbabalak pa lang na gumawa ng "terorismo" na ekslusibong nakalaan sa Hudikadura bilang bahagi ng *check and balance* sa tatlong sangay ng gubyerno.

Sa ilalim ng ATA 2020, bubuuin ang Anti-Terrorism Council (ATC) na siyang magsisilbing pangunahing tagapagpatupad ng bagong batas. Ang ATC ay may kapangyarihang magtakda sa sinumang indibidwal, grupo ng mga indibidwal, organisasyon o asosasyon, sa loob at labas ng bansa, bilang mga terorista, batay sa makikitang *probable cause* laban sa indibidwal, grupo ng mga indibidawal, organisasyon o asosayon na nagsagawa, nagtangkang magsagawa o nakipagkutsabahan sa paggawa ng "terorismo". Ang ATC ay binubuo ng mga gabinete ni Duterte kabilang ang prominente at masusugid na mga anti-komunista, pasista at mga pusakal na lumalabag sa karapatang pantao tulad nina Lorenzana ng DND, Año ng DILG at Esperon na Presidential Security Adviser (kabilang din sa mga bubuo ng ATC ang Executive Secretary, bilang Chairman, Kalihim ng DOJ

bilang Vice Chairman at mga Kalihim ng DOF at DFA bilang mga myembro). Maraming beses nang nagpahayag sa publiko ang 3 dating mga Heneral sa AFP na mga terorista at prente ng CPP-NPA-NDFP ang mga progresibong grupo na aktibong lumalalaban sa mga anti-mamamayan at anti-demokratikong mga batas at patakaran sa bansa. Hindi malayong mangyari na gamitin nila ang ATC para sa paghahabol at pagpapakulong sa mga lider at aktibista mula sa mga progresibong grupo, mga organisasyon at indibidwal, iba pang mga kritiko at oposisyon na hayagang bumabatikos sa mga katiwalian at kapalpakan ng gubyernong Duterte.

Pinahihintulutan din ng ATA of 2020 ang 14 na araw at dagdag pang 10 araw na pagpapalawig sa pagbinbin sa isang indibidwal o grupo na kanilang dinakip bilang pinaghihinalaang "terorista" o mga "terorista" kahit wala pang kasong naisasampa sa Korte. Taliwas ito sa tinatadhana ng burges na Saligang Batas ng 1987 na hanggang 36 oras lamang ang pinapahintulot na palugit sa mga "alagad ng batas" para sampahan ng kaso sa Korte ang sinuman na kanilang dinakip. Obligadong pakawalan ng mga "alagad ng batas" ang kanilang hinuling suspek at mga suspek sakaling lumagpas na sa 36 na oras ang pagkakabinbin sa kanila.

Sa pamamagitan ng ATA 2020, hawak ngayon ng pasistang rehimeng US-Duterte ang leeg ng sambayanang Pilipino at anumang oras ay maaari niyang pilipitin ang leeg ng sinumang susuway sa kanyang mga kagustuhan at magpapatuloy sa pagtutol at pagtuligsa sa kanyang paghahari. Gustong mangyari ni Duterte na magsawalang kibo at maging sunod-sunuran na lamang ang taumbayan sa kanyang otoridad at tiranikong paraan ng paghahari kahit sa gitna ng malaganap na

kagutuman at kawalan ng hustisya na nararanasan ng sambayanang Pilipino.

Kasama ni Rodrigo Roa Duterte, sisingilin at pananagutin ng taumbayan at ng rebolusyonaryong kilusan, sa akmang panahon, sina Alan Peter Cayetano, Vicente Tito Sotto at maging ang mga mambabatas na nag-endorso at pumirma sa Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA 2020). Sisingilin at pananagutin sila sa bawat paglabag sa karapatang pantao at dugong papatak mula sa mga magiging biktima ng kanilang ginawang mapanupil at marahas na batas. Maraming paraan na magagamit at mapagpipilian ang taumbayan para singilin at papanagutin ang mga taong nagdulot sa kanila ng dagdag na pagpahihirap at pagpapasakit. Habang hindi pa napipirmahan ni Duterte ang ATA 2020, may panahon pa kayo na makinig at pumanig sa malawak na kahilingan ng taumbayan at bawiin ang inyong pag-endorsyo at pagsang-ayon sa ATA 2020.

Ngayong darating na paggunita sa huwad na kalayaan sa bansa sa Hunyo 12, 2020, dapat na ibuhos at itutok ng bayan ang namumuong galit sa pasistang rehimeng US-Duterte. Itambol ang malakas na tinig ng pagtutol sa Anti-Terrorism Act of 2020 na higit ang bangis at teror na yuyurak sa mga pundamental na karapatan ng mamamayan at lalong magbibigay ng impyunidad sa AFP at PNP na makapaghasik ng karahasan at terorismo sa sambayanang Pilipino.

Buong lakas ding ipagsigawan at iparating sa publiko na hangga't umiiral ang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa bansa, hindi kailanman mararanasan ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalayaan at demokrasya sa bansa. Kailangan munang ibagsak

ng sambayanang Pilipino ang umiiral at naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal nang sa gayon matamasa nito ang tunay na kalayaan, demokrasya at kasaganaan.

Magkaisa at Labanan ang Anti-Terrorism Act of 2020!

Isulong ang Tunay na Kalayaan at Demokrasya!

Ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte! T

## Tutulan at labanan ang pakulong Charter Change (Cha-cha) ni Duterte at kanyang mga alipures!

*Enero 8, 2021*

Walang ibubungang kabutihan ni katiting na pagbabago sa miserableng buhay ng sambayanang Pilipino ang balak ng dalawang kapulungan ng Kongreso na amyendahan ang 1987 Konstitusyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng isang *constituent assembly*. Lalo lamang nitong ibabaon ang sambayanang Pilipino sa kumunoy ng miserableng kahirapan at walang patumanggang pang-aabuso at pang-aapi sa pamamagitan ng mga anti-mamamayan at pro-imperyalistang mga patakaran at programa ng pasistang rehimeng US-Duterte. Palalawigin nito ang termino ng isang inutil, korap, traydor at pusakal na mamamatay taong si Duterte. Dapat mariing tutulan at labanan ng sambayanang Pilipino para biguin ang maitim na balak ni Duterte na makapanatili sa kapangyarihan nang lampas sa kanyang termino.

Malinaw ang pinapakanang *cha-cha* ng mga kapanalig ni Duterte. Nais ilusot ng rehimeng Duterte ang isang neoliberal at pasistang Konstitusyon na magbubukas sa patrimonya ng Pilipinas sa ibayong imperyalistang pandarambong at pagpapalawig sa kapangyarihan ng rehimeng Duterte alinman sa pamamagitan ng pagluklok sa kanyang kasing ganid na anak na si Sara o sinumang binasbasan nya. Gagawin ito sa pagmanipula ng boto ng kontroladong Comelec tulad ng ginawa noong 2019 *midterm election.*

Minamadali ngayon ng mga ganid sa pera at gahaman sa kapangyarihan na mga alipures ni Duterte sa mababang kapulungan ng Kongreso at Senado ang proseso ng pagbabago sa Saligang Batas ng Pilipinas ngayong isa't kalahing taon na lang ang nalalabi sa termino nila at ni Duterte. Tusong nililinlang ng mga mambabatas at ni Duterte ang taumbayan na ang mga pagbabago na gagawin nila sa saligang batas ay sesentro lamang sa mga probisyon sa ekonomiya ng bansa na diumano'y mga "sagka" sa mabilis na pagrekober mula sa resesyon na dinaranas ng bansa epekto ng pandemyang Covid-19. Subalit, batid ng taumbayan na kapag naging matagumpay ang pagnanais nilang ipatawag ang dalawang kapulungan ng Kongreso bilang isang "constituent assembly", wala nang makapipigil pa sa kampo ni Duterte na super majority na ilagay ang mga gusto nilang baguhin sa saligang batas ng Pilipinas para sa kanilang mga pansariling interes, tuparin ang kagustuhan ni Duterte at paligayahin ang mga patron nilang malalaking panginooong maylupa, burgesya-komprador at dayuhang mga kapitalista at imperyalista.

Wala na ding makapipigil pa sa mga oportunistang mambabatas na palawigin ang termino ng lahat ng nakaupong halal na mga opisyal at baguhin ang probisyon sa saligang batas na naglilimita sa termino ng mga halal na opisyal mula pambansa hanggang barangay. Labis din ang pagkabahala at pagkatakot ni Duterte sa posibleng kahahantungan ng desisyon ng International Criminal Court (ICC) na pagpapaaresto sa kanya para papanagutin siya sa kanyang mga nagawang krimen laban sa sangkatauhan (crime against humanity) kapag nawala na siya sa kapangyarihan. Bukod rito, mahigpit ang tagubilin ni Duterte sa mga alipures niya sa Kongreso na isama sa babaguhin sa Konstitusyon ang pagtatanggal ng sistemang *party-list* para mawalan ng pagkakataon

ang mga tunay na kumakatawan sa mahihirap at marginalisado na magkaroon ng sariling kinatawan at boses sa Kamara sa pamamagitan ng sistemang *party-list*. Gigil na gigil si Duterte na mawala sa eksena at mapatahimik ang mga progresibong party-list na kabilang sa Makabayan Bloc na konsistenteng nagtataguyod at nagsusulong ng mga makabayan at patriotikong adhikain ng masang Pilipino sa pamamagitan ng paghahain ng mga pro-mamamayan at anti-imperyalistang mga batas sa Kamara. Buong makinarya sa propaganda ng estado, lalo na ang NTF-ELCAC, ang ginamit na ni Duterte upang siraan, akusahan at karatulahan ang Makabayan Bloc bilang mga aktibong kasapi at matataas na opisyal ng CPP-NPA-NDFP kahit walang mga ebidensyang pinanghahawakan na makatitindig sa korte.

Dahil sa wala siyang natamong suporta mula sa taumbayan sa hangarin nitong mapatalsik sa Kamara ang Makabayan Bloc, idinadaan ngayon ni Duterte sa pag-amyenda sa saligang batas ang pag-alis sa Party-List System Act of 1995 o RA 7941

Prayoridad at itinutulak din ng mga opurtunistang mga mambabatas na pagbabago sa Saligang Batas ng Pilipinas ang pagpapahintulot sa mga dayuhan ng karapatang magmay-ari ng isandaang porsyento (100%) ng mga lupain sa bansa, mga pampublikong utilidad, institusyong pang edukasyon, *mass media companies* at iba pang negosyo. Isinasaad sa Konstitusyon na hanggang sa kwarenta porsyento (40%) lamang ng mga lupain, *assets* at negosyo at iba pang propriedad sa bansa ang pwedeng ariin ng mga dayuhan. Malinaw na ibinebenta ni Duterte at ng kanyang mga alipures ang pambansang soberanya at todong ibinubukas mga likas na yaman ng bansa sa panggagahasa at pandarambong ng mga dayuhang kapitalista at imperyalista.

Dapat mariing tutulan at labanan ng taumbayan ang nilulutong chacha sa Kongreso. Pagwawaldas lamang ito ng panahon at pera ng bayan na ang magiging bunga ay hindi naman para sa kapakanan ng mamamayang Pilipino. Lalo lamang pagsisilbihin ang Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas sa kapakanan at interes ng mga naghahari't nagsasamantalang uri sa bansa at ang amo nilang mga imperyalista.

Hindi Cha-Cha ang solusyon sa kabiguan ng gubyernong Duterte na masawata ang patuloy na pananalasa ng Covid-19 sa bansa. Ginagamit lamang ang isyu ng Cha-Cha para ilihis sa isipan ng taumbayan ang kainutilan at pagiging bangkarote ng gubyernong Duterte sa paglaban sa Covid-19. Sa halip na harapin sa perspektibang pangkalusugan, mga hakbanging medikal at syentipiko, mas pinagdiinan ng rehimen ang mga mapanupil na militaristang restriksyon sa mamamayang Pilipino.

Walang direktang epekto sa rebolusyonaryong kilusan ang anumang pagbabagong gagawin ng gubyernong Duterte sa saligang batas ng bansa. May sariling saligang batas na sinusunod ang rebolusyonaryong kilusan at maraming bansa sa daigdig ang kumikilala sa katayuan ng CPP-NPA-NDFP bilang lehitimong mapagpalayang kilusan at pwersang nakikidigma sa Pilipinas para sa pambansang pagpapalaya laban sa tiraniko at mapang-aping gubyerno sa bansa at laban sa imperyalismo. Gayunman, hindi pahihintulutan ng rebolusyonaryong kilusan na lalong apihin at pagsamantalahan ang sambayanang Pilipino ng iilang nasa estado poder sa pagtutulak nito ng Cha-Cha na lalong magpapadapa sa dati nang hikahos na kalagayan ng sambayanang Pilipino. Higit na magiging puspusan, pursigido at determinado ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng rehiyon na tutulan at labanan ang anumang

hakbang tungo sa Cha-Cha. Ang bawat pagtatangkang baguhin ang konstitusyong umiiral ay mangangahulugan din ng pagperpekto ng naghaharing uri sa kanyang paghahari.

Patuloy na iigting ang mga pakikibaka ng sambayanan laban sa patuloy na pagdausdos ng dati nang lupaypay na ekonomiya ng bansa, laban sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka at manggagawang bukid, mababang pasahod at kawalan ng hanapbuhay ng milyong manggagawang Pilipino at kawalan ng disenteng tirahan at pagkukunan ng hanapbuhay ng milyong bilang ng maralitang tagalunsod. Pamumunuan at gagabayan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga pakikibaka ng masang Pilipino laban sa mabilis na pagsirit ng mga pangunahing bilihin at serbisyo at nang unti-unting pagliit ng mga batayang serbisyo ng gubyerno sa mamamayan nito.

Sa kabilang banda, ang malawakang paglahok at pagtataguyod ng mamamayang Pilipino sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) na mayroong sosyalistang perspektiba ang sagot at lulutas sa kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Sa tagumpay ng DRB at sa kagyat na sosyalistang rebolusyon at kontruksyon magaganap ang inaasam-asam na radikal at rebolusyonaryong pagbabago sa bansa kung saan iiral ang tunay na kalayaan at demokrasya at masaganang pamumuhay ng sambayanang Pilipino.

## Labanan ang panunupil sa kalayaang akademiko at iba pang demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino! Tutulan ang makaisang panig na terminasyon ng 1989 UP-DND Accord!

*Enero 19, 2021*

Ipinaparating ng National Democratic Front - Southern Tagalog (NDF-ST) ang mahigpit nitong pakikiisa sa sambayanang Pilipino, lalo na sa buong komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), sa pagkondena at pagtutol sa makaisang panig na terminasyon o pagpapawalambisa na ginawa ni Secretary Delfin Lorenzana ng Department of National Defence (DND) sa umiiral na 1989 UP-DND Accord o pinaunlad na bersyon ng Enrile-Sotto Accord ng 1982.

Sa saligan, makaisang panig na tinapos ng pasistang rehimeng US-Duterte ang 2 kasunduang naglalatag ng mga alituntunin at gabay kaugnay sa pagkakaroon ng presensya ng mga pulis at sundalo sa loob ng mga kampus ng UP. Sa partikular, sa magiging kondukta ng pulis at sundalo sa mga gagawin nitong operasyon sa pagsisilbi ng *search and warrant of arrests* sa mga estudyante, guro at propesor, istap, empleyado at *constituents* sa iba't ibang kampus ng UP sa bansa.

Kung babalikan ang kasaysayan, pinagtibay ang kasunduan ng UP at DND para maiwasang maulit ang nangyaring insidente sa pagdukot, pagpapahirap at sapilitang pagpapaamin kay Donato Continente, istap ng Philippine Collegian ng UP Diliman Campus, na siya ang pumatay

sa isang sundalong Amerikano. Ang UP-DND Accord ay pinirmahan noong June 30, 1989, labing-apat na araw matapos ang pagdukot ng mga armadong pwersa ng estado kay Continente sa loob ng UP Diliman Campus noong June 16, 1989.

Nakasaad sa kasunduan na kailangan munang ipagpaalam ng mga pulis at sundalo sa administrasyon ng UP ang gagawin nitong operasyon sa kampus, kabilang ang pagsisilbi ng *search and arrest warrants*. Hindi maaaring basta na lamang pumasok sa loob ng UP *campuses* ang mga pulis at sundalo liban kung nasa panahon ng emerhensya, kung nasa aktwal na pagtugis sa suspek na nakagawa ng krimen at kung may hinihiling na tulong ang administrasyon ng UP mula sa mga pulis at sundalo. Kailangan din munang paabutan ng pulisya at militar, sa pinakamaagang kakayaning panahon, ang administrasyon ng UP kung sila'y may aarestuhing estudyante, guro, *personnel* ng UP at iba pa. Dagdag pa, walang sinumang mag-aaral, guro at empleyado ng UP ang maaaring isailalim sa *custodial investigation* ng pulis nang hindi muna nito ipinapaalam sa Presidente o Chancellor ng UP at walang presensya ng abugado.

Nakasaad din sa kasunduan na ipinagbabawal sa mga armadong pwersa ng estado na manghimasok sa mapayapang kilos protesta na isinasagawa sa loob ng alinmang kampus ng UP sa bansa dahil ito'y nasa responsibilidad at pananagutan ng mga opisyal ng Unibersidad.

Dahil makaisang panig na tinatapos ng rehimeng Duterte ang kasunduan, lahat ng ipinagbabawal na nakasaad sa 1989 UP-DND Accord ay buong laya na nilang magagawa. Ang mga probisyon sa UP-DND Accord na nangangalaga at nagbibigay proteksyon sa karapatang

pantao at wastong proseso sa pagpapatupad ng batas ay maisasantabi na. Anumang oras ay malayang magagawa ng mga pasistang tropa ni Dutere na pasukin at militarisahin ang mga kampus ng UP at iba pang unibersidad at kolehiyo sa bansa. Ang mangyayari pa, ipapailalim nito sa tipong batas militar na paghahari ang mga kampus ng UP, iba pang State Universities and Colleges (SUCs) at ilang mga pribadong unibersidad at kolehiyo sa bansa na pinararatangan ni Duterte na diumano'y "hotbed ng recruitment para sa CPP-NPA-NDFP".

Ang hindi magawa ni Duterte na pagdurog o pagpapahina man lang sa rebolusyonaryong kilusan ay kanyang ibinaling sa panunupil sa mga kabataan at estudyante na patuloy ang paglawak at paglakas ng kanilang sektoral na kilusan laban sa mga katiwalian, kabulukan at palpak na pamamalakad sa gubyerno ng pasistang rehimeng US-Duterte. Ibinaling ni Duterte ang kanyang galit sa mga progresibong kilusan ng kabataan at estudyante na malakas na nananawagan para sa kanyang pagpapatalsik.

Sa ginawang pagbasura sa UP-DND Accord, tiyak na susupilin ng rehimeng Duterte ang kalayaang akademiko, pamamahayag, paniniwala, assembliya at iba pang karapatang pantao ng mga mag-aaral, guro at empleyado ng UP at iba pang unibersidad at kolehiyo sa bansa. Nais ni Duterte na kitlin ang aktibismo ng mga estudyante upang halinhan ito ng mangmang, nakabusal ang bibig, panatiko at pasistang kilusan ng mga kabataan tulad ng mga kabataang Nazi ni Hitler. Nais ni Duterte na ipatupad sa loob ng mga kampus ng UP at iba pang unibersidad at kolehiyo ang kanyang tiranikong paghahari sa tabing ng marumi at madugong kontra-rebolusyonaryong digma laban sa CPP-NPA-NDFP.

Marapat lamang na magkaisa ang taumbayan para mariing kondenahin at labanan ang panibagong hakbang na ito ng pasistang rehimeng US-Duterte na ipatupad ang panunupil at pasismo ng estado maging sa loob ng mga kampus ng UP na kinukunsiderang balwarte ng kalayaang akademiko at karapatang sibil. Ang unilateral na terminasyon ng 1989 UP-DND Accord ay malinaw na panibagong desperadong hakbang ng pasistang rehimeng US-Duterte upang patahimikin ang lahat ng kanyang mga kritiko sa hanay ng akademya at iba pang mga institusyong akademiko. Ito'y isa na namang hakbang sa pananakot, intimidasyon at panunupil ng rehimeng Duterte sa mga bumabatikos sa kanyang mga katiwalian, kainutilan at kriminal kapabayaan mula sa hanay ng akademya. Labis ang pagkatakot ni Duterte sa mga pamantasan, akademya at institusyong akademiko na hayagang nagsasalita at naninidigan sa pagtatanggol sa karapatang pantao, sa kalayaan sa pamamahayag, pananalita, pagtitipon at maging sa paghuhubog ng opinyong publiko. Ang pagpuntirya ni Duterte sa UP ay para gipitin at alisan ng mahalagang papel na ginagampanan ang UP bilang malakas na institusyon na nagtatanggol sa kalayaang akademiko at sa mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil ng mamamayang Pilipino. Nais ni Duterte na patahimikin ang UP *communities* sa mga pagbatikos nito sa kanyang walang pakundangang mga pagpatay at paglabag sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino dahil sa kanyang madugo ngunit pekeng gyera kontra-droga at sa kontra-rebolusyonaryong digma laban sa rebolusyonaryong armadong pwersa ng mamamayang Pilipino.

Tinatamasa ngayon ng UP *community* ang malawak na suporta mula sa taumbayan at mula sa mga nagsipagtapos sa unibersidad, kabilang

ang ilang mambabatas at dating matataas na opisyal ng gubyerno sa pagtutol sa makaisang panig na terminasyon ng UP-DND Accord ng pasistang rehimeng US-Duterte. Ipinanawagan nila na i-atras ng gubyernong Duterte ang desisyon nitong tapusin ang UP-DND Accord of 1989.

Naniniwala ang NDF-ST na hindi palulupig at aatras ang UP sa paglaban at pagtatanggol sa kalayaang akademiko na matagal na nilang matagumpay na naigiit sa panahon ng diktadurang Marcos at patuloy na tinatamasa hanggang sa kasalukuyan ng unibersidad. Kanilang lalabanan at bibiguin sa pangalawang pagkakataon ang pakana ng pasistang rehimeng Duterte na supilin ito. Nagkakamali si Duterte na kaya nitong paluhurin ang UP *community* sa kanyang mga tiraniko at diktaduryang hakbang. Napatunayan na sa maraming pagkakataon na nakibaka at lumahok ang UP Community sa pagpapabagsak sa diktadurang Marcos noong 1986 at sa pagpapatalsik sa korap na si Joseph Estrada noong Enero 2001. Sa ginawang pagbabasura ni Duterte sa UP-DND Accord, lalo lamang siyang nahiwalay sa taumbayan at pinabibilis ang mga salik para sa pagpapatalsik sa kanya sa kapangyarihan.

Samantala, laging bukas ang pinto ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa pagtanggap sa sinumang kabataan at estudyante, mga guro at empleyado at iba pang sektor na ginigipit ng rehimen at magpapasyang sumapi sa New Peoples Army at magsulong ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) na may sosyalistang perspektiba. Kailangan lamang na matupad ng sinumang boluntaryong sasapi sa NPA ang nilalaman ng Saligang Alituntunin ng NPA sa Pagsapi tulad ng minimum na 18 taon gulang, may malusog

na pangangatawan at isip, handang suungin ang mga kahirapan at sakripisyo sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan at laging ipinauuna ang kapakanan at interes ng sambayanang Pilipino kaysa sa sarili. Ang tagumpay ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ang maghahatid sa sambayanang Pilipino sa tunay na kalayaan, demokrasya at kasaganaan. Sa balangkas ng demokrasyang bayan, ibayong yayabong ang pambansa, syentipiko at makamasang sistema ng edukasyon na pangunahing isusulong ng mga akademikong institusyon sa ilalim ng bagong lipunang itatatag ng sambayanang Pilipino.

## Panibagong ECQ, panibagong pahirap sa bayan!

*Agosto 6, 2021*

Sa ikatlong pagkakataon, ipaiilalim ang Metro-Manila, na mayroong 14 milyong populasyon, sa *enhanced community quarantine* (ECQ) mula Agosto 6 hanggang Agosto 20, 2021. Siguradong susuungin na naman ng taumbayan ang panibagong dagdag na pahirap, gutom at paniniil sa kanilang mga demokratikong karapatan sa ilalim ng panibagong mahigpit na lockdown na ipatutupad ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Daan-daan libong mga manggagawang arawan ang mawawalan ng ikabubuhay sa panahong ito ng lockdown. Isanlibo at maksimum na apat na libong piso kada pamilya ang ipinapangakong ayuda ng gubyernong Duterte. Sa loob ng dalawang linggo, P 285.70 kada araw sa bawat pamilya (sa abereyds na limang ang myembro) ang pilit na pagkakasyahin para sa pagkain at iba pang gastusin tulad sa bayad sa tubig, kuryente at pambili ng panggatong (gaas, gasul, uling at kahoy). Dito rin kukuhanin ang pambayad sakaling umuupa ng bahay ang pamilya.

Sabi ng Malacañang ay hindi pa nila alam kung saan kukunin ang pondo para sa ayuda ganundin kung mabibigyan ng ayuda ang lahat na maapektuhan ng ECQ. Ayon naman sa DILG ay malamang na sa susunod pang linggo maipatutupad nila ang pamamahagi ng pangakong ayuda ng gubyerno. Kakarampot na nga ang ayuda

maaantala na naman ang pamamahagi nito.Sadyang malupit at wala ni katiting na malasakit ang gubyernong Duterte sa kapakanan ng mga mahihirap nating mga kababayan. Nais nitong pagapangin muna sa hirap ang taumbayan para mapanatiling namamalimos ng tulong sa gubyerno at sa gayon ay mapapasunod sa anumang idikta nito.

Unang ipinatupad ng rehimeng Duterte ang ECQ noong Marso 2020 at naulit noong Marso 2021 sa Metro-Manila at ilang mga karatig probinsya nito sa Gitnang Luzon at Timog Katagalugan. Ang ECQ ang pinakamahigpit na tipo ng militaristang lockdown na ipinatutupad ng gubyernong Duterte sa tuwing tumataas ang bilang ng mga nagkakasakit sa Covid-19 sa alinmang bahagi ng bansa.

Kabilang din ang Laguna na isinailalim sa ECQ na magsisimula sa Agosto 6 at magtatapos naman sa Agosto 15, 2021. Ang Cavite, Rizal at Lucena City ay inilagay sa *modified enhanced community quarantine* (MECQ) habang ang Batangas at Quezon (liban sa Lucena City) ay isinailalim naman sa *general community quarantine* (GCQ) *with heightened restrictions* sa Agosto 6-15, 2021.

Paliwanag ng gubyerno na kailangang magpatupad muli ng ECQ sa Metro-Manila at ilang probinsya sa bansa na napatunayang nagkaroon ng *delta variant* ng Covid-19 para mapigilan ang mabilis na pagsipa ng bilang ng mga nagkakasakit dito. Subalit kung tutuusin nakapasok sa bansa ang higit na mabagsik at mabilis na makahawang *delta variant* ng Covid-19 dahil na rin sa kabagalan, kawalan ng kahandaan at kainutilan ng gubyernong Duterte na magpatupad nang paghihigpit at kontrol sa pagpasok ng mga dayuhan na nanggaling sa bansang India na pinaniniwalaang pinanggalingan ng *delta variant*. Naulit na

naman ang pangyayari noong nakaraang taon na labis na nahuli ang gubyernong Duterte sa pagpapatupad ng paghihigpit na makapasok sa bansa ang mga dayuhang Tsino at iba pang nanggaling sa bansang China, lalo na sa Wuhan Province na pinagmulan ng nakamamatay na Covid-19. Isa na namang patunay na lagi na lang naghahabol ang gubyerno at hindi kaylanman naging *pro-active* sa pagharap at paglaban sa Covid-19. Kung babalikan, minaliit din ni Duterte ang pagpasok sa bansa ng Covid-19 at inihalintulad lang ito sa ordinaryong trangkaso na kusang naglalaho.

Sa ulat ng Department Of Health (DOH) noong Agosto 5, 2021, may bagong 116 kaso ng *delta variant* ang kanilang napag-alaman batay sa mga isinagawang *genome sequencing.* Ang *genome sequencing* ay paraan ng mga dalubhasa sa mga bayrus (virologist) at iba pang mga nakakahawang sakit (infectious diseases) para malaman ang uri o strain ng isang partikular na bayrus.

Sa nadagdag na 116 na nagpositibo sa *delta variant*, 83 dito ay nasa Metro Manila at 3 naman ang nadagdag sa Region IV-A (CALABARZON). Ayon sa DOH may kabuuang 331 ang nagkakasakit sa *delta variant* ng Covid-19 mula noong mapatunayan itong nakapasok na sa bansa. Subalit malaki ang paniniwala ng lahat na hindi talaga ito ang tunay na bilang ng mga nagkaroon ng *delta variant* ng Covid-19. Sa kawalan ng pondo, kulang at hindi sapat ang mga pasilidad, laboratoryo at tauhan ng DOH para isagawa ang maramihang *genome sequencing* at madertemina ang malapit sa katotohanang bilang ng mga nagkakaroon ng *delta variant* labas pa sa Alpha at Beta *variants* na nauna nang nakapasok sa bansa. Ayon sa Philippine Genome Center, na inatasan ng DOH na magsagawa ng *genome sequencing*, nangangailangan sila

ng karagdagang 100 milyong pondo para tugunan ang kakulangan nila sa tauhan, laboratoryo, *genome sequencing kits* at iba pang pasilidad. Sa kasalukuyan, kinakaya lang nila na makapagsuri ng 750 *samples* kada linggo o katumbas na 3,000 sample kada buwan. Sa ganitong kalagayan malayong makapagbigay sila ng makatotohanang larawan sa bilang ng mga kababayan nating nagkaroon ng *delta variant.* Bukod dito, wala pa ring ipinapatupad na libre at malawakang pagsusuri (mass testing) ang gubyerno para pagbatayan din ng mga isasagawang *genome sequencing.*

Tulad ng sinasabi ng mga dalubhasa sa medisina at syensya, hindi magiging epektibo ang pagharap sa nakamamatay na Covid 19 kung patuloy lang na aasa ang gubyerno sa pagpapatupad ng *lockdown* nang walang kaakibat na pagpapatupad ng libre at malawakang *testing*, agresibo at sistematikong *contact tracing,* pagtatayo ng maramihang pasilidad para magsilbing mga *isolation centers and treatment*, sa pagpapalakas ng kapasidad ng mga pampublikong ospital sa pamamagitan ng mga karagdagang pasilidad, mga kagamitang medikal, karagdagang *personnel* at mga manggagawang pangkalusugan at ang pagpapalakas sa kabuuan ng sistemang pangkalusugan sa bansa.

Kaisa ng NDF-ST ang taumbayan at mga dalubhasa sa syensya at medisina sa paniniwala na magiging paulit-ulit na lamang ang siklo ng pagdami ng bilang ng mga nagkakasakit ng Covid-19 kapag hindi nakabatay sa syensya at medisina ang estratehiya ng gubyernong Duterte sa paglaban sa dito. Kailangang patuloy nating kalampagin ang gubyernong Duterte na agarang ipatupad ang mga nabanggit sa itaas na mga hakbangin sa paglaban sa Covid-19 na nakabase sa

syensya at medisina at hindi lamang sa pamamagitan ng militaristang *lockdown*.

Labis-labis din ang pagsalig ni Duterte sa bakuna ngunit wala namang kaakibat na hakbangin para matiyak ang sapat at tuloy tuloy na suplay nito sa bansa. Lubos na iniasa lamang ni Duterte ang suplay ng bakuna sa bansa mula sa mga donasyon ng ibang gubyerno at sa inisyatiba ng pribadong sektor at negosyo sa pagbili ng mga bakuna para sa kanilang mga empleyado. Sa kabilang banda, patuloy ang mabagal na takbo ng bakunahan sa bansa dahil sa samu't saring mga kadahilanan tulad ng kawalan ng sistema, kakulangan ng mga pasilidad at *personnel* na magsasagawa ng pagbabakuna. Talamak din ang sistema ng palakasan kung saan nabibigyan ng pribilehiyo ang mga malalapit sa mga opisyal ng gubyerno habang nagtityaga sa mahahabang pila ang ordinaryong mamamayan. Sa kasalukuyan, umaabot pa lamang sa 11 milyong Pilipino ang lubusang nabakunahan (2 dosage). Malayo pa ito sa target na 70 milyong bakunado sa pagtatapos ng taon para marating ng bansa ang tinatawag na *herd immunity*.

Kakarampot ang isanlibo hanggang apat na libong ayuda kada pamilya na pangako ng gubyerno para sa mga mahihirap nating kababayan na higit na maaapektuhan ng militaristang *lockdown* sa loob ng 14 na araw. Marapat lamang na igiit ng taumbayan ang sapat na ayuda mula sa gubyerno tutal ay kasalanan mismo ng gubyerno kung bakit labis ang kahirapan at kagutuman sa bansa. Katunayan, ang kainutilan at kriminal na kapabayaan ng gubyernong Duterte sa paglaban sa Covid-19 ang pangunahing dahilan kung bakit umabot na naman sa yugto ng pagpapatupad ng panibagong mahigpit na ECQ. Ang panibagong ECQ ay panibagong pahirap sa bayan.

Malaki ang posibilidad na mapapalawig pa ang panahon ng ECQ sa Metro Manila at maaari pang madagdagan ng ilang probinsya sa bansa lalo na sa erya ng CALABARZON. Sa ganitong kalagayan, nanawagan ang NDF-ST sa sambayanang Pilipino, lalo na sa mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan na ibayong mag-ingat laban sa mabagsik at mas nakakahawang *delta variant* ng Covid-19. Mahigpit nating ipatupad ang mga inilabas na gabay o *health protocols* ng rebolusyonaryong kilusan na binalangkas ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MASAPA) at maging ng iba pang mga progresibo at grupong medikal sa bansa. Ipinapanawagan din namin ang kahalagahan ng pagpapabakuna ng mga mamamayan laluna ang mga nasa bulnerableng sektor. Ang bakuna ay produkto ng syensya at pag-unlad ng medisina na kailangan natin bilang proteksyon laban sa nakamamatay na mga sakit tulad ng Covid-19.

Habang isinasagawa ang kaukulang pag-iingat sa Covid 19, dapat patuloy na ipaglaban at igiit ng taumbayan na gawing prayoridad ng gubyerno ang pagtugon sa hikahos na kabuhayan ng mamamayang Pilipino at paglaban sa Covid-19. Kondenahin si Duterte at ang kanyang mga alipures na mga pulitiko sa kawalan ng tunay na malasakit sa taumbayan. Nagawa pa ng mga itong unahin ang pamumulitika sa kabila ng katotohanang patuloy na dumarami ang nagkakaroon ng mabagsik at mas nakahahawang *delta variant* ng Covid sa bansa. Hindi totoong walang pondo ang gubyerno para patuloy na suportahan ang malawakang pagbabakuna sa populasyon dahil sa katunayan malaking tipak ng pambansang budget ay inilaan para sa Office of the President, *counter insurgency program* ng AFP at PNP, ng NTF-ELCAC at sa kanyang mga proyektong imprastraktura sa

ilalim ng Build Build Build *program*. Dapat na patuloy na ipaglaban at igiit ng mamamayan sa gubyernong Duterte na gawing prayoridad ang kalusugan at kagalingan ng mamamayan at dito ilagay ang malaking pondo para sa epektibong paglaban sa Covid-19. Patuloy na ipaglaban ang agarang pagpapatupad ng libre at malawakang *testing*, agresibo at sistematikong *contact tracing*, marami at laganap na pasilidad para sa *isolation*, pagpapagamot at pagpapagaling, mabilis at malawakang pagbabakuna at higit sa lahat ang pagpapalakas sa sistemang pangkalusugan sa bansa. T

## Tutulan ang panukalang ‘no vax, no ayuda’! Ipaglaban ang karapatan sa subsidyo at serbisyong medikal!

*Nobyembre 20, 2021*

Nagpapatuloy ang kapabayaan ng rehimeng Duterte sa mamamayan ngayong pandemya. Kamakailan, walang pusong ipinanukala ng Department of Interior and Local Government (DILG) ang patakarang ‘no vax, no ayuda’ sa mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Imbes na makatulong at manghikayat, lalo lamang nitong puputulin ang pagbibigay ng serbisyo sa mamamayan. Nararapat na igiit ng sambayanang Pilipino ang kanilang karapatan sa ayuda at serbisyong pangkalusugan sa gitna ng pananalasa ng COVID-19 sa bansa.

Walang batayan para ipagkait ang ayuda na dati nang nakalaan para sa kanila lalo’t maraming Pilipino ang hindi pa bakunado laban sa bayrus. Kung tutuusin, kapos ang suplay ng bakuna sa bansa, mabagal ang *roll-out* at pinakamasahol ay nasisira pa ang mga ito sa imbakan. Ang patakarang ‘no vax, no ayuda’ ay bahagi ng kamay-na-bakal na tugon ng rehimen sa mamamayan para pagtakpan ang kapalpakan nito sa pagharap sa pandemya. Tulad ng pagdami ng bilang ng mga nagkakasakit na isinisisi sa mga itinuring na ‘pasaway’, ginagamit naman ngayon ng rehimeng Duterte ang ayuda para pilitin ang mamamayan na magpabakuna.

Sa halip na hikayatin ang mamamayan na magpabakuna, pagkakaitan pa sila ng gubyerno ng nararapat na ayudang tamasahin sa panahon ng pandemya. Maraming mahirap na pamilyang Pilipino ang nakaasa ngayon sa 4Ps, kahit na nga sa halos isang dekadang pag-iral ng programang ito ay walang pagbabago sa kanilang kabuhayan. Iniresulta ng mga palyadong tugon ni Duterte ang maramihang pagkakasakit, pagtaas ng bilang ng mga nawalan ng hanapbuhay, mababang pagkatuto ng mga mag-aaral at iba pa. Higit pang tumaas ang presyo ng mga pangunahing bilihin dahil sa mga neoliberal na patakarang ipinatupad ng gubyerno.

Sa panukalang 'no vax, no ayuda', maaaksaya ang mga nakatambak na pagkain at pangangailangan na dapat ipamahagi at pondong inilaan sa mga lokal na yunit ng gubyerno para sa ayuda. Tiyak na pagpipyestahan lamang ito ng mga upisyal ng lokal na yunit ng gubyerno at mga lokal na ahensya ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na batbat ng kurapsyon. Nauna nang naiulat ang maanomalyang pamamahagi ng Special Amelioration Program (SAP) kung saan umabot sa P14 bilyon ang hindi naipamahagi sa mga benepisyaryo. Hiwalay pa ito sa nawawalang P10.4 bilyong pondo ng programa. Samantala, bago pa man ang pandemya, idinadaing na ng taumbayan ang mga kwestiyunable at dagdag na rekisitos sa pamamahagi ng 4Ps kagaya ng *perfect attendance* ng mga bata sa eskwelahan, sapilitang pagpapatrabaho sa barangay at marami pang iba. Malaking bahagi ng kanilang dapat tanggapin sa 4Ps ang binabawas sa balangkas ng mga rekisitos na ito.

Iligal at hindi makatwiran ang pagdaragdag ng mga rekisitos ng gubyernong Duterte sa pagbibigay ng ayuda kagaya ng ipinapanukala

nito. Karapatan ng bawat mamamayang makakuha ng ayuda mula sa gubyerno sa panahon ng sakuna at kagipitan at hindi ito kondisyunal. Tungkulin itong ipagkaloob ng mga lingkod bayan sa kanilang nasasaklaw. Nananawagan ang NDF-ST sa mga naliliwanagang lingkod bayan na tutulan ang panukalang ito at magbigay ng taos-pusong serbisyo sa mamamayan lalo ngayong pandemya, bakunado man o hindi, anuman ang pampulitikang "kulay" at paniniwala.

Makatarungan lamang na ipagpatuloy ng mamamayan ang kanilang panawagan para sa regular at nakakasapat na ayuda at serbisyong pangkalusugan ngayong pandemya. Makiisa sa panawagan ng mga manggagawang pangkalusugan para sa dagdag na suporta sa kanilang hanay. Higit na palakasin ang mga panawagang ito at paulit-ulit na kalampagin ang nagbibingi-bingihang rehimeng Duterte.

Padagundungin ang mga protestang bayan upang igiit ang karapatan sa trabaho, sahod, lupa at serbisyong panlipunan. Magkaisa upang ibagsak ang inutil, pahirap at mamamatay-taong tirano na si Duterte. T

# 5

# *FAKE NEWS* AT *BLACK PROPAGANDA*

## Si Duterte mismo at mga alipures ang may tuwirang pakana sa pagdideklara sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata* at hindi kusang-loob ng mga lokal na pamahalaan

*Hunyo 27, 2019*

Unti-unti nang naglalabasan ang katotohan sa likod ng mga inihayag na deklarasyon ng ilang lokal na pamahalaan sa rehiyong Timog Katagalugan (TK) sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata*. Sa aming pagsisiyasat at ginawang beripikasyon mula sa mapagkakatiwalaang mga indibidwal at grupo na may akses sa panloob na mga impormasyon ng mga lokal na gubyerno sa TK, ang mga resolusyon na nagdedeklara sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata* ay mga yari't ganap nang dokumento na nagmula mismo sa

pambansang pamahalaan at pinapaikot para papirmahan sa mga lokal na opisyales ilang buwan bago ang halalan ng Mayo 2019.

Ayon din sa aming mapagkakatiwalaang mga indibidwal at grupo, ang pagpapapirma sa mga inihandang resolusyon ay may dalawang pamamaraan. Una, ang mahinay na lapit kung saan susuhulan at pangangakuang tutulungan sa kampanya ang mga lokal na opisyales. At kapag di umubra ang una, saka gagawin ang ikalawang lapit—gigipitin at tatakutin sila. Ganito ang ginawa ng Task Force Peacock sa Palawan para gipitin ang mga lokal na gubyerno tungo sa pagdideklarang *persona non grata* sa CPP-NPA-NDFP.

Samakatuwid, ang pagpirma sa resolusyon at pormal na pagpapahayag sa publiko ng mga Sangguniang Bayan sa rehiyon na *persona non grata* ang CPP-NPA-NDFP ay hindi kusang-loob na kagustuhan ng mga lokal na opisyales na itaya ang sarili sa peligro at batikos mula sa kanilang mga nasasakupan. Sila'y pinilit at isinandal sa pader na pumirma sa resolusyon hindi lang dahil sa hayagang panunuhol at pangakong tutulungan sila sa kampanyahan, kundi dahil din sa todong panggigipit at pananakot na sila'y kakasuhan na nakikipagmabutihan sa CPP-NPA-NDFP.

Sa kabilang banda, mabibilang lang sa daliri ang mga lokal na opisyal na hayagang sumusuporta sa pakanang ito ng administrasyong Duterte. Sila ang mga sagadsaring anti-komunista na patong-patong na ang nagawang kasalanan sa taumbayan at rebolusyonaryong kilusan. Hindi na nakapagtataka ang kanilang ginawang pagpanig at lantarang pagsuporta sa mga pasistang hakbangin ni Duterte laban sa taumbayan.

Hindi nagkamali ang rebolusyonaryong kilusan sa TK sa mga nauna nitong mga inilabas na pahayag na ang deklarasyon ng mga lokal na pamahalaan sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata* ay resulta ng panggigipit at pananakot ng pasistang rehimeng Duterte para palitawin na nagtatagumpay ang kanyang kontra-rebolusyonaryong digma sa CPP-NPA-NDFP. Bukod dito, sinamantala din ni Duterte at ng AFP at PNP ang panahon ng elektoral na kampanya para manlinlang, manuhol at mangakong tutulungan sa kampanya ang mga lokal na opisyales kapalit ng pagpirma nila sa inihandang resolusyon ng kanyang mga alipures.

Amin ding napag-alaman na ang pinapirmahang mga resolusyon nuon pang panahon ng kampanyahan ay inuunti-unti at isa isang inilalabas sa publiko ng TF-ELCAC at AFP para pagmistulaing tuloy-tuloy na nagtatamasa ng popular na suporta ang kanilang kampanya ng paghihiwalay sa rebolusyonaryog kilusan. Bahagi ito ng kanilang imbing pakana at taktikang saywar na lumikha ng ilusyon na nawawalan na ng suporta ang CPP-NPA-NDFP mula sa mamamayan, sa isang panig, at nagtatagumpay naman ang kanyang kontra-rebolusyonaryong digma na Oplan Katatagan, sa kabilang panig.

Halatang desperado na talaga ang pasistang rehimeng US-Duterte dahil sa kung anu ano na lang pakanang kasinungalingan ang kanilang ginagamit na paraan para pagmukhain silang nagwawagi laban sa CPP-NPA-NDFP. Subalit dahil sa kanilang desperasyon, sila na rin ang naglalantad sa kanilang sarili na sila'y bigo sa kanilang ultimong layunin na alisan ng popular na suporta ang rebolusyon. Ang mismong ikinikilos at ginagawa ni Duterte laban sa taumbayan at

mga lokal na opisyales sa Timog Katagalugan ang lilikha ng kundisyon para pagmulan ng malakas na suporta ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Si Duterte mismo ang lumilikha ng matabang lupa para lalo pang makapagpalakas ang CPP-NPA-NDFP sa rehiyon at lubos na maihanda ang sarili sa susuungin nitong malalaking labanan sa hinaharap. **T**

## Paghahasik ng kasinungalingan ng pasistang rehimeng US-Duterte: Mabibigo

*Agosto 17, 2019*

Matapos mabigo at langawin ang mga pakulong "localized peacetalks" at gawa-gawang *zarzuela* ng diumano'y mga pagsuko ng mga kasapi at taga suporta ng NPA, bumaling naman ang administrasyong Duterte sa pagtutulak at sapilitang pag-oobliga sa mga LGU na maglabas ng mga resolusyon na nagdedeklara sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata*. Ang mga hindi tatalima na LGU's ay babantaan at aakusahang NPA *supporters* at maaaring maging target ng EJK at iba pang pasistang panggigipit at pag-atake.

Tiyak na hahantong lamang sa kabiguan ang bagong pakanang ito ng pasistang rehimen katulad din ng mga nauna nilang pagtatangka na maghasik at magpakalat ng kasinungalingan laban sa CPP-NPA-NDFP. Ang mga deklarasyon ng mga LGU sa CPP-NPA-NDFP na *persona non grata* ay huwad at walang bisa sa rebolusyonaryong kilusan. Ito'y mga deklarasyon na iniluwal ng pagbabanta, pananakot at pamimilit ng mersenaryong AFP-PNP at DILG sa mga LGU sa pamamagitan ng TF-ELCAC.

Umaasa si Duterte na sa pamamagitan ng bagong pakanang pagdedeklara sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata,* mapapaniwala niya ang taumbayan na nagtatagumpay ang kanyang kontra-insurehensya pakana laban sa rebolusyonaryong kilusan na

hindi nagawang kamtin ng palpak at nilangaw na *localized peacetalks* at *staged surrenders* ng mga diumano'y aktibong kasapi ng NPA at mga taga-suporta nito.

Sa muli, nangangarap nang gising ang taksil, pasista at tiranikong si Duterte. Sa halip, lalo lamang inilalantad ni Duterte ang kanyang kabiguan at desperasyon na makapuntos sa *propaganda war* laban sa rebolusyonaryong kilusan. Kung totoong nagtatagumpay ang pasistang rehimeng US-Duterte sa kontra-rebolusyonaryong digma nito laban sa CPP-NPA-NDFP, bakit kailangan pa nilang manindak, magbanta at sapilitang magpapirma sa mga LGU sa hinanda nilang dokumento na nagdedeklara sa CPP-NPA-NDFP bilang *persona non grata*? Bakit patuloy at garapalan ang ginagawa nilang pandarahas at paninikil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan kung totoong humihina na ang rebolusyonaryong kilusan? Bakit kailangan pang garapal na dahasin at sindakin ng AFP at PNP ang masa kung ayaw nila sa rebolusyonaryong kilusan? Hindi ba ito'y malinaw na panibagong maniobrang pampropaganda ni Duterte para manlinlang at magpakalat ng kasinungalingan sa taumbayan para pagtakpan ang kanilang kabiguan?

**Inutil at hungkag ang panibagong hakbang ng pasistang rehimeng US-Duterte na ideklara ang CPP-NPA-NDFP bilang persona non grata**

Tiyak na hahantong lamang sa kabiguan anuman ang gawin ng pasistang rehimen na magpatupad ng mga hakbangin sa panlilinlang at pagkakalat ng kasinungalingan sa taumbayan laban sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi na matitinag pa ang matibay na ugnayan ng taumbayan at rebolusyonaryong kilusan na pinanday at

hininang sa mahabang panahon ng pagsasama sa buhay-at-pakikibaka para ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Ang pag-iral sa matagal na panahon ng mga lokal na organo ng Pulang kapangyarihan sa malawak na bahagi ng kanayunan ng bansa ay patunay na ang rebolusyonaryong pwersa ay tinatangkilik at nagtatamasa ng malawak na suporta ng taumbayan. Ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika ay nag-eehersisyo ng pampulitikang otoridad sa depinidong tipak ng teritoryo, nagpapatupad ng sariling batas, may sariling kumprehensibong programa sa repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon, may sariling programa sa serbisyong panlipunan tulad ng sa edukasyon, kultura, pangkalusugan at pampalakasan gayundin ng sariling sistema ng hustisya at progresibong pagbubuwis.

Ang katotohanang ito ay hindi kayang baguhin ng anumang uri ng deklarasyon mula sa reaksyonaryong gubyerno laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ang CPP-NPA-NDFP ay *de facto* isang lehitimong "belligerent force". Hindi na ito kayang pasubalian ng reaksyunaryong gubyerno anumang pilit na karatulahan nila ang CPP-NPA-NDFP bilang mga "insurgent" at terorista. Sa mata at karanasan ng taumbayan, ang CPP-NPA-NDFP ang tanging pampulitikang organisasyon na may malinaw na agenda at programa na maghahatid sa kanila sa kasaganaan at magbibigay ng tunay na kalayaan at demokrasya sa bawat isa.

Ang taumbayan at hindi ang reakyunaryong gubyerno ang magkakaloob ng *legitimacy* at *belligerent status* sa CPP-NPA-NDFP.

Ilang ulit mang patindihin ng pasistang rehimeng US-Duterte ang mga pag-atake nito sa rebolusyonaryong kilusan at sambayanang Pilipino hinding hindi nito mapipigilan ang pagsulong at paglakas ng paglaban ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya tungong sosyalismo. T

## Mabibigo ang kontra-rebolusyonaryong gera ng SOLCOM laban sa CPP-NPA-NDFP

*Agosto, 18, 2019*

Nangangarap nang gising o kundi man ay patuloy na nahihibang ang pamunuan ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines (SOLCOM-AFP) sa pag-aakalang magagapi nila ang CPP-NPA-NDFP.

Sa kanilang pinakahuling inilabas na *online poster/flier* na inilathala sa kanilang Facebook *page* nuong Agosto 8, 2019, buong kahambugan na sinabi ng Solcom na "Malapit na ang Katapusan ng CPP-NPA sa Buong Bansa". Sa naturan ding *online poster/flier,* walang kahihiyang nagparating din ng pasasalamat ang SOLCOM sa publiko sa paniniwalang nakikiisa ang taumbayan sa kanilang kontra-insurehensyang kampanya laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Walang magawa ang pamunuan ng Solcom at buong AFP kundi ang lokohin at aliwin ang sarili na parang sirang plakang paulit-ulit na pinapahayag sa publiko na malapit na ang katapusan ng CPP-NPA. Subalit pinasubalian na ang ganitong mga pamamahayag sa kasaysayan ng 50-taong pagsusulong ng armadong pakikibaka sa bansa sapul pa sa panahon ng pasistang rehimeng Marcos kung saan nasa kamusmusan pa lamang ang CPP-NPA at panimulang ipinupundar pa lamang ang mga batayan ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas.

Sa kabila ng kanilang kalamangan sa tauhan, sandata't lohisitika at suporta ng US, nabigo si Marcos at ang mersenaryong AFP na kitlin-sa-usbong ang nuo'y nagsisimulang armadong paglaban ng mamamayan. Bagkus, patuloy na lumawak at lumakas ang rebolusyonaryong kilusan sa gitna ng mahirap na kundisyon bunga ng pasistang paghahari ni Marcos dahil sa malaganap na kahirapan, pagsasamantala at panunupil ng batas militar sa bansa.

Muling naulit ang pahayag na ito ng SOLCOM-AFP  sa panahon ni Corazon Aquino nang ideklara nito ang "total war policy" laban sa CPP-NPA-NDFP matapos umatras ang NDFP sa usapang pangkapayapaan sa GRP dahil sa pangyayaring Mendiola Massacre nuong Enero 1987 at sa usaping panseguridad. Tulad ni Marcos, nabigo ang rehimen ni Corazon Aquino na gapiin at lupigin ang rebolusyonaryong kilusan.

Sa panahon ni Fidel Ramos at mga sumunod pang mga rehimen, bago ang kasalukuyang pasistang rehimeng US-Duterte, naging gaya-gaya at paulit ulit lang ang ginagawa ng SOLCOM-AFP sa pagtatakda ng palugit para wakasan ang rebolusyonaryong kilusan sa bansa alinsunod sa ipinapatupad nitong mga programang kontra-rebolusyonaryo.

Ganito na naman ang pahayag ng SOLCOM-AFP, sa ilalim ng pasistang rehimeng US-Duterte,  sa pag-aakala na sa pamamagitan ng estratehiyang *whole-of-nation approach to end local communist armed conflict* sa ilalim ng Oplan Kapanatagan ay maigugupo na nila ang rebolusyonaryong kilusan pagsapit ng 2022. Binago nila ang unang palugit mula kalagitnaan ng taong 2019 tungong Hunyo 2022 matapos lubusang i-abandona ni Duterte ang usapang pangkapayapaan sa NDFP.

Tulad ng nangyari sa mga nakaraang rehimen patuloy lang na makakalasap ng kahihiyan at kabiguan ang SOLCOM-AFP kahit ilang beses man nilang ulit-ulitin ang pagbabando sa publiko na malapit na ang katapusan ng CPP-NPA. Hindi kailanman mauunawaan ng mga reaksyunaryo (palibhasa'y iniidolo ni Duterte ang pasistang si Marcos at nahubog naman sa mersenenaryong tradisyon ang AFP) ang katotohanan na hangga't nariyan ang kahirapan, pagsasamantala't pang-aapi at kawalan ng katarungang panlipunan, laging umiiral ang batayan at dahilan para lumahok ang mamamayan sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Patuloy na maghahangad ang mamamayan ng radikal na pagbabago sa lipunan at magpapatuloy ang paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan. Hangga't naghihirap, nakararanas ng ibayong kagutuman at inhustisya ang taumbayan, hindi mapipigilan ng anumang pwersa ng reaksyunaryong kapangyarihan ang paglaban ng mamamayan. Hangga't patuloy na ipinapatupad ni Duterte ang pinatinding pasistang pag-atake at terorismo laban sa mamamayan at sinisikil ang mga kalayaang sibil at demokratiko, lalong bibilis ang kapasyahan nilang sumapi sa NPA at maglunsad ng armadong rebolusyon.

Ang pinakakawalang labis na panunupil at ang tiranikong paghahari ng pasistang rehimeng US-Duterte ang mismong dahilan kung bakit patuloy na lumalakas ang ligal, di-armado at armadong paglaban ng mamamayan. Batas ito ng kasaysayan na di maaring pigilan ng anumang karahasan at terorismo ng reaksyunaryong estado. Ngayon pa lamang idinideklara ng rebolusyonaryong kilusan sa TK ang dadanasing pagkasiphayo ng SOLCOM at buong AFP. T

## Komentaryo sa pahayag ni Secretary Panelo na walang nagawang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng administrasyong Duterte

*Setyembre 24, 2019*

Dapat ngang tawaging "payaso ng Malakanyang" si Secretary Panelo—tagapasalita at tagalinis ng kalat ni Duterte sa media. Sa naiibang talento ni Panelo sa pagsisinungaling at paglulubid ng kwento, akma nga siyang maging tagapagsalita ng Palasyo upang pabanguhin ang imahen ng rehimeng Duterte tulad ng ginawa ni Goebbels sa Nazismo ni Hitler.

Tigas ang mukha ni Panelo sa pagsisinungaling sa harapan ng mga kagawad ng media sa Malacanang noong Setyembre 23, 2019 na "walang nagaganap na paglabag sa karapatang pantao" sa bansa maging sa panig ng administrasyong Duterte. Reaksyon ito ng Malacanang sa naging ulat ni Antonio Guteress, ang Secretary General ng United Nations, na isa ang Pilipinas sa 48 bansa sa mundo na patuloy ang ginagawang mga intimidasyon at panggigipit, bilang pagganti, sa mga organisasyong sibiko, mga tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng karapatang pantao dahil sa kanilang pakikipagtulungan sa United Nations Human Rights Council.

Pawang mga kakarampot na pasista at masusugid na mga anti-demokratikong elemento lamang, sa loob at labas ng gubyernong Duterte, ang maniniwala sa pahayag ni Panelo. Alam ng taumbayan

kung gaano kabrutal at mapaniil ang pasistang adminstrasyong Duterte lalo na sa kampanya nito laban sa iligal na droga at sa "kontra-insurehensya" sa ilalim ng Oplan Kapanatagan.

Hindi kayang pagtakpan ng mga kasinungalingan, maaangas na pananalita at retoriko ng Malakanang ang paniniwala ng internasyunal na komunidad sa kalupitan at pananagutang kriminal ni Duterte dahil sa naganap at patuloy pang nagaganap na malawakang pagpatay sa mga pinaghihinalaang adik at tulak ng ilegal na droga na kalakhan ay mula sa mahihirap na Pilipino. Marami ang naniniwala na sadya silang pinatay at hindi "nanlaban" na madalas at gastado nang kwento ng mga operatiba ng gubyerno para palitawin na lehitimo ang kanilang mga operasyon laban sa iligal na droga. Hindi na lihim ang ginagawang pagtatanim ng ebidensya—baril at ilegal na droga—ng mga operatiba ng pulisya at militar para suportahan ang kwentong "nanlaban kaya napatay" ang mga biktima ng *extra-judicial killings*.

Higit na marami ang naniniwala, hindi lang dito sa bansa kundi maging sa ibayong dagat, na ang pasistang si Duterte ang utak at nasa likod ng mga pagpaslang, pag-atake, demonisasyon, *red-tagging* at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso para usigin at ipakulong sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon, mga masugid na kritiko at oposisyon sa bansa.

Hindi na kayang linisin pa ni Panelo ang estabilisadong katotohanan na sa loob lamang ng mahigit na 3 taong panunungkulan ng pasistang rehimeng US- Duterte ay nahihigitan na nito ang mga paglabag sa karapatang pantao ng pinagsamang rehimen mula kay Ferdinand Marcos hanggang kay Noynoy Aquino. Patunay dito ang mga datos na nakatala sa ibaba.

Mahigit sa 6,000 ang opisyal na bilang na inamin ng pulisya na kanilang napapatay sa gyera kontra ilegal na droga at mahigit naman sa 25,000 pang pamamaslang na may kaugnayan sa ilegal na droga ang isinasailalim sa imbestigasyon.

Umabot naman sa 134 na tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng karapatang pantao at mahigit sa 100 lider magsasaka at katutubo, mula sa mga progresibong organisasyon, ang biktima ng ekstrahudisyal na mga pamamaslang ng mga ahente at death squad ng rehimen. Dumarami din ang bilang ng mga mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula sa mga taong simbahan, media, abugado at iba pang propesyunal. Sa kabilang banda, nakapagtala ang Karapatan ng mahigit sa 381 bigong ekstrahudisyal na pamamaslang na ang pinakahuli ay ang tangkang pagpatay kay Atty. Criselda Heredia na isang *human rights lawyer* at aktibong *environment activist* na nakabase sa Capiz.

Ayon din sa Karapatan, batay sa inilabas nilang datos sa publiko mula Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2018, mahigit sa 448,000 na mga magsasaka at katutubo ang biktima ng karahasang militar ng AFP at PNP sa pagpapatupad ng Oplan Kapanatagan gamit ang *whole-of-nation strategy to end local communist armed conflict*. Kabilang ang 368,391 na sapilitang nagsilikas sa ligtas na lugar dahil sa mga isinagawang *aerial bombings* ng AFP na walang pagsasaalang alang sa buhay ng mga kawawang sibilyan. Nasa 8,340 naman na indibidwal ang biktima ng *indiscriminate firing* ng AFP at PNP.

Nasa 2,684 ang naisadokumento ng Karapatan na iligal na inaresto kung saan 513 ang kinasuhan at ikinulong batay sa mga gawa-gawang

kaso. Nasa 111 naman ang nakaranas ng torture mula sa kamay ng mga amadong pwersa ng estado. Nasa mahigit sa 6,100 ang nakaranas ng ilegal na demolisyon.

Marami pang naisadokumento ang Karapatan na mga paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng adminitrasyong Duterte na isinapubliko bilang patunay na malawakan, talamak at walang habas ang nagaganap na mga paglabag sa karapatang pantao ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa sambayanang Pilipino.

Batay sa nabanggit sa itaas na halaw sa opisyal na dokumento, mga kongkretong datos at mga sinumpaang salaysay ng mga biktima sa paglabag sa karapatang pantao na isinumite at iprinesenta sa United Nations Human Rights Council (UNHRC) ng mga organisasyon na nagtataguyod at nagtatanggol sa karapatang pantao sa Pilipinas, pinasusubalian nito ang pahayag ng Malakanyang na walang nagaganap na paglabag sa karapatang pantao sa bansa at walang nilalabag na karapatang pantao ang administrasyong Duterte.

Sa ganito, kaya pa bang papaniniwalain ni Panelo ang taumbayan sa kanyang mga imbentong kasinungalingan? Wala, wala at wala nang maniniwala sa mga kapural ni Duterte. Wala nang natitirang kredibilidad si Duterte para maniwala ang taumbayan. Para sa taumbayan, si Duterte ay traydor, korap, pasista at talamak na mamamatay tao. Isang pinunong may kriminal na intensyon at oryentasyon para magkamal ng kapangyarihan na walang hanggan. Dapat na pigilan ng mamamayan ang patuloy pang paglubha ng mga paglabag sa karapatang pantao at higit na karumal dumal na krimen sa bayan ng rehimeng Duterte. Dapat nitong buuin ang malawak na

pagkakaisa at ilunsad ang determinadong paglaban upang agarang mapapatalsik sa isang popular na pag-aalsa ng taumbayan na tulad ng nangyari sa EDSA nuong Pebrero 1986 na nagpatalsik sa diktador na si Ferdinand Marcos. T

## Taliwas sa lason at kasinungalingang inihahasik ng Southern Luzon Command-Armed Forces of the Philippines (SOLCOM-AFP), ang rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan ay nanatiling matatag at mahigpit ang pagkakaisa

*Nobyembre 30, 2019*

Mariing pinabubulaanan ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDFP-ST) ang pahayag ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philipines (SOLCOM-AFP) na nagkakagulo at demoralisado ang New Peoples Army sa rehiyon dahil sa pagkadakip kay kasamang Jaime "Ka Diego" Padilla, tagapagsalita ng Melitor Glor Command ng NPA-Southern Tagalog.

Malinaw na ang pahayag ng SOLCOM-AFP ay desperadong hakbang upang muling maghasik ng kaguluhan at intriga sa hanay ng rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon at buong bansa. Nais nilang lumikha ng "panic scenario" upang papaniwalain ang taumbayan na nagkakagulo na ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at sa kabilang banda palabasin na ang SOLCOM-AFP na nagtatagumpay sa kanilang kontra rebolusyonaryong digma laban dito.

Hindi na ninyo kayang linlangin at lasunin ang kaisipan ng mamamayan sa rehiyon at bansa sa pamamagitan ng inyong mga taktikang saywar. Wala nang maniniwala sa AFP at PNP. Muhing-muhi na ang taumbayan

sa inyo at lalong higit sa inyong among pasista, traydor, korap at mamamatay taong rehimeng US-Duterte.

Ang buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa rehiyon ay nanatiling matatag at determinado na isulong sa isang bago at mas mataas na antas ang demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB) sa kabila ng pangyayari kay Kasamang Jaime Padilla. Laging handa ang rebolusyonaryong kilusan sa mga susuungin nitong panganib at sa di inaasahang pangyayaring katulad sa pagkahuli kay Ka Jaime Padilla. Batid ng bawat isa na bahagi ito ng pakikibaka at sakripisyo na kailangang paghandaan ng mga rebolusyonaryo sa kurso ng kanilang pakikibaka para sa pambansang demokrasya at sosyalismo. Pinanday ang mga rebolusyonaryo sa mga kahirapan at sakripisyo, sa buhay at kamatayang pakikibaka na may mataas na kahandaang i-alay ang tanging buhay kung kinakailangan alang alang sa rebolusyon at sa bayan.

Ang ganitong di magagaping diwa ng rebolusyonaryong kilusan ay wala sa mersenaryo, pasista at anti-mamamayang SOLCOM-AFP. Kaya ganun na lamang kamahal ng mamamayang Pilipino ang CPP-NPA-NDFP. Habang sa kabilang banda, muhing-muhi sila sa AFP, PNP at sa buong pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang pagkadakip kay Kasamang Jaime Padilla ay maituring na pansamantalang kabiguan lamang. Hindi mapapaatras ni mapipigilan ang momentum ng pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan sa rehiyon. Hindi mapipilay o maaantala ang rebolusyonaryong mga gawain dahil sa mahaba ang bangko at listahan ng mga kadre at opisyal ng rebolusyonaryong kilusan

sa rehiyon na maaaring pagpilian, na siyang pupuno at hahalili sa naiwang gawain ni Kasamang Jaime Padilla.

Samantala, mariin naming kinokondena ang ginawang paglipat ng mga ahente ng pasistang estado kay Ka Jaime Padilla mula sa Kampo Crame tungo sa hindi pa malamang lugar. Ang paglipat ng kulungan kay K. Jaime Padilla na hindi pinaalam sa kanyang pamilya at abugado ay maituturing na pagdukot o pagkidnap sa kanya. Malinaw na paglabag ito sa kanyang karapatang pantao para mabisita at makausap ng kanyang pamilya at mga abugado habang nasa kustodiya ng kapulisan. Hindi maiiwasang mangamba ang mga kapamilya at abugado sa maaaring sapitin ni K. Jaime Padilla na pisikal o mental tortyur sa kamay ng mga dumukot sa kanya sa Crame para makapiga ng impormasyon. Maselan ang kalagayan ng kasama na napapailalim sa medikasyon dulot ng nakitang di magandang kalagayan ng kanyang puso. Anumang masamang mangyari sa kasama ay malaking pananagutan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa rebolusyonaryong kilusan at sa bayan.

Ang paghuli kay kasamang Jaime Padilla, bilang NDFP *peace consultant*, ay malinaw na paglabag ng gubyerno sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) sa pagitan ng GRP at NDFP. Lalong nilabag ng gubyernong Duterte ang Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) nang hulihin nito si Ka Jaime Padilla habang nagpapagamot sa Cardinal Santos Medical Center sa San Juan City sa sakit sa puso. Si Ka Jaime Padilla ng mga panahong iyon ay maituturing na *hors de combat* at binibigyan ng proteksyon ng CARHRIHL at iba pang internasyunal na makataong batas. Hinuli at

pwersahang kinuha ng CIDG-PNP sa ospital habang sumasailalim sa pagsusuri ng mga doktor sa kanyang nararamdamang sakit sa puso.

Kondenahin ang hindi makataong pagtrato kay Kasamang Jaime Padilla bilang bilanggong pulitikal at may karamdaman. T

## Hinggil sa mga pinakahuling kasinungalingan ng SolCom

*Enero 8, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang malisyosong paratang ni Lt. Colonel Dennis Cana, *public information officer* ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ng AFP, na ginamit lang ng CPP-NPA-NDFP ang nakaraang tigil putukan para makapangikil sa mga *government projects, private contractors* at *business establishments* at ganundin para makapagpalakas.

Sa likod ng mga akusasyong ito, mas dapat ipaliwanag ni Cana ang pag-iral ng sari-saring sindikatong kriminal sa loob ng AFP at PNP. Dapat ipaliwanag ni Cana kung papaano ibinubulsa at pinagkakwartahan ng mga opisyal na tulad nya ang milyun-milyong pondo ng E-CLIP at *gunrunning syndicate* sa loob ng Logistic Command ng AFP.

Sa isang banda, hindi maipagkakaila ni Cana na ang pinakamataas na upisyal ng PNP na si Albayalde ay siya mismong protektor ng mga *ninja cops* sa pagresiklo ng iligal na droga. Ang buong institusyon mismo ng AFP at PNP ang pinakamalaking sindikato sa bansa na pinamumugaran ng sari-saring kriminal sa mga operasyong *kidnap-for-ransom, gun-for-hire, protection racket, drug trade, human trafficking, jueteng* at lahat ng uri ng kriminalidad.

Bawat matataas na opisyal ng AFP at PNP ay tumatanggap ng daan-daang libong buwanang payola o suhol mula sa mga *jueteng lord* bilang proteksyon sa kanilang iligal na impormasyon. Kaya Lt. Col. Cana, sino ngayong ang mangingikil?

Gaano man ang gawing pagandahin ang imahen ng AFP at PNP, hindi mabubura ang mersenaryo at marahas na katangian nito sa pagdahas at pagsupil sa mamamayan.

Kung tatanungin ang mamamayan kung sino ang tunay na salarin, mangingikil at magnanakaw, walang pag-aatubiling ituturo nila ang mga elemento ng AFP at PNP. Mga tropa ng AFP ang nagnanakaw ng kanilang mga alagang manok at baboy tuwing nag-ooperasyon ito. Mga tropa ng AFP ang sumusunog at sumisira sa kanilang pananim. Mga tropa ng AFP ang nananakit, nagpapahirap, nanggagahasa at pumapatay sa walang kalaban-labang mga sibilyan.

Isinusuka ng maliliit na negosyante at mga byahero ang mga *checkpoint* ng AFP at PNP na talamak sa pangongotong at pangingikil. Kaya naman, laking tuwa at ipinagbubunyi nila tuwing pinatatamaan ng mga aksyong militar ng NPA ang mga tropa ng AFP at PNP.

Nais iligaw ni Cana ang tunay na isyu sa usapang pangkapayapaan at tigil-putukan. Binabaluktot ni Cana ang usapin na nakikinabang lamang dito ang CPP-NPA at NDFP. Subalit nakikinabang din dito ang AFP-PNP at gubyernong Duterte dahil sa panahong nakatayo ang tigil-putukan, isinuspindi at ipinagpaliban ng NPA ang mga aksyong militar laban sa AFP-PNP at mga paramilitar na nasa ilalim ng AFP para likhain ang paborableng klima para muling buksan ang usapang

pangkapayapaan. Disin sana'y maraming ulit nang pinatamaan ng mga taktikal na opensiba ng NPA ang mga tropa nilang nagsasagawa ng *focused military operation.*

Lupa at langit ang pagkakaiba ng NPA sa AFP-PNP. Kaya naman labis na minamahal at tinatangkilik ng mamamayan ang NPA na tanging hukbong tagapagtanggol nila laban sa lahat ng mapang-api at mapagsamantalang uri kabilang ang mersenaryong instrumento ng estado ng naghaharing uri. Kung gaano minamahal ng masa ang NPA ay ganun din nila kinamumuhian ang mersenaryo at pasistang AFP at PNP.

Hindi na kailangan pang isa-isahin ang dahilan. Batid ng masa mula mismo sa kanilang karanasan kung sino ang tunay na hukbo nila. Papayagan ba ng masa na ibigay ang pinakamahuhusay nilang anak para maglingkod sa NPA kahit walang sweldo kung hindi nila itinuturing itong kanilang hukbo?

Sa AFP at PNP, sino ang mangangahas maglingkod nang tapat sa interes ng bayan at masa kung hindi tatanggap ng sweldo at kabayaran? Pera at pabuya ang motibasyon ng bawat elemento ng AFP at PNP kaya sila nananatili sa serbisyo. Pabalat bunga na lamang ang sinasabi nilang maglingkod at magtanggol sa mamamayan. Ang totoo, institusyon sila sa pagtatanggol sa interes ng mga mapagsamantala at mapang-api at sa pagsupil sa demokratikong karapatan at interes ng mamamayan.

Kaya Lt. Col. Cana, bago ka magbitaw ng paninira sa rebolusyonaryong kilusan, tingnan mo muna ang tunay na imahen ng kinabibilangan mong institusyon at ang ipinagtatanggol na interes ng mersenaryong tradisyon nito. **T**

## Hinggil sa kasinungalingan ni General Burgos ng AFP

*Hunyo 5, 2020*

Kinukondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang malisyoso, hayagang pambabaluktot sa kasaysayan at malinaw na naglilingkod sa pansarling interes ang ginawang pahayag ni Major General Arnulfo Burgos, pinuno ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd ID-PA), matapos diumano nilang mapatay si Lorelyn Saligumba sa isang sagupaan sa Barangay Mangangan Uno, Baco, Oriental Mindoro dakong hapon ng Hunyo 4, 2020.

Malisyosong inuugnay agad ni General Burgos ang pagkapatay nila kay Lorelyn Saligumba sa pangyayari nuong Pebrero 6, 2010 sa Morong, Rizal para bigyang matuwid at katuwiran ang krimen na ginagawa nila sa mga lehitimong *health workers* na kanilang iligal na inaresto mahigit sa sampung taon na ang nakalipas. Kung matatandaan, iligal na inaresto ng pinagsanib na pwersa ng 202nd Brigade/2nd ID-PA at PNP ang mga nagsasanay na mga *medical health workers* sa isang Farm sa Morong Rizal nuong Pebrero 6, 2020. Pinalabas nuon ng AFP at PNP na ang kanilang hinuling 43 na mga manggagawang pangkalusugan ay mga NPA na nagsasanay sa paggawa ng bomba batay sa mga diumanong nakuha nilang ebidensya na malinaw naman na kanilang itinanim. Subalit, matapos ang ilang buwang pagkakakulong, napalaya nuon ang nasa 38 na kabilang sa Morong 43 dahil sa kawalan

ng matibay na ebidensya at dahil na rin sa ginawang matinding presyur sa gubyernong Noynoy Aquino ng iba't ibang grupo't organisasyon sa bansa at sa ibayong dagat (ang 5 sa 43, dahil sa matinding presyur ng AFP ay mas piniling mamalagi sa kampo ng 2nd ID sa Tanay, Rizal).

Sa diumanong pagkapatay nila kay Lorelyn Saligumba, nais ngayong palitawin ni General Burgos na tama ang kanilang akusasyong mga "NPA" at hindi mga lehitimong manggagawang pangkalusugan ang kanilang hinuli sampung taon na ang lumipas. Walang kahihiyang ginagamit ngayon ni General Burgos ang pagkapatay nila diumano kay Lorelyn Saligumba, kasama sa napalayang Morong 43, bilang ebidensya, para pagtibayin na wasto ang kanilang akusasyon nuong Pebrero 6, 20210 laban sa Morong 43. Nagkakamali si General Burgos sa pag-aakalang magagamit niyang tungtungan ang pagkapatay nila kay Lorelyn Saligumba sa isang sagupaan para palitawing lehitimo at wasto ang akusasyon ng AFP at PNP sa Morong 43.

Ang buong akala ni General Burgos ay nakakuha muli siya ng bala para iputok sa mga progresibo at mga lehitimo at progresibong organisasyon na ang pagkapaslang nila kay Lorelyn Saligumba, na isa sa mga napalayang Morong 43, ay patunay na wasto ang kanilang sinasabi na mga prente lamang sila ng CPP-NPA-NDFP.

Mapanganib ang ganitong mga paratang at takbo ng pag-iisip ni General Burgos na umaalinsunod din sa linya at takbo ng pag-iisip ng mga nasa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Tulad ng NTF-ELCAC, nais niyang palitawin na ang mga lehitimong organisasyon na nagsusulong para sa kapakanan at kagalingan ng taumbayan ay mga prente lamang at umaastang

tagarekruta para sa CPP-NPA-NDFP. Magkakorus nilang ginagamit ang insidente ng Morong 43 para lalong bigyang katwiran ang kanilang mapanganib na *red tagging* at pagnanais na gawing iligal ang pag-iral ng mga progresibong organisasyon sa bansa. Nais nilang lumikha ng kundisyon para isakatuparan ang matagal na nilang pagnanais na magpatupad ng malawakang *crackdown* laban sa mga progresibong indibidwal, gupo at organisasyon na nasa unahan ng paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte.

Lalong nagiging mapanganib ang ginagawang pag-uugnay sa ligal na kilusang pambansa-demokratiko sa bansa bilang mga tagasuporta at tumatangkilik sa CPP-NPA-NDFP ngayong pirma na lang ni Duterte ang kulang para maging ganap nang batas ang Anti-Terrorism Act of 2020 na tinaguriang Teror Bill ng malawak na mamamayang tumututol at lumalaban sa Anti-Terrorism Act of 2020. Nakumpleto na at hawak na ni Duterte ang batas na magagamit niyang armas para patahimikin at supilin ang anumang uri ng pagpuna, pagbatikos, pagtutol at paglaban ng sambayanang Pilipino sa kanyang katiwalian at tiranikong pamamalakad ng gubyerno lalo na sa kasalukuyang palpak na paghawak at pagdadala nito ng paglaban sa Covid-19.

Dapat malaman nina Burgos at mga nasa NTF-ELCAC na ang numerong rekruter ng CPP-NPA-NDFP ay ang kanilang among si Duterte. Ang tiwaling pamamalakad ng pasistang rehimeng US-Duterte, ang labis na kahirapan na nararanasan ng mamamayang Pilipino, ang kawalan ng katarungan sa bansa, ang tumitinding panunupil at pagkitil sa mga kalayaang sibil at demokratikong karapatan ng taumbayan ay mga ultimong dahilan at ugat kung bakit maraming sumasampa sa NPA at nagsusulong ng armadong pakikibaka. Itinutulak ng kasalukuyang

mga kundisyon sa bansa na makatarungan at lehitimo ang humawak ng armas at mag-alsa ang sambayanang Pilipino para ibagsak ang korap, traydor, tiraniko at uhaw sa dugong mamamatay taong si Duterte.

Ito marahil ang mga dahilan na nagbunsod kay Kasamang Lorelyn Saligumba na sumapi sa NPA at magsulong ng armadong pakikibaka para bigyan ng katarungan at kaginhawaan ang mga inaapi at pinagsasamantalahang uri't sektor ng lipunang Pilipino. Nawala man si Kasamang Lorelyn tiyak na marami namang susunod sa kanyang mga yapak at landas na tinahak.

Ang mga rebolusyonaryong kasamahan ni Kasamang Lorelyn Saligumba sa rehiyong Timog Katagalugan at ng mamamayang kanyang taos-pusong pinaglingkuran ang magpapatuloy sa kanyang mga ipinaglalaban para makamit ang tunay na kapayapaan, kasaganaan at demokrasya sa bansa. T

## NTF-ELCAC ng rehimeng US-Duterte: Pabrika ng pekeng balita, kasinungalingan at disimpormasyon

*Setyembre 23, 2020*

Kabi-kabilaan na ang mga tanggihan. Kanya-kanya nang mga palusot at paghuhugas ng kamay ang naglalabasan sa bibig nina General Gilbert Gapay pinuno ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at General Camilo Cascolan ng Philippine National Police (PNP) matapos tanggalin ng Facebook (FB) ang 57 FB *accounts,* 31 Pages at 20 Instagram *accounts* dahil sa pagpapakalat ng mga dis-impormasyon, pekeng balita at kasinungalingan sa kanilang *social media platform*. Nadiskubre ng FB na ang naturang mga pekeng *accounts* ay may malinaw na may kaugnayan sa AFP at PNP.

Ang iba pang mga tinanggal na FB *accounts* ay mula sa mga indibidwal na nakabase sa Fujian, China.

Tinanggal ng FB ang nabanggit na mga *accounts* dahil sa kasong "coordinated inauthentic behavior" (CIB) na paglabag sa pinatutupad nilang Community Standards (CS). Alinsunod sa CS ng FB, ang CIB ay ang paggamit sa FB at Instagram para manlinlang ng tao o sa mismong FB kaugnay sa totoong identidad, saan nagmula ang *account* at layunin nito. Nadiskubre ng FB na nagkukunwari ang mga *accounts* na ito na may malawak na tagatangkilik sa pamamagitan di umano ng mga pekeng daang libong tagasunod (followers). Ayon sa FB, hindi nila pahihintulutan na gamitin ang kanilang *platform* sa mis-

representasyon, pagtatago ng tunay na identidad at paggamit ng mga pekeng *accounts* para lumikha ng artipisyal na popularidad at suporta sa mga mensahe na pinopost sa kanilang *social media platform.*

Tugon din ito ng FB sa mga pinadalang reklamo ng Rappler, mga progresibong grupo at iba pang *civil society group* na biktima ng mga paninira, pananakot at red-tagging na pinaniniwalaan mula sa NTF-ELCAC, AFP at PNP sa pamamagitan ng mga pekeng accounts nito sa FB, Instagram at iba pang *social media platforms.*

Hindi na maniniwala ang taumbayan anuman ang gawing pagtanggi at mga palusot nina General Gapay at General Cascolan na walang kinalaman ang AFP at PNP sa tinanggal na mga *accounts* ng FB. Ilang beses nang nailathala sa mga pahayagan ang mga ginagawang *red-tagging* at pahayag ng NTF-ELCAC, AFP at PNP laban sa mga aktibista, taong simbahan, mga tagapagtaguyod at tagapagtanggol sa karapatang pantao, mga progresibong grupo at maging ang mga mambabatas na kabilang sa Makabayan Bloc sa Kamara. Naglabasan sa ilang mga presinto ng pulis at kalsada ang mga *tarpaulins* at *posters* na naninira at nagpaparatang sa mga nasabing grupo bilang mga "terorista", kasapi at tagasuporta ng CPP-NPA-NDFP. Marami na rin sa kanila ang pinaslang (*extrajudicial killings* o EJKs) ng mga ahente ng estado matapos dumanas ng paninira, *red-tagging* at ipaskel ang mga pangalan at larawan sa *social media* at mga pampublikong lugar bilang diumano'y mga terorista at kaaway ng estado.

Subalit sa kalilipas lamang na pagdinig sa Kamara kaugnay hinihinging pondo ng National Defense, mariin ang ginawang pagtatanggol ni Secretary Delfin Lorenzana sa *official social media account* ng

isang *command* ng Philippine Army na naglabas sa social media na nag-aakusa sa mga mambabatas na kabilang sa Makabayan Bloc sa mababang kapulungan ng Kongreso bilang kasapi at mataas na opisyal ng CPP-NPA-NDFP.

Mas nauna pa ang ginawa ni Usec. Lorraine Marie T. Badoy ng Presidential Communications Operation Office (PCOO) sa pagdinig sa Kamara kaugnay sa hinihinging badget ng ahensya na hayagang nag-aakusa sa mga mambabatas na kabilang sa Makabayan Bloc bilang mga matataas na lider ng CPP-NPA-NDFP. Dahil dito, sa kahilingan ng Makabayan Bloc, pansamantalang itinigil ng *budget commitee* sa Kamara ang pagdinig sa hinihiling na pondo ng PCOO para sa taong 2021.

Pero ang isang napakalakas na dagok ang tumama sa ulo ng NTF-ELCAC, AFP at PNP ay ang inilabas na ulat ng Rappler ngayong Setyembre 23, na tumutukoy kay Captain Alexandre F. Cabales, hepe ng Philippine Army Social Media Center, bilang isa sa mga opereytor ng *network of pages* na tinanggal ng Facebook dahil sa "*coordinated inauthentic behavior*" (CIB) kung saan ang pangunahing pinuntirya ng mga pag-atake ay ang mga aktibista at mga ligal at progresibong organisasyon.

Ang ulat ng Rappler ay ibinatay sa inilabas ng The Atlantic Council's Digital Forensic Research Lab (DFRLab) na nakabase sa Estados Unidos. Nadiskubre ng DFRLab na si Captain Alexandre F. Cabales ang siyang nakarehistrong nagmamay-ari ng Kalinaw News Website na kung saan inaako din sa publiko ng Civil-Military Operations Regiment of the Philippine Army na sa kanila nga ang naturang *website*. Ayon din sa ulat ng Rappler, napag-alaman ng DFRLab na si Captain Cabales ay

may kaugnayan sa Facebook *account* ng Hands Off Our Children (HOOC) *group* bilang *administrator* ng *private pages* nito at isa sa mga tinanggal ng FB. Ayon sa DFRLab, habang ipinipresenta ng HOOC ang sarili bilang nagsasariling organisasyon ng mga *concerned parents of radicalized youth*, ang katotohanan, ayon sa DFRLab, mas malaki ang kinalaman at kaugnayan nito sa Civil Military Operations Regiment kaysa sa ipinalalabas nila sa publiko bilang isang nagsasariling organisasyon.

Kabilang din sa ulat ng DFRLab bilang mga administrador o opereytor ng mga pekeng *accounts* ay sina Bruce G. Mayam-o at Ricky Boy Castro na pinaghihinalaan nilang mga sundalo. Silang tatlo, ayon sa DFRLab, ang mga administrador ng SOCIAL MEDIA OPERATION TRAINING CL-02-18 na isa din sa mga tinanggal na *account* ng FB.

Pero sa kabila ng nagdudumilat na katotohanan at pagkakalantad ng kamay ng NTF-ELCAC, AFP at PNP bilang nasa likod ng pagkakabuo ng HOOC at pekeng *account* nito sa FB, walang kahihiyang itinatanggi pa rin ng berdugo at masugid na anti-komunistang si General Antonio Parlade, pinuno ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at isa sa mga tagapagsalita ng NTF-ELCAC, na may kaugnayan (affiliated) sa militar ang HOOC. Hinihikayat pa niyang magsampa ng kaso ang HOOC laban sa FB dahil sa pagsasara ng kanilang pages account.

Dahil sa masugid na pagtatanggol ni General Parlade sa HOOC lalo lamang niyang pinatutunayan na ang NTF-ELCAC ang lumikha, nagpopondo at nagpapatakbo sa HOOC. Bantog ang NTF-ELCAC sa pagkakalat ng mga dis-impormasyon at siyang nangangalaga at nagpopondo ng mga anti-komunistang grupo, mga bayarang *troll armies* at mga *vloggers* na ang pangunahing trabaho ay magpakalat

ng mga kasinungalingan, mag-*red tag* at manira ng mga personalidad at kilalang kritiko ni Duterte. Kaya naman ganon sila kamahal ng despotiko at pasistang si Rodrigo Roa Duterte para paglaanan ng P16.4 bilyong badyet para sa taong 2021 na tinagurian bilang The General's Pork Barrel. Siguradong ang malaking bahagi ng pondong ito ay mapupunta lamang sa bulsa ng mga tiwali at paboritong opisyal militar at pulis ni Duterte bilang suhol at gantimpala sa kanilang katapatan kay Duterte. Ang iba sa pondong matitira ay gagamitin sa paghahasik ng lason at kasinungalingan sa kaisipan ng publiko.

Ayon din sa FB, ang mga tinanggal nilang *account* ay gumagastos ng $1,100 o katumbas na P53,421 para lamang mag *advertise* ng dis-impormasyon sa *platform*. Hindi malayong ang mahigit sa 4 na bilyong halaga na *discretionary* at *intelligence funds* ng Office of the President ay siyang ginagamit sa pagpopondo ng mga *pro*-Duterte *bloggers, troll armies* at iba pang makinarya ng pasistang estado sa pagpapakalat ng mga kasinungalingan at dis-impormasyon.

Kailangan patuloy na ilantad, tutulan at labanan ng taumbayan ang mga katiwalian sa loob ng pasistang rehimeng US-Duterte. Sa paggamit sa pondo ng bayan para sa panunupil sa kalayaan at demokrasya, sa pagpapakalat ng kasinungalingan at dis-impormasyon, sa paghahasik ng takot at teror, sa paninira at *red-tagging* ng mga lehitimong organisasyon.

Ilantad at labanan ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ng pasistang rehimeng US-Duterte bilang numero unong tagahatid ng mga pekeng balita at pangunahing nagpakalat ng kasinungalingan at dis-impormasyon sa bayan. T

## Huwad ang 75 na diumano'y sumukong mga NPA sa Region IV-A CALABARZON

*Enero 27, 2021*

Matapos magyabang at magpakalat ng kasinungalingan at pekeng balita ang 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd ID-PA) at ng Armed Forces of the Philippines-Southern Luzon Command (AFP-SOLCOM) na diumano'y kanilang nabuwag ang 3 Larangang Gerilya ng NPA sa erya ng CALABARZON, kaagad sumunod ang PNP-Region IV-A sa pagpapakalat ng kanilang sariling bersyon ng mga kasinungalingan at pekeng mga balita.

Sa pahayag sa midya ng PNP Southern Luzon Police Office na inilabas ng pahayagang Daily Inquirer nitong Enero 27, 2021, buong kayabangang inihayag ni Brig. General Filipe Natividad, hepe ng PNP Region IV-A na nagtagumpay silang mapasuko ang pitumpo't limang (75) diumano'y mga myembro ng NPA mula sa erya ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon (CALABARZON). Ipinarada ni Brig. General Natividad ang diumanong mga sumukong "myembro ng NPA" sa isang panibagong *media stunt* sa Camp Vicente Lim sa Barangay Canlubang, Calamba, Laguna noong Enero 26, 2021. Ang palabas na seremonya ng pagsuko ay dinaluhan ni Brig. General Manuel Abu, umaaktong pinuno ng Integrated Police Operations-Southern Luzon at kumakatawan din kay PNP Chief Debold "Mañanita" Sinas para basahin ang pahayag ng huli sa sarzuelang seremonya ng pagsuko. Ayon sa balita, sa 75 diumanong sumukong mga NPA, 33 ay *fulltime guerrilas*, 26 ang mga

*militiamen* at 16 ang kandidato para maging myembro ng NPA. Kasabay din daw sa isinuko ng mga "nagsisukong mga NPA" ang labing walo (18) na matataas na kalibre ng baril. Pinamamalita ng PNP-Region IV-A na pinagkalooban nila ng di ibinunyag na halaga ang mga diumanong nagsisukong mga NPA.

Huling-huli ang pagsisinungaling ni Natividad at ng PNP na mayroon silang napasukong 75 na diumanoy mga NPA. Sa ipinaghahambog na datos ni Natividad hinggil sa 75 na diumanong sumukong NPA ay makikita na kaagad ang hinokus-pokus na datos nang isinama nito bilang mga regular na NPA ang diumanong 26 na milisya at 16 na rereklutahin pa lamang at kung ganun ay di pa maituturing na kasapi ng NPA. Isa pang nagmimilagrong datos ay ang pahayag na kabilang sa 75 sumuko ay ang diumanong 33 pultaym na mga gerilya subalit 18 mataas na kalibreng baril lamang ang ipiniprisinta sa midya.

Maliwanag na kaagad rito na ang 75 na diumanong sumukong NPA ay mga sibilyan na ginipit at pagkatapos tinatatakang mga "sumukong NPA". At para pagmukhaing kapani-paniwala, ipinapakita sa midya ang 18 niresiklong matataas na kalibreng armas bilang pruweba. Matagal nang laos at paso na ang ganitong pakana ng AFP at PNP. Nabunyag na ang ganitong pakana sa dinoktor at *photoshop* na litrato ng diumanong mga sumukong NPA sa Masbate na nabuking na mga sibilyan pala.

Bihasa ang mga opisyal ng PNP-Region IV-A sa pagpakalat ng mga kasinungalingan at pekeng balita para linlangin ang mamamayan at maghabol ng promosyon. Sila'y bantog sa pagtatanim ng mga ebidensya, pag-iimbento ng pekeng mga insidente ng labanan, pekeng

mga pagpapasuko at pekeng mga proyekto para palabasing sila'y nagtatagumpay, kasama ng AFP, sa pagwasak sa CPP-NPA-NDFP sa rehiyon.

Subalit hindi nila kayang pasubalian at ikubli ang katotohanan na laganap ang demoralisasyon sa kanilang hanay bunga ng kanilang mga kabiguan at tinamong pagkatalo sa kamay ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa nakaraang taon. Kailangang maghabi ng mga kasinungalingan ang liderato ng PNP Region IV-A para ikubli ang kanilang mga kabiguan, malalang demoralisasyon at desperasyon mula sa mga pagkatalo na tinamo nito sa kamay ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at sa mga matitinding pagbatikos na tinanggap nila mula sa mamamayan ng TK dahil sa kanilang kinasasangkutang mga krimen, garapal na pag-abuso sa kapangyarihan at talamak na paglabag sa karapatang pantao. Kung totoo mang may ipinaparada sa midya ang mga bulaang opisyal ng PNP Region IV-A na mga "sumuko", sila ay walang iba kundi mga sibilyang tinakot, nalinlang at napilitang "sumuko" at pinalilitaw na mga NPA.

Nais ipinta ng SOLCOM at PNP Region IV-A na nagwawagi ang kanilang kontra-rebolusyonaryong gera laban sa CPP-NPA-NDFP at sa rebolusyonaryong mamamayan ng rehiyon sa pamamagitan ng paglikha ng ilusyon ng diumanong maramihang pagsuko ng mga NPA. Ang katotohanan, mga sibilyan itong binabantaan na sasampahan ng kaso o kaya'y lilinlangin sa matatanggap na perang pabuya basta't pipirma sa kasunduan na sila'y umaaming mga myembro ng NPA na boluntaryong sumuko. Sa kalakhang mga kaso, mapalad na kung may makatatanggap kahit kalahati man lang sa nakalaang pondo sa mga sibilyang pinagpanggap na mga sumukong NPA ng PNP Region IV-A.

Sa Mindoro, Rizal at Hilagang Quezon, nalilinlang ang mga katutubong Dumagat at Mangyan na dumalo sa ipinatatawag na mga papulong ng AFP para diumano sa pamamahagi ng SAP at ayuda para sa Covid-19 at nagdaang mga bagyo na sa bandang huli malalaman na mga papulong pala para sa pagpapasuko. Sa sumbong ng mga katutubo na nalinlang at naging biktima ng pekeng mga pagpapasuko ay nakatanggap lamang sila ng tiglimang kilo hanggang isang sako ng bigas at ilang de lata.

Tulad ng ilang matataas na opisyal ng 2nd ID-PA at SOLCOM, kailangan din ng matataas na opisyal ng PNP-Region IV-A na umimbento ng mga pekeng pagpapasuko, pekeng balik-sandata, pekeng mga labanan at pekeng mga proyekto para makakulimbat ng limpak-limpak na salapi mula sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) at sa bilyong pondong inilaan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Pareho silang nagpapaligsahan sa pagpapakalat ng mga kasinungalingan at pekeng balita para sa layuning makapandambong ng limpak- limpak na salapi mula sa pondo na nakalaan sa kanilang kontra-rebolusyonaryong digma at kaalinsabay palitawing nagwawagi sila sa pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Kung totoong nagwawagi ang PNP Region IV-A at 2nd ID-PA/SOLCOM at humihina na ang armadong paglaban ng CPP-NPA-NDFP at mamamayan sa rehiyon, bakit kailangan pa ng pasistang rehimeng US-Duterte na magtambak ng 22 batalyon ng pinagsamang pwersa ng AFP, PNP at Cafgu sa rehiyon? Bakit taun-taon patuloy na nadaragdagan ng mga panagupang batalyon ng AFP at PNP ang rehiyon? Hindi ba patunay ito ng kabiguan at hindi ng tagumpay?

Sa kasalukuyan nangunguna ang rehiyong TK sa mga rehiyon sa bansa na may pinakamalaking deployment ng mga pasistang tropa ng AFP at PNP.

Kung talagang nagwawagi ang AFP at PNP sa paglaban sa CPP-NPA-NDFP sa buong bansa sa kabuuan at sa rehiyong Timog Katagalugan sa partikular, bakit patuloy ang paglobo ng sariling budget ng AFP at PNP sa taong 2021? Bakit kinailangan pa nilang paglaanan ng 19.1 bilyong pondo ang NTF-ELCAC at gamitin ang 4.5 bilyong pondo na *intelligence and discretionary fund* ng Office of the President sa kanilang kontra-rebolusyonaryong digma? Hindi ba patunay ito na ang pasistang rehimeng US-Duterte ay bigo sa kanilang imbing pakana na durugin o papanghinain man lang ang rebolusyonaryong kilusan?

Natitiyak ang tagumpay ng Demokratikong Rebolusyon Bayan (DRB) na isinusulong ng CPP-NPA-NDFP dahil ito'y makatarungan at nagtatamasa ng pinakamalawak na suporta at pagtangkilik mula sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino - ang uring anakpawis. Alam ng sambayanang Pilipino na tanging ang CPP-NPA-NDFP ang nag-iisang pampulitikang pwersa sa bansa na nagsusulong ng kanilang mga demokratikong interes at adhikain. Malalim ang kanilang paniniwala na ang rebolusyonaryong kilusan ang mag-aahon sa kanila mula sa labis na karukhaan, pang-aapi at pagsasamantala ng mga malalaking panginoong maylupa, burgesya-komprador, mga burukrata-kapitalista at ng amo nilang mga imperyalista.

Sa kabilang banda, muhing-muhi at labis na kinasusuklaman ng mga mamamayan ng rehiyon ang mersenaryo at bayarang AFP at PNP dahil sa kanilang walang pakundangang mga pagpatay sa mga

inosenteng sibilyan at walang kaparis na brutalidad at terorismo na inihahasik sa rehiyon. Malalim ang mga sugat na nililikha at iniiwan ng pasistang rehimeng US-Duterte sa mga mamamayan ng rehiyon. Dahil dito, nag-uumapaw ang kanilang galit at nagpupuyos ang kanilang mga damdamin sa paghingi ng hustisya mula sa kanilang kaapihan. Determinado silang labanan at ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte at isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Tulad ng dinanas ng mga naunang rehimen, walang ibang patutunguhan ang kontra-rebolusyonaryong digma ni Duterte na JCP-Kapanatagan at estratehiya ng *whole-of-nation approach*, kundi sa kabiguan at basurahan ng kasaysayan. Maaliwalas at masaganang bukas naman ang naghihintay sa sambayanang Pilipino sa ganap na tagumpay ng demokrationg rebolusyon ng bayan na may sosyalitang hinaharap. **T**

# 6

# MGA ATROSIDAD NG AFP-PNP

## Brig. General Teofilo ng 203rd Brigade, bagong Palparan ng Mindoro

*Hulyo 5, 2019*

Muling nauulit ang marahas at madugong kampanya ng teror at lagim na isinasagawa ngayon ng 203rd Bde sa pamumuno ni Brig. Gen. Teofilo ang ginawa sa mga Mindoreño noong 2003-2004 ng berdugo at ngayo'y nakakulong na retiradong Major General Palparan.

Tulad ni dating General Palparan, tigmak ng dugo ang kamay ni Brig. Gen. Teofilo dahil sa kalupitan at karahasang idinulot niya sa mga Mindoreño sa tuwing nagsasagawa ang 76th IB at 4th IB sa ilalim ng 203rd Bde ng mga operasyong militar sa kanayunan ng Isla. Sa mga nasabing operasyong militar, palagi at bahagi na ang pagsasagawa ng

76th IB, 4th IB at 203rd Bde/2nd ID ng mga *aerial bombardment, strafing* at panganganyon sa mga baryo at komunidad ng mga magsasaka at katutubong Mangyan na pinaghihinalaan nilang pinagkukutaan ng NPA nang walang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng sibilyang populasyon. Maraming mga magsasaka at katutubong mangyan ang nadisloka, nawasak ang mga pinagkukunan ng kabuhayan at nakaranas ng takot dahil sa panggigipit sa kanila ng mga nag-ooperasyong sundalo. Dahil dito, patuloy ang paghaba ng listahan ng kasalanan sa bayan ng 76th IB, at 203rd Bde dahil sa patong-patong na kaso ng paglabag nila sa karapatang pantao.

Patunay dito ang nangyaring labanan sa Calintaan, Occidental Mindoro noong Hunyo 29 sa pagitan ng mga pwersang gerilya ng Lucio de Guzman Command at 4th IB at Occidental Mindoro Mobile Forces Company kung saan pinaslang matapos pahirapan ang 78 anyos na si Frente Gutierez kilala sa palayaw na Lolo Frentes sa kanyang mga kababaryo—isang magsasaka at Elder sa Sambahang Kristiano (Alliance Church). Upang gawing kapanipaniwala, binihisan si Lolo Frentes ng mga mersenaryong militar ng kasuutan ng NPA upang palabasing NPA ang kanilang napaslang.

Sa mga ikinikilos at ginagawa ngayon ni Brig. Gen. Teofilo, gusto niyang mahigitan ang tindi ng kalupitan at terorismo na nagawa ng dating Gen. Palparan sa mga Mindoreño.

Katulad na nangyayari ngayon sa Victoria, Oriental Mindoro umabot sa 141 pamilya na binubuo ng 642 na mga indibidwal ang sapilitang nagsilikas mula sa 3 barangay ng San Antonio, Loyal at San Cristobal dahil sa ginagawang walang habas na pambobomba at panggigipit

sa kanila ng $76^{th}$ Infantry Batallion, $203^{rd}$ Bde, OrMin 1PMFC at $404^{th}$ RMFB matapos ang tatlong magkakasunod na labanan sa nasabing lugar. Sa labanan nuong Hulyo 3, 2019, lumasap ng 6 na na patay ang mersenaryong $76^{th}$ IB habang isa naman ang namartir sa panig ng NPA.

Dahil sa tinamo nilang malaking bilang ng kaswalti sa nasabing labanan, bumaling at pinagdiskitahan naman ng $76^{th}$ IB at $203^{rd}$ Bde ang mga sibilyan sa tatlong barangay ng Victoria, Oriental Mindoro na dumanas ng pananakot, panggigipit at karahasan.

Kabilang sa 642 na mga napilitang magsilikas ang 2 na may kapansanan (PWD) at 7 sanggol. Sa kasalukuyan ay nasa mga *covered court* ng mga nasabing barangay nakatigil ang mga bakwet. Nakakaranas ng gutom at lamig dahil sa kawalan ng dalang pagkain at kagamitan sa pagtulog.

Mariing kinikondena ng NDF-ST ang mga pinakabagong insidente ng karahasan na isinagawa ng $76^{th}$ IB at $203^{rd}$ Bde gayundin ng PNP Regional at Provincial Mobile Forces Battalion sa mga mamamayan ng Victoria, Oriental Mindoro. Ito'y malinaw na paglabag sa karapatang pantao at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Tulad ng ginagawa ng kanilang among si Duterte, ang mga walang kalaban-labang mga sibilyan ang siyang laging nabibiktima at nakakaranas ng hambalos at bagsik ng pasismo ng estado.

Nanawagan kami sa mga mamamayan ng Mindoro, lalong lalo na ang mga taong simbahan, mga estudyante't guro, mga *civic organizations* at mga tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng karapatang pantao sa Isla na magsamasama at magkapit-bisig para kondenahin at labanan

ang ginagawang pag-uulit ni Brig. Gen. Teofilo sa malagim na gunita na iniwan ni  Gen. Palparan sa Isla ng Mindoro. Huwag na ninyong hayaang maulit ang mga nangyari kina Vice Mayor Juvy Magsino, Leyma Fortu, mag-asawang Albarillo, Eden Marcellana, Eddie Gumanoy, Choy Napoles, Isaias Manano at marami pang iba na mga biktima ng karahasan at terorismo ng berdugong si Gen. Palparan. Nasa inyong mga sama-samang pagkilos nakasalalay ang paghadlang at pagbigo sa uhaw sa dugong si Brig. Gen. Teofilo at 203rd Bde na patuloy na naghahasik ng lagim at teror sa inyong bayan.

Sa kabilang banda, papanagutin at parurusahan ng Lucio de Guzman Command ang 76th IB, 4th at 203rd Bde gayundin ang Regional Mobile Forces Battalion at mga Provincial Mobile Forces Company sa dalawang probinsya sa mga kasalanan at krimen nito sa mga mamamayan ng Mindoro.

## Panagutin ang mersenaryong 201st Brigade sa pambobomba't istraping sa Quezon!

*Pebrero 8, 2021*

Mariing kinukundena ng NDF-ST ang walang alintanang pambobomba at pang-iistraping ng 201st (KABALIKAT) Brigade sa apat na bayan sa Quezon mula Pebrero 5 hanggang sa kasalukuyan. Gamit ang mga bago at mahal na Black Hawk *helicopter,* hinulugan ng pasistang tropa ng mga bomba at pinaulanan ng bala ang walong barangay na tinitirhan ng higit 10,000 tao. Nakagagalit ang kalupitan ng rehimeng Duterte at AFP-PNP sa paglulunsad ng todo-gera at walang konsensyang pang-aatake nito sa buhay, kaligtasan, at kabuhayan ng mamamayan. Ito'y malinaw na panibagong akto ng terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa mamamayang Pilipino.

Isinagawa ng 201st Brigade ang akto ng terorismo bilang ganti sa NPA-Quezon na ilang beses nitong nakasagupa sa unang linggo ng Pebrero. Sa pahayag ni Gov. Danilo Suarez, tatlong sundalo ang patay, kabilang si 1Lt. Romeo Sabio, Jr, habang dalawang NPA ang namartir sa labanang naganap noong Pebrero 5 sa hangganan ng mga bayan ng Catanauan at Buenvavista. Ang mga engkwentro sa pagitan ng AFP at NPA sa Quezon ay bunga nang walang patlang at mababagsik na *focused military operations* (FMO) ng AFP-PNP. Gaya ng kinagawian, ibinaling ng AFP sa mga sibilyan ang galit dahil sa mga natamo nilang pinsala at kabiguan sa labanan kontra NPA.

Malinaw ang pagiging terorista ng rehimeng Duterte sa patakaran nito ng pambobomba at istraping sa mga komunidad na pinaghihinalaang pinagkukublihan ng NPA. Teroristang gawi ang pang-aatake mula sa himpapawid na walang tiyak at presisong target. Ang higit na napipinsala ng ganitong mga tipo ng operasyon ay ang mga sibilyang komunidad, kanilang mga alagang hayop at mga taniman na pipinsalain ng mga bomba at bala. Inilalagay nito sa peligro at kapahamakan ang mamamayan sa makahayop nitong layunin na ubusin ang mga NPA.

Sa nangyaring pambobomba at istraping sa Quezon, tulad sa mga nakaraan, tiyak na marami ang mapipilitang lumikas at madidisloka ang kabuhayan. Katakut-takot na *trauma* ang dulot nito sa mga residente laluna sa mga bata. Pangmatagalan din ang epekto ng pagkasira ng kanilang mga sakahan na napakaraming taon nilang pinaghirapang ipundar.

Nananawagan ang NDF-ST sa taumbayan na tulungan ang ating mga kababayan sa Quezon na labis-labis na ang pagdurusa dahil sa teroristang rehimeng Duterte. Hinihimok namin ang mga *peace advocate, humanitarian organizations,* grupong nagtatanggol sa karapatang tao at mga lingkod-bayan na sampahan ng kaso ang CO ng 201st Brigade na si Brigadier General Norwyn Romeo Tolentino, CO ng 2nd ID na si Maj.Gen. Greg Almerol at iba pang opisyal na utak ng operasyong pambobomba at istraping sa Quezon. Dapat ding kundenahin at ipatigil ang pagbili sa mga armas at sasakyang pandigma na instrumento ng teror ng estado. Pagwawaldas lamang ito sa pondo ng bayan na dapat sana'y pangunahing inilalaan sa mga kailangang-kailangang serbisyo at ayuda sa panahon ng krisis.

Kailangan ding kumilos ang mamamayan ng probinsya para kalampagin ang mga pinuno ng lokal na gubyerno ng Quezon, sa pamumuno ni Gobernor Danilo Suarez, na tumindig at manindigan sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mamamayan ng probinsya laban sa militarisasyon, karahasan at terorismo ng 201st at 202nd Brigade ng 2nd Infantry Division. Higit sa lahat, palakasin din ang mga pakikibakang anti-pasista at panawagang pagpapalayas sa lahat ng pwersang militar sa kanayunan upang bigyang puwang ang pagbangon ng mamamayan mula sa pandemya at mga nagdaang sakuna.

Mahigpit na naninindigan ang NDF-ST na dapat papanagutin ang rehimeng Duterte sa ginawa nitong walang habas na pambobomba at istraping sa mga baryo at komunidad sa kanayunan ng rehiyon. Ito'y malinaw na krimen laban sa sangkatauhan (crime against humanity) na gawain ng mga terorista tulad ni Duterte. Tahasang nilalabag ng rehimeng Duterte ang internasyunal na makataong batas at alituntunin sa kondukta ng digmaan. Pagpapakita rin ito ng kawalang-pakundangan ni Duterte at AFP sa mga pandaigdig na alituntunin at batas ng digmang naglalayong protektahan ang karapatan at pangalagaan ang kaligtasan ng mga sibilyan sa gitna ng gera sibil. HIndi maaaring magkibit-balikat na lamang ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon habang nagaganap ang ganitong atrosidad sa kanayunan. **T**

## B. IBA PANG PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO

### Katarungan para sa mga bagong martir ng rebolusyon sa Mindoro at sa lahat ng mga biktima ng Oplan Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte

*Hulyo 24, 2019*

Mariin naming kinokondena ang patuloy na pagpigil ng militar at pulisya sa Mindoro Oriental na makuha ng mga pamilya ang tatlong labi ng kanilang mga mahal sa buhay na nasawi sa isang labanan nuong Hunyo 13, 2019 sa Mansalay, Mindoro Oriental.

Sukdulan ang kalupitan ng pasistang tropa ng rehimeng US-Duterte na kahit ultimong mga bangkay na ay patuloy pa ring nakakaranas ng panggigipit sa kamay ng kaaway. Tulad ng nangyayari sa Mindoro Oriental, hinahadlangan ng AFP at PNP ang mga pamilya na makuha ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay para sana mapagkalooban ng nararapat na parangal at disenteng libing.

Ang patuloy na pagkakait ng 203rd Bde at ng hepe ng pulis ng Mansalay na makuha ang mga labi ng tatlong kasamang namartir ay pagkakait na mabigyan sila ng disenteng burol at libing ng kanilang mga mahal sa buhay. Malinaw itong paglabag sa Comprehensive Agreement

on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmihan ng GRP at NDFP nuong 1998 at sa mismong mga kaugalian at tradisyon ng mga Pilipino na mabigyan ng panahong maiburol ang kanilang mahal sa buhay para masilayan sa huling pagkakataon ng mga kamag-anak bago ihatid sa huling hantungan. Subalit maging ang ganitong tradisyon at kaugalian ng Pilipino ay binabalewala ng armadong tropa ng rehimeng Duterte. Ipinapakita lamang nito ang walang kaparis na kalupitan ng AFP at PNP na ipinagmamamalaki ni General Parlade sa publiko—ang tularan o para lubos na masiyahan siya at ang kanyang among si Duterte, na higitan pa ang ginawang kalupitan at brutalidad ng berdugong si General Palparan sa mga mamamayan ng isla ng Mindoro.

Bantog na ang AFP at PNP sa pagsasalaula sa mga bangkay na kanilang napapaslang. Ginagamit nilang *hostage* ang mga bangkay upang gipitin ang mga kapamilya at kaanak. Subalit lalo lamang nahuhubaran ang tunay na pasista at mersenaryong katangian ng AFP at pulis sa patuloy na pagbinbin sa bangkay ng tatlong kasama at ipagkait ang karapatan ng pamilya na makuha ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay. Lalo lamang nahuhubaran ang katauhang lobo na nakadamit ng tupa ang AFP at PNP.

Malayong malayo ito sa ginagawa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga sugatan at nasasawi na mga mersenaryong tropa ng reaksyunaryong estado sa mga inilunsad nitong taktikal na opensiba. Kahit nasa bingit ng panganib sa posibilidad na abutan ng *reinforcement* ng kalaban, tinitiyak muna ng BHB na mabigyan ng panimulang lunas ang mga sugatang kaaway at iiwanan sila na nasa isang maayos na kalagayan. Ang mga bangkay naman ay isinasaayos

din at inilalagay sa lugar para hindi ito mabilad sa araw. Tinitipon at sinesentro ang mga mahahalagang personal na gamit ng mga nasawing armadong *personnel* ng reaksyunaryong estado para sa nararapat na disposisyon ng mga ito sa kanilang pamilya. Kailangang gawin ito ng mga yunit ng BHB para maiwasan na makulimbat ang mga personal na gamit ng mga nasawing mga sundalo o pulis mula sa kanilang kasamahan at pagkatapos ay ibibintang sa BHB.

Mahigpit na ipinagbabawal sa BHB ang pagmamalupit sa kaaway lalo na ang mga bihag at sugatan ng digma. Mahigpit na ipinapatupad ang mga kinakailangang proteksyon na ipinagkakaloob sa mga sugatan at bihag ng digma alinsunod sa sariling mga umiiral na patakaran at batas ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM, ng BHB, ng Demokratikong Gubyerno ng Bayan at sa umiiral na kasunduan sa CARHRIHL.

Papanagutin ng rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan ang lahat ng mga pangunahing sangkot sa kalupitan at brutalidad na ginagawa ng pasistang tropa ng rehimeng Duterte sa mamamayan ng rehiyon. Ang paggagawad ng rebolusyonaryong hustisya ay walang pinipiling lugar, oras at panahon. Saan man kayo naroon, aabutin kayo ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya.

Katarungan para sa mga bagong martir ng rebolusyon. Katarungan sa lahat ng mga naging biktima ng kalupitan ng Oplan Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte. T

## Mga paglabag sa karapatang tao sa TK ngayong *lockdown*, kinokondena ng NDF-ST

*Marso 21, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang mga paglabag ng AFP-PNP sa karapatang tao ng mamamayan sa rehiyon at buong bansa sa panahon ng lockdown. Sa harap ng deklarasyon ng *unilateral ceasefire* ni Duterte, nagpapatuloy ang *focused military operations* (FMO) sa rehiyon at buong bansa na pumeperwisyo sa buhay at nagpapalala sa kalagayan ng mga magsasaka at katutubo sa kanayunan.

Sa probinsya ng Quezon, isinasagawa ng AFP-PNP ang *food blockade* sa ilang barangay ng Unisan habang naglulunsad ng FMO rito at sa mga karatig na bayang Atimonan at Padre Burgos. Pinagbabawalan nila ang mga magsasaka na bumili ng lagpas sa 5kg bigas kada pamilya. Pinagbabawalan ring pumunta ang mga kaingero at mag-uuling sa kani-kanilang kaingin at ulingan. Samantala, sa isla ng Mindoro, sa kalagayang wala nang mabibili sa maliliit na tindahan sa mga komunidad at pamayanan, pinagbabawalan pa ng AFP-PNP ang mga magsasaka at katutubong Mangyan na pumunta ng bayan para bumili ng pagkain. Hinalughog din ng 30 pulis ang isang bahay sa Brgy. Lanaban, Rizal, Occidental Mindoro noong Marso 19.

Pinapatunayan nitong wala sa plano ni Duterte na lutasin ang problema sa paglawak ng impeksyon at paglaganap ng COVID-19,

bagkus para ipataw ang kanyang kapangyarihan at kamay-na-bakal ng estado sa bayan. Ang *lockdown* ay ginawang palusot para lamang maipataw ang *de facto* Martial Law sa buong bansa at gamitin ito para sindakin ang mamamayan at supilin ang lehitimong mga organisasyon at kilusan nila. Nakatuon din ito sa paglipol sa mga rebolusyonaryong pwersa ng mamamayan bago ang 2022.

Sa harap ng takot at isterya na lumukob sa buong rehiyon at bansa dulot ng COVID-19, nananawagan ang NDF-ST sa mga manggagawang pangkalusugan na pahigpitin ang kanilang pagkakaisa para buuin ang sama-samang lakas laban sa COVID-19. Kailangang isagawa ang malawakang kampanyang edukasyon hinggil sa pag-iwas at pagsansala sa COVID-19. Gamitin ang lahat ng makakaya at rekurso para sa pagbibigay ng libreng serbisyong pangkalusugan para sa mamamayan. Sa kanayunan, marapat na bumuo ang mga komite ng kalusugan sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan ng komprehensibong plano at hakbangin para sa pagharap sa COVID-19. Ilunsad ang malawakang kampanyang edukasyon at sanitasyon at kalinisan upang maiwasan ang sakit na ito.

Nananawagan rin ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino na labanan ang marahas at militaristang solusyon ng rehimen sa epidemya. Ang kinakailangan ng bayan ay mga praktikal na solusyon upang resolbahin ang kasalukuyang krisis pangkalusugan. Kailangang igiit ng mamamayan ang libreng COVID-19 *testing* para sa lahat at subsidyo sa pang-araw-araw na sustento ng mga mamamayan sa panahon ng *lockdown*. Dapat na mariing tutulan at labanan ang malupit at di makataong pagkontrol sa galaw ng populasyon. Sama-sama nating resolbahin itong krisis sa kalusugan.

## Hinggil sa dumaraming paglabag ng AFP-PNP sa *ceasefire*

*Marso 30, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang patuloy at malaganap na paglabag ng AFP at PNP sa mismong SOMO at SOPO nila alinsunod sa dineklarang "unilateral ceasefire" ng pasistang rehimeng US-Duterte. Ang walang humpay na mga operasyong militar sa rehiyon ng Timog Katagalugan na isinasagawa ng mga batalyon sa ilalim 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd ID-PA) at ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines (SOLCOM-AFP) ay testamento na huwad ang idineklarang unilateral ceasefire (UCF) ng rehimeng Duterte.

Habang abala ang lahat, laluna ang mga manggagawa at tagapangalaga ng kalusugan (healthcare workers) sa paglaban at pagsugpo sa nakamamatay na Covid-19, at habang ang taumbayan ay binabalot ng pangamba dahil sa kakulangan at kawalan ng atensyong medikal mula sa gubyerno, kakulangan sa pang-araw araw na pagkain at natatanggap na subsidyo at sa labis na nararanasang hirap sa pag-angkop sa ipinatutupad na kamay-na-bakal na *lockdown* sa buong Luzon ng rehimeng Duterte, iba naman ang pinagkakaabalahan ng 2nd ID at SOLCOM—ang mga pinagkakawartahan nito tulad ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

Kabulaanan ang sinasabi ng AFP na “community service” laban sa Covid-19 ang ginagawa ng RCSP *operations* sa mga baryo. Ang katotohanan, ipinatutupad ng RCSP ang “kontra-insurhensyang layunin” ng EO-70, TF ELCAC at JCP Kapanatagan. Walang binago ang AFP at PNP sa oryentasyon ng RCSP at patuloy itong ipinatutupad alinsunod sa istratehiyang *whole of nation approach to end local communist armed conflict*.

Simula noong Marso 19, 2020, ang unang araw ng epektibidad ng *unilateral ceasefire* ng gubyernong Duterte, nagpatuloy at walang patlang ang mga operasyong militar sa iba’t ibang bahagi ng rehiyon. Patuloy ang isinasagawang *harassment* at *red-tagging* ng 85th at 59th IBPA sa mga mamamayan ng Catanauan, Lopez, Macalelon, Unisan, Atimonan, Padre Burgos at Agdangan sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Pwersahang pinaaamin ang mga magsasaka na sila’y mga myembro ng NPA at tinatakot na tanggapin ang alok ng gubyerno na E-CLIP. Sa ibang kaso, may nakahanda nang listahan ng mga pangalan ang 85th at 59th IB na inaalok ng E-CLIP.

Ganito din ang ginagawa ng PNP at mga tropang militar sa ilalim ng 202nd Brigade, 2nd ID sa mga residente ng General Nakar ng Quezon at sa Kalayaan at Cavinti ng Laguna kung saan walang kahihiyang hinakot, tinipon at ipinarada sila sa Camp Vicente Lim sa Canlubang, Laguna para iprisenta sa *media* na mga diumano’y nagsisukong mga rebelde at dating rebelde at ngayo’y pumailalim sa E-CLIP.

Samantala, sa mga isla ng Mindoro at Palawan naman ay patuloy pa ring nagaganap ang mga *focused military operations* at RSCP sa kabila ng ipinatutupad nilang *unilateral ceasefire*.

Dapat mariing kondenahin at labanan ng mamamayan ang patuloy na isinasagawang Retooled Community Support Program ng AFP at PNP na kinakaratulahan at tinatabingan bilang "community service" laban sa Covid-19 ngunit sa saligan ay nasa balangkas ng "kontra-insurehensyang" programa ng JCP-Kapanatagan at nagsisilbing malaking gatasan ng mga tiwaling opisyal at sundalo.

Mariin ding kinokondena ng NDF-ST ang paglabag ng mga tropa ng 202nd Brigade sa umiiral nilang SOMO sa ginawa nitong pag-atake sa isang yunit ng NPA sa Barangay Puray, Rodriguez, Rizal habang naghahanda ang yunit sa pagdiriwang ng ika-51 anibersaryo ng NPA. Malisyoso at punong-puno ng kasinungalingan ang pahayag ng 2nd ID na diumano, NPA ang umatake sa kanila. Katunayan, ang mga sundalo ng AFP ang dumayo sa lugar sa balangkas ng kanilang *focused military operation* (FMO) na hindi naglulubay kahit sa panahon ng UCF ng GRP. Malayo sa sentro ng baryo ng Puray at interyor ang pinangyarihan ng labanan. Dinepensahan lang ng yunit ng NPA ang kanilang sarili mula sa aktwal na pag-atake ng AFP. Kung sadyang seryoso ang AFP sa kanilang ipinatutupad na UCF at SOMO, walang dahilang pumasok sila sa kalibliban ng kabundukan sa mga oras na iyon. Dapat tumalima ang AFP sa sarili nitong deklarasyon ng *ceasefire* at manatili sila sa kanilang mga kampo at detatsment sa mga sentrong bayan. Ang NPA sa rehiyon ay seryosong tumatalima sa atas ng CPP na magpatupad ng *unilateral ceasefire* para maituon ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat ng mga pagsisikap nito sa paglaban at pagsugpo sa pagkalat ng Covid-19. Ganunpaman, lagi itong handang ipagtanggol ang sarili at mamamayan at biguin ang anumang patraydor na pag-atake ng AFP at PNP.

Sa pangyayaring labanan sa Barangay Puray, Rodriguez, Rizal noong Marso 28, 2020, minsan pang pinatunayan ang kahungkagan ng deklarasyong unilateral ceasefire ng rehimeng US-Duterte sapagkat ito'y peke at bahagi lamang ng pampulitikang gimik ng rehimen para ibangon at pabanguhin ang naghihingalo at nabubulok nitong imahen sa mata ng sambayanang Pilipino.

## Kundenahin ang karumal-dumal na pagpaslang ng berdugong 1st IBPA, 2nd IDPA at PNP Laguna kay Kasamang Mario Caraig, isang *hors de combat*

*Agosto 8, 2020*

Mariing kinukundena ng NDF-ST ang mga elemento ng 1st Infantry Batallion-Philippine Army (1st IBPA), ng 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd IDPA), at ng Laguna Police Provincial Office sa karudumal-dumal nitong pagpaslang kay Kasamang Mario Caraig, kilala bilang Ka Jethro.

Patraydor at brutal na pinaslang ng kaaway si Ka Jethro—na isa nang *hors de combat* o wala na sa katayuang lumaban, dahil sa naunang tinamong sugat sa kaliwang braso mula sa naganap na labanan sa Sityo Balatkahoy, Barangay San Antonio, Kalayaan nuong madaling araw ng Agosto 4, 2020. Isinagawa ng kaaway ang karimarimarim na pagpatay kay Ka Jethro sa pagitan ng 12:00 at 1:00 ng madaling araw, Agosto 8, sa Barangay San Antonio, Kalayaan, Laguna habang mahimbing na natutulog at nag-aantay na malapatan ng lunas.

Puno ng kasinungalingan ang pinalalabas nina Maj. Gen. Arnulfo Burgos Jr., kumander ng 2nd Infantry Division, PRO4A Regional Director PBGen Vicente Danao Jr. at ng Laguna Police Provincial Office na nanlaban si Ka Jethro habang diumanong isinisilbi nila ang warrant of arrest sa kalaliman ng hatinggabi at umano'y dinala pa nila sa ospital para lapatan ng lunas. Ang katotohanan, hindi armado si

Ka Jethro, walang kakayanang lumaban pa, ni ipagtanggol ang sarili, dahil sa labis na panghihina at hindi na makabangon bunga ng tama sa braso na tinamo niya sa naunang labanan noong Agosto 4. Naiwan din ni Ka Jethro ang kanyang sandata sa naunang labanan, kaya paanong mangyayaring makikipagbarilan siya sa diumanong mga aaresto sa kanya?

Walang intensyon ang mga mersenaryong tropa na buhayin pa si Ka Jethro. Mas interesado sila sa Php 4.3 milyong pabuya sa ulo ni Ka Jethro kaysa buhayin pa ito.

Samantala, nauna nang pinalabas ni Maj. Gen. Arnulfo Marcelo Burgos Jr. na sumuko noong Hulyo 21 si Dioscorro Cello o kilala sa kilusan bilang Ka Termo. Subalit lantarang pinasubalian ang kasinungalingang ito nang mapaslang nila si Ka Termo sa engkwentro noong Agosto 4, kasama sina Kasamang Alex Perdeguera o Ka Omar at Rey Masinas o Ka Danny at kung saan nasugatan din si Ka Jethro. Sinalungat din mismo ni Brig. Gen. Alex Rillera, kumander ng 202nd Infantry Brigade ang bersyon ng kwento ni Burgos sa pahayag nitong hinukay lamang nila ang baril ni Cello na itinuro ng isang "alyas Iting".

Nagkakabuhol-buhol na ang 2nd ID sa paghahabi ng kwento upang itago kung sino talaga ang nagturo sa nakatagong baril ng mga kasama. Ayon mismo sa AFP Southern Luzon Command, may Php 4.6 milyon (o Php 3.8 milyon, ayon sa 2nd ID) na patong sa ulo si Cello, na malinaw na pinagnanasaang ibulsa't paghati-hatian ng matataas na upisyal ng 2nd ID at 202nd Bde.

Ang brutal na pagpaslang kay Ka Jethro ay larawan ng pasistang sikolohiya at mersenaryong indoktrinasyon sa AFP at PNP na higit pang binulok ng pang-uupat ng kriminal at mamamatay-taong presidente sa katauhan ni Rodrigo Duterte. Ganito ang padron ng lahat ng isinasagawang *extra judicial killing* ng mga pulis at militar sa tabing ng pagsisilbi diumano ng warrant of arrest sa kalaliman ng dilim tulad ng ginawa sa kaso nina Kasamang Julius Giron (Marso 13, 2020) at Ermin Bellen (Disyembre 5, 2019).

Walang pakundangang nilabag ng pasistang tropa ni Duterte ang International Humanitarian Law (IHL) at Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nilagdaan sa pagitan ng NDFP at GRP bilang una sa apat (4) na pinagkasunduang substantibong agenda sa usapang pangkapayapaan ng dalawang pwersang nagdirigmaan (belligerent).

Bilang pagdidiin, si Ka Jethro ay maituturing na 'hors de combat' o wala nang kakayahang lumaban matapos masugatan sa naunang labanan at wala din siyang hawak na armas nang mangyari ang pagpaslang sa kanya. Maitatala ito sa humahabang listahan ng "war crimes" ng pasistang tropa ni Duterte. Ginagarantiyahan si Ka Jethro ng proteksyon ng IHL at ng CARHRIHL bilang 'hors de combat'.

Nanawagan ang NDF-ST sa mamamayan ng rehiyon na kondenahin at papanagutin sa batas ang mga may kagagawan sa karumal-dumal na pagpaslang kay Kasamang Jethro. Dapat silang managot sa kanilang mga krimen sa sangkatauhan sa ilalim **ng** Geneva Conventions.

Katarungan para kay Kasamang Jethro at sa lahat ng mga naging biktima ng mga karumal-dumal na krimen ng mga berdugong tropa ng pasistang rehimeng US- Duterte!

Sisingilin at pagbabayarin nang mahal ng rebolusyonaryong kilusan ang mga pasistang tropang 1st IB-PA, 2nd IDPA, PNP Calabarzon at PNP Laguna na kumitil sa buhay ni Ka Jethro, Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny at siyang patuloy na naghahasik ng karahasan at terorismo sa mamamayan ng Laguna!

Ibaling ang paninimdim sa rebolusyonaryong katapangan! Mabuhay ang rebolusyong Pilipino! T

## Kundenahin ang di-makatao, barbaro at makahayop na pagtrato ng 202nd Brigade-Philippine Army at Philipine National Police-Region IV-A sa mga labi nina Mario "Ka Jethro" Caraig, Dioscorro "Ka Termo" Cello, Alex "Ka Omar" Perdeguerra at Rey "Ka Danny" Macinas

*Agosto 20, 2020*

Mariing kinukundena ng NDF-ST ang di-makatao, barbaro at makahayop na pagtrato ng mga pasistang tropa ng rehimeng Duterte sa mga labi nina Ka Jethro, Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny. Sina Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny ay napaslang nang pinagsanib na tropa ng 1st Infantry Batallion-Philippine Army (1stIB-PA) at Regional Mobile Force Batallion 4A ng PNP-Region 4A nuong madaling araw ng Agosto 4, 2020 sa Sityo Balatkahoy, Brgy San Antonio, Kalayaan, Laguna. Si Ka Jethro, na maituturing na isang *hors de combat* dahil sa tinamo niyang grabeng sugat sa kaliwang braso sa naging labanan nuong Agosto 4 ay walang awang pinaslang naman ng mga pasistang tropa nuong madaling araw ng Agosto 8, 2020 habang natutulog at naghihintay na malunasan.

Katakot-takot na pahirap muna ang dinaanan ng pamilya ni Ka Jethro sa kamay ng 1st Infantry Batallion-Philippine Armay (1st IBPA) at Philipine National Police-Laguna bago nila naiuwi ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay upang ipagluksa, masilayan ang kanyang labi at maihatid ng mga kamag-anak, kaibigan at mga taong labis

na nagmamahal sa kasama sa huling hantungan bilang bayani. Pinagpasa-pasahan at kung anu-ano pang papeles ang hinihingi ng PNP-Laguna at 1st IBPA sa pamilya ni Ka Jethro para lamang ibigay nila ang mga labi ni Ka Jethro sa pamilya.

Hindi na bago ang ganitong talamak na gawi, di makatao at mersenaryong kultura ng mga pasistang tropa ni Duterte sa pagbibinbin sa mga labi ng mga napapaslang nilang kasapi ng NPA. Ganito ang ginawa nila kay Kasamang Ermin "Ka Romano" Bellen na brutal na pinaslang ng mga pasistang tropa sa Antipolo Rizal nuong Disyembre 5, 2019. Mas nauna pa rito ang nangyari sa 3 kasamang napaslang sa Mindoro Oriental nuong Hunyo 2019. Dumanas muna ng matinding hirap ang pamilya sa pagkuha ng iba't ibang dokumento bago nila nakuha ang mga labi ng kanilang mga mahal sa buhay na pilit at iligal na binibinbin ng tropa ng 203rd Bde sa isla ng Mindoro. Salamat sa mga pagkilos na isinagawa ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatang pantao na nagsilbing presyur at nagtulak sa pasistang tropa na ibigay sa kaukulang pamilya ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay.

Subalit ang mas karumal-dumal, makahayop at gawain lamang ng mga taong walang konsensya ay ang ginawang pagnanakaw at pagkakait sa pamilya ng mga pasistang tropa sa mga labi nina Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny. Ninakaw sa puneraryang unang pinagdalhan sa tatlo at dinala ng mga pasistang tropa ni Duterte ang mga labi ng tatlong (3) kasama sa hindi pa matukoy na magkakahiwalay na lugar at basta na lamang inilibing nang hindi nabibigyan ng karampatang pagluluksa at disenteng libing ng mga kapamilya't kaanak. Kung saan saang lugar

itinuturo ng mga pasistang tropa ang di umanong kinaroroonan ng mga labi ng tatlong kasama pero patuloy silang nabigo na matunton ang mga labi ng kanilang mahal sa buhay.

Una na nilang naihanda ang sangkaterbang dokumento na hinihingi sa kanila sa pag-aakalang maiuuwi na nila ang mga labi ng tatlong kasama. Ngunit sadyang walang kasing lupit at walang anumang bahid ng pagiging makatao ang mga pasista at mersenaryong tropa ni Duterte.

Ang pagbinbin at pagkakait ng pasistang tropa ng AFP at PNP sa pamilya't kaanak ng mga labi ng mga namatay sa panig ng isang pwersang nagkikidigma (belligerent force) tulad ng NPA ay katumbas ng paghatol ng kolektibong kaparusahan sa mga kapamilya at kaanak ng mga biktima na hindi kasangkot sa armadong tunggalian.

Ito'y isang lansakang paglabag sa International Humanitarian Law (IHL) at sa Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights ang International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nilagdaan sa pagitan ng NDFP at GRP bilang una sa apat (4) na pinagkasunduang substantibong agenda sa usapang pangkapayapaan ng dalawang pwersang nagdirigmaan. Sa naturang pangyayari, patuloy na humahaba ang listahan ng mga paglabag ng rehimeng US-Duterte sa IHL at CARHRIHL.

Isang mahabang tradisyon nang pinaiiral ng mga pwersang nagdirigmaan ang pagsauli o pagbibigay ng pagkakataon na makuha ang bangkay ng mga namatay sa labanan sa magkabilang panig bilang isang aktong makatao. Maraming mga kaso na nagdideklara

ng pansamantalang pagtigil ng labanan ang magkakarap na magkakalabang pwersa upang kunin ang kanilang mga patay sa larangan sapul pa sa pag-iral ng lipunang alipin. Higit na pinatibay ang mga garantiya at proteksyong ito sa modernong panahon ng pag-iral ng mga digmaan na nilalaman ng kasunduan sa Geneva Conventions ng 1949 at 1977.

Sa patuloy at determinadong paghahanap ng pamilya at mga organisasyong nagtataguyod sa karapatang pantao, nasunson nila ang pinaglibingan nina Ka Omar at Ka Danny sa isang sementeryo sa Antipolo, Rizal. Unang nasunson ang nakalibing na bangkay ni Rey Masinas o Ka Danny nuong Agosto 13, 2020, sa isang sementeryo sa Barangay San Jose, Antipolo City, Rizal makaraan ang 9 na araw ng paghahanap. Nakuha ang bangkay ni Ka Danny na nababalutan lamang kumot at plastic ni dinamitan lamang at isinilid sa isang kahon.

Inilibing ng PNP si Ka Danny nang walang anumang paggalang at pagbibigay dignidad sa kanyang mga labi. Sinadyang ilibing siya sa sementeryong 60 kilometro ang layo mula sa Camp Vicente Lim sa Calamba, Laguna para itago ang kanyang mga labi sa pamilya at pagkaitan siya ng disenteng burol at libing.

Agosto 15, 2020 nang matagpuan naman ang pinaglibingan kay Alex "Ka Omar" Perdeguerra sa pareho ding sementeryo sa barangay San Jose, Antipolo City. Ngayon pa lamang (Agosto 20) pinoproseso ang pagkuha sa mga labi. Tulad ni Ka Danny sinalaulala ang kanyang bangkay at basta minarkahan ng "Ka Omar" ang kanyang pinaglibingan. Bagay na nagpapahiwatig sa makahayop at di makataong paraan ng paglilibing ng PNP kina Ka Alex Perdeguerra at Ka Rey Macinas.

Hanggang sa kasalukuyan, ayon sa nakakalap naming mga balita, patuloy pa ang paghahanap ng pamilya at mga grupo sa karapatang pantao sa mga labi ni Kasamang Dioscorro “Ka Termo” Cello. Natunton ito sa sementaryo ng Tuy, Batangas ngunit katulad ng ginawang pagsalaula sa mga labi nina Ka Omar at Ka Danny, inilibing siya sa isang walang markang libingan ng mga walang budhing PNP. Hindi pa nasiyahan sa kanilang kahayupan, labis na pinahihirapan ang anak na makuha ang labi ng kanyang ama at mabigyan ng isang disente, marangal na burol at libing na karapat- dapat sa isang martir at bayani ng sambayanang Pilipino.

Dapat lamang mariing kondenahin ng malawak na mamamayan ang barbaro, makahayop at di makataong pagtrato ng pasistang rehimeng US-Duterte sa mga labi nina Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny. Gawain ito ng mga taong wala nang natitira pang budhi sa katauhan ng PNP at AFP na dapat patuloy na nilalantad, kinokondena at nilalabanan.

Sa kabilang banda, papapanagutin ng rebolusyonaryong kilusan ang sinumang may kinalaman sa pagpatay kina Ka Termo, Ka Omar, Ka Danny at sa brutal na pagpatay kay Ka Jethro na isang *hors de combat*. Sisingilin din ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat ng may kinalaman sa makahayop at di makataong pagtrato sa mga labi nina Ka Termo, Ka Omar at Ka Danny gayundin ang labis na pagpapahirap sa mga kapamilya ng mga pinaslang.

Ang kalupitan at di-makataong pagtrato ng AFP at PNP sa mga napaslang na mga NPA sa mga labanan at ang pagkakait ng labi sa mga kapamilya’t kaanak para maipagluksa at mabigyan ng disenteng

libing ang kanilang mahal sa buhay ang pinakamataas na kahayupan na maaaring gawin para lapastanganin ang alaala ng mga namatay at parusahan ang mga pamilya't kaanak. Ito ang tunay na imahen ng isang mersenaryo at walang-pusong militar at pulisya na higit pang binulok ng kriminal, mamamatay-tao at taksil na rehimeng Duterte.

Umaalingawngaw ang malakas na panawagan ng mamamayan sa rehiyon para sa KATARUNGAN sa kanilang mga bagong bayani at martir ng rebolusyon. T

## NTF-ELCAC Buwagin! Papanagutin at pagbayarin sina Lorenzana, Esperon, Parlade at iba pang mga opisyal nito sa mga krimen sa bayan!

*Marso 22, 2021*

Mababaw at hindi sapat ang naging rekomendasyon ng Senado na tanggalin lamang si Parlade bilang tagapagsalita ng NTF-ELCAC. Dapat kay Parlade ay tuluyan nang sibakin sa AFP at kasuhan dahil sa kanyang mga nagawang karumal-dumal na krimen sa bayan. Si Parlade at ang NTF-ELCAC ay nagsilbi lamang marahas na instrumento ng pasistang rehimeng US-Duterte sa pagsupil, pandarahas at terorismo sa bayan. Ang malakas na panawagan ng mamamayan: buwagin ang anti-mamamayang NTF-ELCAC, papanagutin at pagbayarin ang mga berdugo nitong opisyal, at ibasura ang Anti-Terror Law (ATL).

Hindi maitago at lantarang ipinakita ng mga pasista ang kanilang disgusto sa resulta ng ginawang imbestigasyon sa Senado sa *red-tagging* at mga kalabisan ng NTF-ELCAC. Hinamon pa ni Secretary Lorenzana na tanggalin na ang AFP sa anti-komunistang *task force.* Hindi niya matanggap at ikinapipikon ang harapang pamumuna ng mga senador na hindi konstitusyonal ang paghirang kay Parlade sa isang sibilyang opisina dahil ang huli ay nasa aktibong serbisyo pa sa AFP. Astang pilosopo naman si Parlade na nagsabi pa ng "berigud" kahit ang totoo'y nasasaktan siya dahil ikalawang beses na niyang matatanggal bilang *spokesperson*. Noong 2011, na-*dismiss* siya bilang

tagapagsalita ng Philippine Army dahil sa pag-uudyok ng gera laban sa Moro Islamic Liberation Front sa kabila ng deklarasyong tigil-putukan ng GRP.

Hindi kataka-taka ang mariing pagdedepensa ni Lorenzana kay Parlade sa naging rekomendasyon ng Senado. Magkabaro ang dalawa sa pagiging matatapat at masusugid na mga alagad ng imperyalismong US. Dating *military attaché* sa Washington si Lorenzana. Kilala siyang masugid na tagahingi ng suportang militar mula sa US at kontrapelo sa pakikipagmabutihan ng GRP sa China. Tiyak na hindi lamang biro ang mga sabi-sabi ni Duterte na siya ang pangunahing "CIA Agent" sa bansa. Sa kabilang banda, kinalulugdan ng US si Parlade dahil sa kanyang pagiging utak-pulbura at uhaw-sa-dugong anti-komunista. Nag-aral siya sa US at doon binuo ang kanyang mga walang kwentang tesis at libro hinggil sa rebolusyonaryong kilusan.

Sina Lorenzana, Esperon at Parlade ay kapwa naging bantog sa pagiging kontra-kapayapaan at sagadsaring militarista. Lagi nilang hinahadlangan ang pagbubukas ng usapang pangkapayaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Tagasunod sila ng doktrina ng US hinggil sa todong gera laban sa mga "kalaban ng estado." Ang mga buktot at pasista nilang paniniwala ang dahilan kaya sila ang inilagay ni Duterte sa NTF-ELCAC.

Napakabigat ng kriminal na mga pananagutan nina Duterte, Lorenzana, Esperon, Parlade at ng buong NTF-ELCAC sa bayan. Partikular kay Parlade, hinahabol at pinagbabayad siya ng mamamayan ng Timog Luzon sa dami ng kanyang mga kaso at krimen sa tagal ng kanyang pamamalagi bilang pinuno ng Southern Luzon Command. Dati siyang

tumayong pinuno ng $203^{rd}$ Brigade sa isla ng Mindoro at ngayon nama'y naghahasik ng terorismo sa rehiyon ng TK at Bikol bilang hepe ng SOLCOM.

Hinihimok namin ang mga biktima ng pambobomba, walang habas na pamamaril, pagharang sa pagkain at iba pang paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas, sampu ng mga kaanak ng mga brutal na pinatay ng mga yunit sa ilalim ng 2nd ID/ SOLCOM na sampahan ng kasong kriminal si Parlade. Paabutin hanggang sa mga internasyunal na korte at UNHRC ang kabatiran sa mga kaso ni Parlade. Dapat siyang usigin at papanagutin ng lahat ng mamamayang nagtataguyod sa karapatang tao.

Samantala, dapat patuloy na kumilos ang taumbayan para ilantad at labanan ang madugong kontra-mamamayang gyera na pinatutupad ni Duterte at ng kanyang anti-komunistang *task force*. Kumilos at makibaka para sa pagbubuwag sa NTF-ELCAC at pagpapanagot sa mga kasalanan ng mga opisyales nito. Patuloy na igiit at ipaglaban ang mga karapatang sibil at demokratiko ng mamamayang Pilipino mula sa matinding panunupil ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Nanawagan din ang NDF-ST sa taumbayan na paigtingin ang paglaban para pabagsakin si Duterte kasama ang kanyang mga uhaw-sa-dugong heneral. Laging handa ang mga sona't larangang gerilya ng rehiyon na tanggapin ang sinumang nagnanais sumapi sa NPA at magsulong ng armadong pakikibaka para bigyan ng katarungan ang kanilang kaapihan. Ang mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya ay igagawad ng rebolusyonaryong kilusan sa tamang panahon at pagkakataon sa mga berdugo't pasista, lalo ang mga sangkot at

may kagagawan sa nangyaring Bloody Sunday noong Marso 7, 2021. Determinado at hindi makakalimot ang rebolusyonaryong kilusan sa TK na papanagutin ang mga kriminal at may utang na dugo sa mamamayan. **T**

## Singilin ang GRP sa paglapastangan sa karapatan ng batang si MJ at ng mga kabataan!

*Hunyo 2, 2021*

Mariing kinukundena ng NDF-ST ang pagdukot ng AFP-PNP noong Mayo 12 sa apat (4) na taong gulang na si MJ, anak ng isang detenidong pulitikal sa Oriental Mindoro. Marapat na panagutin ang mersenaryong tropa ng 203rd Brigade sa ilalim ni Col. Augusto Villareal na nagsagawa ng marahas na pagdukot sa bata. Sa kanilang ginawa, pinatotohanang walang ligtas, maging bata, sa terorismo ng rehimeng Duterte.

Malinaw ang mga paglabag sa karapatang tao sa operasyon ng AFP-PNP noong alas-7 ng gabi ng Mayo 12 sa Rizal, Occidental Mindoro. Nilusob ng mga pasista ang tirahan ng mga tagapangalaga ni MJ na pamilyang Fernandez at sapilitang kinuha ang bata. Tinutukan ng baril ang mag-asawa at tinakot ang kanilang mga anak na panay mga menor de edad. Halos sagasaan ng sasakyan ng 203rd Brigade ang mga naghahabol na mag-asawa. Nilabag nila maging ang batas ng GRP na RA 9262 o Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004.

Dinamay rin ang buong komunidad sa pandarahas. Pinatay ang ilaw sa mga bahay habang nag-iikot sa baryo ang mga sundalo. Walang kahihiyang nagkunwari ang mga pasistang sundalo na NPA para mahanap at mapasok ang tirahan ni MJ.

Nakasusuklam ang pangyayari lalupa't may kaugnayan sa kontra-rebolusyonaryong kampanya ng rehimen ang pagdukot kay MJ. Si MJ ay anak ni Emilia Marquez, isang *health worker* na inakusahan ng rehimeng Duterte na kasapi ng NPA kahit na wala namang katibayan, at sa bisa ng gawa-gawang kaso at mga tanim na ebidensya ay ipiniit sa loob ng apat na taon. Pati ama ni MJ ay ginawang *wanted* ng AFP-PNP kaya't naiwan ang bata sa pangangalaga ng mga Fernandez.

Ngayon, gusto ng AFP-PNP na gamitin si MJ para ipresyur si Marquez na sumuko o maging bahagi ng kanilang itim na propaganda laban sa CPP-NPA-NDFP. Napakarumi, napakababa at napakawalanghiya ng rehimen sa paggamit ng ganitong mga iskema laban sa mga detenidong pulitikal at mga aktibista na nais nilang bitagin.

Ipinapakita nito ang patakaran ng estado na pag-atake sa mga walang kalaban-laban, inosente at musmos tulad ni MJ. Wala ring armas ang mga Fernandez, subalit sa kanilang pagmamahal sa bata ay matapang na hinarap ang mga sundalong animo'y may kaharap na mga kriminal sa tindi ng kanilang kondukta. Malinaw ang intensyon ng 203rd Brigade na magtanim ng teror sa komunidad.

Ang kalupitan kay MJ ay hindi isang hiwalay o bagong insidente ng paglapastangan sa karapatan ng mga bata ng reaksyunaryong estado. Isa rito ang pagkidnap ni Gen. Alejandro Galido ng SOLCOM sa limang taong gulang na si Andrea, panganay na anak ni Gregorio "Ka Roger" Rosal noong 1988. Desperado si Galido na patahimikin si Ka Roger na noo'y tagapagsalita ng NPA-Southern Tagalog.

Maging ang anak ni Andrea ay naging biktima din ng kalupitan ng estado. Dinakip si Andrea nong 2014 habang nagbubuntis at pinagkaitan ng

atensyong medikal nang ikulong, dahilan para mamatay ang kanyang anak isang araw matapos isilang. Sa ilalim naman ni Duterte, namatay ang sanggol na si Baby River matapos siyang ihiwalay sa kanyang ina na si Reina Nasino na iligal ding inaresto at ikinulong.

Wala ring pakundangan ang AFP-PNP sa paglapastangan sa kapakanan ng mga batang anak ng mga lider ng mga organisasyong masa na tinatakan nilang "terorista". Nitong Marso lamang, na-*trauma* ang 10-taong gulang na anak ng mag-asawang Chai at Ariel Evangelista na mga biktima ng Bloody Sunday nang masaksihan niyang paslangin ang mga magulang sa loob ng kanilang bahay sa Batangas. Ganito rin ang nangyari sa magkakapatid na Albarillo na saksi sa pagpatay sa kanilang ama at ina sa Oriental Mindoro noong Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Arroyo.

Lahat ng ito'y pruweba na hindi tumatalima ang GRP sa pinirmahang 1990 Convention on the Rights of the Child ng United Nations. Taliwas din ito sa kasunduan ng NDFP at GRP na pangangalaga sa karapatang tao ng lahat kabilang ang mga bata sa ilalim ng CARHRIHL. Sa kabilang banda, kinikilala at ginagalang ng NDFP ang 1990 Convention on the Rights of the Child ng United Nations. Higit pa rito, sa sariling Declaration and Program of Action for the Rights, Protection and Welfare of Children ng NDFP na inilabas noong 2012, nakasaad ang pinakamataas na pagpapahalaga ng rebolusyonaryong kilusan sa kapakanan at kagalingan ng mga bata.

Kailangang ilantad ang kalupitan at kawalang respeto ng GRP sa karapatan ng mga bata sa harap ng pagkukunwa nitong pinangangalagaan ang mga kabataan. Kailangang punitin ang mga

kasinungalingan nito at pagbabaliktad sa katotohanan—sa kaso ni MJ, ang pagpapalabas ng AFP-PNP na sila ang nagbalik sa bata sa kanyang ina gayong sila nga ang naglayo sa dalawa nang ikulong nila si Marquez.

Dapat ding singilin ang GRP sa pagpapabaya sa mga kabataan at pagsira sa kanilang kinabukasan. Inutil ito sa paglutas sa lumalalang kagutuman na tiyak na nagpapahirap sa mga bata. Pati mga *community pantry* na takbuhan ng mga nagugutom na maralita ay ginigipit. Niyuyurakan din ang kagustuhan at karapatan ng mga batang makapag-aral sa pagtanggi nitong muling buksan ang mga paaralan. Dagdag pahirap ang ipinalit nitong *blended learning* sa *face-to-face classes* na humantong pa nga sa ilang kaso ng nagpakamatay na mga estudyanteng hindi makaangkop sa bagong moda ng pag-aaral. Wala rin itong pagsasaalang-alang sa mga batang nagbabakwit dahil sa walang tigil na pambobomba, panganganyon at panghahalihaw ng AFP-PNP sa ngalan ng kontra-rebolusyonaryong gera.

Kung mananatiling ganito ang takbo ng lipunan, hindi maiiwasang maaga pa lang ay mamulat na ang mga kabataan sa pangangailangan ng armadong rebolusyon. Hindi rin sila masisisi kung matutong lumaban at kamuhian ang AFP-PNP bunsod ng mga atrosidad. Si Andrea Rosal, na bata pa nang maranasan ang kalupitan ng militar, ay nag-armas at sumapi sa NPA. Dito, nag-ambag siya sa pagtatatag ng isang lipunang tunay na kakalinga sa mga bata at maghahanda ng maaliwalas na hinaharap para sa kanila.

Sa harap ng kapalaluan ng GRP, makakaasa ang mamamayan na itataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang karapatan ng mga bata.

Nangangako rin ang NDF-ST na walang pagod nitong ipagtatanggol ang karapatan ng mga bata laban sa pang-aabuso ng GRP. Iimbestigahan nito at ilalantad ang mga kaso ng paglabag sa karapatan ng mga bata. Gagawin nito ang buong makakaya upang panagutin ang mga salarin kabilang ang mga pasistang sundalo at mga heneral na sangkot sa pagdukot kay MJ. T

## Pekeng pagpapasuko sa mga magniniyog sa Quezon, palabigasan ng 201$^{st}$ Brigade

*Setyembre 24, 2021*

Mariing kinukundina ng NDF-ST ang serye ng pandarahas at sapilitang pagpapasuko ng 201st Brigade sa mga kasapi ng ligal na organisasyon ng mga magniniyog sa Quezon. Ngayong Setyembre, aabot sa 282 magsasaka mula sa limang barangay ng bayan ng Lopez at samahan ng mga magniniyog sa Macalelon ang sapilitang pinasuko ng mga berdugo.

Bahagi ang kampanyang pagpapasuko ng maruming anti-komunistang gera. Sa harap ng pandemyang Covid-19 at lumalalang kahirapan, inuna pa ng rehimen ang kampanyang pagpapasuko sa mamamayan kaysa sa ayuda at mga serbisyong pangkalusugan. Tinagurian ng rehimen na mga "frontliners" ang mga sundalo pero ang totoo, ang pinupuksa ng mga ito ay ang mga samahang magsasaka at kanilang kabuhayan, hindi ang bayrus. Palatandaan ng malaking karuwagan at kabiguan ng 201st Brigade ang maruming taktika nitong ituon ang gera laban sa mamamayan para lamang makamit ang kanilang pangarap na gising na masugpo ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Sa likod nito, nagpapakasasa ang 201st Brigade sa pamumuno ni BGen. Norwyn Tolentino sa mga kikbak mula sa insentibong pabuyang P65,000 na makukuha sa bawat "mapapasukong" NPA. Walang tigil ang mga mersenaryo na magpasuko dahil malinaw na palabigasan

nito ang Enhanced Comprehesive Local Integrated Program (E-CLIP). Napakagahaman ng 201st Brigade na kahit ang mga *relief* at pondo sa ayuda sa Quezon ay kinukulimbat nila.

Kinakasangkapan din ng AFP ang kampanyang pagpapasuko sa pagpapakalat ng mga pekeng balita at black propaganda lalo sa social media para siraan at palabasing "humihina" na ang CPP-NPA-NDFP sa Quezon. Nais nilang lumikha ng isterya sa mga komunidad upang ilayo ang mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan.

Higit lamang na kinamumuhian ng mamamayan ang AFP dahil sa pasismong inihahasik nila sa bayan. Sa harap ng panlilinlang ng 201st Brigade, marapat na magpakatatag ang mga Quezonin at huwag magpadala sa anumang pagbabanta at pananakot ng mga pasista. Imbes na magpadala sa pamemresyur at panggigipit ng 201st Brigade, dapat ilantad ng mamamayan ang mga krimen ng AFP at magpunyagi sa pagtanggol ng kanilang mga karapatan. Hindi rin dapat itigil ang mga kampanya ng masang magsasaka sa Quezon para sa ayuda, pagpapataas ng presyo ng kopra, pagbawi sa *coco levy fund* at iba pa.

Kailangang patuloy na pahigpitin ang pagkakaisa ng mamamayan ng Quezon at buong rehiyon upang labanan ang mga kontra-rebolusyonaryong kampanya ng rehimen. Pasiglahin ang mga kampanyang layas-militar sa mga komunidad at baryo. Patatagin ang mga organisasyong masa at itaas ang mapanlabang diwa ng mamamayan laban sa karahasan ng AFP. Isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay. T

## Mahigit 10 katutubo mula sa Occidental Mindoro, iligal na dinetine ng militar

*Enero, 2022*

Kinukundena ng NDF-Southern Tagalog ang 2nd ID at 203rd Brigade ng Philippine Army sa kanilang panlilinlang at iligal na pagdedetine sa mahigit 10 katutubong Mangyan mula sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Nasa dalawang buwan nang hindi kapiling ng mga kaanak at komunidad ang mga biktima na huling nakita kasama ang mga sundalo noong Nobyembre.

Dalawang beses na ipinatawag ng mga elemento ng 203rd Brigade ang mga naturang katutubo bago sila nawala. Sa unang pulong, nilinlang ng mga sundalo ang mga biktima at inutusan na sa susunod na patawag ay "magdala sila ng mga damit". Hindi na pinauwi ang mga biktima mula sa ikalawang patawag at hindi na matunton kung saan sila dinala.

Labis na nag-alala ang kanilang mga kaanak kaya't humingi sila ng tulong sa barangay. Sa halip na pakinggan ang kanilang hinaing, inabutan ng barangay ng ilang libong piso ang asawa ng isa sa mga biktima upang patahimikin at hindi na magreklamo.

Tinatayang dinala ang mga katutubo sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal na headquarters ng 2nd ID para sanayin at piliting maging CAFGU. Sa mensaheng naipadala ng isa sa mga dinukot na katutubo sa kanyang

pamilya, sinabi niyang “huwag nang pumayag na may sumunod pa sa kanila” dahil tiyak na pahihirapan din ang mga ito.

Ipinapakita ng kasong ito ang patuloy na pag-iral ng di-deklaradong batas militar kung saan malaya ang mga berdugo na gawin ang lahat ng kahayupan sa mamamayan nang walang takot na habulin ng batas. Ang higit 10 katutubo ay nauna nang biniktima ng kampanyang pekeng pagpapasuko ng rehimeng Duterte na nanalasa sa San Jose mula 2019. Pinalabas na sila’y mga kasapi ng NPA at pinilit ng mga sundalo na isumbong ang mga kilala nilang tagasuporta ng NPA. Kasama sila sa mga “suko” na diumano’y pinagkalooban ng aabot sa P65,000 na pabuya at iba pang tulong, subalit sa aktwal, kung hindi pa nila kinalampag ang hepe ng RCSPO sa barangay, saka lamang bibigyan ng tig-limang libo ang bawat pamilya ng mga biktima at ilang piraso ng relip kapalit ng pagbabanta sa kanilang mga buhay.

Ang mga komunidad na pinagdausan ng mga kampanyang “suko” ang siya ring naging base ng mga pasistang tropang nagsasagawa ng *retooled community support program operations* (RCSPO) hanggang ngayon. Imbing layunin ng mga RCSPO na maghasik ng dudahan sa hanay ng mga katutubo at sirain ang kanilang pagkakaisa upang maiabante ang mga mapanirang proyekto na aagaw sa lupaing ninuno. Ang pamayanang pinanggalingan ng mga biktima ay kilalang mayaman sa rekursong natural gas, langis at iba pang mineral na pinaglalawayang makuha ng mga naghaharing uri.

Ang ganitong iskema at krimen ng mga militar ay bahagi ng kanilang todo-gerang inihahasik laban sa mamamayan sa kanayunan laluna sa hanay ng mga magsasaka at pambansang minorya para

sindakin at paluhurin sila sa takot sa imbing layuning ilayo sila sa rebolusyonaryong kilusan. Ngunit lalo lamang nilang itinutulak ang masa na higit na sumalig sa rebolusyonaryong kilusan at hanapin ang rebolusyonaryong hustisya sa mga paglabag ng mga yunit ng AFP sa kanilang karapatan.

Dapat kasuhan at panagutin ang mga berdugong militar sa pagdukot at iligal na pagdedetine at sapilitang rekrutment sa CAFGU sa higit 10 katutubo kasabay ng patuloy na pananakot sa kanilang mga pamilya at komunidad. Lansakan itong paglabag sa karapatang tao. Dapat kagyat na palayain ang mga katutubo upang makabalik sa kanilang mga pamilya. Dapat higit na itambol at palakasin ang panawagang palayasin sa kanayunan ang mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU na naghahasik ng iba't ibang anyo ng teror laban sa mamamayan.

Kasabay nito, dapat likhain ang isang malakas na kilusang masa para ipagtanggol ang karapatan ng mga katutubong Mangyan. Marapat tulungan ng mga nagmamalasakit na lingkod bayan at demokratikong pwersa ang pamilya ng mahigit 10 biktima at tutulan ang tuluy-tuloy na panghaharas sa mga katutubo sa San Jose at buong isla ng Mindoro. Panahon na upang tumindig ang mamamayan at itakwil ang terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte. T

## Suportahan ang pag-uusig ng internasyunal na komunidad sa mga pasistang heneral ng NTF-ELCAC at rehimeng Duterte

*Pebrero 16, 2022*

Ikinalulugod ng NDF-ST at mamamayang Pilipino ang panukala ng 24 senador sa US na patawan ng mga sangsyon sina Lorenzana, Esperon, Año, Sinas at Parlade, mga sagadsaring anti-mamamayan at anti-komunista sa ilalim ng rehimeng Duterte, dahil sa kanilang madugong rekord sa paglabag sa karapatang tao. Gagamitin ng mga senador ang US Global Magnitsky Act upang hikayatin ang gubyerno ng US na ipawalambisa ang mga US visa ng lima at harangin ang kanilang mga transaksyon at pribadong pag-aari sa US.

Patunay ang mga sangsyon na itinatakwil maging ng internasyunal na komunidad ang mga pasimuno ng mga krimen laban sa mamamayang lumalaban at ang umaalingasaw na NTF-ELCAC. Mula nang maitayo ang *task force,* nagkaroon ng lisensya ang limang berdugo na higit pang yurakan ang karapatang tao ng mga Pilipino. Matatandaang sila rin ang mga pumigil at nanggulo sa nagaganap na negosasyong pangkapayapaan sa NDFP hanggang sa tuluyang naudyukan si Duterte na umatras. Kasuklam-suklam ang pangangalaga ng administrasyong Duterte sa mga pasistang heneral na matapos magretiro ay binigyan pa ng matataas na pusisyon sa loob ng reaksyunaryong gubyerno. Higit lamang nitong pinalalakas ang huntang militar ni Duterte.

Sa TK, galit na galit ang mamamayan laluna kay Parlade na sangkot sa samu't saring krimen at paglabag sa karapatang tao mula sa panahong nadestino siya rito, una bilang hepe ng 203rd Bde na nakadestino sa Mindoro hanggang naging hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM). Simula Enero 2020 hanggang Hulyo 2021, naisadokumento ang 2,981 iba't ibang kaso ng paglabag sa karapatang tao sa rehiyon. Kabilang dito ang kaso ng pangagahasa sa isang dalagita sa Quezon noong Hulyo 2020. Positibong bagay na kinokondena ng mga naturang mambabatas ng US ang nasabing krimen. Hinihimok silang suportahan ang pakikibaka ng biktima at kanyang kaanak, maging ng iba pang mga biktima ng paglabag sa karapatang tao sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Hinihikayat din ng mamamayang Pilipino at NDF-ST ang mga mambabatas ng US at iba pang anti-pasistang pwersa ng internasyunal na komunidad na suportahan ang pag-uusig kay Duterte at iba pang heneral ng AFP-PNP sa International Criminal Court (ICC) kaugnay sa kanilang mga krimen laban sa sangkatauhan. Nararapat ding tulungan at suportahan ang mga kaanak ng mga biktima ng paglabag sa karapatang tao sa ilalim ng teroristang rehimen.

Malaon nang sinisingil ng mamamayang Pilipino ang limang kriminal at uhaw-sa-dugong heneral ng AFP-PNP. Dapat patuloy na magbuklod ang mamamayang Pilipino upang labanan ang pasismo at terorismo ng rehimeng Duterte at papanagutin ang mga pusakal at sagad-saring kriminal na yumuyurak sa kanilang mga karapatan. Paigtingin ang mga anti-pasistang pakikibaka at biguin ang kontra-rebolusyonaryong gerang JCP-Kapanatagan. Igiit ang pagbuwag sa walang kwentang

NTF-ELCAC at panagutin ang mga upisyal nito at mismong si Duterte sa pagyurak sa demokratikong karapatan at paghahasik ng teror sa bayan.

Samantala, hindi titigil ang rebolusyonaryong kilusan sa pag-uusig sa rehimeng Duterte at sa mga pasistang heneral nito. Pananagutin sila ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya.

# Itigil ang walang patumanggang pambobomba at panganganyon ng 203rd Bde sa mga komunidad ng Mangyan sa Mindoro!

*Pebrero 26, 2022*

Mariing kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang isinagawang walang patumanggang *aerial bombing, strafing* at *artillery shelling* ng berdugong 203rd Bde ng Philippine Army sa hangganan ng mga Brgy. Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro at Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro mula alas-5 ng umaga kanina.

Matinding takot at pinsala na naman ang idinulot nito sa buhay at kabuhayan ng mga katutubong Buhid sa lugar. Hindi na ito bago sa kanilang karanasan sapagkat nilunsaran na rin ng mga berdugong 203rd Bde ang kanilang lugar ng serye ng mga *aerial bombing, strafing* at *artillery shelling* mula Abril 29 hanggang Mayo 4, 2019 kasabay ng inilulunsad nilang malawakang *focused military operations* at gayundin noong Marso 2021. Nagdulot ito ng dislokasyon ng ilanlibong pamilya ng mga katutubong Buhid at Hanunuo at iligal na pag-aresto at sapilitang pagpapasuko sa mahigit 30 katao.

Nagkukubli ang 203rd Bde sa malalakas nilang mga sandata para sindakin ang mamamayan at palayasin sila sa kanilang mga komunidad nang sa gayo'y mabigyang laya ang gagawing muling panghahalihaw sa kabundukan ng Mindoro. Sa likod nito ang kanilang imbing layuning

“sairin ang tubig upang wala nang malanguyan ang mga isda” o putulin ang suporta ng katutubong mamamayan at mga magsasaka sa Mindoro sa New Peoples Army.

Mahaba na ang maruming rekord ng berdugong $203^{rd}$ Bde tulad ng iba pang yunit ng militar sa TK sa paglabag sa karapatang tao at sa mga alituntunin sa digma na itinatakda ng mga pandaigdigang kasunduan. Lagi nilang ginagawang lehitimong target ng kanilang pagpaslang at iba pang pasistang aktibidad ang mga sibilyan, laluna ang katutubong mamamayan at magsasaka sa Mindoro para palabasing nagtatagumpay ang kanilang mga plano at aktibidad ng “pagdurog” sa rebolusyonaryong kilusan sa isla. Kabilang sa mga ito si Omeng Cahelo at Tatay Frentes Gutierrez na pinaslang noong 2019 sa Calintaan, at si Badoy Dela Cruz na pinaslang noong 2021 sa Magsaysay.

Hindi maunawaan at matanggap ng mga berdugong kriminal at mersenaryong militar na lalo lamang nilang pinapaypayan ang apoy ng galit at determinasyon ng mamamayang labanan ang kanilang mga pasistang pakana. Lalo lamang nilang itinutulak ang mamamayang sumalig sa NPA bilang kanilang tunay na hukbong nagtataguyod sa kanilang kaligtasan at kapakanan. Ang ganitong mga pagkakataon ang higit na nagpapatunay na walang ibang daan tungo sa tunay at pangmatagalang kapayapaan kundi ang armadong paglaban na inilulunsad ng NPA sa pamumuno ng Communist Party of the Philippines.

Nananawagan ang NDF-ST sa mga mamamayang Mindoreño na patuloy na ilantad ang kahayupang ginagawa ng $203^{rd}$ Bde, $4^{th}$ IBPA at iba pang yunit sa ilalim ng berdugong brigada laban sa kanila. Kailangang igiit

ng mamamayan ang pagpapatigil sa ginagawang pag-atake ng $203^{rd}$ Bde laban sa mga katutubong Mangyan at mamamayang Mindoreño. Kasabay nito, dapat nilang singilin at papanagutin ang SOLCOM, ang $203^{rd}$ Bde at mga yunit sa ilalim nito sa kanilang humahabang krimen laban sa mamamayang Mindoreño.

Nananawagan rin kami sa mga tunay at tapat na lingkod-bayan, abugado at mga makataong organisasyon na tulungan ang mga biktima ng pambobomba at panganganyon sa Mindoro. Kasabay nito, kailangang manindigan sila para sa pagtataguyod ng karapatang tao at batikusin ang paggamit ng rehimen at mga yunit ng AFP ng mga sandata ng teror laban sa mamamayan. Iparating ito sa internasyunal na komunidad upang magsilbing dagdag na kaso ni Duterte at ng AFP sa mga krimen nito laban sa sangkatauhan.

Pag-ibayuhin ang pakikibaka ng mamamayang Mindoreño laban sa pasismo at ibuhos ang kanilang suporta sa armadong pakikibaka sa pamumunong CPP! T

## Kundenahin ang panggigipit at atake sa kabuhayan ng mamamayan ng Occidental Mindoro

*Abril 29, 2022*

Mariing kinukundena ng NDFP-ST ang pinatinding militarisasyon sa mga bayan ng Rizal at Calintaan, Occidental Mindoro na nagdudulot ng pasakit at perwisyo sa kabuhayan ng mamamayan doon. Ito'y ganti at reaksyon ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA sa mga labanan noong Abril 25 sa Barangay Iriron, Calintaan kung saan bigo ang mga sundalo't pulis na lipulin ang isang tim ng NPA Mindoro.

Mistulang Martial Law ngayon sa pinangyarihan ng labanan at mga kalapit nitong sityo dahil sa ipinataw ng militar na blokeyo sa pagkain, masinsing tsekpoynt at mahigpit na *curfew*. Malaki itong perwisyo sa mga magsasaka na umaasang makapagtanim ngayong tag-araw. Ang maipupundar sa panahong ito ang pagmumulan ng kanilang pagkain at kalakal sa darating na mga buwan hanggang sa susunod na taon.

Bukod dito'y binabantaan din ang mga taumbaryo na aarestuhin at kakasuhan ang sinumang tutulong sa mga napalaban na kasapi ng NPA sa bisa ng Anti-Terrorism Act.

Marapat na itigil ang pagpapatupad ng mga pasistang hakbangin upang makapag-hanapbuhay ang mga residente. Ito'y paglabag sa internasyunal na tuntunin sa ilalim ng Geneva Conventions ng

United Nations. Wala na ngang ayuda o suportang pangkabuhayan para sa mga maralitang magsasaka ay ginigipit at hinaharang pa ng AFP ang populasyong sibilyan na maipagpatuloy ang mga aktibidad sa produksyon at pang-ekonomiya. Dapat igalang ang karapatan ng mga sibilyang hindi kalahok sa armadong labanan at huwag gamiting sangkalan ang pagtugis sa NPA para supilin ang kanilang karapatan.

Dagdag pa, dapat igiit ang pagtigil ng paggamit ng labis-labis na pwersang militar na lumilikha ng dislokasyon sa kabuhayan ng mamamayan at gumagambala sa matahimik nilang pamumuhay. Kasalukuyang sinasalakay ang Calintaan at Rizal ng tinatayang dalawang kumpanyang tauhan mula sa pinagsamang pwersa ng PNP-SAF at ng 68th, 4th at 76th IBPA sa kumpas ng 203rd Brigade. Iniulat din ang pagdedeploy ng dalawang tangke sa Calintaan at pagpapalipad ng dalawang *helicopter* noong mismong araw ng labanan. Gusto lamang ng mga pasista na sindakin ang mamamayan at pigilan ang kanilang pagtutol sa mga pasista nilang patakaran.

Kasuklam-suklam ang karuwagan ng AFP-PNP na tuwing nabibigo sa mga engkwentro laban sa NPA ay binabalingan ang mga sibilyan. Hinihikayat ng NDFP-ST ang mga tunay na lingkod-bayan, mga abogado, makataong organisasyon at iba pang naliliwanagang panggitnang pwersa na tulungan ang mamamayan ng Mindoro laban sa pang-aatake ng teroristang AFP-PNP. Maaaring magpadala sila ng ayuda at suporta sa pakikibaka ng mamamayan upang palayasin ang mga tropa sa kanayunan.

Hindi dapat hayaang mamayagpag ang mga pasista. Nananawagan ang NDFP- ST sa mga Mindoreño na mangahas makibaka para depensahan ang sarili at kabuhayan. Kailangang tumindig at magkaisa upang ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan mula sa terorismo ng estado. T

## Ipaglaban ang karapatang magprotesta! Makibaka, huwag matakot!

*June 2, 2022*

Marapat tapatan ng mas mainit na paglaban ang tahasang paglapastangan ng pasistang estado sa demokratikong karapatan ng mamamayan sa nangyaring marahas na dispersal sa protesta noong nakaraang Miyerkules, araw ng proklamasyon nina Ferdinand Marcos Jr. at Sara Duterte-Carpio. Nakagagalit ang pagtatanggol ng PNP sa malupit nitong pagtrato sa mamamayang lumahok sa pagkilos para kundenahin ang hindi lehitimong pag-akyat sa poder nina Marcos II-Duterte gamit ang maruming eleksyong 2022. Hindi pa man tuluyang nakaka-upo sa kapangyarihan, ipinakita na ng tambalang Marcos-II at Duterte ang magiging katangian ng kanilang rehimen. Pahiwatig ito ng pagpapatuloy at posible pang pagtindi ng pasismo sa papasok na rehimeng US-Marcos II.

Dapat ilantad at labanan ang karahasang ito bilang pang-atake sa karapatang sibil-pulitikal ng mamamayan na pinoprotektahan maging ng reaksyunaryong Konstitusyong 1987. Kailangang managot ang mga pulis at opisyal na sangkot sa insidente at iestablisa ang pang-aabuso sa kapangyarihan ng PNP. Sa ganitong paraan maipagtatanggol ng mamamayan ang kanilang karapatan at malalabanan ang *chilling effect* na nililikha ng estado upang pigilan ang pagkilos ng masa.

Bukod sa hinihinging ibayong katatagan, kailangang maging mas mapanuri ang bayan dahil gagamitin ng estado ang lahat ng paraan para supilin ang mga pakikibakang bayan sa pamamagitan ng paggamit ng dahas, saywar at disimpormasyon. Isang malaking kabalintunaang pahayag ng PNP na walang karapatan ang taumbayang magprotesta dahil wala silang permit o pahintulot na magrali. Ngunit hindi ito sapat na dahilan para marahas na buwagin ang pagtitipon. Mismong ang reaksyunaryong Korte Suprema ang nagsabing iligal ang anumang karahasan laban sa mga nagpoprotestang mamamayan nang hinushagan nitong labag sa sariling reaksyunaryong saligang batas ng 1987. Malinaw ito sa naging husga na labag sa Saligang Batas ang pinakanang *calibrated pre-emptive response* (CPR) ng PNP noong panahon ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo kung saan ipinatupad ang bayolenteng dispersal sa mga protesta sa tabing ng patakarang "no permit, no rally." Kaya para lusutan ang kanilang pananagutan, naglabas ang PNP ng gawa-gawang kwentong nagmula diumano sa mga nagpoprotesta ang panggugulo.

Kahit kailan ay hindi naging iligal at masama ang pagpoprotesta ng mamamayan. Karapatan ito ng bawat mamamayan na ipahayag ang kanyang mga hinaing at pagtutol sa mga di-makatarungang batas at patakaran ng rehimen. Kaya ang pagpapataw ng estado ng mga patakarang ito ay taktika lamang para supilin ang mga batayang karapatang ito at pigilan ang mga pamamahayag at pagkilos sa lansangan.

Samantala, ang nagkokorong paninira sa mga nagpoprotesta at progresibo ay bahagi lamang ng kampanyang demonisasyon ng

estado para bigyang katwiran ang karahasan sa nagkakaisang mamamayan. Bigo ang rehimeng ipinta ang mga aktibista at oposisyon sa tambalang Marcos II-Duterte bilang mga pasaway (nuisance) at mga di sumusunod sa batas at kung gayon ay hindi dapat tularan ng mamamayan. Subalit sa halip na mapasama ang mga aktibista, higit na nalalantad ang brutalidad ng estado sa sinumang lumalaban dito.

Nagagawa ng mamamayang magprotesta, mag-asembliya, magpahayag ng kanilang saloobin at bumuo ng mga samahan, unyon at iba pang organisasyon hindi dahil sa kagandahang-loob ng estado, kundi dahil sa kanilang marubdob na paggigiit at pakikibaka para sa kanilang karapatan. Lagi't lagi itong hahadlangan ng mga pasistang nagsisikap na panatilihin ang bulok na sistema ng lipunan. Kailangang labanan at igpawan ng mamamayan ang mga kahirapang dulot ng panunupil ng estado at patuloy na magpunyagi para makamit ang minimithing tunay na pagbabago, kasaganaan at demokrasya.

# 7

# HUNGKAG AT PASISTANG GABINETE NI DUTERTE

## Mr. Salvador Panelo, bagong talagang Chief Propagandist at Legal Officer ng Chinese Embassy sa Pilipinas

*Nobyembre 5, 2019*

Nababagay sa isang manhid, inutil, taksil at sagadsaring anti-Pilipinong gabinete ni Duterte na tulad ni Salvador Panelo ang titulong Chief Propagandist at Legal Officer ng Chinese Embassy sa bansa.

Tulad ng kanyang among si Duterte, wala ni anumang bahid ng pagpapanggap at pagmamalasakit sa mga Pilipino si Secretary Salvador Panelo sapul ng maluklok itong tagapagsalita ng Malacanang.

Ang kanyang mga naging pahayag sa publiko ay pagpapakita ng kanyang kawalang malasakit sa kapakanan ng mamamayang Pilipino bagkus gumagampan siya ng papel bilang abugado sa pagtatanggol sa bansang China sa mga interes nito sa bansa at sa inaangking teritoryo ng Tsina sa West Philippine Sea (WPS).

Ito lang ang maipapayo ko kay Secretary Panelo, mabuti pang magbitiw ka na lang bilang tagapagsalita ni Duterte at magtrabaho bilang Chief Propagandist at Legal Officer ng Chinese Embassy sa Pilipinas tutal naman ang mga pahayag mo ay pawang pagtataguyod at pagtatanggol sa interes at kapakanan ng bansang China kaysa ang ipagtanggol ang interes ng sambayanang Pilipino at Inang Bayan. Sa iyong pagbibitiw mabawasan kahit paano ang pinapasang buwis ng taumbayan na pinantutustos sa iyong sweldo at alawans kahit wala kang kasilbi-silbi sa bayan. Mas magiging katanggap tanggap pa sa taumbayan na makita kang naglilingkod sa China kaysa manatili sa gubyerno na nagpapanggap na Pilipino subalit sa esensya ay traydor, bentador ng soberenya ng bansa at makabagong "makapili". Sa paglipat mo sa Chinese Embassy, mababawasan ang mga mersenaryo na pro-imperyalistang China sa loob ng gabinete ni Duterte.

Nakakagalit at nakakapuyos ng damdamin ang inilabas na pahayag ni Panelo nuong Nobyembre 3, 2019 na hindi dapat mabahala ang bansa sa bagong pangyayari sa Scarborough Shoal dahil ang hinaras ng Chinese Military Ship ay isang Liberian-*flagged commercial ship* na Green Aura na kahit pinatatakbo at pinangangasiwaan ng *all-Filipino crew* ay pagmamay-ari pa rin daw ng dayuhan. Ang ganitong pahayag ni Panelo ay isa na namang patunay kung para kanino ang

tindig at pusisyon ng Malakanyang sa tuwing maiimbwelto ang China sa kontrobersya sa loob ng karagatang pag-aari ng bansang Pilipinas.

Ang ganitong pahayag ni Panelo na nagbabalewala sa panghaharas ng China sa mga barkong dumaraan at naglalayag sa karagatan na saklaw ng Pilipinas ay pagpapakita ng kanyang kawalan ng malasakit sa mga tripulanteng Pilipino at kamangmangan sa desisyon ng Permanent Court of Arbitration nuong Hulyo 2016 na nagiimbalido sa pag-aangkin ng bansang China na sila ang may tanging hurisdiksyon sa Panatag Shoal (Scarborough Shoal).

Sa kabilang banda,  ang bagong pahayag ni Panelo ay nagbibigay ng dagdag na katwiran at bala sa gubyernong China para igiit ang kanilang "pag-angkin" sa Panatag Shoal at gawin ang anumang pagreregularisa sa lahat na dumadaan at naglalayag ditong mga barkong pangkalakaran at komersyo dahil sa tila konsisteng pagsuko na rin ng Pilipinas sa karapatan nito sa Panatag Shoal bilang saklaw ng kanyang karagatan.

Kailangang kondenahin ng taumbayan ang bagong pahayag na ito ni Panelo at hilingin ang kanyang agarang pagbibitiw. Pinatunayan na sa mahabang panahon ng kanyang panunungkulan bilang tagapagsalita ni Dutete na wala siyang anumang naidulot na kabutihan sa bayan kundi mga kahihiyan at kapalpakan.

Tulad ni Joseph Goebbels na propagandista ni Hitler, eksperto sa paglalaro ng salita at paghahabi ng kasinungalingan si Panelo para ang kabulukan at kabahuan ng administrasyong Duterte ay kanyang mapabango. Ang mga kasamaan, pagpatay sa libo-libong

pinaghihinalaang adik at maliliit na tulak at pagkakasangkot ni Duterte sa ilegal na kalakaran sa droga ay kanyang pinalilitaw na bahagi at paraan ng pagpapakita ni Duterte ng kanyang pagmamahal sa bayan. Sayang lang ang pinansusweldo at ginagastos mula sa kaban ng taumbayan kay Secretary Salvador Panelo na isang inutil, sagad sa butong panatiko at tuta ng China.

Tulad ng kanyang among si Duterte, pareho silang korap, traydor at masugid na tauhan ng imperyalistang China na kailangang patalsikin sa pwesto ng taumbayan.

## General Antonio Parlade, Jr.: itatapon sa basurahan ng kasaysayan ng mamamayan

*Enero 18, 2020*

Sa pagkakatalaga kay Major General Antonio Parlade, Jr. bilang bagong hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM), asahan na kahaharapin niya ang mas maigting na paglaban ng mamamayan at mga rebolusyonaryo sa dalawang rehiyon ng BK at TK. Hindi lamang mabubusalsal ang kanyang bunganga sa kangangawâ, kundi paulit-ulit siyang mabubukulan ng mga patamang hambalos ng mga taktikal na opensiba ng NPA.

Itinalaga ni Duterte si Parlade bilang pinuno ng SOLCOM hindi dahil sa maningning niyang *combat record* kundi sa masahol nyang rekord sa paghahabi ng kasinungalingan bilang eksperto sa say-ops sa ilalim ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Ugali na ng pasistang rehimeng US-Duterte na italaga sa matataas na katungkulan, bilang pabuya, ang mga pasista at masugid na anti-komunistang katulad ni General Parlade na nangangarap nang gising na masusupil at madudurog ang rebolusyonaryong kilusan sa TK at BK ng isang pipitsuging heneral na biniyayaan ng sanga-sangang dila ng isang ulupong.

Bago naitalaga sa SOLCOM si General Parlade, na isa diumanong eksperto sa saywar, masahol itong nagpapakulo ng mga pekeng balita,

binaluktot na katotohanan at naghahasik ng mga kasinungalingan para linlangin ang mamamayan. Siya ay nagsilbing AFP *deputy chief-of-staff for civil-military operations,* J7 at susing tao sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Si Parlade ay bantog at kabilang sa mga nagpakulo ng diumano'y mga bantang asasinasyon o pagpapabagsak sa administrasyong Duterte tulad ng napabulaanang Red October Plot na layuning pasamain sa mata ng publiko ang mga lehitimong organisasyong masa, progresibong party-list, pampulitikang oposisyon at iba pang kritiko ng administrasyong Duterte upang bigyang katwiran ang pag-atake sa mga minarkahan nilang kaaway diumano ng estado.

Si General Parlade ang unang naglabas ng listahan ng mga eskwelahan at unibersidad na diumano'y pinanggagalingan ng mga rekruta ng CPP-NPA para sa pagpapatalsik sa administrasyong Duterte.

Kilala at kabilang si General Parlade sa mga masusugid na naninira at nag-aakusa sa Karapatan, Rural Missionaries of the Philippines (RMP), IBON-Foundation at maging ang Oxfam-Philippines bilang di umano'y mga prente ng CPP-NPA-NDFP. Nagawa pa nilang pumunta sa mga bansa na kabilang sa European Union, tulad ng Belgium, upang manawagan dito na itigil ang pagkakaloob ng tulong pinansyal, partikular sa Karapatan at Ibon Foundation, dahil sa alegasyon ng gubyernong Duterte na napupunta lang ang mga ito sa rebolusyonaryong kilusan.

Ngayong si General Parlade na ang may hawak ng pamumuno sa SOLCOM, asahan na lalong titindi ang mga EJKs, pagpatay, panunupil sa mga karapatang demokratiko at sibil ng mamamayan ng

rehiyon, matinding *red-tagging* at demonisasyon ng mga lehitimo at progresibong grupo at iba pang mga paglabag sa karapatang pantao.

Asahan na sa panahon ni Major General Parlade lalong dadami ang mga *publicity stunts* ng SOLCOM, lalong lalaganap ang paghahasik ng mga kasinungalingan ng mga pinuno at tagapagsalita nito, magsusulputan ang mga pekeng *surenderees* tulad ng pinalabas sa Masbate at ang kakambal nitong malakihang korupsyon sa programang E-CLIP, mga pekeng labanan at mga pekeng ulat ng kanilang mga nawasak na larangang gerilya ng NPA. Lahat ng mga kasinungalingan at pambabaluktot ng katotohanan ay gagawin nila upang palabasing sila'y nagtatagumpay laban sa rebolusyonaryong kilusan. Alalahanin na si General Parlade ay nag-aambisyong maging AFP Chief-of-Staff at tiyak na gagawin niya ang lahat ng kabulukan at kabuktutan para makamit ito.

Dapat na puspusang labanan, ilantad at biguin ng mga mamamayan ng Timog Katagalugan ang mga gagawin pang kasinungalingan, kalupitan at terorismo ng SOLCOM sa ilalim ng pamumuno ni General Parlade.

Ang rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan ay laging handang lumaban para ipagtanggol ang sarili at kapakanan ng taumbayan sa rehiyon. Mataas ang kapasyahan nitong gapiin nang paisa-isa ang mga palalong kaaway sa mga labanang kanyang itinatakda. Nakahanda itong labanan at biguin kahit mas masahol pa kay General Parlade ang italaga sa SOLCOM. T

## Hinggil sa pagpapanatili ni Duterte kay Sinas sa pwesto

*Mayo 20, 2020*

Mariing kinokondena ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang pasistang rehimeng US-Duterte sa hakbang nitong panatilihin sa pwesto si General Debold Sinas bilang hepe ng National Capital Region Police Office (NCRPO)-Philippine National Police (PNP) sa kabila na may mga hinaharap na itong kasong kriminal at administratibo dahil sa paglabag sa mga tuntunin sa *community quarantine* at sa umiiral na ordinansya sa Taguig City nang magsagawa ito ng *birthday party* sa kanilang mismong kampo sa Taguig City para ipagdiwang ang kanyang ika-55 taong kaarawan nuong Mayo 8, 2020.

Sa kaso nina General Sinas, isinantabi ni Duterte ang kairalan na pansamantalang tinatanggal sa pwesto ang sinumang pulis o sundalo na sumasailalim sa imbestigasyon o nahaharap sa mga kaso para hindi nila maimpluwensyahan ang takbo ng imbestigasyon o magkaroon sila ng pagkakataon na magamit ang kanilang katungkulan para sirain ang mga ebidensya laban sa kanila. Ang hakbang na ito ni Duterte kay General Sinas ay kabaligtaran sa nangyari sa mga pangkaraniwang pulis na nakalalabag na agarang tinatanggal sa pwesto tulad sa nangyari kay Police Captain Peter Paul Sison, hepe ng pulisya ng bayan ng Sto Tomas, Pangasinan dahil sa paglabag sa *community quarantine rules* nang dumalo ito sa *birthday party* ng meyor ng nasabing bayan

na si Timoteo Villar nuong Mayo 6, 2020. Ang katangian ng naging paglabag ni Captain Sison ay katulad din ng naging paglabag ni General Sinas pero magkaiba ang pagtrato sa kanila ni Duterte.

Walang ibang dahilan kung bakit ayaw ni Duterte na matanggal sa pwesto si General Sinas bilang pinuno ng NCRPO sa kabila ng malinaw na paglabag ng heneral at ng kanyang iba pang mga matataas na opisyal sa NCRPO sa pinatutupad na mga tuntunin sa *community quarantine* tulad ng mahigpit na pagbabawal sa maramihang pagtitipon. Kailangan pa ng tiranikong si Rodrigo Roa Duterte ang serbisyo ng berdugong katulad ni General Debold Sinas para sa kanyang kamay-na-bakal na pagpapatakbo ng "modipikadong" *lockdown* sa kalakhang Maynila at pagpapatupad ng iba pang anti-mamamayan at anti-demokratikong batas ng kanyang pasistang rehimen.

Para kay Duterte, kailangan niya si Sinas dahil siya'y maaasahan at epektibo sa pagsupil at pagkitil sa kalayaan sa pananalita at pamamahayag ng mga mamamayan sa kalakhang Maynila. Kailangan ni Duterte si Sinas para hadlangan ang anumang pagtatangka ng taumbayan sa rehiyon na maiparating sa gubyerno ang kanilang kalunos-lunos na kalagayan, ng kanilang reklamo sa mabagal at kakakarampot na ayuda at ng kanilang matagal nang panawagan para sa libre at maramihang pag-eeksamen kaugnay sa Covid-19.

Pinapurihan pa nuon ni Duterte ang NCRPO sa pamumuno ni General Sinas dahil sa pagdakip at pagpapakulong sa 21 mga taga Sityo San Roque ng Barangay Bagong Pag-asa, Quezon City dahil lamang sa ginawa nilang pagtitipon upang maiparating sa kinakukulan na sila'y nagugutom at hindi pa nahahatiran ng ayuda ng pamahalaan. Sa

pangyayaring ito, imbes na kilalanin ni Duterte na lehitimo ang mga ipinaparating ng mga taga sityo San Roque, nagawa pa ni Duterte na magbabala na kanyang ipababaril ang sinumang magrarali lalo na kung malalagay sa peligro ang kanyang mga pasistang pulis at sundalo.

Matatandaan na na-*promote* si Sinas patungong NCR mula sa pagiging *regional director* ng PNP Region VII Office dahil sa kanyang brutalidad at terorismong pinatupad sa rehiyong Central Visayas tulad ng malawakan at maramihang pagpatay at paglabag sa karapatang pantao na ginawa ng PNP sa rehiyon, lalo na sa Negros Oriental at Negros Occidental, kung saan maraming magsasaka at aktibista ang pinatay, hinuli at ikinulong batay sa mga gawa-gawang kaso at pagtatanim ng ebidensya alinsunod sa Oplan Sauron at Synchronized Enhanced Management of Police Operation (SEMPO). Ang pagiging berdugo, may kriminal na kaisipan at mamamatay taong tulad ni General Debold Sinas ang paboritong karakter ni Duterte para pamunuan ang PNP at ganundin para sa AFP.

Sa paboritismong pagtrato ni Duterte sa kaso ni General Sinas kanya lamang pinatunayan na hindi patas ang pagpapatupad ng batas sa Pilipinas. Ang batas ay malupit kapag ang nakalalabag ay mahihirap pero mahabagin ang batas kapag ang nakagagawa ng pagkakasala at paglabag ay mga mayayaman, may sinasabi sa lipunan at nasa mataas na katungkulan tulad ni Senator Koko Pimentel, General Debold Sinas, Mocha Uson at dating Senador na si Jinggoy Estrada bilang mga halimbawa.

Nananawagan ang NDF-ST sa mamamayang Pilipino, lalo na sa kalakhang Maynila, na kondenahin at tutulan ang pagpapanatili ni Duterte kay General Sinas sa pwesto. Dapat hindi maglubay ang taumbayan sa paggigiit na kasuhan at papanagutin si General Sinas at iba pang matataas na opisyal ng NCRPO dahil sa kanilang mga paglabag sa *quarantine protocols* at iba pang paglabag sa karapatang pantao. Igiit sa pasistang rehimeng US-Duterte ang agarang pagpapatanggal sa pwesto kay General Sinas at iba pang kasangkot bilang paunang hakbang administratibo.

Dapat ding ilantad at batikusin ng taumbayan ang pagpanig ni Duterte kay General Sinas at palitawin pa siyang matapat at mabuting opisyal sa kabila ng kanyang kalupitan at madugong rekord bilang berdugo at mamamatay tao. Grabe kung magalit at magbanta si Duterte sa taumbayan kapag nakagagawa ang huli ng maliliit na paglabag sa *quarantine protocols* pero napakaamong tupa kung magsalita sa pagdedepensa at pagpanig sa kanyang matatapat na tauhan kahit malinaw na may mga nilabag itong mga batas at ordinansya. Hindi natin dapat palagpasin at ipagsawalang kibo ang ginawang ito ni Duterte.

Nagawa nilang iligal na hulihin at ipakulong ang isang manunulat sa Cebu, isang guro sa Zambales, isang *construction worker* at isang ginang sa Bisaya dahil sa mga naging pahayag nila sa *social media* na magbibigay sila ng "milyong milyong" pabuya sa sinumang makakapatay kay Duterte. Palatandaan nito ng grabeng disgusto nila sa korap, pasista, mamamatay-tao at inutil na rehimen na pangkaraniwang sentimyento ng aping mamamayan. Ginawa nila ang pamamahayag sa isang sarkastikong paraan. Subalit tila mabilis pa sa

kidlat ang iligal na pagdakip, pagsasampa ng kaso at pagpapakulong sa kanila ng gubyernong Duterte.

Sa kabilang panig, alumpihit, nagdadalawang isip at napakabagal sa pagsasampa ng kaso at pagpapadakip sa mga kaalyado nitong nakagagawa ng kasalanan at mga paglabag. Wala ding kaimik-imik ang mga kaalyado ni Duterte sa kabila ng madalas nitong pagbabanta at pag-uutos ng pagpatay at pagbaril sa ari ng mahuhuli nilang babaeng NPA at maging sa pag-abswelto sa kaso ng sinumang pulis at sundalo kapag sila'y "nakapanggahasa".

Ngayon naman, walang kahihiyan na inaarbor ni Duterte ang kaso ni General Sinas. Dahil nagsalita na si Duterte pabor sa kontrobersyal na General, walang kauuwian ang anumang mga imbestigasyon at pagkakaso kina General Sinas. Nagbubunyi ngayon ang kampo ng berdugong si General Sinas dahil aprub sa kanyang pasistang among si Duterte ang kanyang mga pinaggagawang mga kabuktutan at katiwalian.

Wala na sa katinuan si Duterte. Hindi na siya marunong kumilala sa "demokrasya at pantay na pag-iral ng batas" kahit sa balangkas ng malapyudal at malakolonyal na lipunang Pilipino. Mayroon na siyang sariling batas na pinatutupad alinsunod sa kanyang kagustuhan at huwisyo. Sa ganito, makatarungan at nararapat lamang na higit na magpursige ang taumbayan sa panawagan at pagkilos, batay sa umiiral na kundisyon sa bansa, para mapatalsik sa kapangyarihan ang pasistang rehimeng US-Duterte. T

## Kundenahin ang paghirang ni Duterte kay General Debold "Mañanita" Sinas bilang bagong pinuno ng Philippine National Police (PNP)

*Nobyembre 9, 2020*

Dapat na malakas na kundenahin ng sambayanan ang pagtatalaga ni Rodrigo Duterte kay Gen. Debold Sinas bilang bagong pinuno ng PNP. Si Sinas ay pamoso sa walang-habas na pag-aboso at paglabag sa karapatang tao ng mamamayan at naging bantog sa mga madugong kampanya ng panunupil sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon ng mamamayan sa Negros at NCR bago pa nahirang sa pinakamataas na pwesto sa PNP.

Ang pagtalaga ni Rodrigo Duterte kay Sinas bilang hepe ng PNP ay patunay ng kanyang maitim na pakana na ipwesto ang mga matatapat at pinakasagad-saring pasista sa burukratiko-militar na makinarya ng estado ng mga malalaking kumprador-panginoong maylupa't burukrata—upang ilatag ang kundisyon sa lantarang paghaharing militar at pagpapalawig ng paghahari ng kanyang angkan.

May matibay na batayan at dahilan ang sambayanang Pilipino na magsalita at kumilos upang tutulan at mariing batikusin si Duterte sa pagtatalaga niya kay General "Mañanita" Sinas bilang bagong hepe PNP kapalit ng bagong kareretirong si General Camilo Cascolan. Labis silang nangangamba at natatakot sa maaaring kahantungan ng kanilang buhay sa kamay ng mga pulis ngayong si General Sinas na

ang bagong pinuno ng PNP na kilala sa pagiging berdugo, kriminal, mamamatay-tao at pusakal na nilalapastangan ang karapatang pantao at sibil ng mamamayan.

Nagpupuyos ang galit ng mga mamamayan sa rehiyong Timog Katagalugan sa pasistang rehimeng US-Duterte sa pagtatalaga na naman ng isang pusakal, berdugo, mamamatay-tao at talamak na *human rights violators* sa makapangyarihang pusisyon sa PNP sa katauhan ni General "Mañanita" Sinas. Walang kahihiyan na pinili pa rin ni Duterte si General Sinas sa kabila na may hinaharap itong kabit-kabit na kasong administratibo at kriminal, kasama ang 18 pang matataas na opisyal ng National Capital Region Police Office nang magsagawa ito ng *birthday party* sa kaarawan ni General Sinas noong Mayo, 2020 na nilabag ang mga pinaiiral na *health protocol* sa ilaim ng pandemya. Binalewala ni Duterte ang kaso ni General Sinas at mas pinahalagahan ang personal na katapatan nito sa kanya bilang maaasahang asong tagasunod na mahigpit na magpapatupad ng kanyang mga anti-mamamayan at anti-demokratikong batas at kautusan.

Matatandaan na malawakang binatikos ng taumbayan ang lantarang paglabag ni General Sinas nang magsagawa ito ng *birthday party* para ipagdiriwang ang kanyang kaarawan noong Mayo 3, 2020. Itinanggi niyang "*birthday party*" ang kanilang isinagawa kundi isang "mañanita" bilang paraan ng pagbati sa kanyang kaarawan. Walang naniwala sa kanyang mga palusot dahil sa mga larawan na inilabas ng kanyang sariling opisina sa *social media* sa naganap na *birthday party*. Mula noon binansagan na siya bilang General "Mañanita" Sinas.

Nakilala at naging bantog si General Sinas, hindi dahil sa kanyang husay at integridad bilang opisyal ng PNP, kundi sa kanyang pagiging berdugo, mamamatay tao at talamak na *human rights violator* lalo na noong hawakan niya ang pamununo sa PNP Region 7 mula Hulyo 2018 hanggang Oktubre 2019 bago maitalaga at maging pinuno naman siya ng PNP-National Capital Region o PNP-NCR.

Si General "Mañanita" Sinas bilang PNP-Region 7 ang pangunahing nagpatupad sa Synchronized Enhanced Managing Police Operation (SEMPO) at Oplan Sauron at Memorandum Circular No. 32 (MO 32) na inilabas ng Malacañang noong Nobyembre 22, 2018 na pangunahing pinuntirya ang mga aktitibista, mga progresibong indibidwal, organisyon at mga kilalang kritiko ng gubyernong Duterte sa mga rehiyon ng Samar, Bikol at Isla ng Negros.

Ilang buwan lamang matapos ilabas ang MO 32, sa ilalim ng pamununo ni General Sinas, noong Abril 3, 2019, 14 na magsasaka sa Negros Oriental ang walang awang pinagpapaslang ng mga elemento ng PNP at AFP alinsunod sa pinatutupad na SEMPO at Oplan Sauron.

Ngunit, hindi pa man nailalabas ang MO No. 32, sa panahon ng panununkulan ni General Sinas bilang hepe ng PNP-Region 7, laganap na ang mga karahasan sa Central Visayas ng AFP at PNP, lalo na Isla ng Negros. Noong Oktubre 2018, siyam (9) na magsasaka na kabilang sa National Federation of Sugar Workers-Negros ang minasaker ng mga armadong ahente ng estado. Sa sumunod na buwan ay pinaslang naman si Atty. Benjamin Ramos, ang abogado ng mga biktimang magsasaka at isang human rights lawyer at kasaping tagapagtatagang National Union of People's Lawyer.

Hindi pa dito nagtapos ang mga karumal dumal na krimen na ginawa nina General Sinas habang siya ang pinuno ng PNP-Region 7. Sunod-sunod pa ang mga *extra judicial killings* (EJK) sa Isla ng Negros kung saan ang mga biktima ay nakaranas muna ng *red-tagging* at *terrorist-labelling.* Sinundan ito ng sunod-sunod at maramihang mga pag-aresto at pagpapakulong sa mga aktibista at lider ng mga progresibong organisasyon sa Negros Occidental at Negros Oriental batay sa mga gawa-gawang kaso.

Si General Sinas din ang pangunahing tao ni Duterte na nagpatuloy sa madugong gyera nito laban sa iligal na droga sa Central Visayas. Ayon sa Commission on Human Rights (CHR) sa inilabas nitong pahayag noong Pebrero 2019, sa panahon ni Sinas, biglang lumobo ang mga hindi nareresolbang mga kaso ng pagpatay, kung saaan ang daan-daang mga biktima ay pinaghihinalaang may kaugnayan sa pagbebenta ng iligal na droga. Dagdag pa ng CHR, sa panahon ni Sinas, ang Central Visayas ang ika-apat sa buong bansa na may pinakamaraming mga napapatay na may kaugnayan sa droga.

Sa pagkatalaga kay General Debold "Mañanita" Sinas bilang pinuno ng PNP, minsan pang pinatunayan ni Duterte na hindi ang pagkakaroon ng malinis na rekord at integridad ang pangunahing pinagbabatayan ng kanyang paghirang sa mga pinuno ng AFP at PNP. Personal na katapatan sa kanya at hindi sa sinumpaang tungkulin sa reaksyunaryong konstitusyon ang mahalaga kay Duterte sa mga hihiranging pinuno ng AFP at PNP at sa iba pang instrumentalidad ng panunupil at panlilinlang ng estado. Pinipili ni Duterte ang opisyal na magiging matapat na utusang aso sa pagpapatahimik sa mga itinuturing niyang kaaway ng estado. Inilalagay niya sa pinakamataas

na katungkulan sa AFP at PNP ang mga maaasahan na magtatanggol sa interes ng lokal na naghaharing uri at among imperyalista. Para kay Duterte ang pagiging brutal, berdugo, mamamatay tao at mga walang pakundangan sa paglabag sa karapatang pantao ang pinakamataas na kwalipikasyon sa mga magiging pinuno ng AFP at PNP.

Ang masahol at karumal-dumal na mga pagpatay at *track record* ni General "Mañanita" Sinas ang nagbigay daan para hirangin siya ni Duterte bilang bagong hepe ng PNP. Si General Sinas ay pasok na pasok sa pamantayan ni Duterte dahil kawangis niya ang pagkatao nito.

Kung may General "Mañanita" Sinas ang PNP, mayroong General "Red-Tagger" Antonio Parlade, Jr. naman ang AFP. Hindi malayong hirangin din ni Duterte si General Parlade bilang kasunod na hepe ng AFP. Hamak na mas matindi kung magbuga ng lason, brutalidad at pagiging kriminal na mamamatay tao si General "Red-Tagger" Parlade kumpara kay General "Mañanita" Sinas.

Ang pagkakahirang ni Duterte kay General "Mañanita" Sinas ay isa na naman sa marami niyang nagawang kapalpakan, kahihiyan at kasalanan sa bayan. Dapat puspusang magpunyagi ang sambayanang Pilipino sa paglaban at pagsusulong ng iba't ibang anyo ng pakikibaka para ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Hangga't nasa kapangyarihan ang traydor, tiraniko, inutil, pabaya at kriminal na si Duterte, marami pa itong magagawang kasalanan sa bayan at lalong maglalagay sa matinding kahirapan at krisis ang sambayanang Pilipino. T

## Sa kulungan dapat dalhin si General Felipe Natividad at hindi sa NCRPO

*Marso 1, 2022*

Mariing kinukundena ng NDF-ST ang promosyon at pagtatalaga kay General Felipe Natividad bilang bagong pinuno ng Philippine National Police - National Capital Region Office (PNP-NCRPO) kapalit ni General Vicente Danao. Si Natividad ay isang berdugo at mamamatay-taong heneral. Siya ang pangunahing responsable sa malawakang paglabag sa karapatang pantao sa rehiyon ng Southern Tagalog, kabilang ang mga pag-aresto at pagpaslang sa mga aktibista at kilalang lider-manggagawa noong Marso 7, 2021 na tinaguriang Bloody Sunday noong siya pa ang hepe ng PNP-Region IV-A o CALABARZON.

Sa balangkas ng OPLAN ASVAL na pinangasiwaan at pinamunuan ni General Natividad, pinaslang ng pinagsanib na tropa ng PNP IV-A at AFP, sa isang singkronisado at sabayang reyd, sina Manny Asuncion, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan - Cavite (BAYAN-Cavite), ang magpinsang katutubong Dumagat na sina Puroy at Randy de la Cruz ng Tanay, Rizal, ang magkapatid na Abner at Edward Esto ng Barangay Puray, Rodriguez, Rizal at sina Michael Dasigao at Mark Lee Bascayno na mga lider ng Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kalayaan (SIKKAD-K3) na isang lokal na balangay ng KADAMAY sa Kasiglahan Village, Brgy. San Jose, Rodriguez, Rizal. Kabilang din sa mga pinaslang ang

mag-asawang sina Ariel Evangelista at Chai Lemita Evangelista ng Barangay Calayo, Nasugbu, Batangas. Ang mag-asawa ay istap ng Ugnayan ng mga Mamamayan Laban sa Pagwawasak ng Kalikasan at Kalupaan (UMALPAS KA) sa Nasugbu, Batangas.

Nakagagalit at nakakapuyos ng damdamin ang pagtatalaga kay General Natividad bilang hepe ng NCRPO epektibo ng Marso 1, 2022. Ang promosyon ni Duterte kay General Natividad ay lantarang pag-abswelto sa anumang pananagutan sa nangyaring Bloody Sunday at sa kabilang banda ay malakas na dagok at pang-iinsulto sa pamilya at kaibigan ng mga pinaslang at inaresto. Itinaon ang promosyon ni General Natividad anim na araw bago gunitain ang isang taong anibersaryo ng kamatayan ng kanilang mga mahal sa buhay na biktima ng karahasan at terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte noong Marso 7, 2021.

Naging kalakaran na ng pasistang rehimen ang ipwesto sa mataas na katungkulan (bilang gantimpala) ang matatapat at pinakasagad-saring pasista mula sa AFP at PNP na nakagawa ng karumal-dumal na krimen sa bayan tulad ng pagkakahirang ngayon kay General Felipe Natividad bilang pinuno ng PNP-NCRPO. Wala itong pinagkaiba sa karanasan ni General Debold "Mañanita" Sinas na itinalaga ni Duterte bilang pinuno ng PNP-National Capital Region Office (PNP-NCRPO) matapos maghasik ng karahasan at terorismo sa Sentral at Kanlurang Bisaya noong siya pa ang pinuno ng PNP-Region 7. Kung babalikan, si General Debold Sinas ang pasimuno at nagpatupad ng Sychronized Enhanced Military and Police Operations (SEMPO) sa balangkas ng Oplan Sauron na naunang ipinatupad ng PNP at AFP sa Isla ng Negros noong 2018 at

2019. Sa pagpapatupad ng Oplan Sauron, 23 magsasaka ang pinatay sa isla ng Negros kabilang ang minasaker na siyam na magsasakang kasapi ng National Federation of Sugar Workers-Negros sa Sagay City. Pinaslang din sa ilalim ng Oplan Sauron si Atty Benjamin Ramos, ang abogado ng mga biktimang magsasaka at isang *human rights lawyer* at kasaping tagapagtatag ng National Union of People's Lawyers. Bago magtapos ang 2020, sa Capiz, Panay, siyam (9) na mga katutubong Tumandok din ang pinaslang at marami ang hinuli sa pamamagitan ng mga gawa-gawang kaso at pagtatanim ng ebidensya sa ipinatupad ni General Sinas na Oplan Sauron.

Mula nang italaga si General Sinas sa NCRPO noong 2019, sunod-sunod din na reyd ang kanyang isinagawa sa mga opisina at tahanan ng mga aktibista at lider-unyonista sa kalakhang Maynila gamit ang kaduda-dudang mga *search warrant* mula sa pinaghihinalaang "warrant factory" na korte sa kalakhang Maynila.

Marapat lamang na kundenahin at tutulan ng taumbayan ang pagtatalaga kay General Natividad bilang hepe ng NCRPO. Si General Natividad ay dapat kasuhan at ikulong dahil sa kanyang mga karumal-dumal na krimen sa bayan. Hindi dapat siya malibre sa ginagawang pag-iimbestiga at pag-uusig ng Department of Justice (DOJ) sa mga sangkot na tauhan ng PNP sa nangyaring Bloody Sunday. Sina Duterte, General Sinas at General Natividad ang dapat nasa unahan ng listahan ng mga pangunahing dapat kasuhan at papanagutin sa karumal-dumal na Bloody Sunday.

Buong akala ni Duterte at pamunuan ng PNP na malilimutan ng mamamayan ng rehiyon ang mga krimen ni General Natividad at

General Sinas sa nangyari noong Marso 7, 2021. Patuloy silang kikilos at lalaban sa paghahanap ng katarungan sa mga naging biktima ng Bloody Sunday at iba pang madugong kampanya ng panunupil sa rehiyon ng pasistang rehimeng US-Duterte. Sa iba't ibang paraan at larangan ng labanan, sisingilin at papanagutin nila si Duterte at iba pang matataas na opisyal ng AFP, PNP at NTF-ELCAC na siyang nasa likod ng mga karahasan at terorismo ng estado laban sa mamamayang Pilipino.

Ang paggagawad ng rebolusyonaryong hustisya ay walang pinipiling panahon. Mahigpit na katuwang ng mamamayan ng rehiyong Timog Katagalugan at sambayanang Pilipino ang NDF-ST sa paghahanap ng hustisya at pagpapanagot sa rehimeng Duterte at mga opisyal nito sa AFP, PNP at NTF-ELCAC na tigmak ng dugo ang mga kamay mula sa dugo ng kanilang mga pinaslang na mamamayang Pilipino. Hindi magtatagal ay maabot din sila ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya.

Katarungan para sa mga biktima ng Bloody Sunday at madugong kampanya ng panunupil ng pasistang rehimeng US-Duterte! T

## Insulto sa mga biktima ng Bloody Sunday ang promosyon at pagtatalaga kay Judge dela Rosa bilang *associate justice* ng Court of Appeals

*Marso 8, 2022*

Kinukundena ng National Democratic Front-Southern Tagalog ang pagtatalaga ng pinunong pasistang si Duterte kay Jose Lorenzo dela Rosa bilang isa sa mga bagong associate justice ng Court of Appeals kahapon, kasabay ng anibersaryo ng Bloody Sunday na kumitil sa buhay ng siyam na aktibista sa rehiyon at iligal na nang-aresto at nagkulong sa siyam pang mga aktibista. Si Jose Lorenzo dela Rosa, ng Manila RTC Branch 4 ang isa sa mga hukom na nag-isyu ng mga inimbentong warrant of arrest at search warrant sa ikinasang Oplan Asval ng PNP-CALABARZON at CIDG noong Marso 7 ng nakaraang taon na nagresulta sa Bloody Sunday.

Si Jose Lorenzo dela Rosa din, isang *search warrant factory operator,* ang nag-*issue* ng *warrant of arrest* kina Elizabeth Camoral at Esteban Mendoza, mga lider-manggagawa sa Timog Katagalugan. Pumirma din ito sa search warrant sa ilan sa 17 Tumanduk sa Tapaz, Capiz, at Calinog sa Iloilo na inaresto noong Disyembre 2020. Siyam ang pinaslang sa kasunod na operasyon ng mga pulis at sundalo.

Tigmak ng dugo ang kamay ng pasistang hukom na ito.

Nakapagngangalit para sa mga pamilya ng biktima ng Bloody Sunday ang ginawa ni Duterte na itinaon pa sa unang anibersaryo ng krimen.

Salaminan ito ng garapal na pangunguna niya sa pagtataguyod ng kultura ng impyunidad sa bansa. Wala pa ngang napananagot sa karumal-dumal na krimen ng estado, pinupuri pa ng rehimen sa pangunguna ni Duterte ang mga pasimuno nito. Bago nito, noong nakaraang linggo ay ginawaran ni Duterte ng promosyon ang pinuno ng Oplan Asval na si General Felipe Natividad.

Habang kunwa'y umuusad sa pamamagitan ng mga hakbangin ng DOJ at NBI ang imbestigasyon at paglilitis sa mga kapural ng Bloody Sunday, tuluy-tuloy ang rehimeng Duterte sa pagbibigay-gantimpala, pangangalaga at pagpoprotekta sa mga ito. Walang kredibilidad si dela Rosa sa pagiging bahagi ng mas mataas na hukuman dahil tigmak ang kanyang kamay ng dugo ng mga pinaslang sa Bloody Sunday. Pinatunayan lamang nitong hungkag ang sistema ng hustisya sa bansa.

Lalong walang maaasahan kay Duterteng may madugong rekord at pasimuno ng maramihang pagpaslang sa mga sibilyan at nagpipilit takasan ang kanyang pananagutan. Bahagi na ito ng paghahawan ni Duterte na linisin ang kanyang rekord at umiwas sa anumang pananagutan dito. Titiyakin niya na maisasalin niya sa kapwa niya may dugong kriminal at tagapagmana ang estado-poder sa pamamagitan ng pandaraya sa paparating na eleksyong 2022.

Dapat malawakang kundenahin ng mga pamilya ng biktima, ng mamamayan ng TK at buong bansa ang ginawang ito ni Duterte na pagtatalaga kay dela Rosa bilang *associate justice* ng Court of Appeals. Hindi pabuya, kundi parusa ang nararapat na igawad sa kanya ng taumbayan sa pagiging kasangkapan ng pasismo at terorismo ng

estado. Dapat silang patuloy na kumilos at magpunyagi para hanapin ang hustisya, singilin at papanagutin ang lahat ng maysala sa madugong Bloody Sunday.

Makakaasa silang aabutin ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya ang mga katulad ni dela Rosa, Natividad at Duterte, sampu ng kanilang mga kasapakat na AFP-PNP para managot sa lahat ng krimen nila sa taumbayan. T

## Paghirang sa dating abogado ni BBM sa COMELEC, pagtitiyak sa pagkapanalo ng mga kandidato ng alyansang MAD

*Marso 9, 2022*

Tulad ng inaasahan, itinalaga na ni Duterte ang mga bagong komisyuner ng Commission on Elections (COMELEC) mula sa hanay ng kanyang mga alagad. Kinumpirma kahapon ng Malakanyang ang pagtatalaga kay Saidamin Pangarungan bilang ad interim chairman at kina Atty. George Garcia at DSWD Usec. Aimee Neri bilang mga komisyuner ng nasabing ahensya. Isinagad na ni Duterte ang paggamit ng kanyang prerogative na "pumili" ng mga hihirangin. Mula rito, lahat na ng komisyuner sa COMELEC ay hirang na ni Duterte na gagamitin niyang instrumento sa garapalang pandaraya at mga anomalya sa eleksyon sa Mayo 9 para siguruhin ang pagkapanalo ng mga kandidato ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD).

Si Atty. Garcia ay kilala bilang dating abogado ni Bongbong Marcos (BBM) sa natalong kaso ng paghahabol niya sa resulta ng eleksyong 2016 kung saan napatunayang nanalo sa pagka-bise presidente si Leni Robredo. Tulad ni BBM, may rekord rin ng kasong *tax evasion* si Atty. Garcia noong 2017 kung saan naging kwestiyonable ang pag-aari niya ng P53 milyong halagang *penthouse unit* sa kabila ng isinumiteng *average annual income* na P742,000. Pero walang kinahinatnan at bagkus ay nabasura ang kanyang kaso na tiyak na isa sa mga garantiyang inilatag ng mga naging koneksyon niya sa maraming lokal

na burukrata. Sa nakaraan, nagsilbi rin siyang abogado sa elektoral na mga kaso nina Joseph Estrada, Juan Miguel Zubiri, BBM, Grace Poe at iba pa.

Inilusot ang pagiging komisyuner ni Atty. Garcia sa gitna ng apat na di-resolbadong kaso ni BBM sa antas ng dibisyon at *en banc* ng COMELEC. Sa pagkakapasok ni Atty. Garcia at iba pang tao ni Duterte sa COMELEC, lalunang lumalabo ang posibilidad na mabago ng *en banc session* ang hatol ng 1st at 2nd division sa mga kaso ng diskwalipikasyon sa kandidatura ni BBM at wala nang magiging hadlang sa pagtakbo ng huli sa pagkapresidente. Hindi rin garantiya na magiging patas ang COMELEC kahit nagpahayag si Atty. Garcia na siya'y mag-iinhibit sa kaso ni BBM. Diskarte lang niya ito para pahupain ang galit ng taumbayan sa pagkakahirang sa kanya ni Duterte.

Sa Korte Suprema na lamang umaasa ang mga petisyoner na babaligtarin nito ang hatol ng COMELEC pabor sa kanilang petisyon kahit ang 13 sa 15 mahistrado na bumubuo ng Korte Suprema ay mga hinirang ni Duterte.

Ang pagkakatalaga ng mga bagong komisyuner na hawak-sa-leeg ni Duterte ay bahagi na ng paghahanda niya sa kanyang pag-alis sa pwesto. Titiyakin niyang kontrolado niya ang COMELEC para tiyaking mailuluklok ang mga kandidatong mula sa alyansang MAD na magtitiyak sa rehabilitasyon ng kanyang madugong rekord sa nagdaang anim na taon at mag-aabswelto sa mga pananagutan niya sa mga kasong nakahain laban sa kanya. Pinapakana ni Duterte na makatakas sa kanyang mga krimen at poprotektahan ng susunod na tatayo sa tuktok ng kapangyarihan oras na bumaba na siya sa pwesto.

Isang taktikang hindi na bago para sa mamamayang Pilipino na siya ring taktikang ginamit ng diktadurang Marcos para manipulahin ang snap elections noong Pebrero 1986.

Dapat kundenahin ng malawak na mamamayang Pilipino ang pagkakatalaga ng mga alagad ni Duterte sa COMELEC at iba pang ahensya ng gubyerno. Kailangang ilantad at hadlangan ang maitim na plano ni Duterte at alyansang MAD na manalo sa eleksyon 2022 at makaupo sa Malakanyang.

Sa ganitong komposisyon at kaayusan sa COMELEC, isang panaginip ang pagkakaroon ng isang malaya, malinis at kapani-paniwalang eleksyon. Nahaharap ang mamamayan Pilipino sa isang panibagong bangungot na sampal sa mukha ng mga Pilipinong naghahangad ng pagbabago sa pamamagitan ng demokratikong ehersiyo ng kanilang karapatan na ginagarantiyahan ng burges na konstitusyon.

Muling sariwain ang mga krimen ni Duterte at ng mga Marcos sa buong bayan. Papanagutin sila sa mga limpak-limpak na salaping kinulimbat nila at sa napakaraming dugong inutang nila sa mamamayan. Magkapit-bisig upang labanan ang diktadura ni Duterte at biguin ang pangarap niyang manatili sa kapangyarihan.

Kasabay nito, dapat laging maging mapagbantay ang taumbayan sa nalalapit na eleksyon at sa nakaambang pandaraya ng rehimeng Duterte. Suportahan ang mga tunay na lingkod bayan na magtataguyod sa adyenda ng mamamayan. Buuin ang malapad na alyansa ng mamamayan upang tuluyang ihiwalay si Duterte at alyansang MAD. Palakasin ang pagkakaisa ng buong bayan hanggang sa maibagsak ang rehimeng Duterte. T

# 8

# PANAWAGAN PARA SA MGA BILANGGONG PULITIKAL

## Bilanggong pulitikal, palayain!

*Abril 9, 2020*

Nananawagan ang National Democratic Front—Southern Tagalog na agarang palayain ang mga bilanggong pulitikal sa bansa. Makatwiran at sinusuportahan ng NDF-ST ang panawagan ng UNCHR na palayain ang mga bilanggong pulitikal kasabay ng pagpapatupad ng pandaigdigang tigil-putukan ng mga nagdidigmaang mga partido at estado. Sa harap ng panganib ng Covid-19, nasa peligro at bulnerable ang mga bilanggong pulitikal sa pagkahawa sa Covid-19 dahil sa masikip at malubhang kalagayan ng mga bilangguan sa Pilipinas. Ang mga bilanggong pulitikal ay hindi nararapat ikulong dahil sa kanilang pampulitikang paniniwala. Sila'y biktima ng pagmamalupit ng rehimeng US-Duterte na ngayo'y pinapabayaan sa gitna ng krisis ng Covid-19.

Kailangang tumugon ang gubyernong Duterte sa panawagan ng United Nations High Commissioner for Human Rights Michelle Bachelet na palayain ng mga bansa sa daigdig ang mga bilanggong pulitikal upang maibsan ang pagsisiksikan sa loob ng mga kulungan. Batay sa pag-aaral, sa Pilipinas, umaabot sa 450% ang *congestion* ng mga bilangguan sa Pilipinas. Ang panawagan ni Bachelet ay makatarungan lamang upang higit na maiwasan ang pagdami pa ng kaso ng Covid-19 sa bansa.

Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, naging tampok ang pagdakip sa mga aktibista at mga lider ng mga progresibong organisasyon sa Timog Katagalugan tulad nina Norly Bernabe, Alexandria Pacalda, Reynaldo Malaborbor, Jr. at Edisel Legaspi. Pinaratangan silang mga kasapi ng NPA upang patuloy na ipiit at sampahan ng mga gawa-gawang kaso. Samantala, si Jaime “Ka Diego” Padilla naman ay isang *hors de combat* na iligal na dinakip habang nagpapamot sa Cardinal Santos Medical Center noong 2019.

Dapat patunayan ni Duterte ang kaseryosohan niyang resolbahin ang krisis na kinakaharap ng bayan sa Covid-19. Marapat niyang agarang tugonin ang panawagan ni Bachelet at dapat nang palayain ng rehimen ang 609 bilanggong pulitikal na patuloy na napiit kahit na walang batayan ang pagkakadakip sa kanila.

Samantala, patuloy na ipanawagan ng mamamayan ang pagpapatigil sa militaristang lockdown ng administrasyon na pinalawig pa hanggang katapusan ng Abril. Magkapitbisig ang bayan para ipanawagan ang libre at dekalidad na serbisyong pangkalusugan laban sa Covid-19. T

## Palayain sina Lino Baez at Willy Capareño!

*Oktubre 7, 2021*

Mariing pinabubulaanan ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang bintang ng PNP-Region IV-A (CALABARZON) at 2nd Infantry Division ng Philippine Army (2nd ID-PA) na mga kagawad at matataas na opisyal ng New Peoples Army sina Ginoong Erlindo Baez at Ginoong Wilfredo Capareño. Hindi kailanman naging mataas na opisyal ni naging kasapi si Ginoong Baez at maging si Ginoong Capareño ng alinmang yunit ng New Peoples Army sa rehiyon ng Timog Katagalugan.

Dinakip ng pinagsanib na pwersa ng PNP-Region IV-A at 2nd ID-PA sina Erlindo Baez at Wilfredo Capareño bandang alas-dos ng madaling araw ng Oktubre 6, 2021 sa Sityo Sentro, Barangay Manggalang Uno, Sariaya, Quezon.

Batay sa aming ginawang pagsisiyasat at pagtatanong-tanong, ang dalawa ay mga organisador na tumutulong sa mga magsasaka at mangingisda sa bayan ng Sariaya na may malaking problemang kinakaharap sa kanilang lupang kinatitirikan at pinagkukuhanan ng kabuhayan sa panabihang dagat ng Sariaya, Quezon dahil sa pangangamkam at bantang demolisyon sa kanilang mga kabahayan para bigyang daan ang proyekto ng San Miguel Corporation (SMC).

Sa nakuha naming salaysay ng mga tao sa lugar, may mga sundalo, na ayon sa kanila ay mula sa 1st Infantry Batallion ng Philippine Army (1st

IB-PA), ang nagsisilbing *escort-security* ng SMC at siyang ginagamit sa paghahasik ng takot sa lugar para bumigay ang mga tao sa kagustuhan ng San Miguel Corporation kasabwat ng lokal na gubyerno. Napag-alaman din namin na ang mga magsasaka at mangingisdang patuloy na nanindigan para sa kanilang mga karapatan ay kinakaratulahan bilang tagasuporta ng CPP-NPA-NDFP. Ang mga organisasyong tumulong sa kanila tulad ng mga lehitimong organisasyon ng Karapatan, Pamalakaya at Bayan ay inaakusahan ng mga sundalo bilang "*front*" ng CPP-NPA-NDFP. Binabalaan din sila ng mga sundalo na sila'y huhulihin kapag nabalitaan nilang nagpatuloy sila sa kanilang baryo o tahanan ng mga tao o organisador mula sa mga organisasyon na tinatakan ng PNP at AFP na "front" ng CPP-NPA-NDFP.

Sina Ginoong Baez at Capareño ay mga biktima ng walang habas na pag-atake ng PNP at AFP sa mga lehitimong organisasyon na kinabibilangan nila na ang tanging layunin ay tumulong sa pagtatanggol sa kabuhayan at karapatang pantao ng mga mahihirap na mamamayan sa Sariaya. Ang kanilang pagtungo sa lugar ay bilang tugon sa pakiusap at hinihinging tulong ng mga kamag-anak nila sa lugar.

Pinaratangan ng PNP at AFP si Erlindo Baez bilang lider ng Finance Staff at miyembro diumano ng Executive Committee ng Sub-Regional Military Area 4C ng Southern Tagalog Regional Party Committee. Sinampahan sila ng PNP ng mga gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives,* batay sa talamak nilang modus na tanim-ebidensya, para hindi makapagpiyansa ang kanilang mga hinuhuli.

Bistado na ang ginagawang modus ng PNP at AFP na tinatatakan bilang matataas na opisyal at may katungkulan sa rebolusyonaryong kilusan ang kanilang mga iligal na inaaresto upang palabasing lehitimo ang operasyon kahit alam nilang ito ay ordinaryong sibilyan lamang. Sadyang ginagawa nila ito para kumita at makakuha ng promosyon. Ganito ang ginawa nila kay Lamberto Asinas na taga-Nasugbu, Batangas na isang ordinaryong mangingisda na may pinatatakbo na maliit na tindahan. Hinuli si Ginoong Asinas dahil sa paratang ng PNP-Region IV-A at 2nd ID-PA na diumano ay isa siyang Regional `Intelligence Officer ng NPA-Southern Tagalog. Subalit napatunayan ng hukuman na ang kasong isinampa kay Ginoong Asinas ay mga gawa-gawa lamang ng PNP at AFP kaya siya napalaya. Ganuon din ang nangyari sa 6 na magsasaka mula sa Barangay Coral ni Lopez, Calaca, Batangas na napawalang-sala din ng Hukuman mula sa mga gawa-gawang kasong isinampa sa kanila ng PNP-Region IV-A at 2nd ID-PA. Pinakakumbinyenteng ikinakaso sa mga iligal na inaaresto ang diumano ay pag-iingat ng iligal na armas at eskplosibo na pawang itinatanim ng mga *raiding team.*

Marapat lamang na palayain sina Baez at Capareño. Sila'y mga taong matuwid na walang ibang hangarin kundi ang makatulong sa mga inaapi at pinagsasamantalahan tulad ng mga magsasaka at mangingisda sa Manggalang Uno at iba pang karatig na mga barangay sa Sariaya, Quezon na biktima ng panlilinlang, pandarahas at tuwirang pangangamkam ng lupa para lamang bigyang daan ang proyekto ng San Miguel Corporation.

Nananawagan din kami sa mamamayan ng Sariaya na patuloy na kumilos at lumaban. Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa kabila ng

pangyayari sa inyong mga kasama at organisador na sina Lino at Willy. Patuloy ninyong ipaglaban ang inyong karapatan para sa paninirikan at kabuhayan lalo na sa panahon na nahaharap ang bansa sa pandemya. Kondenahin ang ginawang pang-aresto sa dalawa. Ipaglaban ang maagap na pagpapalaya kina Lino at Willy. Ang dapat supilin at patigilin ay ang proyekto ng San Miguel Corporation sa Sariaya na siyang sanhi ng malawakang dislokasyon ng mga magsasaka at mangingisda sa lugar. Lupa at kabuhayan ang kailangan ng mga mamamayan sa Manggalang Uno at iba pang barangay sa Sariaya, Quezon hindi ang proyekto na ang tanging makikinabang lamang ay ang malaking burgesyang komprador na nagmamay-ari ng San Miguel Corporation.

Ang NDF-ST ay laging nasa panig ng mga inaapi at pinagsasamantalahang uri't sektor ng lipunang Pilipino. Ang demokratikong rebolusyon ng bayan na isinusulong nito ay pangunahing tumutugon sa kapakanan at interes ng masang anakpawis para sa tunay na kalayaan, demokrasya, maunlad at masaganang Pilipinas. T